**Avah Maldita (AARTE PA?)**
***written by: simplychummy|Kah Ramirez***
***Jan. 20, 2012-Sept. 17,2012***

***Copyright © 2012 by simplychummy. All rights reserved. STEALING IS A CRIME.***

***Credits to wattpad for keeping and publishing my stories for free.***

***Chums note: The following is a work of fiction. Any resemblance to persons living or dead is purely coincidental.***

***If you're going to post MY story to other sites, please do acknowledge me as the author. Oh? Aarte pa? <3***

**********

ang storyang ito ay para sa mga sumusunod :

-- nagbabait-baitan at gustong mapunta sa langit-langitan.

-- mababait na sawa nang maging mabait

-- palaging inaapi at gustong gumanti

-- sa mga nerd na sawa ng mag-aral

-- sa mga STUPIDENT na nagpapanggap na nag-aaral

-- sa mga maldita na gusto pa lalong maging maldita

-- sa mga maldita na gusto ng bumait

-- sa mga gustong makakuha ng "maldita lines at maldita tips"

-- para sa mga walang magawa

-- para sa masisipag na nagpapakitang gilas

-- sa mga tamad na nagpapakatotoo lang

-- para sa mga kunyaring walang pakiaalam

-- para sa mga ELECTRIC CONSUMER sa bahay.

--**para sa mga taong GUSTONG MAGKAROON NG TOTOONG KAIBIGAN SA KABILA NG KANILANG UGALING HINDI KAGANDAHAN**

-- **AT PARA SA MGA TAO NA ANG PAKIRAMDAM AY "INVICIBLE" SILA.**

isa ka ba sa mga nabanggit sa itaas?

kung OO ang sagot mo,

CONGRATULATIONS!!!

pede ka nang magpatuloy sa susunod na chapter.

PERO, kung wala ka sa mga nabanggit sa itaas.

MAWALANG GALANG NA. LUMAYAS KA NA.

ayokong mabahiran ang napakalinis mong pagkatao ng storya kong nakakaloko.

**OH? AARTE PA?**

******

**MALDITA 1**

**-AVAH-**

Taas noo akong naglalakad sa loob ng isang mall. Syempre naman ang ganda ko ata para yumuko. Suot ang isang cheap and simple dress from Forever 21.

Kagagaling ko lang sa Starbucks dahil nauhaw ako sa pag-sho-shoping. Umorder lang ako ng mocha frappuccino. Yeah i know ito lang ang inorder ko. Ang poor ko

na.Tinake-out ko lang dahil wala ako sa mood tumambay doon, ang dami kasing highschool girls na nandoon, first time lang ata makapunta ng Starbucks. How pathetic.

So here i am, still walking palabas ng mall. Ghad my leg hurts na.

Sa left hand ko dala ko ang ilang shopping bags and sa right hand ko naman yung tinake-out kong frapp. – na halos hindi ko pa nababawasan.

*booooogh ss

"Ouch, oh my God my dress" sabi noong babae

Napahinto ako sa pag-lalakad, nabangga ko pala sya.

"Are you blind? Hindi mo ba nakikita na may tao? Tignan mo yung ginawa mo sa dress ko."

Naghehestirical na sabi nung babae. Nakatingin lang samin yung lalaking kasama nya, boyfriend nya ata. Wow. Akalain mo yun may pumatol. Hahaha. Tinignan ko naman yung damit nya, CHEAP and yeah, natapunan ko nga sya at may konti din tapon sa kamay ko. Tsk, sayang yung mocha frapp ko. :(

Tinignan ko muna sya mula ulo mukhang paa, bago ako nagsalita.

"So sa tingin mo tao ka?" at saka humakbang papalayo sa kanila, pero napahinto ulit ako dahil sumagot sya.

"ANONG SABI MO? ANG KAPAL NG MUKA MO AHH" nanggagalaiting sabi nung nagpapanggap na tao.

Tinignan ko lang sya.

"Miss mag-sorry ka na lang kasi sa kanya. Tignan mo nadumihan mo yung damit nya" sagot nung lalaking kasama nya.

Wow. Ako inutusan nya? HAH. Dumadami na yung mga usisero sa paligid namin. COOL. Gusto ko yan. ATTENTION. ;)

"ohh, look what we got here, a knight in shinning armor ready to save his damsel in distress, how romantic.  Seriously, ngayon ko lang nalaman na marunong palang mag-mall ang mga HIPON at SHOKOY." i said and smirk at them.

HAHAHA. Look at their faces. NGANGA.

"MISS NAPAKAYABANG MO NAMAN, SINO KA BA SA AKALA MO? SIMPLENG SORRY LANG HINDI MO PA MAGAWA. IKAW NA NGA TONG NAKABUNGGO OH" sabi nung babae

"Kasalanan ko bang tanga ka? At hindi ka tumabi nung nakita mong mabubunggo na kita and ako magsosorry? Eh dapat ka pa ngang magthank you sakin" i said casually

"AT BAKIT NAMAN AKO MAG-THA-THANK YOU SAYO?" pasigaw na tanong nya na halatang isang pitik ko na lang iiyak na sya.

"Magpasalamat ka sakin dahil atleast kahit papano nakatikim ka ng mamahaling kape, yun nga lang, sa damit mo dumiretso at dapat nga ikaw pa tong magsorry sakin, eh mas mahal pa nga yung kape ko kesa dyan sa damit mo… pero ok lang. hindi na kita sisingilin." sabi ko sa kanya. Namumula na sa galit yung babae.

HAH. TAKE THAT. And for my FINAL WAVE (plants vs. zombies lang e)

"Oh"

Iniabot ko sa kanya yung bawas na mocha frapp. Tumingin sya sa hawak ko nang nagtataka at nag-aalangan pa syang kunin yung nasa kamay ko.

"Nangangalay na ko. Kukunin mo ba o ibubuhos ko ng tuluyan sayo?" sabi ko sa kanya. Natakot ata at bigla nyang kinuha. Tama lang yun. MATAKOT SYA.

"Anong gagawin ko dito?" nag-aalangang tanong nya.

Ok this is it. MY FINAL WAVE

"Muka kasing 3-in-1 coffee lang sa tindahan ang kaya mong bilhin. Eh dahil sa mabait ako, ayan sayo na yan. Para naman makatikim ka ng mamahaling kape, tutal wala na kong ganang inumin yan." sabi ko sa kanya. Inunahan ko na syang magsalita nung nakita ko na sasagot pa sya.

**"OH? AARTE PA?"**

Mataray kong tanong sa kanya at inirapan ko silang dalawa. Tuluyan na kong umalis sa mall ng may ngiti sa mga labi ko.

**I'm AVAH**

**I'm good to no one**

**Half - Chinese**

**PURE MALDITA**

******

**MALDITA 2**

***school***

Ang malditang katulad ko ay pumapasok rin naman sa school no.

3rd year (2nd sem) college na ko. I'm 19 yrs. Old. I'm taking up Bachelor of Science in Business Administration major in Marketing-Management.

And take note.

IM THE DAUGHTER OF THE SCHOOL OWNER that I am in.

PERO mali ang akala nyo na porket ako ang anak ng may-ari nitong school na to ay hindi na ko mag-aaral. HAH.

Nag-aaral ako ng mabuti sa pagkakaalam ko at sa paraang gusto ko. Pumapasok lang ako kung kelan ko gusto. Pano ko nakarating ng 3rd yr. ng ganun ako?

SELF - STUDY.

Nabwibwisit kasi ako sa mga prof. ko dito, nakakatamad silang magturo. Yung iba naman BUHAY lang nila ang gustong ituro. THE HELL. Eh anung mapapala ko sa buhay nila? Binayaran ko sila para turuan ako hindi para kwentuhan ako. letche sila.

Pagkatapos kong ipark ang aking cute na cute at nagmamaldita na kulay purple mini cooper car ko. (idol ko si mr. bean e. bat ba?) Naglakad na ko papunta sa building ko na nakatas ang noo. Maganda kasi ako para yumuko.

Since maganda ako, lahat ng STUPIDENT na madadaanan ko ay sinusundan ako ng tingin. Walang nagtatakang harangan ang daanan ko. Lahat sila nagmamake-way, aba dapat lang, hindi ako tatabi para sa kanila. SILA ANG TUMABI.

Tumigil ako sa tapat ng dalawang babaeng first year na busy sa pagchichikahan. Nakaharang sila sa dadaanan ko.

"ehem" pagpaparamdam ko sa kanila

Agad naman silang napatingin sa akin at pareho silang nagulat. Nagcrossed arms ako, sign na kapag hindi sila tumabi kaagad sa dadaanan ko ay masasampolan ko sila. At syempre, umalis din kaagad sila sa dadaanan ko.

"sorry po ms. avah" sabi nila tinignan ko lang sila at inirapan bago ako nagpatuloy sa paglalakad ko.

***room***

Nagtuturo na yung baklang prof. nung pumasok ako. Derederetsyo lang akong pumasok at di sya pinansin.

Pumunta ako sa upuan ko; sa may last row, left side kung saan malapit sa bintana. Bakit sa last row? Para kitang kita ko silang lahat. At sa tabi ng bintana? Para asarin yung prof. ko at ipakita sa kanya na hindi ako interesado sa tinuturo nya. Ang katabi ko? Bag ko, tapos bakanteng upuan ulit, actually ako lang yung nakaupo sa last row.

"wow matatapos na ang midterm bago ka ulit pumasok ms. Chen, and to top it all late ka pa" sita saken ng inggiterang bakla sa harapan.

Ito lang ang prof. na naglalakas loob na sitahin at pagalitan ako e. pero hindi ko sya tinatanggal. Bakit? Dahil natutuwa ako sa kanya, nag-eenjoy ako makipagsagutan sa kanya.

Tinignan ko sya.

"first of all, alam kong late ako, anong akala mo sakin TANGA KA?"  changing "ko to KA"

Hindi pa ko baliw para tawaging tanga ang sarili ko.

"Pangalawa, hindi kita binabayaran para kwestyunin ang absences ko, binabayaran kita para magturo." sabi ko sa kanya.

"hahaha. Namiss lang kitang sitahin at yang kamalditahan mo. Welcome back Ms. Chen" sagot nya.

See? Hindi sya takot sakin. Ewan ko dyan sa baklang yan, pero alam ko na nararamdaman nya na hindi ako naasar sa mga ginagawa nya at paninita nya sa akin at hindi ko din minimean ang sinasabi ko sa kanya. Somehow i consider him or her as a friend.

Sa kalagitnaan ng klase may pumasok na isang babaeng baduy na nerd. Nakasuot sya ng salamin na kasing kapal ng kilay nya yung lens at kulay black yung frame. Nakapalda sya na mahaba na kulang na lang pati paa nya ay takpan nya. Suot nyang pang.itaas ay isang maluwag at simpleng t-shirt. Nakapony tail ang mahaba at magulo nyang buhok. May bitbit syang makapal na libro at nakaback pack na hiniram ata kay dora, pero in fairness, maputi at makinis ang muka nya. Muka naman syang tao.

"Sorry po Mr. Reyes im late." mahinang sabi nya

"Its ok Ms. Aguilar, you may take your sit. Nasabihan na ko kanina na madami ka pang tinapos sa office" sabi ni bakla

"Thank you po Sir" sabi ni nerd.

Naglakad na si nerd na tila naghahanap ng mauupuan.

"pede po ba kong umupo dito?" mahinang tanong nya sakin habang nakaturo sa bakanteng upuan katabi ng maganda at mamahalin kong bag.

"k" tipid kong sagot sa kanya

Umupo na sya at inilabas ang notebook at ballpen nya. Nag.umpisa na syang mag sulat at makinig kay bakla tulad ng karaniwang ginagawa ng mga nerd.

Ako naman binalik ko ang tingin ko sa bintana.

***cafeteria***

Pag-pasok ko ng cafeteria nakita ko kaagad ang kumpulan ng mga STUPIDENT sa may malapit sa counter. Wala naman akong pakialam sa kanila o kung ano man yung pinagkakaguluhan nila. Ang pakiaalam ko lang ay nakaharang sila sa counter at bibili ako.

Lumapit ako sa kanila

"aalis ba kayo sa dadaanan ko o papaalisin ko kayo sa eskwelahan KO" mataray na tanong ko sa kanila nang nakapamewang. Agad agad naman silang umalis pagkatapos nilang marinig ang banta ko.

Naiwan sa harapan ko ang 4 na mukhang clown na babae sa sobrang kapal ng make-up at isang nerd na nakaupo sa sahig na naliligo sa spaghetti.

Nakatingin sila kay nerd at pinagtatawanan ang itsura nito. Yung apat na clown na yan ang nagtayo ng fans club ko. Idol daw nila ako dahil sa kamalditahan ko. Wala akong pakialam sa kanila dahil FC (feeling close) sila saken.

"may nakakatawa ba?" tanong ko sa apat at agad naman silang huminto sa pagtawa at saka sunod sunod na umiling.

"wala palang nakakatwa e. Ano pang tinatanga nyo dyan? At sinong nagbigay ng karapatan sa inyo para magkalat dito sa cafeteria KO? At magpahiya? AKO LANG ANG MAY KARAPATAN DITO NA GUMAWA NG GANYAN" sabi ko sa kanila.

Nakakainis. Aagawan pa ko ng role ng apat na payaso na to. Ang kakapal ng make up. Wala silang karapatan para agawan ako ng role. STORYA ko to no.

"sorry po ms. avah" sabi nilang apat.

Si nerd naman nag-umpisa nang umiyak habang nakaupo pa rin sa sahig. May lumapit na janitor para linisin yung kinalat nung apat na payaso.

"Wag mong linisin yan. Ibigay mo sa kanilang apat yan at sila ang maglilinis" sabay turo ko sa apat na halatang gulat na gulat

"But Ms. Avah..." alma nung isa

"Aarte pa? At dahil dyan, buong cafeteria ang lilinisin nyo" sabi ko sa kanila. Aapela pa sana yung isa pero pinigilan nung kasama nya. Padabog nilang kinuha kay manong janitor yung mga panlinis.

Tumingin ako kay nerd na umiiyak pa din

"ikaw. Iiyak ka na lang ba dyan habang buhay? Muka kang tanga" sabi ko sa kanya

Nakita ko naman na agad syang tumayo at inayos ang sarili nya. Tumalikod na ko at nagdiretso sa counter.

"Bigyan mo ko ng chocolate moose at mango shake. Bilisan mo ayoko ng naghihintay" sabi ko dun sa cashier. Agad naman syang umalis para asikasuhin ang order ko. Di ko napansin na nasa likod ko na pala si nerd.

"t--thank you po ate avah" mahinang sabi nya

"Wag mo kong tawaging ate, hindi kita kapatid" sagot ko sa kanya

"s-sorry po" at tumango sya.

Bumalik na yung cashier na dala yung order ko.

"tinapon nila yung pagkain mo diba?" tanong ko kay nerd, tumango sya bilang sagot

"umorder ka na ng pagkain mo." sabi ko ng hindi tumitingin sa kanya.

"icharge mo sakin lahat ng oorderin nitong baduy na nerd na to, maliwanag? At pakiserve sa table ko yung pagkain ko" sabi ko dun sa cashier

Gulat na gulat si nerd at magsasalita pa sana sya pero inunahan ko na

"Oh? Aarte pa?"  at saka ako tuluyang umalis papunta sa table ko.

*****

**MALDITA 3**

***bahay KO***

Dire-diretsyo akong pumasok sa loob ng bahay KO. Ako at mga katulong ko lang ang nakatira dito. Parents ko? Busy silang magpayaman. Nasa China sila pareho, may business kami doon. Kapatid?  Sa pagkakaalam ko wala akong kapatid. I consider myself as the only child.

After kong mag lunch break kanina umuwi na ko. Nakakatamad pumasok e. Management yung next subject, hindi ko na naman kailangan yun. Bakit pa? Kayang kaya ko namang mag-utos at pasunurin lahat kahit pa hindi nila ako turuan.

"Good afternoon po Ms. Avah" bati sakin ng mga katulong.

Hindi ko sila pinansin at nagpatuloy sa paglalakad. Papaakyat na sana ako sa kwarto ko nang biglang nagtanong yung kapatid ni Miss Minchin. Mayordoma sya at katiwala ng bahay, kung umasta kala mo sya yung may-ari ng bahay. Pasalamat sya hindi ko sya pedeng paalisin dahil si daddy yung nag.assign sa kanya.

Inis ako sa matandang dalagang to, Atrimidida kasi.

"oras pa ng klase mo diba? Bakit ang aga mong umuwi? hindi ka na naman pumasok?"

oh diba may attitude. Masampolan nga. Humarap ako sa kanya.

"Ano ba ang trabaho mo sa bahay KO?" mataray na tanong ko sa kanya

"Mayordoma/katiwala ng bahay na inassign ng daddy mo" taas noo nyang sabi.

Wow. Kagandahan para magtaas noo? FEELER.

"See? Sayo na din nanggaling. BAHAY ang binabantayan mo at hindi AKO." nagcrossed arms pa ko para ipakita sa kanya na AKO ang amo nya.

"Ms. Avah, sinabi din sa akin ng daddy mo na bantayan kita, at ireport sa kanya lahat ng ginagawa mo." mataray na sagot nya sa akin

Aba, sumasagot pa. Sipsip talaga kay daddy

"O sige idagdag na din natin sa job description ng mga KATIWALA ang pagiging BODYGUARD. PERO wala sa job description mo ang tanungin at kwestunin ako." sabi ko sa kanya

"Isusumbong kita sa daddy mo" pananakot nya sa akin

“Really? Siguro kung mabait ako, natakot na ko sa banta mo, pero sorry ka na lang dahil maldita ako. Magsusumbong ka lang pala eh, gusto mo samahan pa kita? Eh kung palipadin kaya kita dyan hanggang China." nag-hahamong sabi ko sa kanya

"Grabe ka talagang bata ka, wala kang galang. Hindi ka man lang marunong gumalang sa nakakatanda sayo. Hindi ko maisip kung pano ka naging anak nina Ma’am Alicia. Dapat ikaw na lang yung pinapunta sa China at hindi si Avy." litanya nung matandang dalaga

Nagpantig yung tenga ko nung marinig ko yung pangalan ni Avy. Bakit ba lagi na lang akong ikunukumpara sa kanya. Bwisit. Sya nga yung santa santita saming dalawa.

"Unang una, hindi ka kagalang-galang. Pangalawa matuto kang gumalang sa anak ng may-ari ng bahay na tinitirahan mo, kahit anong gawin mo, AKO PA RIN ANG AMO MO. Susundin mo ang lahat ng gusto ko at gagawin ko naman lahat ng gusto ko. Pangatlo, kung ayaw mo kong pagsilbihan, LUMIPAD KA PAPUNTANG CHINA AT SUNDAN MO YUNG AMO MO NA WALANG GINAGAWA KUNDI MAGBAIT BAITAN. MAGSAMA KAYO SA GINAWA NYONG LANGIT-LANGITAN. MGA BWISET" sabi ko sa kanya sabay talikod at tuluyan ng umakyat papunta sa kwarto ko.

Kaaway ko talaga yang atrimididang matangdang dalaga na yan. Wala sa akin ang loyalty nyan, na kay AVY. Sakin napunta yung alipores nya. YAYA nya yung matandang dalaga na kapatid ni miss minchin. Si MIRANDA.

Yung YAYA KO naman na si YAYA SALLY nasa China kasama ni AVY. SINADYA nya na yun ang isama para kahit wala sya, andito yung chuchu nya. Ayoko man sabihin at aminin sa sarili ko pero UNFORTUNATELY, **AVY** is my older sister. (One year ang tanda nya sa akin)

kung ako si **AVAH MALDITA**

**SYA NAMAN SI AVY SANTA-SANTITA**.

She is good to everyone

Half – Chinese

**PURE IMPOSTORA.**

*****

**MALDITA 4**

***bahay KO***

Pagkatapos kong makipagsagutan dun sa alipores ni Avy, padabog kong sinarado yung pintuan ng kwarto ko. Nagpalakad lakad ako sa loob ng kwarto ko. Gustuhin ko mang ihagis sa mukha nya lahat ng gamit ko dito sa bahay, nanghihinayang ako. ABA MAS MAHAL PA SA BUHAY NYA YUNG MGA GAMIT KO NO.

Nakakainis, nakakainis. Bwisit kang Miranda ka, matandang dalagang atrimidida. Sinira mo araw ko bruha ka, pwes sisirain ko ang ARAW-ARAW mo. Tignan ko lang kung hindi ka magsumbong ng luhaan sa amo mong impostora at tignan ko lang kung kalabanin mo pa ulit ako. Ipaparamdam ko sayo na mas gugustuhin mong lumayas kesa manatili dito sa bahay na 'to.

Humiga ako sa kama ko para pagplanuhan ang mga gagawin kong pagpapahirap kay Miranda. Kinuha ko yung cellphone ko at tinawagan si Mikee Reyes.

Oo, yung baklang prof. ko. Magkasundo kami basta may papahirapan kami na related kay Avy. Galit sya kay Avy dahil ginamit lang ni Avy ang talino nya. Binalaan ko na sya dati, eh hindi nya pinakinggan. Buti nga. hahaha.

*ring ring ring ring rin—

"Hi Avah" walang ganang sagot nya

"bakit ang tagal mong sumagot?" mataray kong sabi sa kanya.

"sorry naman ha, nasa gitna kasi ako ng klase nung tumawag ka. So kailangan ko pang lumabas para lang sagutin ang tawag mo. " sabi nya

"so sinasabi mong naistorbo kita?" ako

"hindi. Sinasabi ko lang na nasa gitna ako ng klase. Highblood ka na naman." sya

"mas importante pa yang klase mo kesa sa tawag ko? Pumunta ka dito." ako

"oh? bakit? anong meron" sya

"maglalaro tayo" ako

"ohh. Sa tono ng boses mo, mukang mag-eenjoy ako dyan ahh. Sino naman ang paglalaruan mo this time?" sya

“MIRANDA" ako

"haha. Ano na naman ang ginawa nya sayo?" sya

"Atrimidida kasi masyado, sinira nya ang araw ko kaya sisirain ko naman ang araw-araw nya" ako

"hahaha. Manang mana talaga sa amo nyang santa-santita" sya

"sinabi mo pa. oh tama na kwentuhan, sayang ang oras. Pumunta ka na dito, iwan mo na yang klase mo. Wala ka din namang tinuturong maganda e." ako

"wow. thank you ah. sige bye" sya

"k"

Nag-ayos muna ako habang hinihintay ko si Mikee. Excited na ko pahirapan si Miranda. Gustong gusto ko nang makita yung magiging reaksyon nya mamaya. Maling mali ka ng kinalaban Miranda.

Lumabas ako ng kwarto ko at bumaba, hinanap ko sa maid si Miranda.

"hoy. Nasan yung matandang dalagang pangit?" tanong ko sa maid

"si Miranda po?" sya (di ko sya kilala e. basta alam ko katulong sya.)

"bakit may iba pa bang matandang dalagang pangit dito?" tanong ko sa kanya

"hmmm" nag-isip pa ang bruha

"wag ka ng mag-isip, hindi bagay sayo. Asan sya?" ako

"Nasa garden po." sagot nya

"Anong ginagawa sa garden?" ako

"Nagbabasa po ng libro, nagpatimpla pa nga po ng juice. Pagod daw po sya" sabi nung maid na madaldal

Aba. Nagawa pa nyang magpahinga. Balat kalabaw talaga. Sige lang Miranda, magpahinga ka lang. Dahil sisiguraduhin kong hindi ka makakapagpahinga mamaya kapag nag-umpisa na kong paglaruan ka.

"ikaw anong pangalan mo? Daldal mo e, pero gusto kita. Ramdam kong ayaw mo kay Miranda." tanong ko sa katulong.

"Lea po Ms. Avah. Opo tama po kayo, hindi lang po ako ang may ayaw dyan kay Miranda. Masyado po kasi sya kala mo kung sino makapag-utos. Alam nyo po ba nung is---" pinutol ko yung sasabihin nya

"sinabi ko bang magkwento ka? Pangalan mo lang ang tinanong ko. LEA? Hindi bagay sayo, magmula ngayon, DALDALITA na ang pangalan mo. Naiintindihan mo?" sabi ko sa kanya

"per--" sasagot pa sana sya

"oh? aarte ka pa?" sabi ko sa kanya. Umiling sya bilang sagot

"may bisita akong dadating mamaya. Wa--" ako

Aba. Bastos to ahh, pinutol ang sasabihin ko.

"Ano po ipapahanda nyo?" tanong nya

"bastos ka ahh. Hindi pa ako tapos magsalita. Bwiset." Ako

"sorry po" sya

"tulad ng sinabi ko kanina. May dadating akong bisitang bakla. Sabihin mo sa mga kasamahan mo pwera lang kay tanda, kapag dumating yung bisita ko. WALA KAYONG GAGAWIN KUNDI ANG MAGPAHINGA O KAYA NAMAN PANOORIN LAHAT NG GAGAWIN NI MIRANDA." sabi ko

"Bakit po? Baka magalit samin si Miranda kapag hindi kami gumawa mamaya" sagot nya

"Wala akong pakialam. Ako ang amo mo kaya sakin kayo susunod, kung ayaw mo mawalan ng trabaho. Sige na umalis ka na, wala kang kwentang kausap" sabi ko

tuluyan nang umalis sa harapan ko si daldalita.

-----

"Hey Avah, ready?" bungad sakin ni mikee

"Tagal mo. Yup, kanina pa ako ready. Nasabihan ko na din yung mga maid." sabi ko sa kanya

"So san tayo mag-uumpisa?" tanong nya

"Sa garden." sagot ko

***garden***

Nauna na akong maglakad sa kanya at sumunod sya. Naabutan namin si Miranda na prenteng prenteng nakaupo at nagbabasa ng libro, may juice pa talaga at di lang yun, ang matanda nakuha pang magpahanda ng cake. Nakasalubong ko yung maid na nagdala ng cake sa kanya.

"Hoy. Bakit mo dinalhan si tanda ng cake, bakit hindi sya ang kumuha?" tanong ko sa kanya

"Napagod daw po kasi sya kanina kaya ako na lang po yung inutusan" sagot nya

"Pumayag ka naman? TANGA. Magmula ngayon wag mong susundin ang utos nya, utos ko lang ang papakinggan mo. Ako ang amo, maliwanag?" sabi ko

"opo."

---

Umupo kami sa upuan na katabi nung kay miranda. Natigil sya sa pagbabasa at tinignan kami.

"Wow Avah. Ang sarap namang maging katulong sa bahay nyo. Pa-upo upo na lang at pabasa basa na lang at look, may juice at cake pang kasama. Para tuloy gusto ko ding maging katulong" pang-aasar na sabi ni Mikee

"Sinabi mo pa, hindi lang yun, sa sobrang bait ng pamilya namin, kaya ayan, lumalaki ang ulo ng mga katulong. Nakakalimutan kung ano ang posisyon nila sa bahay na to. Madalas pa silang magday dream na sila ang may-ari ng bahay, mga ilusyunada. Tulad na lang ng kaharap natin ngayon. Sa sobrang kapal ng balat, HINDI MAN LANG NAKARAMDAM NA NASA HARAP NA NYA YUNG AMO NYA" sabi ko sabay tingin kay Miranda

"Ako ba ang tinutukoy nyo?" tanong ni Miranda

"Bakit natatamaan ka ba? Kung oo,ikaw nga. Kung hindi naman, MAKAPAL NGA TALAGA ANG BALAT MO" sabi ko sa kanya

"Ang sama talaga ng ugali mong bata ka." sabi nya

"Sakin ugali lang ang masama, sayo? *tingin mula ulo hanggang paa* LAHAT." sabi ko sa kanya at nag-appear kami ni Mikee

"Ano ba talagang gusto mo?" sya

aba sumasagot pa. Tumayo ako at mataray na hinarap sya

"Simple lang naman tanda. AKO ANG AMO IKAW ANG KATULONG. So bilang amo mo, inuutusan kitang pagsilbihan kami. Pumasok ka sa loob at ikuha mo kami ng pagkain, kung anong klaseng pagkain? LAHAT ng dessert, isa isa mong ilalabas dito. Ayoko ng sabay sabay. Ilalagay mo sa platito. Wag kang magkakamaling iutos sa iba yan." sabi ko

"Ang dami daming katulong dito bakit ako lang?" sya

"Wala akong pakiaalam. Umalis ka na sa harapan ko bago magdilim ang paningin ko, lalo ka pang pumangit." sabi ko

Naglakad na sya papalayo sa amin at nagsalita ulit ako

"WAG KANG MAGKAKAMALING LAGYAN NG LASON ANG IBIBIGAY MO SAKIN. DAHIL IKAW ANG UNA KONG PAPAKAININ PARA KUNG SAKALI, IKAW ANG MAMATAY"

Nakita ko sa glass door si daldalita.

"ikaw. *tingin kay daldalita* sabihin mo sa lahat ng maid, na magbihis at pumunta dito sa garden. Bilisan nyo. Ayokong naghihintay" tumango naman kagad sya at saka pumasok sa loob

"Wow. Anong binabalak mo Avah?" tanong ni Mikee

"Relax Mikee, just watch and learn." sabi ko sa kanya at ngumiti nang pangmalditang ngiti.

Nag-uumpisa pa lang ako Miranda. :)

*****

**MALDITA 5**

***garden***

Nandito pa rin kami sa garden at hinihintay si Miranda. Ang tagal ng matandang yun ahh. Asar. Pinapaiinit nya ang ulo ko, yung mga katulong nandito na rin sa garden at hindi na sila naka maid uniform. Syempre dahil mahirap sila kaya ordinaryong damit lang ang suot nila, hindi katulad ko na mayaman, na kahit ang pantulog ko mamahalin. Aba, syempre hindi bagay sa katulad ko ang magsuot ng mga ordinaryong damit, sensitive ang skin ko, ayoko magkarashes.

"Hoy, silipin mo nga si Miranda sa loob kung buhay pa at sabihin mo sa kanya na bilisan nya, naiinip na ako. At kung patay na sya, buhayin mo, sabihin mo hindi pa sya pedeng mamatay dahil hindi pa ko tapos pahirapan sya" utos ko dun sa isang maid. Agad naman syang pumasok sa loob para tignan si Miranda.

Mag-gagabi na yung meryenda ko wala pa din. Kainis.

Maya-maya dumating na din sa wakas si Miranda nang nakasimangot habang naglalakad na may dalang dalawang platito na may lamang cake sa parehong kamay nya.

"Hindi ka ba marunong magbilang? Diba sinabi ko ISA-ISA mong dadalhin dito? Bakit dalawa yan? At what's with your face? Nakasimangot ka pa dyan, hindi ko akalaing may ipapangit ka pa" sabi ko sa kanya. Nagpipigil ng tawa yung mga nakapaligid sa amin habang sya naman ay pulang pula na sa galit sa akin.

"Walanghiya ka talagang bata ka. Sumosobra ka na, bakit ba ganyan ka? Napaka sama talaga ng ugali mo." sermon nya sa akin

"alam mo, nakakabobo ka, paulit-ulit ka na lang. Pede ba hindi mo na kailangan pang ipaalala sa akin na masama ang ugali ko, dahil hindi ko yun nakakalimutang pairalin lalo na sa mga taong katulad mo. Ano pang hinihintay mo dyan? Umalis ka na sa harapan ko, itimpla mo ko ng kape, yung dark, very dark, kasing pait ng buhay na ipapatikim ko sayo."

---

Malapit ng mag-dinner, hindi ko na din gusto yung ambiance dito sa may garden, tapos na din kaming kumain ng meryenda.

“Tawagin mo si Miranda, at ipaligpit mo to *turo sa pinagkainan*" utos ko sa maid

Dumating naman agad si Miranda at iniligpit ang pinag-kainan namin. Tumayo ako at hinarap si Miranda.

“Pagkatapos mo dyan,magluto ka na ng dinner, at iaakyat mo sa rooftop. Dun ko gustong magdinner. Kung binabalak mong gamitin yung dumbwaiter tigilan mo na yung balak mo, dahil ang gusto ko iaakyat mo yung dinner namin mag-isa" utos ko sa kanya

Nanlaki ang mga mata ni Miranda pati na din ang iba pang katulong.

"Sobra naman ata yun Avah" bulong sakin ni Mikee

"Edi tulungan mo sya kung naaawa ka" sagot ko sa kanya

"Sabi ko nga kaya na nya mag-isang umakyat baba sa 5th floor eh" sabi ni Mikee

Tama kayo ng basa, nasa 5th floor ang rooftop namin. What do you expect? Mayaman kami. Malaki at mataas ang bahay namin.

1st floor - sala/dining room/kitchen/maids room (ext. garden/swimming pool/garage)

2nd floor - guest rooms/mini sala/dad's office/master's bedroom

3rd floor - my room/avy's room/music room/gym/library/play room

4th floor- (my favorite floor) my dressing room/avy's dressing room/mini spa/mini parlor

5th floor - rooftop

May dumbwaiter kami, dun namin sinasakay yung mga gamit na gusto naming iaakyat o ibaba. Alam nyo naman siguro yun diba? Hayys, mayaman kasi kami. Yung elevator, irerequest ko pa kay Daddy. >:)

Hindi naman isang diretso ang bahay namin, madaming pasikot-sikot. Malay ko kay Daddy kung bakit ganito bahay namin.

"bakit hindi na lang sa dining room?" tanong ni miranda

"hmm. Pede naman sa dining room, basta ba ililipat mo yung kitchen sa rooftop at dun ka magluluto. Sounds good right? What do you think?" sabi ko sa kanya

"Ano bang iluluto ko?" tanong nya

"try mo iluto yung sarili mo. *tingin sa mga katulong* kayo, feel free to order Miranda around. Sabihin nyo sa kanya yung ,mga gusto nyong kainin. This is your chance para makain yung mga gusto nyo. Lubusin nyo na habang mabait pa ako" sabi ko sa kanila

Nakita ko naman na natuwa sila sa sinabi ko. Aba, ang swerte nila ha, makakain na nila yung gusto nila at makakasabay pa nila ako sa pagkain. Pasalamat sila kailangan ko silang gamitin para pahirapan si Miranda.

Umakyat na kaming lahat sa taas at nag-umpisa ng magluto si Miranda ng dinner namin. Kung ilang klase at kung ano anong pagkain ang iluluto nya? Hindi ko alam, basta ang alam ko masaya akong nakikitang nahihirapan sya.

***rooftop***

Mikee : hanggang kelan mo papahirapan si Miranda?

Ako : hanggat gusto ko.

Mikee: pano kung mag-sumbong sa daddy mo?

Ako: edi magsumbong sya, samahan ko pa sya e.

Mikee: magagalit na naman sayo yung daddy mo nyan.

Ako: ok lang. wala namang bago e, saka pareho lang kami ng nararamdaman. Ayaw nya sa akin edi ayaw ko din sa kanya.

Mikee: e sa mommy mo?

Ako: HAH isa pa yun. wala pa akong ginagawa, galit na yun sa akin. Atleast ngayon sulit yung galit nya.

Mikee: kung kay Avy magsumbong si Miranda? Baka nakakalimutan mo, yaya nya yung pinapahirapan mo.

Ako: yun nga ang gusto ko e, ang magsumbong si Miranda sa amo nya para sa ganon, umuwi sya dito sa Pilipinas. It's payback time Mikee

Mikee: im sure magugulat yun kapag nakita ka nya. Wow hindi na ko makapaghintay na magkita ulit kayong magkapatid. impostora/santa-santita vs. maldita. How exciting.

Ako: i know right.

Gagawin ko ang lahat para lang mapabalik kita ng Pilipinas Avy. Wala akong pakialam kung kelangan kong pahirapan araw araw si Miranda at wala akong pakiaalam kung madamay sya. Ang importante sa akin ay umuwi ka.

Tama na ang 5 years Avy. It's pay back time my dear sister. This time, i will make you play MY GAME AVY.

*****

**MALDITA 6**

***bahay ko***

10am na ako nagising, masyado kasing napasarap ang tulog ko kagabi. Sino ba naman kasi ang hindi sasarap ang tulog kapag alam mo na yung taong sobrang kinaiinisan mo at sumira ng araw mo ay nagantihan mo ng bongga. Yung tipong

alam mong triple yung inis at galit na naramdaman nya kumpara sa pagng-iinis nya sayo. hahahaha

Ang sarap talaga ng ganong feeling. Hayy ang gaan gaan sa pakiramdam. Hindi naman kasi masamang maging masama lalo na kung alam mong deserving yung taong sasampolan mo. Aba,hindi na uso ang sobrang bait ngayon no. NAKAKASAWA kaya maging mabait, tinatake for granted ka ng lahat at akala nila hindi ka marunong magalit.

2012 na people, BEING MALDITA IS GOOD.

Pagkatapos kong mag-ayos, lumabas na ako ng kwarto ko at bumaba na ako. Diretdiretsyo akong pumunta sa may kitchen para iutos ang breakfast ko. Pupunta pa kasi ako sa school. Late na late na nga ako, pero who cares. Anak ako ng may-ari ng school.

Pagpasok ko ng kitchen, naabutan ko si Miranda na may kausap sa cellphone nya at umiiyak. Nakatalikod sya sa akin kaya hindi nya napansin ang pagdating ko.

"huhuhuhu, naku Avy anak, sobrang sama ng ugali ng kapaitd mo huhu"  sabi nya sa kabilang linya.

oh. Perfect, nagsusumbong na sya sa amo nyang santa santita. hahahaha. Hindi ko mapigilang mapangiti ng malapad. Ayos, umaayon sa plano ko ang lahat. Hindi ko lang ineexpect na mapapabilis sa inaakala ko. Magiging maganda na naman ang araw ko nito. Patuloy lang ako sa pakikinig sa pagsusumbong ni Miranda.

"hindi, Avy.. nagbago na talaga sya... huhu..... oo,.. hindi ko alam kung paano basta bigla na lang sya naging ganon....huhuhu...hindi nga daw nya ako titigilan hanggat hindi ka umuuwi.. hindi ko din alam kung ano gusto nya... huhuhuhu.. umuwi ka na la---"

Hinablot ko bigla yung cellphone ni Miranda sa kanya. Bastos na kung bastos, pakialam ko?. Nagulat si tanda sa ginawa ko. aagawain pa sana nya yung cellphone nya sa akin kaya pinandilatan ko sya, hindi na sya pumalag pa.

"Yaya Miranda wag kang magpatalo kay Avah, takutin mo sya. Sabihin mo sa kanya na sasaktan ko yung Yaya Sally nya kapag hindi ka nya tinigilan, matatakot yun sayo maniwala ka sa akin. Kilala ko si Avah, takot yun" sabi nung nasa kabilang linya.

HAH. Hanggang ngayon pala yun pa din ang tingin nya sa akin. Mahina.?

"edi saktan mo hanggat gusto mo" sabi ko sa kanya

ilang segundong natahimik sa kabilang linya

"A-Av-Avah?" gulat na tanong nya. Ano ba yan, yun pa lang yung sinabi ko nagulat na sya? Tss. Pano pa kaya sa mga susunod?

"Hello there, my EVIL sister, Miss me?" sarcastic na sabi ko sa kanya

"WHAT DID YOU JUST CALL ME?" galit na sabi nya

BINGO! Nainis ko sya. HAHA.

"EVIL. Gusto mo i-spell out ko pa sayo? A-V-Y.......EVIL" nakangiting sabi ko sa kanya,

"HOW DARE YOU TO CALL ME THAT? KELAN KA PA NATUTONG SUMAGOT SA AKIN NG GANYAN?" sabi nya. Tss, walang kwenta, yun lang galit na sya.

"about 5 seconds ago? DUH Avy, ngayon lang ulit kita naka-usap after 5 years. Miss na miss na nga kita eh, kaya nga sobrang pagpapahirap na yung ginagawa ko sa Yaya Miranda mo, mapapatay ko na nga sya sa sobrang pagkamiss ko sayo, im desperate"

ginamit ko yung sweet voice ko sa kanya. Alam ko na maiinis sya sa way ng pagkakasabi ko. She hates me when im using that voice. Inggitera kasi, trying hard kasi syang maging sweet.,not like me, NATURAL. >:)

"DON'T YOU DARE TOUCH YAYA MIRANDA OR ELS---" pinutol ko yung pag sasalita nya

"OR ELSE WHAT AVY? GUSTO MO NG SAMPLE? MAKINIG KA."

Tumaas na yung boses ko sa kanya. Narinig ko na naman kasi yung **FAMOUS LINE** nya na **OR ELSE**. Madalas nyang gamitin yun panakot sa mga taong hindi sumusunod sa kanya.

Tinaggal ko yung cellphone sa tenga ko at pinress yung loudspeaker button, humarap ako kay Miranda, medyo tinapat ko yung cellphone sa kanya at tinignan ko sya and then

***PAK***

Sinampal ko si Miranda. Nagulat sya sa ginawa kong pagsampal sa kanya at umiyak sya.

"avyy.. huhuhuhu"  tawag nya sa amo nya habang umiiyak.

"WHAT DID YOU DO TO YAYA MIRANDA AVAH?" nag-aalalang tanong nya.

I can feel the panic in her voice.

"Oh? Narinig mo ba yun Avy?" sabi ko sa kanya

"ANONG GINAWA MO? SUMAGOT KA" sabi ni Avy

"Nothing special. I just slapped her ugly face, so now my dear sister? Naniniwala ka na bang kayang kaya ko syang pahirapan? O gusto mo ng isa pang sample? Hmmm, sa kabila naman para may instant blush on sya, gusto mo?" sabi ko sa kanya

Take that Avy.

"HUMANDA KA SA AKIN AVAH, UUWI AKO NG PILIPINAS AND I WILL MAKE SURE NA MALALAMAN NILA DADDY YUNG GINAWA MO KAY YAYA MIRANDA" sabi nya

"Go ahead; tell them, as if i care? And yes, paghahandaan talaga kita. Oh, mali pala, ikaw pala ang humanda baka kasi hindi mo ako kayanin. Alam mo na, baka sa sobrang inis mo sa akin, lumabas ang totoo mong ugali sa harap ng maraming tao. Ayaw mo naman yun diba? YOU'RE A SAINT EH" sabi ko sa kanya.

"HAH, don't worry my little monster sister, ako pa ba ang hinamon mo? I turned you into a monster nga e, so i can turn you into a lost puppy again." Avy.

Good. Hindi na sya nakasigaw, ibig sabihin, ready syang makipaglaro sa akin.

“Dont be so confident my evil dear sister, kadalasan mas magaling pa ang tinuruan kesa sa nagturo. So, kelan ka uuwi? Kasi, kating kati na kong sampolan ka e" sabi ko sa kanya

"I will surprise you little monster, para naman exciting, and oh, don't worry, me too, im eager to make your life a living hell AGAIN. So be ready. "sabi nya

"Sure. I will wait for you. And i will slap your face hard. VERY HARD." sabi ko sa kanya

Inend ko na yung call at hinagis ko sa lamesa yung cellphone ni miranda. Tumingin ako sa kanya

"you did a very good job Miranda. Sa lahat ng ginawa mo? Ngayon lang ako natuwa sayo. Now, hihintayin ko na lang ang pagbabalik ng amo mong santa santita."

After kong sabihin yun, umalis na ako ng kitchen at lumabas ng buong bahay. Hindi na ako kumain ng breakfast. Nagpunta na kaagad ako sa school and after nito mag-babar ako kailangan kong magcelebrate. FINALLY, my long wait is OVER.

*****

**MALDITA 7**

"hello there Avah, what brings you here?" tanong sa akin ni Mikee

Nagpunta ako kaagad sa school at dumiretsyo sa faculty room kung nasan si Mikee. Wala akong pasok ngayon. Sinadya ko lang talagang pumunta para lang ibalita ng personal kay Mikee yung nangyari. Im sure matutuwa sya at syempre kelangan namin pagplanuhan lahat nang gagawin namin kay Avy. This is it, konting panahon na lang magkikita na ulit kami nig magaling kong kapatid.

"Follow me" sabi ko sa kanya

"Where? May klase ako in 10 mins." sabi nya

"Ditch it. I dont care." sabi ko sa kanya

Nag-umpisa na akong maglakad, sumunod naman sya. TSS, kunyari pa sya gusto din naman nyang sumunod sa akin.

"Bakit ba? San ba tayo pupunta?" tanong nya

Nagpunta kami sa may school garden, kung saan wala ganong tao.

"May sasabihin ako, hindi sya ganun kaimportante pero sinisigurado kong matutuwa ka" sabi ko sa kanya

"Mukang maganda yan a. Ano ba yun?" tanong nya

"About the b*tch" sabi ko sa kanya

"Oh? Anong meron?" tanong nya

"Nakausap ko sya kanina, nagsumbong na si Miranda sa kanya kaninang umaga, mas maaga sa inaasahan ko." paliwanag ko sa kanya

"Oh? Congrats! Success yung plano mo. So, uuwi daw ba sya?" tanong nya

"Yes. Kung kelan? Hindi ko alam pero nararamdaman ko na malapit na" sabi ko sa kanya

"Anong balak mo? Ready ka na ba?" tanong nya sa akin

"YES. IM READY. I'm always ready. Tuloy pa rin ang plano ko na palabasin ang totoo nyang ugali, kung hindi maging successful yun edi iinisin ko na lang sya ng sobra sobra, ibabalik ko sa kanya lahat ng ginawa nya sa akin. Ipaparamdam ko sa kanya lahat, DOBLE PA." sabi ko kay Mikee

"Susuportahan kita dyan" sabi nya

"Tss.  Ano pa bang mapapala ko sayo? Kundi suporta lang. Wala ka kasing kwenta tumitiklop ka kaagad." sabi ko sa kanya

"Away nyo yang magkapatid no, ayoko makisali. Saka kayang kaya mo na yun" sabi nya

"Aba syempre kayang kaya ko na sya no. Tignan ko lang kung hindi sya sumuko sa akin" sabi ko sa kanya

"Uyy wag mong kalimutang si AVY CHEN ang kalaban mo. Tuso yun, kaya mag-ingat ka din. Wag puro kamalditahan ang paganahin. Saka wag kang magpapadala sa emosyon mo. alam natin na weakness mo yan, pag si Avy gumalaw, yan ang unang pupuntiryahin sayo. Kaya Avah, ingat ingat din" paalala nya sa akin

Tss. Napaisip ako sa sinabi ni Mikee. Emosyon ko ang kahinaan ko, kaya dun ako laging natatalo ni Avy. Tama sya, wag akong padalos dalos, dahil oras na magkamali ako nang galaw matatalo ako ni Avy. Maduming maglaro si Avy, wala syang pakialam kung sino pa yung madadamay ang importante sa kanya ang sarili nya.

"Oo na. Hindi ako magpapatalo. Ayaw kong magpatalo, at hinding hindi ako magpapatalo sa kanya ngayon" sabi ko

*sniff sniff sniff*

"Sinisipon ka ba? Yuck." sabi ko kay Mikee

"Gaga. Hindi ako yun." sabi nya

"What did you just call me?" sabi ko sa kanya

"AVAH. AVAH ang sabi ko" sabi nya

Tss. May naririnig talaga akong nag.s-sniff. Tinignan ko yung nasa paligid ko at napako ang tingin ko sa may bench na natatakpan ng isang puno, may babaeng nakaupo dun. Nakatali yung buhok nya, naka tshirt, katabi nya ay libro at bag nya na malaki.

Pinuntahan ko sya.

"Uy. San ka pupunta?" tanong ni Mikee at naramdaman ko din na sinundan nya ako.

And there, i saw a nerd. Crying.

Tss. Bakit ba kapag nakikita ko to palagi na lang umiiyak? Ang pangit naman ng role nya sa storya ko, puro iyak lang. Nakakairita, walang kwenta. Anong mapapala nya kung palagi na lang syang umiiyak dito sa kwento ko? Nakakainis, sinisira nya ang image ng kwento ko, sya lang ang iyakin. hayys.

"Hoy nerd bakit ka umiiyak?" tanong ko sa kanya

Tinapik ako sa braso ni Mikee para pigilan ako na tarayan sya. Tinignan ko sya ng masama kaya hinayaan na lang nya ako.

"Wala kang pakiaalam kung umiiyak ako. Wala ka namang pakiaalam sa akin e." sabi ni nerd ng hindi nakatingin sa akin

Aba. Sumasagot pa.

"Wala nga akong pakiaalam sayo, kaya lang kasi ang pangit mong umiyak at ang ingay mo pa. Tss." sabi ko naman

"Umalis ka na nga. Iwan mo na lang ak--," tumingin sya sa akin

"Miss Avah? *sniff* sorry po. Sorry po talaga" sabi nya kaagad nung nakita nya ako

"Problema mo? Umiiyak ka na naman dyan? Tss" sabi ko sa kanya

"Ano po kasi,  ano e… hmm., ano po" sabi nya

"ANO? Puro ka ano dyan. Nakakairita ka. Ayusin mo yang pagsasalita mo kung ayaw mong hilahin ko yang dila mo para dumiretsyo" sabi ko sa kanya

"Alisin mo nga yang bag mo, uupo ako." utos ko sa kanya

Inalis naman kaagad nya at umupo ako. Si Mikee, tahimik lang na nakatingin sa aming dalawa

"Kasi po sabi sa akin kanina sa office hindi na daw po ako qualified para maging scholar ng school. Bumababa po kasi ng one point yung average ko ngayong sem., kaya po ito hindi ko alam yung gagawin ko kung san ako kukuha ng pang tuition" sabi nya

Oh. So scholar pala sya dito, aala ko transferee sya. Ngayon ko lang kasi sya nakita, sabagay wala akong interest sa mga STUPIDENT ng school na to.

"Yun lang pala e, edi wag ka na mag-aral. Laki ng problema mo ha" walang ganang sabi ko sa kanya

"Avah." sita sa akin ni mikee

"What? Hindi na sya scholar, mahirap sya, wala syang pang-tuition edi wag na syang mag-aral, tapos ang problema" sabi ko

"Hayy. Grabe ka talaga Avah." sabi ni Mikee

"Ms. Avah, malaking bagay po sa akin yung pag-aaral ko dito. Sa inyo po siguro simple lang dahil kayo yung may-ari ng school" sabi ni nerd

Edi ako na masama.

"Kasalanan ko ba kung bakit ka natanggal sa pagiging scholar? ha?" sabi ko sa kanya

Umiling na lang sya at tumungo.

Hayss. Ano ba tong nerd na to, nakalimutan ko tuloy yung issue kay Avy. Hayss. Yun ang pinunta ko dito, ang ipagmayabang kay Mikee yung nangyari. Ito naman kasing nerd na to, bigla na lang umeeksena. Tsk.

"Ang problema mo ngayon wala kang pambayad ng tuition fee?" tanong ko sa kanya

tumango sya.

hays. Tumayo ako sa pagkakaupo ko

"Sumunod ka sa akin" sabi ko sa kanya.

Nagtataka sya na nakatingin sa akin.

"Aarte ka pa? Bilisan mo" sabi ko at nag-umpisa na akong maglakad. Naramdaman kong sumunod na din sya at si Mikee.

"Uy. Anong gagawin mo? San tayo pupunta? At isasama mo sya?" tanong ni Mikee

"Basta" sabi ko sa kanya

Hayss. Pasalamat ka sa akin nerd GOOD MOOD ako ngayon at MABAIT ako ngayon.

Huminto kami sa may office. Binuksan ko yun at natigilan yung mga tao sa mga ginagawa nila nung nakita ako. Nilingon ko sina nerd

"Pasok." sabi ko kay nerd

"Wala po akong ginawa Ms. Avah. Sorry po sa pag-iyak ko kanina" sabi nya

"Scholar ka ba talaga? Tss. Ngayon hindi na ko nagtataka kung bakit ka nawalan ng scholarship. Tss. Pumasok ka na nga lang." sabi ko sa kanya

Pumasok naman sya. Binati kami ng mga nasa office

"Ibalik nyo sya sa pagiging scholar" sabi ko

"p-po?" sabi nung isang babae

Nagulat din sina nerd sa sinabi ko

“Bingi ka o sadyang tanga ka?" sabi ko sa nagsalita

"Ibalik nyo sya sa pagiging scholar o mawawalan kayo ng trabaho?" sabi ko

"Pero Miss Avah, hindi po pede yung inuutos nyo. Bumaba po kasi yung average nya ng one point so hindi na po sya qualified." paliwanang nung isa

“One point lang tinggal nyo na?  Wala akong pakiaalam sa rules na ginawa nyo, mas importante ang rules ko." sabi ko sa kanila

"Pero Ma’am, hindi po talaga pede" sabi nya

Arrghh. Sinusubukan nito pasensya ko ahh

"Miss Avah, wag na lang po. Madaming salamat na lang po" sabi ni nerd

Hindi ko pinansin yung sinabi ni nerd.

"Ano ka ba sa skwelahan KO?" sabi ko dun sa umaapela.

"School registrar staff po" proud nyang sabi

"At ako ano ako ng school na to?" tanong ko ulit

"Anak po ng may-ari ng school" sabi nya

"Ngayong alam mo na. LUMUGAR ka. Kapag sinabi kong ibalik nyo sya sa pagiging scholar, ibabalik nyo sya. Wala akong pakiaalam kung bumaba pa yung average nya ng one point. Naiintindihan mo ba? Kung ayaw pa rin magprocess sa utak mo yung sinabi ko, pede ka ng umalis ng school KO at maghanap ng bagong trabaho." sabi ko sa kanya

Tumango sya, at kaagad inayos yung papel ni nerd.

Umupo lang ako sa may office hanggang sa matapos si nerd magfill up ng panibagong form para sa scholarship. Alam ko unfair sa ibang scholar na students ang ginawa ko. Eh bakit ba, ako naman ang anak ng may-ari, so wala silang magagawa. Nagpaalam na din si Mikee na aalis na sya at may klase na sya.

"Miss Avah, maraming salamat po. Pasensya na po kayo kung nakaabala pa ako. Thank you po talaga" sabi nya sa akin

"Anong thank you, may bayad yung ginawa ko sayo noh. Sumunod ka sa akin" sabi ko sa kanya

"Ano po yung kapalit?" tanong nya habang kasunod sa akin

"You will be my slave" sabi ko sa kanya

Nagulat sya sa sinabi ko at nag-aalangan pa syang sumunod sa akin

"Ano aarte ka pa dyan? O gusto mo bawiin ko na lang yung scholarship mo?" sabi ko sa kanya

"H-hindi po. O-ok lang po" sabi nya.

"good." sabi ko

Nakarating na kami sa may parking lot at huminto sa kotse ko.

"Get in" utos ko sa kanya

Nakatingin lang sya.

"Papasok ka ba o itutulak kita papasok?" tanong ko sa kanya

Pumasok naman kaagad sya. Tss. Aarte pa, papasok din naman pala

"San bahay mo?" tanong ko sa kanya at umalis na ng school

"Bakit po?" tanong nya

"Slave na kita diba? So ibig sabihin sakin ka na titira. San ang bahay mo?" tanong ko ulit sa kanya

"May bahay naman po ako e" sagot nya

"Wala akong pakiaalam. Ituro mo sa akin ang bahay mo, kukunin mo ang mga gamit mo dun, at dun ka na titira sa bahay ko. Walang tanong tanong." sabi ko.

Tinuro naman kaagad nya yung daan papunta sa bahay nila.

"Anong pangalan mo?" bigla kong tanong sa kanya

"Hannah Aguilar po" sagot nya

Hannah, bagay sa kanya, tunog tahimik.

"Ahh. Ok. Nerd" sabi ko

Tss. Sabi ko magcecelebrate ako dahil kay Avy, hayy. Nasira ang plano ko dahil sa nerd na to. Eto na nga ba ang sinasabi ko. Nauna na naman ang emosyon ko. Nakakainis kasi, iyak nang iyak. Saka na lang ako magcecelebrate.

**********

**MALDITA 8 (VALENTINES DAY SPECIAL)**

OH? Valentines Day pala ngayon? Ano nga ulit yung Valentines Day? TSss. You call it Valentines Day? Well, i call it TUESDAY. Eh ano naman kung valentines day? It is just an ordinary day.

BITTER?

Not really. And yes wala akong ka-date dahil wala akong boyfriend. Sus. I dont need one. I’m better off alone. Saka DATE lang pala e, ang dami dyan. Kayang kaya kong mang-agaw ng date. Ako pa ba? Kung wala akong kadate, dapat sila MAWALAN ng kadate. Ganun lang kasimple yun. Aba syempre hindi ako papakabog noh, kung miserable ako dapat sila din. >:))

So dahil madaming magdadate ngayon sa mall, dito ako mang-aagaw ng mga kadate. Gusto ko mang-away ngayon, day off kasi ni Miranda, kaya wala akong maaway. Makikipagdate ata si tanda. Ewan basta nakakairita lang sya, kung kelan gusto ko syang awayin saka wala. Si nerd? Nasa bahay pinagawa ko ng project.

Syempre san pa ba sila pupunta, edi sa mall. Magwiwindow shopping, kakain sa fast food, yun na ba yung date? Haha. Kaya ayokong nagboboyfriend ng mahirap e.

Kung iniisip nyo na hindi pa ko nagkakaboyfriend. Well, sorry to tell you guys, pero madami na din. Syempre naman mayaman ako no, kaya ang mga nagiging boyfriend ko ay kadalasan anak ng business partner ni daddy. Nasan sila? Iniwan ko. Bakit? Simple lang. Nakakasawa sila.

Ooppss, may nakita akong pwede na at mukang masaya silang dalawa. Magka-akbay pa. Tss. Maghihiwalay din kayo, maniwala kayo sakin. Haha >:)

Lumapit ako sa kanilang dalawa.

"Hi, girlfriend mo sya?" tanong ko sa lalaki at sabay turo dun sa babae.

"o-oo." sabi nung guy

"Bakit Miss may kailangan ka ba sa BOYFRIEND ko?" tanong nung babaeng feeling maganda.

Aba sumasagot ka ah, gusto ko yan. Palaban

"Oh? Sorry akala ko kasi Yaya ka nya" sabi ko dun sa babae, sabay takip kunyari ng bibig ko na parang nagulat.

Hahaha. Ano ka ngayon?

"Excuse me?" sabi pa nya

"Dadaaan ka? Go." sabi ko sa kanya at medyo tumabi ako ng konti

Haha. Sorry ka na lang ikaw ang napagtripan ko.

"Pilosopo ka rin no. Umalis ka na lang Miss kung ayaw mo nang gulo" banta nung babae

Ok. Ako pa ngayon ang tinatakot nya? Tignan natin kung hanggang saan ang tapang mo.

"Sorry, pero hindi ako takot sa iskandalo" sabi ko sa babae at mataray ko syang tinignan.

Hindi nya alam kung papatulan pa nya ako nung sinabi ko yun. Hayy. Kala ko pa naman palaban na, uurong din pala kaagad.

“Oh? Kanina lang hinahamon mo ko. Tss, wag ka kasing naghahamon, titiklop ka rin naman pala kaagad e." sagot ko sa kanya

Tumingin ako sa lalaki at nagsalita ulit, hindi kona pinansin yung babae

"Gusto kitang maging date ngayon. Tara na, iwan mo na yang Yaya mo" sabi ko sa lalaki

"Oh? Aarte ka pa? E mas maganda naman ako dyan" dagdag ko pa.

Hindi napigilang magsalita nung babae

"Miss, wala ka bang boyfriend? Bakit pati yung boyfriend ko inaagaw mo?" galit na tanong nya

"Wala. Kaya nga I’m stealing your date diba? STUPID." sabi ko at inirapan yung babae

"Ano? Lets go?" sabi ko sa lalaki at nag-umpisa na akong maglakad.

Eh sumunod yung lalaki. HAHAHA. Sumasabay na din sya sa paglalakad ko. Nilingon ko yung babae at galit na galit. Naglakad sya ng mabilis at hinatak yung lalaki. COOL. Gusto ko yan. MAG-AWAY KAYO DAHIL SAKIN. hahahaha

"IKAW. WALA KANG MAGAWA NO? MANG-AAGWA KA NG BOYFRIEND" galit na galit na sabi nung babae.

"Tama ka, wala nga akong magawa. Eh kasalanan ko bang pangit ka? Tss, pangit ka na nga, madamot ka pa. Valentines nga e, GIVE LOVE. Tss, saka hindi mo ba alam yung SHARE YOUR BLESSING? Damot mo ahh. Edi sayo na, lunurin mo sa taba mo." sabi ko sa kanya sabay tulak papunta sa kanya dun sa lalaking kasama nya.

Iniwan ko na sila dun na nag-aaway. HAHAHA. Ang saya naman ng Valentines Day ko, sana Valentines Day na lang araw araw para naman palaging maganda ang araw ko. >:P

Ayoko na dito. Punta naman ako sa park, syempre common destination din to ng mga mag-dadate. So dapat kong masira ang date nila para maging masaya ang araw ko.

Oh bakit? Naiinis na kayo sakin? Wala akong pakiaalam, basta ako, MASAYA. :P

Pinapanindigan ko lang ang ROLE AT TITLE ng story ko. :))

Oh. I can see lovers. GREAT. Kelangan ko ng energy.

"Hi, I want your boyfriend. Can I have him?" Magalang kong tanong sa babae.

Na-shock ata sila pareho. Haha. I don’t care.

"Wh-what?" tanong nung babae.

"I said i want your boyfriend, can i have him? You’re deaf? Or just plain STUPID?" tanong ko ulit sa babae. Nanlaki yung mata nya at bigla syang napatayo sa kinauupuan nya. Akmang sasampalin nya ako pero sorry mas mabilis ako.

I grab her hand.

"Bastos ka ahh. Maayos kitang tinanong tapos sasampalin mo pa ako? Pede mo namang sabihing ayaw mo. " sabi ko sa kanya habang hawak yung kamay nya

Pumiglas sya kaya nabitawan ko yung kamay nya. Umuusok na yung ilong nya sa galit.

"MAGHANAP KA NG SARILI MONG BOYFRIEND. YOU B*TCH" sabi nya

Pagkatapos nyang sabihin yun.

Sinampal ko sya.

"HEY. MISS. TAMA NA" sabi nung lalaking kasama nya

"Bakit mo sya sinampal?" tanong nung lalaki

"Kasalanan nya yan. Tinawag nya akong B*TCH. Well, excuse me. IM NOT A B*TCH, BECAUSE IM THE B*TCH. Tss. Nakakainsulto yang girlfriend mo ahh. hmmp." sabi ko at umalis na ko sa harap nila

How dare she. Tinawag nya akong b*tch? Asar ha, nakakainsulto.

Mag-gagabi na kaya naman dumiretsyo ako sa bar. Diba nga kasi magcecelebrate ako para dun kay Avy? Haha. Syempre kelangan ko munang makundisyon. Kelangan ko muna ng masasampolan para naman maging mas lalong masaya ang pagcecelebrate ko.

"Good Evening Ma'am" bati nung security guard.

Syempre hindi ko sya pinansin, nilampasan ko alng sya at dumiretsyo sa may bar counter. Inasikaso naman kaagad ako ng mga bartender. Regular customer ako kaya alam na nila kung anong gusto ko.

Wala pa akong isang oras sa loob ng bar may lumapit na kaagad na lalaki sa akin.

"Hi" sabi nya

Nilingon ko sya. Ok lang. May itsura naman pero hindi ko type, kaya inirapan ko na lang sya at pinagpatuloy yung pag-inom mag-isa.

"So, are you alone?" tanong nya at umupo sa may tabi ko

"Depende" sagot ko ng walang gana

"Depende kung?" tanong nya. At hula ko iba ang ineexpect nyang sagot ko. Akala nya siguro im into him. HAH. Yun ang akala mo.

**EXPECTATION NI LALAKI :**

"so, are you alone?"

"depende"

"depende kung?"

"depende kung sasamahan mo ko"

**REALITY**

"so, are you alone?" tanong nya at umupo sa may tabi ko

"depende" sagot ko ng walang gana

"depende kung?" tanong nya. Nilingon ko sya

"depende kung hindi ka marunong magbilang" sabi ko at ngumiti nang nakakaloko sa kanya.

Hahahaha. See, wag ka kasing nag-eexpect.

Ilang minuto pa ang lumipas, hindi pa rin umaalis yung lalaki sa tabi ko. Hindi ko sya pinapansin. Kinuha ko yung pack of cigarette ko sa bag ko, kumuha ako ng isang stick at nagsindi.

Nagsalita ulit yung lalaki

"Oh. So nag-sisigarilyo ka pala" medyo amazed na tanong nya.

Binugahan ko sya ng usok. Bastos na kung bastos, pero ayoko syang kausap.

"Hindi ka na nga marunong magbilang.... bulag ka pa., wag mo akong kausapin. TANGA KA." sabi ko at nag-umpisa na ulit uminom.

Maya maya din umalis na yung lalaki. Buti naman.

Akala ko ok na, pero may humabol pa pala.

"Hi. I’m Andrew, and you are?" tanong nya. Aba. Uma-aura ka ha, teka lang. Nilingon ko sya

"And i am. *tinignan ko sya mula ulo hanggang paa* NOT INTERESTED" kaagad naman syang umalis sa harapan ko.

So far so good na din yung stay ko dito sa bar. Nakikinig lang ako sa banda na kumkanta. Akala ko lang pala ok na yung pag-sstay ko dito yun pala hindi pa. Magsisindi na sana ulit ako ng isa pang stick nung biglang may bastos na lalaking kumuha nito sa akin.

"HEY. ANO BANG PROBLEMA MO?" galit na tanong ko

"Kelan ka pa natutong manigarilyo at uminom?" nagpipigil na galit na tanong nya.

Natigilan ako pagkatapos kong marinig ang boses nya. P$#%^%$&%^&* I#%$^ anong ginagawa nya dito? Shit lang. Calm down Avah, wag kang magpapadala sa emosyon mo. I-off mo muna lahat ng emosyon mo, pagiging maldita lang muna ang I-ON mo.

Huminga ako ng malalim at nilingon sya.

"Oh, kelan nga ba? hmmmmm, 2 years ago… i think?  So kamusta,  BUHAY ka pa pala, akala ko kasi nilamon ka na ng lupa." sabi ko sa kanya

"Bakit mo ginagawa to? Ano bang nangyayari sayo? Hindi ka naman dating ganyan ahh" galit nyang sabi

"Dahil masaya ako. Teka nga, pakialam mo ba? Ano ba kita?" tanong ko sa kanya

Medyo natauhan naman sya nung tinanung ko sya kung ano ko sya.

"Ahh… naalala ko na, EX nga pala kita and now, you are AVY'S BOYFRIEND. Ang cool diba? Share share lang" sabi ko sa kanya

Yes, he is my ex and he is now Avy's boyfriend. Pano naging sila? Saka ko na sasabihin ang pangtelenovela nilang love story, wala ako sa mood.

"Avah, please wag ka namang ganyan, nasasaktan ako sa mga ginagawa mo sa sarili mo" sabi nya

WOW. hahaha.

"OH? HAHAHA. Kelan ka pa naging joker? Naging kayo lang ni Avy, naging corny ka na. Grabe lang and excuse me lang ha, WALA AKONG PAKIAALAM SA NARARAMDAMAN MO." sabi ko sa kanya

"Yung samin ni Avy, matagal na kaming wala." paliwanag nya

"WALA AKONG PAKIALAM. PWEDE BA, TIGILAN MO NGA AKO. IM DONE WITH YOU." sabi ko

"Pakinggan mo naman kasi yung side ko" sabi pa nya

"Wag na, hindi na kailangan. Magsasayang ka lang ng laway, saka bakit ko papakinggan ang side mo? Para mabawasan yung dinadala mo? Para matahimik yung konsensya mo? NO.NO.NO. Gusto kitang makitang nahihirapan at pinapahirapan ng sarili mong konsensya." sabi ko sa kanya

"Please lang Avah, maawa ka. Ang hirap e." sabi nya

"Maawa? Ano nga ulit yun? Wala na ata sa dictionary ko yun. Ok yan, nahihirapan ka. FEEL THE PAIN, DAMAHIN MO NG HUSTO, GINUSTO MO YAN DIBA?" sabi ko sa kanya

"Mahal pa kita." sabi nya

"Hahahaha. Ok, sa lahat ng joke na narinig ko, yan ang pinaka nakakatawa. 2012 na oh, bago bago naman." sabi ko sa kanya

"Sorry Avah" sabi nya

"Dont be sorry, you deseve to suffer my dear ex. Bye Ian"

Kinuha ko na yung bag ko at umalis ng bar. Bwiset, bakit kelangan pa nyang magpakita ngayon? Tss, asar.  Akala ko magiging ok na yung araw ko, hindi pala, may sumira pa. Hayyss, asar.

2years na, akala ko wala na syang epekto sa akin. Hayyss. Bwiset. Lalong nadagdagan ang galit ko kay AVY isama mo na si IAN.

***********

**MALDITA 9**

***bahay KO***

*~all my life i've been good but now, I'm thinking what the hell?~*

Enjoy na enjoy ako sa pagsabay sa pagkanta ni Avril ng kanta nyang WHAT THE HELL. Sabi nila "slut anthem" daw yung kanta. E pakialam ko? Basta gusto ko yung lyrics sa chorus, bagay sakin.

"Ms. Avah" inenterrupt ni Nerd yung pagkanta ko. Tss

Ano na naman kayang kailangan nito? Kanina nagtanong kung pwede na syang kumain.

"Ano na naman? Iinom ka? Wala sakin yung baso" sabi ko sa kanya

"Hindi po, hmm ano po kasi hmm-"

"Ayan na naman yang ANO mo e. Gusto mo talagang hilahin ko na yang dila mo noh?" mataray na sabi ko sa kanya

Umiling sya, ako naman naghihintay ng susunod nyang sasabihin.

"Pede po ba akong umuwi sa bahay?" tanong nya

"Pakiaalam ko? Nasa akin ba ang susi ng bahay mo?" sabi ko.

"Nagpapaalam lang e, sungit talaga." bulong nya

Nagawa pang bumulong, ang lakas naman. tss.

"Alam mo nerd, kung bubulong ka siguraduhin mong hihinaan mo, bulong nga diba?" sabi ko sa kanya. Tss. Mali ata ako ng pagpapatira dito, akala ko SLAVE ko yun pala ALAGAIN. Tss.

"Sorry naman po. Hmm.. so, pede na po ba akong umuwi?" tanong nya ulit

Ay, ang kulit ng lahi. Paulit-ulit, sinabi ko na ngang wala akong pakialam kung uuwi sya o hindi. Ganito ba talaga to ka-slow? Nagtataka tuloy ako kung bakit to naging scholar.

"Alam mo nerd, daig ka pa ng sisig" sabi ko.

"Bakit naman po?" tanong nya

"Mabuti pa ang sisig may utak" sabi ko sa kanya

"Sabi ko nga po, aalis na ko e. Salamat po Ms. Avah" sabi nya. Nag-umpisa na syang mag-lakad

"Ano bang gagawin mo sa bahay nyo?" tanong ko, ewan. Bigla na lang lumabas sa bibig ko yang tanong na yan.

"Kukunin ko po yung iba kong mga gamit" sabi nya

"Siba kinuha mo na yun nung nakaraan?" nagtatakang tanong ko.

Kung ulyanin kayo, ipapaalala ko sa inyo na nagpunta kami ni Nerd sa bahay nya para kunin yung mga gamit nya dahil nga dito na sya titira sakin. Syempre hindi na ko tumuloy sa bahay niya, mahirap na baka marami akong bacteria na makuha dun, magkasakit pa ko. Pano na lang kapag nagkasakit ako? Edi matutuwa kayo? Hindi pede, mawawalan ng maldita sa story na to.

"Hindi ko naman po makukuha lahat ng gamit ko sa loob ng sampung minuto" sabi nya

"Sinisisi mo ba ako dahil sa kabagalan mo?" tanong ko sa kanya

Binigyan ko kasi sya ng sampung minuto para kunin lahat ng gamit nya. E mabagal sya, kaya hindi nya nakuha lahat.

"Sinasabi ko lang po. Sabi ko nga masyado pong mahaba yung sampung minuto e" sabi nya

Pilosopo talaga, may attitude din tong nerd na to e. Pasimple kung bumanat. tss. Hindi ko na lang pinansin yung sinabi nya.

"Hintayin mo ko dyan, sasama ako" sabi ko sa kanya. Papaakyat na sana ako nung nagsalita sya

"Bakit po?" tanong nya at hinarap ko sya

"Ano nga ulit kita?" tanong ko sa kanya

"Slave po" sabi nya

"At anong ginagawa ng mga slave?" tanong ko ulit

"Pinagsisilbihan ang amo nila." sabi nya

"Very good. So, wala kang karapatan magtanong sa akin" sabi ko

"Sabi ko nga po, tatahimik na lang ako" sabi nya.

Tss,pasalamat ka natutuwa ako sayo. Umakyat na ko sa kwarto ko, nag-ayos na ako at nag-bihis. Wala akong magawa dito sa bahay kaya naman sasama na lang ako kay nerd. Tutal wala din naman kaming pasok, saka nakakasawa yung pagmumuka ni Miranda. Ayoko naman makipagchismisan kay Mikee, baka mamaya madulas lang ako at makwento ko pa sa kanya na nagkita kami nung letcheng lalaking yun, mali pala. NAKITA NYA AKO.

Kumukulo na naman yung dugo ko dun sa lalaking yun. Nagtataka kayo? Tulad ng sinabi ko boyfriend na sya ni Avy ngayon, pero sabi nya hindi. Ewan ko sa kanilang dalwa kung nag-break na sila. Basta ang alam ko lang, INAGAW SYA NI AVY SA AKIN, AT NAGPAAGAW SYA.

The rest is history.

Sa susunod ko na idedetalye kung pano, kasi kahit ako hindi ko pa rin maprocess sa utak ko. BWISET SILA. Yun lang ang malinaw sa utak ko. Isa yun sa MGA dahilan kung bakit ako galit kay Avy. Yes, MGA. Madami syang ginawa na hindi ko akalaing magagawa nya sa akin na KAPATID NYA. Isama mo na rin pala yung mga makikitid na utak ng PARENTS ko. Kaya ayun, wala pa akong ginagawa MASAMA na ako sa mata nila. Well, kung ayaw nila ako paniwalaan edi PAPANINDIGAN ko na lang yung gusto nilang paniwalaan. MASAMA AKO SA TINGIN NILA? Edi totoohanin natin para MASAYA. >:P

Pagkababa ko, nakita ko si Nerd kausap si Miranda. OH GREAT.

“Kaibigan ka ng malditang yun? Nako, mag-ingat ka sa batang yan, napakasama ng ugali nyan. Walang respeto, kahit mga magulang nya na naghihirap hindi nya ginalang. Kung ako sayo, lumayo ka na sa kanya bago pa madaming magalit sayo kapag nalaman na kaibigan mo sya"

Pagkarinig ko nung sinabi ni Miranda. Automatic na nag-init ang ulo ko.

"Nako Nay, mataray lang po talaga si Ms. Avah, pero mabait po sya. Dalawang beses na nga po nya akong tinulungan e." sagot ni nerd

"Nako Ineng, wag kang magpapdala masyado sa kabaitan nyan nako wag ka--"

Hindi na natapos ni Miranda yung sasabihin nya

"Hoy Miranda. Wala ka talagang kadala dala no? Hindi pa ba sapat yung sampal na binigay ko sayo non? gusto mo dagdagan ko pa? kung makapanira ka dyan akala mo ang ganda ng ugali mo. e kung sinisira ko kaya yang mukha mo?" nang-gagalaiti kong sigaw sa kanya

Bwiset. Ayoko sa lahat ng sinisiraan ako ng ganon. Alam kong masama ang ugali ko. Ayoko ng binabaliktad ako. Letche. Hindi ako papayag na mangyayari na naman ulit yung dati. Not this time.

"Ms. Avah tama na po" sabi ni nerd at agad syang lumapit kay Miranda at hinimas ang likod nito dahil si tanda nagdradrama.

May pa-iyak-iyak pang nalalaman. Akala mo naman first time kong sigawan at first time namin mag-away. Hah. ito naman si nerd, tatanga tanga naniwala agad.

"Wag mo akong artehan dyan tanda, first time mong masigawan? Wow, kelan ka pa naging sensitive? OH. Nakakaloka ka, kelan ka pa nagkaron ng pakiramdam?" sabi ko

At ayun, si tanda tinodo ang acting skill at humagulgol with matching takip pa ng palad sa muka. Marahas kong tinanggal yung dalawang palad nya na nakatakip sa muka nya

"Tigilan mo yang pag-iyak mo dyan. Hindi bagay sayo, hindi mo na ko maloloko sa mga ganyang drama. Sorry ka na lang, hindi na bumebenta sakin yang mga drama mo" sabi ko habang patuloy na tinatanggal yung kamay nya sa muka nya

"Ms. Avah tama na" si nerd at tinanggal nya yung kamay ko kay Miranda. Bahagya akong napa-atras.

Nagulat ako sa ginawa ni nerd at ang pakiramdam ko? MASAMA AKONG TAO TULAD NG SINABI NI MIRANDA. Agad kong inayos ang sarili ko at hinarap si nerd. Hindi ko na pinansin si Miranda.

"Hayys. Yan ang hirap sa mga mababait e, nagpapadala sa emosyon. Konting pagdradrama lang ng kaharap nila, nilalamon na sila ng konsensya. Hindi na nakikita kung ano yung totoo sa hindi." sabi ko kay nerd.

"wag mo syang itulad sayo" sabi ni Miranda. Hindi ko pa rin sya pinansin.

"Alam mo nerd, balang araw, magsasawa ka ding maging mabait. Take it from me, alam na alam ko yan" sabi ko sa kanya

Nag-umpisa na akong maglakad at nilagpasan sila, tumigil ulit ako at hinarap sila

"may dalawang tao sa mundo, isang manloloko *tingin kay miranda* at isang nagpapaloko *tingin kay nerd* " naglakad na ko palabas ng bahay

Dalang dala na ako sa kadramahan ni Miranda at Avy, kaya alam na alam ko na kung ano ang totoo sa mga ngiti at luha na pinapakita nila.

Naramdaman kong sumunod na rin sa akin si nerd.

"Ms. Avah, sorry po" sabi nya

Hindi ko sya pinansin. Dire-diretsyo lang ako sa paglalakad hanggang makarating kami sa tapat ng kotse ko. Bakit ako tumahimik? Dahil nakita ko ang sarili ko kay nerd kanina.

***loob ng kotse***

Walang nagsasalita sa amin ni nerd. Ako nagmamaneho lang. Sya naman iniisip ata kung magsasalita pa sya. Ilang minuto din ang nakalipas nung naglakas ng loob si nerd na magsalita

"hmm Ms. Avah, sorry po sa mga sinabi ko kanina pero kasi po mali po yung ginawa nyo hindi nyo po dapat sinigawan nang ganon si nanay Miranda." sabi nya

"So naniniwala ka na sa sinabi nya na masama ang ugali ko? Gusto mo nang lumayo sa akin?" walang gana kong tanong sa kanya

"Hindi naman po. Hmm… ang akin lang po dapat nirespeto nyo na lang po sya kasi mas matanda po sya kesa sa inyo." sabi ulit nya

"Hindi sya karespe-respeto, sinisiraan nya ako kanina. Yun ba ang taong gusto mong respetuhin ko?" tanong ko sa kanya

Tumahimik sya saglit.

"Pabayaan nyo na lang po sya. Hindi naman po ako naniniwala, saka hindi naman po masamang maging mabait" sabi nya

"at hindi din masamang maging masama" sabi ko sa kanya

Pabayaan ko na lang? Hindi na ako tanga na papabayaan na lang at iintindihin na lang lahat.

"Yung sinabi po ni nanay Miranda na pati sa magulang nyo ganyan din kayo?" tanong ulit nya

"OO" sabi ko.

"Ms. Avah, wag naman po sana kayong ganyan pati sa parents nyo. Hindi nyo po ba iniisip yung mararamdaman nila sa mga ginagawa nyo? sabi nya

At dun na ako nawalan ng pasensya. Pagkarinig ko nung sinabi nya, agad kong inihinto ang kotse ko at sinigawan ko sya.

"BAKIT SILA BA INISIP NILA YUNG NARARAMDAMAN KO? MAY PAKIALAM BA SILA SA AKIN? PINAKINGGAN BA NILA AKO?

TEKA NGA. SINO KA BA PARA PAGSABIHAN AKO?  WAG NA WAG MO AKONG PAGSASABIHAN DAHIL WALA KANG ALAM.

OO. KILALA MO AKO BILANG SI AVAH MALDITA PERO HANGGANG DUN LANG ANG ALAM MO TUNGKOL SA AKIN. KAYA WAG MO AKONG HUHUSGAHAN"

Sigaw ko sa kanya. Hindi ako nakatingin sa kanya, nakapako ang tingin ko sa manibela na mahigpit kong hawag para makontrol pa ng husto ang galit ko. Nakita ko sa gilid ng mata ko na nagulat si nerd sa ginawa kong pagsigaw sa kanya.

“S-S-Sorry p-po M-M-Ms. A-Avah" sabi nya

"BABA!!" sabi ko. Dali dali naman syang bumaba ng kotse ko, at pagkasara ng pinto, ay mabilis kong pinatakbo ang kotse ko.

************

**MALDITA 10**

Pinaandar ko yung kotse ko ng sobrang bilis. Papunta saan? HINDI KO ALAM.

HINDI AKO MAAAKSIDENTE KUNG YUN ANG INAAKALA NYO. Sayang ang ganda ko kung magagalusan lang ako noh. >:)

NAKAKAIMBYERNA kasi yung nerd na yun. Akala mo kung sinong magaling kung makapangaral sakin. Edi sya na, sya na ang mabait. Lahat ng kabaitan sinalo na nya. bwiset sya. Akala mo naman alam na nya lahat ng tungkol sa akin. Eh ilang araw ko pa lang naman syang kilala ahh. Naawa lang ako sa kanya kaya ko sya tinulungan. ANAK NG SIOMAI NA AWA TO. Yan, yan ang napapala ko, dapat kasi talaga hindi ko pinapairal yung emosyon ko.

And there. I found myself in the middle of nowhere.

Syempre keme lang yun.

Duh? Maldita ako, hindi ako DRAMA QUEEN. I hate drama that's why i hate THEM. AVY, MIRANDA, IAN MY PARENTS. Masyado silang madrama, kaya nga naiinis sila sakin kapag kinakausap nila ako.

Inihinto ko ang kotse ko sa tapat ng isang bahay. Kinuha ko yung cellphone ko at idinial yung number nung may-ari ng bahay. ayokong mag-doorbell. Sya ang pumunta sa akin.

*ring ring ring rin---

"Oh? Bakit?" sagot nung nasa kabilang linya

"Badtrip ako, inom tayo." sabi ko sa kanya.

"tss. Anong oras?" tanong nya

"Ngayon na. Andito ako sa labas ng bahay nyo. Labas na, ayokong pinag-hihintay" utos ko sa kanya

"Biglaan ka talaga kung mag-aya. Teka lang bihis lang ako" sabi nya

"Sige na bye. Bilisan mo" utos ko ulit

In-end ko na yung call at hinintay sya sa loob ng kotse ko.

Naiintriga siguro kayo kung sino yung kausap ko no? Well, makikilala nyo din sya mamaya kapag lumabas na sya, medyo mabagal lang talaga kumilos yun. tss.

Kaibigan ko sya. Oh? Nagulat kayo dahil may kaibigan ako? Syempre katulad ko din. Maldita. Ayoko ng mabait na kaibigan, nakokonsensya lang ako.

Nakita ko na lumabas na sya ng bahay nila. Lumapit sya sa kotse ko at binuksan yung pinto sa backseat. Aba, bwiset gagawin pa ata akong driver nito.

"Hoy. Ang ganda ko naman atang driver? Nakakahiya naman sayo at sa back seat ka pa umupo" sita ko sa kanya.

"Arte mo noh?" sagot nya. tss. Dapat hindi ko na to niyaya e.

"e kung sabunutan kaya kita dyan at hilahin pappunta dito sa harapan? Gusto mo?" banta ko sa kanya

At ang ginawa nya? Inirapan ako at inilagay yung earphones nya sa tenga nya. Bastos.

"AIRA ERIKA" sigaw ko sa kanya

Ayan, alam nyo na kung sino sya? Kaibigan ko since high school.

**PURE ISNABERA** (unless you are a good looking guy)

May-ari sya ng isang bar., since mahilig sya magparty and she loves being surrounded by guys.

Tinanggal nya yung earphones nya at nilingon ako

"tss. Alam kong maganda ang pangalan ko, hindi mo kailangan ipagsigawan" sabi nya sa akin at nagpunta na sa harapan. tss. Kelangan pa sinisigawan.

"hindi ko talaga alam kung bakit kita naging kaibigan. Bwiset" sabi ko sa kanya

"dahil pareho tayong angat sa iba" sabi nya

"yea right. Tawagan mo si Frances and Dhonna." sabi ko sa kanya

"tss. Anong meron? Bakit bigla ka nalang nag-aya dyan?" sabi nya habang dina-dial yung number nung dalawa pa naming kaibigan.

"May isang nerd na nambwusit sakin e. At si miranda? Ayun sinisiraan na naman ako" sabi ko sa kanya

"Kung ako sayo, pinapaslang ko na yang miranda na yan e." sabi nya

Di ko na lang pinansin yung sinabi nya. Magandang idea sana kaya lang ayokong mabahiran ng dugo yung mga kamay ko. Narinig ko na kausap na nya yung dalawa pa naming kaibigan.

"San daw ba?" tanong nya bigla

"Sa bar mo." sagot ko.

"Susunod na lang daw sila" sabi naman nya

***bar***

Oo, dun sa bar kung saan ako pumunta nung Valentines Day at kung saan ako nakita ng pesteng si Ian. Sabi sa inyo, regular customer ako dito, dahil si Aira ang may-ari nito. Wish ko lang wala dito yung letcheng lalaking yun. Baka maibaon ko na sya ng tuluyan sa lupa.

"Andyan na pala sila e." sabi ni Aira at tinuro sina Frances at Dhonna.

Lumapit na kaming dalawa sa kanila

"Hi girl, anong meron at nag-aya kang uminom?" bati sakin ni Frances Mercado

Si Frances Mercado, tulad ni Aira friend ko sya since high school.

**PURE BRATINELLA**

Anak sya ng may-ari ng isang private hospital.

Nag-iisang anak, kaya lahat ng gusto nya, nakukuha nya.

Sya ang medyo mabait saming apat, ilalabas nya lang ang pagiging maldita nya kung kinakailangan.

"Badtrip ako e, same old story of course. Pero my dumagdag e, isang nerd" sagot ko sa kanya

"Wow. Nagpatalo ka na sa isang nerd? Nawawala na ba ang pagiging maldita ni Avah?" tanong naman ni Dhonna

Si Dhonna Fabian, friend since high school.

**PURE LAITERA**

May-ari sya ng isang resort since mahilig syang mag-swimming at hobby nya ang pagboboy hunting, idagdag mo pa ang mga boys na nakatopless.

"Shut up. Hindi pa kumukupas ang pagiging maldita ko at forever na yun." sagot ko sa kanya

"so ano na palang balita sa kapatid mong mahadera?" tanong ni dhonna

"Uuwi na daw sya. tss. Naiinip na nga ako e" sabi ko sa knya

"Oh. Bayaran nyo ahh, hindi to libre" sabi ni Aira at inilapag sa table namin yung mga drinks namin.

"Naghihirap ka na ba? Wala ka na bang pampasweldo para sa waiter at ikaw ang nagseserve?" sabi ni Frances kay Aira

"Shut up. Dinala ko na nga e, dami mong arte. Saka excuse me? Ako maghihirap? ASA" sagot ni Aira kay Frances

"Ang ingay nyong dalawa, sumasakit ear drums ko sa inyo" Dhonna

"Hey Avah, kapag dumating yung ate mo, buhusan mo ng asido," Aira

"Oo nga girl, para naman madala" Frances

"ako bibili ng asido para sayo" Dhonna

"Pede ba ang cheap ng idea nyo, pang mahirap. Ayoko ng ganun, masyadong simple. Muka nya lang masisira, gusto ko lahat sa kanya masira" sabi ko sa knilang lahat

"Sunugin mo na lang" Dhonna

"Tama, sagot ko gas" Frances

"Akin yung lighter, madami ako nun. Eto oh, ang cu-cute no?" sabi ni Aira at inilatag sa table lahat ng lighter nya.

"Ayoko nun, mabaho. Pang mahirap pa rin."sagot ko

"Alam ko na. Pag dating nya bigyan mo sya ng welcome party." Frances

"Welcome party?" kaming tatlo

"Bakit? Syempre kunyari mabait ka pa rin sa kanya at sya pa din ang bida tapos imbitahan mo lahat ng mga kakilala nya; family friends nyo, tapos saka mo sya ipahiya. Oh diba bongga" france

"Gusto ko yan, PANG MAYAMANG REVENGE" sagot ko sa kanya

"Tama, winner yun. We will help you, na-eexcite ako" Dhonna

"Mas magiging winner ka kung kakantahan mo sya" Aira

"Bakit ko naman sya kakantahan? At anong kakantahin ko?" ako

"Edi yung palagi mong kinakanta, yung gustong gusto mong kantahin sa kanya" Aira

"BETTER THAN REVENGE" sabay sabay naming apat.

"GUSTO KO YAN, PANGMAYAMAN. Winner, maaasahan ko talaga kayo." sabi ko sa kanila

-------

Umuwi na ako sa bahay KO at iniwan na sila sa bar. Si Aira kasi may nakitang boylet at syempre nakijoin din si Dhonna. Si Frances? Ayun, pinairal na naman

yung pagiging bratinella. May inaaway na naman. Dahil sa masyado akong nag-enjoy sa plano nila, kaya umuwi na ako para makapagpahinga. Kailangan ko pang pagplanuhang mabuti yung mang yayari.

Pagkapasok ko ng bahay ko. Tahimik. Tulog na siguro lahat ng katulong. Si nerd? Ewan ko kung umuwi. Paakyat na sana ako nung biglang bumukas yung ilaw sa may sala. Lumingon ako para tignan kung sino, akala ko si Miranda na naman, HINDI PALA.

"Ginabi ka ata nang uwi" sabi nya

"Madaling araw na, actually" sagot ko sa kanya.

Lumapit sya sa akin, nakangiti sya ng sobrang lapad at inismidan ko lang sya.

"*tingin mula ulo hanggang paa* wala ka pala naman masyadong pinagbago. Ganun ka pa din. Weak, tss." sabi nya

"Ikaw din. Wala ka paring pinagbago, PLASTIC ka pa din" sabi ko sa kanya

"ooohh. Improvement, sumasagot ka na." sabi nya

"People change my dear evil sister" sabi ko sa kanya

"Really? Let see" sabi nya

***PAK**

She slapped me.

"I really miss you Avah. Naramdaman mo naman siguro yung pagkamiss ko sayo." sabi nya

Inayos ko ang sarili ko.

"Oo naman." sabi ko sa kanya

***PAK**

I slapped her.

"I miss you too Avy, and....

***PAK**

I slapped her again.

**"WELCOME BACK"**

******************

**MALDITA 11**

GOOOOOOOOOD MORNING. Ito na ang pinakamasayang umaga ko. MASAYANG MASAYA AKO. Excited na rin akong mag-breakfast. BREAKFAST WITH AVY THE B*TCH, come on, PAPALAMPASIN ko ba yun? Aarte pa ba ako? Pagtapos nang nangyari kagabi? Yung napaka sweet naming batian? Syempre hindi na ako makapaghintay para makita yung LOSER na mukha nya. I'm sure hindi sya nakatulog sa binigay ko sa kanya, habang ako sobrang sarap ng tulog ko.

Sa sobrang tuwa ko nga kagabi nakalimutan ko nang tawagan yung mga kaibigan ko para ibalita sa kanila yung nangyari. Oh well wala pa ako sa mood para magkwento sa kanila ng bongga kaya itetext ko na lang sila.

TO ALL:

THE B*TCH IS BACK!! hihihi <3

-avah

*message sent*

*tok tok tok

Ang aga-aga nambubulabog sa maganda kong kwarto. tss.

"pasok" utos ko sa kung sino mang lamang lupa ang kumakatok.

Swerte naman sya masyado kung ako pa ang magbubukas ng pintuan para sa kanya. Busy ako sa pag-aayos dito sa harap ng salamin. Syempre kelangan maging magandang maganda ako, kelangan MAS ako kay Avy.

"Miss Avah" oh. si nerd pala.

“oh?" sabi ko sa kanya ng hindi tumitingin.

"hmm. Tungkol po dun sa nangyari nung kahapon. Sorry po." mahinang sabi nya

Nilingon ko sya at ngumiti ako sa kanya

"Yun ba? Wala yun, pinapatawad na kita. Yun na yung huling beses na pagsasabihan mo ako, dahil kapag umilit ka pa, ipapatahi ko na yang bibig mo." sabi ko sa kanya ng nakangiti pa rin

Pasalamat kang nerd ka god mood ako ngayon. Napalunok si nerd sa sinabi ko.

"Opo Ms. Avah" sabi nya

"Samahan mo ako mag-shopping mamaya" sabi ko sa kanya

"hmm… may pasok po tayo mamaya Ms. Avah" sabi nya. Tss.

"Alam ko, may kopya ako ng schedule ko sa school kaya hindi mo kaylangan ipaalala sa akin. Wag kang pumasok" sabi ko sa kanya

"Pero Ms. Avah, may quiz po ako mamaya" apela ulit nya

"Scholar ka naman kaya ok lang yan, at ano nga ulit ako sa school na yun?" tanong ko sa kanya

"anak po ng may-ari ng school" sagot nya

"very good. isang AVAH CHEN ang kasama mo, AARTE KA PA BA?" sabi ko sa kanya.

Lumabas na ako ng kwarto ko. Syempre nauna ako kay nerd maglakad. ABA, KELANGAN AKO ANG SUNDAN HINDI AKO ANG SUSUNOD.

Nakangiti akong bumaba ng hagdan, at lahat ng katulong binati ko ng good morning. Syempre ang mga hampaslupa ayun, NAGTATAKA, bigla ba naman silang batiin ng magandang katulad ko. Aarte pa ba sila?  MASAYA ako kaya hindi ko na sila pinatulan.

*dining room*

"GOOD MORNING MIRANDA." lumapit ako sa kanya at niyakap ko sya.

"wag kang masyadong kampante dahil andyan na yung amo mo. I can play better" bulong ko sa kanya at humiwalay na ako sa pagkakayakap sa kanya saka ko sya nginitian.

Halata naman na nagulat si Miranda.

"What are you doing to Nanay Miranda?" biglang tanong ni Avy

Nilingon ko sya at nginitian

"Nothing. Nagpapagawa lang ako ng pancake sa kanya." inosenteng sabi ko kay Avy

"diba Miranda?" tinignan ko si Miranda at pinandilatan ko sya ng mata

"ahh o--oo" sagot nya at nagpunta na sya sa kitchen para magluto.

Sinundan sya ng tingin ni Avy

"really? so kailangan niyayakap muna sya bago utusan?" nagdududang tanong nya

"masyado lang ako masaya kaya ko sya niyakap. well, pinagsisihan ko nga na niyakap ko sya. you know, sensitive yung skin ko, nagasgasan nga ata dahil sa kapal ng balat nya." sabi ko sa kanya ng nakangiti.

Umupo na ko sa chair habang hinihintay ko yung pancake ko. Si Avy nanatiling nakatayo at hindi pa rin siguro makapaniwala na kayang kaya ko na syang sagutin.

"tatayo ka na lang ba dyan forever? Mayaman tayo Avy, so pede kang umupo dont worry, gawa naman sa kahoy yan e. Matibay, hindi yan masisira kapag umupo ka. Ay, magaan ka nga lang pala" sabi ko sa kanya

umupo naman sya kaagad

"magaan lang talaga ako. Ang sexy ko kaya" sabi nya

"oow. Hindi yun ang ibig kong sabihin." sabi ko sa kanya at medyo natatawa pa kong sinesenyas yung kamay ko ng "hindi"

"so what do you mean?" mataray na tanong nya

"i mean, magaan ka lang talaga kasi PLASTIC ka." sabi ko sa kanya

"WHAT? ME? PLASTIC? HOW DARE YOU TO TELL ME THAT, YOU LITTLE MONSTER." galit na sabi nya sa akin

"oww. Ang galing, buti hindi ka natutunaw?" sabi ko ulit sa kanya. Binalewala ko yung galit nya

Nagtataka nya akong tinignan, malamang hindi na naman nya alam yung sinabi ko. Kaya nagsalita na lang ulit ako.

"nag-aapoy ka kasi sa galit dyan. Diba plastic ka? So dapat ngayon palang tunaw ka na. hahahaha. Oh my. Pasensya ka na, korni ba yung joke ko? Hayy, yaan mo papaturo ako kay Miranda ng jokes" natatawang sabi ko sa kanya

"Why her?" tanong nya at alam ko na nagpipigil sya ng inis.

"muka kasi syang joke. Muka pa lang nya natatawa na ako" sabi ko sa kanya

Biglang dumating si Miranda dala yung pancake at may juice din syang nilabas dala din nya yung oatmeal ni Avy.

"andito na pala yung mukang joke e. Thank you Miranda." sabi ko sa kanya ng nakangiti pagkatapos nyang ihain yung pagkain namin.

Umalis na rin sya after noon. Ayaw sigurong madamay sa away naming magkapatid. Nag-umpisa na akong kumain.

"You are talking nonsense Avah. My God, yan ba yung natutunan mo dito sa Pilipinas? Tama lang pala yung naging desisyon namin na iwan ka dito, nakakahiya kung ganyan yung iaasal mo sa China." sermon nya

Yes, iniwan nila ako dito sa Pilipinas. Sila lang 3 yung nagsama sama papuntang China. Minsan lang sila umuwi dito. Bakit nila ako iniwan? Isa kasi akong

DISSAPOINTMENT sa kanila. Anong ginawa ko at naging ganon ang tingin nila sa akin? Wala. Wala akong ginawa, at yun ang mali ko. Wala akong nagawa para ipagtanggol ang sarili ko, dahil MABAIT ako. Pinili kong manahimik at tanggapin na lang yung sinasabi nila sa akin. Bakit? Dahil kay Avy.

"oww. At mabuti na din na nasa China ka, kasi alam mo bang unti unti nang pinagbabawal dito sa Pilipinas ang mga plastic? Isa kasi sila sa dahilan kung bakit bumabaha sa Pilipinas, parang ikaw isa ka sa dahilan kung bakit sila nalulunod sa kasinungalingan" sabi ko sa kanya

"oh. So you are talking about what happened, hindi ko na kasalan kung bakit hindi sila naniwala sayo at hindi ko na din kasalanan kung hindi mo naipagtanggol ang sarili mo" sabi nya

Napahigpit yung hawak ko sa tinidor. Tinignan ko sya ng masama, nginitian nya ako at saka uminom ng juice. Magsasalita pa lang sana ako noong biglang dumating si nerd. Muntik ko nang makalimutan na magshoshopping nga pala kami. Kung nagtataka kayo kung san sya nagpunta kanina. Nag-ayos, sabi ko kasi mag-ayos para naman hindi nakakahiya dahil ako ang kasama nya.

“Good morning po, Ms. Avah…. Ms.—“ hindi pa pala nya kilala si Avy

Tinignan sya ni Avy mula ulo hanggang paa. Kinikilatis sya ni Avy. GREAT, may pinaplano na naman tong santa santita na to.

"Hi there, I’m Avy, Avah's sister, and you are?" masayang bati ni Avy

Sabi na e, may binabalak na naman.

"Hannah po" mahinang sabi ni nerd.

"oh. Ang ganda naman ng pangalan mo, bagay sayo, come… join us" sabi nya at medyo hinila yung upuan na katabi nya lumapit naman si nerd.

"Nay Miranda, pahanda naman po ng breakfast si Hannah" sigaw nya kay tanda.

"Nako wag na po, aalis na din po kasi kami ni Ms. Avah" sabi ni nerd

Tinignan ako ni Avy nang nakangiti.

"Ohh. So may lakad pala kayo ng kapatid ko, saan naman? Pede ba akong sumama, you know namiss ko na din kasing mag-gala dito sa Pilipinas" tanong nya sa akin.

Nag-isip muna ako bago sumagot, shopping with her? Great.

"Sure. Magshoshopping lang naman kami ni nerd e." sagot ko sa kanya at ngumiti

"Nerd? Oh my, how rude of you Avah. Ganyan mo ba itreat yung friend mo? *tingin kay nerd* pagpasensyahan mo na yang kapatid ko ha. hayy. Yaan mo pagsasabihan ko sya na itreat ka nang maayos" sabi nya

See? Ang galing nya umarte diba?

"She is not my friend. She is my slave" pagtatama ko sa kanya

"What? Slave? Why Avah, ganyan ka na ba ka desperada para magkaroon nang makakasama, ginagawa mong slave?" sabi nya sa akin.

"Despereda na kung desperada, kung yun ang gusto mong paniwalaan. At least i am not stealing some ones friend and boyfriend, not like you." sabi ko sa kanya

"I am not stealing someone, sila ang lumalapit sa akin" sabi nya

"Because you are a very good actress. Hindi mo na kailangan pang magpanggap na mabait sa harap ni nerd kung gusto mo syang makuha. Ibibigay ko sya sayo kung gusto mo" bale wala kong sabi sa kanya

Tumingin sya kay nerd.

"Hannah, pagpasensyahan mo na yung mag pinasasabi ni Avah. Ganyan lang talaga kaming magbiruan." sabi nya

Dahil sa tapos na naman akong kumain kaya naman tumayo na ako. Madami pang time para makipagbangayan kay Avy. Mamaya na lang sa mall para maraming tao.

Tumigil ako sa tapat ni nerd at tinignan sya para sabihan na aalis na kami. Tumayo naman sya kaagad, si Avy nakahalata na ata na aalis na kami, kaya naman tumayo na rin sya

"oh wait here. I'll just get my bag" sabi nya sa amin at umakyat na sa kwarto nya

*sala*

"Ms. Avah" sabi ni nerd. Tinignan ko sya at naghihintay ng sasabihin nya. Hinihintay pa rin namin si Avy.

"hmm wag na lang po pala" sabi nya

Tss. Malamang may sasabihin na naman to, natakot ata dahil baka ipatahi ko na yung bibig nya kapag may mali syang nasabi.

"Ituloy mo na, arte pa e" sabi ko sa kanya

"Totoo po bang inagaw ni Ms. Avy yung kaibigan nyo at boyfriend nyo, kaya kayo galit sa kanya?" tanong nya

"Ikaw lang yung nerd na chismosa alam mo yun? Oh well. Oo totoo yun, kaya ikaw kung ayaw mo na sa akin, pumunta ka sa kanya, wala akong pakialam, yun nga lang wag kang babalik sakin kapag tinapon ka na nya" sabi ko sa kanya

"Ohh, ok po. Sa inyo na lang po ako, hindi nyo naman po siguro ako itatapon diba?" sabi nya

Tss. Napangiti ako sa sinabi nya, loko tong nerd na to ahh

"Tss. Hindi kita itatapon, lulunurin na lang kita." sabi ko sa kanya ng nakangiti.

"sana po palagi kayong nakangiti. Mas maganda po kayo kapag nakangiti e, lagi na lang po kasi kayong naka maldita look" sabi nya

"maldita look? Tss, ewan sayo nerd. Dami mong alam" sabi ko na lang sa kanya

Sabi nga nila sakin, bagay daw sakin ang nakangiti. Masisisi ba nila ako ngayon kung palagi nalang akong naka "maldita look".

Dumating na din si Avy.

"sorry kung pinaghintay ko kayo ha, wala kasi akong mapiling bag na gagamitin. Kaya ito, Gucci bag yung nakuha ko. hayy. *napatingin sya sa bag ko* oh my. Gucci din pala gagamitin mo. I didnt know. Sorry sister" sabi nya

Sus. I'm sure sinadya na naman nya na pareho kami, ayaw nya kasing papalamang.

*mall*

kung inaakala nyo na kotse ko ang ginamit at ako ang nagdrive. MALI KAYO. Ayoko ipagdrive si Avy, kaya yung isang kotse yung ginamit namin, syempre mayaman kami dahil may driver kami. Ayoko lang talaga na ipapagamit o ipapadrive sa iba yung kotse ko.

Sa pagbaba pa lang ng kotse hindi na kami magkasundo ni Avy. Nag-uunahan kami kung sino yung mauunang bumaba. Nag-gitgitan pa kami. Pareho kaming ayaw magpatalo. Syempre ayokong magpapahuli kaya ayun nilakasan ko yung pagtabig sa kanya kaya ako yung naunang bumaba ng kotse. *evil laugh*

Ganun din sa pagpasok sa mall. Kaasar, bigla syang bumawi at sya ang nauna. Nagpeace sign pa ang bruha at kunyaring nagsabi pa ng "sorry."

Si nerd, nasa likod ko lang palagi, napapailing na lang sa ginagawa naming dalawa.

"Oh, look ang cute nito oh" turo ni Avy dun sa isang plastic na pangdisplay

"Basta talaga plastic ang bilis mo" sabi ko sa kanya

Naglakad na lang ako at iniwan sya. Si nerd sumunod sa akin. May nadaanan kaming isang optical shop, huminto ako sa paglalakad at tumingin kay nerd

"Nerd, anong grado ng mata mo?" tanong ko sa kanya

"Hmm. 250 po, bakit po?" tanong nya ng nagtataka.

"Wow, mas mataas pa sa IQ ni miranda. hahaha"

Lumapit ako sa kanya at tinanggal yung salamin nya

"Ano pong gagawin nyo?" tanong nya habang hawak ko pa din yung salamin nya

Nginitian ko sya at binali yung salamin nya. Nagulat sya at nanlaki yung mata nya.

"Ms. Avah, bakit nyo po sinira? Pano na po ako makakakita?" mangiyak ngiyak na sabi nya

"Wag mo kong artehan dyan nerd, MALABO lang ang mata mo, pero HINDI KA BULAG." sabi ko sa kanya.

Hinawakan ko yung kamay nya at hinila sya papunta sa loob ng optical shop.

Pinilit ko syang pagsuotin ng contact lens. Maluha luha sya nung nilalagyan sya ng contact lens. Nakita kami ni Avy dun sa optical shop, nag.smirk lang sya nung nakita nya yung ginagawa kay nerd. Nilapitan nya ako.

"Ang bait mo namang amo, binibilhan mo pa sya ng contact lens. Hindi ka parin nagbabago, mabait ka pa din" sabi nya

Natigilan ako sa sinabi nya. Wrong timing yung pagtulong ko kay nerd, nakalimutan kong kasama ko nga pala si Avy.

"Natural sakin ang pagiging mabait Avy, hindi katulad mo. PINIPILIT." sabi ko sa kanya

Bigla kong naalala yung plano namin na welcome party para sa kanya

"Ohh, by the way Avy, i am planning to have a welcome party for you. Diba ang bait ko?" sabi ko sa kanya

"Really? Sure, gusto ko yan." sabi nya. As expected, matutuwa sya. Gusto nya ang party, lalo na kung nasa kanya ang atensyon ng lahat.

"I know, you gonna love it, magpapagawa na ko ng invitations para sa mga friends mo, na dating inagaw mo sa akin. Oh, pati pala si Ian papadalhan ko ng invitation, baka kasi namiss nyo ang isa't- isa. Ako ng bahala sa lahat, wala kang ibang gagawin. Ayoko kasing napapagod ka, sounds good diba?" sabi ko sa kanya

"Sure. I miss IAN so much. I can't wait to see him na nga e. Naeexcite tuloy ako sa welcome party na yan. How sweet of you my dear sister" sabi nya

Ako din, excited na ko sa pangmayamang revenge ko sayo. >:P

***********

**MALDITA 12**

*resort*

“Hi Avah” bati sakin ni Dhonna, lumapit sya sa akin at bineso beso ako. Syempre ganon talaga pag mayayaman. Beso beso lang.

Pinuntahan ko sya dito sa resort nya. Dito ko kasi balak ganapin yung PANGMAYAMANG REVENGE KO. Maganda din naman kasi yung place. Syempre MAYAYAMAN lang ang pumupunta dito. At isa pa sa mga gusto ko dito. MAY SWIMMING POOL. >:P

“So, how is your reunion with your dear sister?” tanong nya sa akin.

“So far so good. We went shopping yesterday” pagmamalaki ko sa kanya

“Oh? Really? Buti hindi sumabog yung mall sa pag-aaway nyong dalawa” sabi nya.

“muntik lang.” sabi ko sa kanya

“tss. So ano namang pinag-agawan nyo sa mall? Bags? Shoes? Dress? Make-up?” tanong nya

Yup. Ganon kami ni Avy, kapag magkasama sa mall. Puro agawan. Kapag may nakita akong magandang dress kahit ako yung nauna. Aagawin nya sa akin at magpapa-awa effect na ibigay ko na lang sa kanya at ipipili na lang nya ako ng mas maganda dun. Syempre MABAIT ako dati kaya naman ayun nadadala ako sa ginagawa nya at pumapayag ako. Hays. Naiinis lang ako kapag naalala ko yung MABAIT MOMENTS ko.

“wala sa mga binanggit mo.” sabi ko sa kanya

“oh. Don’t tell me lalaki na naman? IAN ba ang pangalan nito?” panghuhula nya ulit

“Nope. Si nerd” sabi ko sa kanya at uminon ng juice

“Nerd? Teke nga. Ano bang meron dyan sa nerd na yan at parati mong nababanggit. Nung nakaraan sya yung dahilan ng pagkabadtrip mo. Tapos ngayon sya naman ang pinag.aagawan nyo ni Avy. Gusto kong makilala yang nerd na yan” Napakahabang sabi nya.

Sasagot na sana ako noong biglang dumating yung ISNABERA at BRATINELLA.

OH GREAT. Tinawagan ko din kasi sila kanina para mapag-usapan na yung gagawin naming PANGMAYAMANG REVENGE. Syempre kelangan ko ng tulong ng MAGAGANDA AT MAYAYAMAN kong kaibigan. Sino na lang ba ang magtutulungan diba? Edi kaming magaganda at mayaman. Nabibingi na ba kayo sa sinasabi kong mayaman?

Kung hindi, GOOD. Kung oo naman, WALA AKONG PAKI. Aarte pa?

“hiiiiiiiiii thereeeeeeeee” sigaw na bati ni Frances at niyakap kaming dalawa ni Dhonna.

Hindi namin sya niyakap. Nanatili kaming nakaupo at hinihintay tanggalin ni Frances yung pagkakayakap nya sa amin.

“Err. Ano ba Frances, ang magaganda hindi sumisigaw nang ganyan. My god. Saka ang mayaman hindi yumayakap. Beso lang. ok? God. Bratinella pa naman yung title mo tapos ganyan ka? tss. Sinisira mo yung pagiging pure bratinella mo.”

Saway sa kanya ni Aira, nakatayo lang sya habang pinagsasabihan si Frances. Agad namang tinanggal ni Frances yung kamay nya sa pagkakayakap sa amin.

“eh ikaw? Bakit hindi mo sila binebeso? Buti nga ako binati ko sila” sabi naman ni Frances sa kanya

“Duh? ISNABERA ang title ko diba? So bakit ko sila babatiin?” sagot nya.

“hmp “ inayos ni Frances ang sarili at humarap sa amin

“hi there.” Sabi nya at bineso beso nya kami.

“happy?” lumingon sya kay Aira.

Inirapan lang sya ni Aira.

“tumigil nga kayong dalawa dyan. Pinapunta ko kayo dito para tulungan ako hindi para mag-away sa harapan ko” sabi ko sa kanilang dalawa

Sasagot pa sana sila pero

“oh? Aarte pa?” sabi ko at umupo na din naman silang dalawa.

“ano na bang napag-usapan nyo?” tanong ni Aira

“isang nerd” sagot ni Dhonna

“nerd?” sabay nilang tanong

“mayamang bingi? Kakasabi lang diba?” sabi ni Dhonna

“tss. So anong meron sa nerd bukod sa pangit sila?” tanong ni Aira

Tinignan ni Frances si Aira “you’re so mean” tinignan kami ni Frances “ so what’s with the nerd with big eyeglasses, braces, manang clothes, and messy hair?” sabi nya

“pinahaba mo lang. pangit din naman yung kakalabasan nun” naiinis na sabi ni Aira

“atleast hindi ko direktang sinabing pangit sya, diniscribe ko lang” sagot ni Frances.

“SHUT UP, pwede manahimik kayong dalawa? Nakakabwiset ahh. Kanina pa kayo salita nang salita. Hindi na ako makasingit. Story nyo ba to? AVAH MALDITA nga diba? Hindi makaintindi? Dapat ako lang ng ako. HAYYS.”

Sabi ko sa kanila. Nakakaimbyerna. Sinasapawan ako. Bwusit. Dapat talaga wala na lang akong kaibigan sa storyang to, para AKO LANG LAGI. Pinatalsik ko nga kaagad dito yung apat na clown na nagtayo ng fans club ko tapos sila sasapaw sakin? My god. Pasalamat sila MAYAMAN AT MAGANDA sila. Medyo kalevel ko sila. Aba syempre kelan ANGAT pa din ako sa kanila. Hayyyy.

Inayos ko ang sarili ko at nagsalita ulit sa kanila

“So, as I was saying, si nerd yung pinag-agawan namin ni Avy sa mall kahapon. Si nerd yung slave ko. Tinulungan ko kasi sya na makabalik sa pagiging scholar nya kaya ko sya naging slave, nameet sya ni Avy kahapon. At ang bruha, syempre pinalabas na naman na ako ang masama at sya ang anghel”

Paliwanag ko sa kanila. Mabuti naman at hindi na nila ako inenterrupt.

“gusto kong mameet yang nerd na yan. Nagiging mabait ka na naman dahil sa kanya” sabi ni Aira

“mabait? Hindi no” sabi ko sa kanya

“e bat mo tinulungan?” tanong ni Frances

“iyak kasi nang iyak, panira ng story ko. Saka masaya ako dahil yun yung araw na nakausap ko si Avy sa phone.” Paliwanag ko sa kanila.

“so kapag masaya ka, nagiging mabait ka?” tanong ni Dhonna

“hindi nga sabi e. ok? hindi lang naman si nerd yung pinag-agawan namin, yung dress din.” Sabi ko sa kanila. Totoo naman.

“oh anong nangyari? Kwento mo” sabi nila sa akin

“ganito kasi yun……

**FLASHBACK**

*mall

“hey nauna ako dito” mahinang sabi ko kay Avy habang hawak hawak yung hanger nung isang cocktail dress at hawak hawak nya din yung kabilang dulo ng hanger

“una mo lang hinawakan pero ako unang nakakita, so it’s mine” sabi nya sa akin at hinila yung hanger

Hinila ko ulit pabalik sa akin yung hanger.

“kasalanan ko bang mabagal kang maglakad? Plastic ka na nga mabagal ka pa din?” sabi ko sa kanya

“whatever you say Avah. Its mine.” Hinila nya ulit yung hanger

Hinila ko ulit pabalik sa akin yung hanger. At tinanggal ko yung damit sa hanger. Akala mo ha

“Oh. Sayo na yang hanger mo, pareho naman kayong plastic” sabi ko sa kanya at niyakap yung cocktail dress

“I hate you Avah” sabi nya

“I hate you MORE Avy” sabi ko

“I hate you MOST” naiinis na sabi nya

“I HATE YOU MORE THAN MOST” pasigaw kong sabi sa kanya

*BAHAY

Pagkagaling namin ni Avy sa mall, ilang minuto lang at dumating na si Ian sa bahay. Tinignan ko si Avy at nagsmirk sya sa akin.

“hi babe, I miss you” masayang bati nya kay Ian

“I miss you too Avy” sabi nya sabay yakap kay Avy at tingin sa akin.

Ang walanghiya. Sabi nya noon mahal pa nya ako at wala na sila ni Avy? Eh ano to? Ipalamon ko sa lupa tong hayop na to e. Buti na lang hindi ako nagpadala sa kanya noon.

“oh ano to? reunion ng mga nagbabait baitan?” natatawang tanong ko sa kanila

“hindi Avah, reunion to ng mga nagmamahalan” sagot ni Avy

“oh? Kayo pa rin pala. Ang sabi kasi sakin ni Ian nung VALENTINES DAY. Wala na daw kayo at mahal pa daw nya ako.” Sabi k okay Avy.

Napatingin naman kaagad sya kay Ian.

“nagkita kayo nung valentines day?” tanong ni Avy sa kanya

“no/yes” Ian at Avah

“hahahaha. Ok. mukang wala kang kaalam alam Avy. Don’t worry, hindi mo naman ako katulad kaya hindi ko sya pinatulan. Ayoko kasi ng nagrerecycle e… talent mo yun ayokong agawin” sabi ko sa kanya

“Really? Ok lang, basta ako masaya, dahil nasa akin lahat ng gusto mo.” Sabi nya

“Oh please Avy. Lahat naman ng meron ka. GALING SA AKIN.”

“Avah tama na” mahinang sabi ni Ian

“oh? Alam mo ba yung TRASHTALKER? Ikaw yun, para kang BASURANG NAGSASALITA” sabi ko sa kanya

“bagay nga kayo ni Avy. Isang BASURA at isang BASURERA. Perfect.”

**-END-**

Pagkatapos kong ikwento sa kanila yung mga nangyari sa amin sa mall, tawa sila nang tawa. Naiimagine daw nila yung itsura ni Avy na inis na inis. Oh well, ganon talaga ang buhay. Kung dati, I am playing her game. Now, I will make her play my game.

“So, ano na ang balak mo? Share mo sa amin” si Dhonna

“Yeah, ito yung mga list ng papadalhan natin ng invitations” sabay abot ko sa knila nung folder na may lamang list ng mga family friend namin, dating mga kaibigan ko na inagaw nya, mga business associate ni daddy na nakakasama na ni Avy, at syempre mawawala ba naman sa listahan ang my forever tangang ex na si Ian? Syempre hindi. Kailangan kasama sya.

“Oh, so ako na ang bahalang gumawa ng mga invitations” offer ni Frances.

“Thank you Frances. Hey Aira, sagot mo ang drinks sa welcome party.” sabi ko

“tss. Fine, kapag natuwa ako sa pangmayamang revenge mo, hindi na kita sisingilin” sagot nya

“So ngayon pa lang wag ka nang gumawa ng bills. Dahil sigudo akong WINNER ang pangmayamang revenge ko.” pagmamalaki ko sa kanya

“Exciting. So ano pang kailangan mo sa resort ko?” tanong ni Dhonna.

“buti na lang natanong mo, I want you to clear that area” sabay turo ko dun sa swimming pool.

“mukang may maliligo sa welcome party na yan ahh” komento nya.

“malulunod.” Pagkokorek ko sa kanya

“oh? Really? So kelangan ko na bang ipaready yung ambulance namin?” excited na tanong ni Frances.

“Thank you Frances, maasahan ko talaga kayo” sabi ko sa kanila.

“So ano pa bang gagawin mo sa welcome party? Don’t tell me kakanta ka lang? parang wala naman masyadong effect yun” paalala ni Dhonna

“tss. Ako pa ba ang hindi ready? Syempre hindi lang yun ang gagawin ko.” sabi ko sa kanila

“Don’t tell me sasayaw ka?” sabi ni Aira

“Nope. Nakaplano na lahat ng gagawin ko. All you have to do is bantayan si Avy at Ian para hindi makapalag” sabi ko sa kanila

“e ano nga ba ang gagawin mo? masyado mo naman kaming binibitin e” si Frances

“hindi talaga kayo makapaghintay. Oh” sabay abot sa kanila ng isang brown envelope.

Kinuha nila yun at binuksan. Lahat sila nagulat dun sa nakita nila. Sabi na nga ba e. sila nga nagulat eh hindi sila masyadong close ni Avy, hindi nga nila nakikilala si avy eh, nakwekwento ko lang sa kanila. Pano pa kaya kapag ang nakakita noon ay mga kakilala ni Avy at si Avy mismo? Hahahaha. Hindi na ako makapaghintay.

“oh? Natigilan kayong tatlo dyan? Ano sabi sa inyo. Hindi ako gagalaw ng wala akong laban” pagmamalaki ko sa kanila.

“woah. Amazing Avah, grabe. Winner nga to” sabi ni Dhonna

“Oh well, PURE MALDITA ka nga. Congrats. Libre na ang serbisyo ng bar ko sa pangmayamng revenge mo” sabi ni Aira

Be ready Avy, baka bigla kang umuwi ng China ng hindi oras.

***********

**MALDITA 13 (Pangmayamang Revenge)**

*resort

Kinatok ko sa room nya si Avy, para kamustahin kung ok na sya at pwede na syang lumabas dahil dumating na lahat ng guest at sya na lang ang hinihintay. VIP ang bruha. Syempre kelangan ko munang hiramin ang talent nya. BAIT BAITAN muna ako ngayon para hindi sya gaanong maghinala.

“Hi there Sis, look. Ang cute nung necklace ko diba? Galing pa to kay Mommy” pagmamalaki nya sa akin

“Oh nice. Bagay nga sayo, pero mas bagay kung ipupulupot ko sayo” sabi ko sa kanya

Sorry. Hindi ko mapigilang maging maldita. :P

“Hay. Don’t be jealous Sis, masyado kang hot e,” sabi nya

“basta kasama kita Avy, palaging mainit.” Nakangiti kong sabi sa kanya

“I know, cause I’m hot” sagot nya

“Nope. Kasi ikaw ang nawawalang anak ni satanas” sabi ko sa kanya

“Nice try sis, but try harder. Malayong malayo ka na nga sa dating Avah. Pero hindi mo pa rin kaya lahat ng nagawa ko na” pagmamalaki nya sa akin

“Alam ko, at wala akong balak gayahin yung mga ginawa mo na. I can play better Avy.” matapang na sabi ko sa kanya

“Oh really? Show me what you’ve got Avah” paghahamon nya

“Relax Avy, dadating tayo dyan. But for now, harapin mo muna ang mga bisita mo. Don’t forget to wear you’re halo.” Sabi ko sa kanya

“Hindi ko nakakalimutan yun. Anyway, thank you sa pagpapaalala. And Avah, don’t forget to introduce yourself. Alam mo na. They don’t know you.” Sabi nya sa akin.

At tuluyan na syang umalis sa kwarto.

Nung medyo nagkakasiyahan na sila. Nilapitan ko na yung mga kaibigan ko.

“You know what to do guys.” Sabi ko sa kanila, at tumango sila.

“Nerd, Ready? Kapag ikaw pumalpak ilulunod kita sa pool naiintindihan mo?” tanong ko sa kanya

“opo Ms. Avah. May back up na din po ako. Punta na po ako dun.” Paalam nya sa akin

“Very good. May bonus ka sa akin kapag nagawa mo ng tama yan” at tumalikod na ko sa kanila

Umakyat na ako sa stage at kinuha yung mic.

“Good evening everyone, thank you for coming tonight, and I hope mag-enjoy kayo sa inihanda kong performance para sa pinakamamahal kong kapatid, si AVY CHEN. By the way I’m AVAH CHEN; I was the INVINCBLE younger daughter of VICTOR CHEN.”

Ilan sa mga bisita ang medyo nagulat nung nagpakilala ako. Yep. Madami ang hindi nakakakilala sakin lalo na yung mga businessman na walang anak na lalaki. Nakakatawa lang, kasi ako yung palaging pinapakilala ni daddy sa mga katrabaho nya na may anak na lalaki. Syempre kailangan Chinese din. Bakit hindi si Avy? Masyado kasing precious sa kanila si Avy, katulong sa business at kung ano ano

pa. tss. Pero syempre inisip ko na lang na kaya ako yung pinapakilala kasi MAS MAGANDA AKO KAY AVY. >:)

"Gusto kong i-welcome ang kapatid ko dahil finally, after 5 years, magkasama na ulit kami. My god, sobrang namiss ko sya. Sayang lang at wala pa dito sina Daddy. Hay. *tingin kay Avy* you know how much I missed you ATE, so may inihanda akong song for you, BAGAY NA BAGAY SAYO. *tingin sa lahat* guys, you MUST listen to my song and THE LYRICS SAYS IT ALL ABOUT THE OTHER SIDE OF MY DEAR SISTER. I know naman gusto nyo pa syang makilala ng husto so let me do the honor. :)"

Sinadya kong maging magkatabi sina IAN at AVY, nasa gitna sila kaya naman kitang kita ko sila. Sinabihan ko na din yung mga kaibigan ko na bantayan si Avy, para hindi makapalag. Kaya naman nasa likod ni Avy yung mga kaibigan ko. Si Mikee naman pinabantayan ko sa kanya si Miranda. Syempre alam kong tutulungan nya yung alaga nya, ready ata ako.

Pagkasabi ko sa mga tao na pakinggan nila akong kumanta ayun, bigla silang nacurious, lalo na yung mga anak nilang babae na nakakasama din ni Avy, oh. Pati pala yung mga dating kaibigan ko na inagaw ni Avy sa akin.

Noong napansin kong nakuha ko na ang atensyon ng lahat, nag-umpisa na akong kumanta.

*(Better Than Revenge by Taylor Swift)*

*[Now go stand in the corner and think about what you did.*
*Ha, time for a little revenge]*

May kasamang galit kong binibigkas ang bawat salita sa kanta. Ito na yung hinihintay ko. Umpisa pa lang to. Kasabay nang pagplay ng kanta at pagkanta ko ang paglabas ng slide show sa likod ko. Pinaplay ko kay nerd. Isa isang lumabas yung mga picture namin ni Avy noong mga bata pa kami, super close. Natuwa yung guests.

*[The story starts when it was hot and it was summer.*
*And I had it all; I had him right there where I wanted him.*
*She came along, got him alone, and let's hear the applause*
*She took him faster than you can say sabotage]*

Sumunod na lumabas yung mga pictures ng mga kaibigan ko na inagaw ni Avy, na present sa welcome party na to, at yung picture na kasama ko si IAN. Na alam ng lahat boyfriend ni Avy. Yup tinago ko yung mga "kadiring pictures namin together" na sweet sweetan. Yung mga guest nakita kong nagbulungan na. si Avy, nagsmirk lang. Si Ian? No reaction.

*[I never saw it coming, wouldn't have suspected it.*
*I underestimated just who I was dealing with*
*She had to know the pain was beating on me like a drum*
*She underestimated just who she was stealing from.]*

Pictures naman ni Avy at Ian ang lumabas sa slide show. Sweet sweetan. Mga friends ko na kasama na ni Avy. Pano ko nakuha yung mga pictures? Sabihin na nating sa sobrang inis ko, naging stalker ako sa kanya. Ginagawa kong motivation yung mga pictures na yun para di mawala yung galit ko kay Avy.

*[She's not a saint, and she's not what you think*
*She's an actress, whoa*
*She's better known for the things that she does on the mattress, whoa]*

Sa lumabas na picture napatayo si Avy. Agad naman syang pinaupo nung apat kong kaibigan. Pati ang mga guest nagulat. At tumingin kay Avy. Ang laman ng slide? Picture ni Avy at ako. Yung gabing umuwi sya at sinampal nya ako. Pano ko nakuha? Mayaman kami kaya may cctv kami sa bahay. Yun ang nakalimutan ni Avy. Bago sila umalis papuntang China pinalagyan nila yung buong bahay dahil nga ako na lang ang nakatira dun pati mga katulong. Don't worry burado na yung ginawa kong pagganti kay Avy.

[*Soon she's gonna find stealing other people's toys*
*On the playground won't make you many friends*
*She should keep in mind, she should keep in mind*
*There is nothing I do better than revenge. Ha!]*

Galit na galit na yung itsura ni Avy. Masama na din ang tingin nya sa akin. Dapat lang yan. At ang next slide? Picture na magkasama sila ni Mikee. Si Mikee ang gumagawa ng requirements nya sa school, tinake for granted nya si Mikee. Friendship silang dalawa pero itinapon nya si Mikee nung wala na syang mapapala dito kaya ko nakilala si Mikee.

*[She lives her life like it's a party and she's on the list*
*She looks at me like I'm a trend and she's so over it*
*I think her ever present frown is a little troubling*
*She thinks I'm psycho cause I like to rhyme her name with things but*
*Sophistication isn't what you wear or who you know.*
*Or pushing people down to get where you wanna go*
*Oh, they didn't teach you that in prep school, so it's up to me*
*But no amount of vintage dresses gives you dignity]*

Next slide yung picture ko kasama nung mga business presentation na ginawa ko para kay Avy, lahat ng idea na ibinibigay nya kay Daddy. SA AKIN nanggagaling. Inangkin nya lahat. Kaya laging sinasabi ni Daddy sakin noon na "mabuti pa si Avy, nakakatulong sa business ko, ikaw Avah? Wala ka ng ginawa kundi magshopping, mag-party. O di kaya magkulong sa kwarto mo" kahit inuutusan lang ako ni Avy para ipagshopping sya, at para attenand yung mga party na hindi sya makakapunta. Magsasalita pa lang ako pero biglang sisingitan ni Avy ng "Dad naman, bata pa naman si Avah, hayaan nyo na sya. She must enjoy her life" tapos ngingitian lang sya ni Daddy. Sabay simangot sa akin.

[*She's not a saint, and she's not what you think*
*She's an actress, whoa*
*She's better known for the things that she does on the mattress, whoa]*

Nagflaflashback lahat ng nangyari sa akin noon. Kahit simpleng bagay lang yan para sa ibang tao. Para sa akin big deal yun. dahil hindi ako pinapaniwalaan ng magulang ko. Lahat ng credits na dapat sa akin kinukuha ni Avy, simpleng bagay nga lang noon na nabasag nya yung favorite vase ni Mommy, sakin pa nya sinisi. Ako tuloy yung napagalitan. Pag may nagagawa syang mali? Sakin nya pinapasa. Ako ang palaging mali sa paningin nilang lahat. Dahil hindi ko maipagtanggol ang sarili ko, kasi si Avy ang nagtatanggol sa akin. Yun nga lang, kasinungalingan.

*[Soon she's gonna find stealing other people's toys*
*On the playground won't make you many friends*
*She should keep in mind, she should keep in mind*
*There is nothing I do better than revenge. Ha!]*

Hindi ko alam kung bakit sya naging ganon sa akin. Nagsimula lang naman yun nung nag-high school kami. Bestfriends kami magmula noon hanggang grade school. Hindi kami mapaghiwalay, kaya wala akong ganong kaibigan noon dahil sya lang ang alam kong kaibigan ko. Sya naman madami syang kaibigan. Kaya

dahil doon, lahat ng utos nya at pakiusap nya sa akin. GINAGAWA AKO. Mabait ako noon eh. “opo ate, sige ate ok lang, ako na lang ate,” laging ganyan ang linya ko. kasi kapag hindi, isasagot nya sa akin. “sige na, gawin mo na, OR ELSE, sasabihin ko kay daddy na hindi ka isama mamaya. Saka si magshoshopping din pala kami ni mommy mamaya” ako naman si TANGA. Matatakot na hindi makasama sa family bonding namin.

*[I’m just another thing for you to roll your eyes at, honey*
*You might have him but haven’t you heard?*
*I’m just another thing for you to roll your eyes at, honey*
*You might have him but I always got the last word]*

Nung pinakilala ko kina daddy si IAN. Lalong nagalit sa akin si Avy, hindi ko alam kung bakit. Gusto naman nina Mommy at Daddy si IAN para sa akin. Masaya ako noon. Kasi gusto nila si Ian. Si Avy? Hindi ko maisip kung bakit nya nagawa sa akin yun. Narinig ko sila noon na magkausap silang tatlo, si Daddy, Mommy, at sya. Narinig kong sinabi ni Avy, na napapabayaan ko ang pag-aaral ko dahil kay Ian. Nagbabago na ako. Siniraan na ako ni Avy sa kanila. Pati na din si Ian. At sinabi pa ni Avy na may nangyari na daw sa amin ni Ian. Kaya hindi ko napigilan na sumingit sa usapan nila para ipagtanggol si Ian at sarili ko. Sinabi ko sa kanila na hindi yun totoo, pagkatao ko na yung sinisira ni Avy noong panahon na yun. Doon nagalit sakin si Mommy. Pinagtaasan ko ng boses ang Daddy ko at nabigla ito kaya naman inatake si Daddy sa puso. Habang sinusugod namin si Daddy sa ospital isa lang ang paulit ulit na sinasabi nya sa akin “I am disappointed in you Avah. Very disappointed.” Ang sagot ko? “No daddy, it’s not true” habang umiiyak sa kanya. Muntik ng mamatay si Daddy noon. At ako ang sinisisi nila pati si Mommy galit sa akin kaya hindi nila ako pinapunta sa hospital. Pinakiusapan ko si Avy na bawiin lahat ng sinabi nya, pero ang sagot nya sa akin? “Sorry Sis, wala na akong magagawa. Galit na sila sayo.” Noong naging ok si Daddy at pede na syang magbyahe, umalis sila papuntang China. Iniwan ako, mas makakabuti daw kung hindi ako makikita ni Daddy. At ang nag-iisa kong kakampi, na si Yaya Sally? Sinama nila.

*[She’s not a saint, and she’s not what you think*
*She’s an actress, whoa*
*She’s better known for the things that she does on the mattress, whoa]*

Iniwan nila si Miranda. Nung una mabait sa akin si Miranda. Pinagsisilbihan nya ako, tulad ng ginagawa ni Yaya Sally sa akin. Pero syempre mabait pa ako noon

kaya naman hindi ko pa alam na "iba" yung pagiging mabait nya sa akin. Narinig ko na kausap nya noon si Avy, at dun ako nagising sa katotohanan na wala akong kakampi sa bahay na yun. Ang narinig ko? inuutusan sya ni Avy na magbaitbaitan sa akin. Pero ang totoo, binabaliktad nya ang lahat. Dahil sya ang naging mata ko dito sa Pilipinas at nagrereport sya kina Daddy tungkol sa akin, iba ang ibinibigay nya kina Daddy. May mga pinapadala pa nga syang pictures na iba ang magiging dating sa makakakita tulad ng naghahain sya ng pagkain pero tinabig ko ng konti yung kamay nya dahil matatapon sa akin. Pero ang dating sa makakakita. Hinampas ko ang kamay nya at matatapon sa kanya yung pagkain. Doon ko nakilala ang mga kaibigan ko at inilabas nila ang pagiging PURE MALDITA KO.

[*Soon she's gonna find stealing other people's toys*
*On the playground won't make you many friends*
*She should keep in mind, she should keep in mind*
*There is nothing I do better than revenge. Ha!]*

Ang last slide na alam kong makakapaglabas ng totoong ugali ni Avy, at alam kong ikakasira ng reputasyon nya, at ikakagulat ng lahat ng makakakita. Sayang wala sila Daddy dito. Napatayo si Avy at Ian. Gulat na gulat silang dalawa. Lumakas ang bulong bulungan at nakatingin lahat sa kanilang dalawa.

"STOP IT. STOP IT. STOP IT. IT'S NOT TRUE. TURN IT OFF TURN IT OFF"

Sunod sunod na sigaw nya. Papalakad na sana sya sa kinaroroonan ni nerd pero pinigilan sya ng mga kaibigan ko. Pati si Ian pinigilan nilang umalis ng upuan. Pwersahan nilang pinaupo si Avy sa upuan at nagpupumiglas ito.

Ang laman ng slide? PICTURE NYA AT NI IAN. Sa loob ng kwarto nya. Magkatabi silang dalawa, half naked si Ian at si Avy naman nakakumot. At ang dating sa mga makakakita? May ginagawa silang milagro. San ko nakuha yung picture nay un? Kuha ng cctv nung isang araw na pinapunta ni Avy si ian sa bahay para inisin ako. Well, sorry na lang sya dahil mas nakatulong sa akin yun.

*[And do you still feel like you know what you're doing?*
*Cause I don't think you do. Oh*
*Do you still feel like you know what you're doing?*
*I don't think you do, I don't think you do]*

Pinilit ni Avy na makawala sa mga kaibigan ko kaya naman napatakbo sya papunta sa stage. Si Ian naman biglang nagpunta sa kinaroroonan ni nerd. At

pinatay yung slide show. Yung mga bisita, sobrang shocked pa din. Hindi ata makapaniwala na ang tinuturin nilang anghel ay makakagawa ng ganon. Sya pa naman ang palaging ipinagmamalaki ni Daddy sa kanila. Im sure. Makakarating sa China yung nakita nila. Well, im planning to send them a copy.

*[Let's hear the applause*
*C'mon show me how much better you are*
*See you deserve some applause*
*Cause you're so much better*
*She took him faster than you can say sabotage.]*

Inagaw sa akin ni Avy yung mic.

"HOW DARE YOU AVAH. WHAT DID YOU DO?" galit na galit na sabi nya sa akin. Nag-smirk lang ako sa kanya.

"See? I can play better, look at me now, B*TCH" pagmamalaki ko sa kanya

"YOU EVIL MONSTER" at akmang sasampalin nya ako. Nakaready na sana ako pero walang kamay na dumampi sa akin. Hinawakan pala sya kaagad ni Ian

"Not here Avy" narinig kong sabi nya kay Avy

"LOOK PEOPLE. YAN BA ANG PINAGMAMALAKI NYONG LAHAT? ISANG SANTA SANTITA. MAGALING MAGPANGGAP. AKALA MO KUNG SINONG MALINIS" pasigaw kong sabi sa mga bisita

"YOU WILL PAY FOR THIS AVAH. I WILL MAKE SURE PAGBABAYARAN MO TO. IPAPAALAM KO KAY DADDY LAHAT TO" pananakot nya sa akin

"Go ahead Avy. Gusto mo padalhan ko na lang sila ng kopya para hindi ka na mahirapan?" nakangiti kong sabi sa kanya

"Sige Avah, para lalong magalit sayo si Mommy dahil ikaw na naman ang magiging dahilan nang pagkakasakit ni Daddy" pananakot nya

"At least ngayon, magalit man sila sa akin, sulit naman. Dahil naipakita ko kung sino talaga ang mas nakakahiyang maging anak ni Victor Chen." matapang kong sabi sa kanila.

Bumaba na ako ng stage at taas noong naglakad. Malapad akong nakangiti sa mga bisita. Nagmake way sa akin ang mga bisita. Yung mga kaibigan ko todo palakpak sa ginawa ko kay Avy.

*splashhhh

“AVAH” narinig kong sigaw ng mga kaibigan ko.

Bwiset. Hindi ko napaghandaan yung ginawa ni Avy. Tinulak nya ako sa pool. Agad naman akong pumunta sa may side ng pool

“mas maganda ka pala kapag basa. Downpayment pa lang yan sa gina—“

*splashhhhh

Hindi na naituloy ni Avy yung sasabihin nya, dahil tinulak na sya sa pool ng mga kaibigan ko. Yan ang kaibigan laging to the rescue. Agad iniabot ni Mikee yung kamay nya sa akin. At mabilis naman akong nakaahon.

Nakita kong inaabot ni Ian yung kamay nya kay Avy na hirap na hirap sa pag-ahon dahil sa bigat ng damit nya. Si Miranda naman may dala ng taowel para sa alaga nyang basing sisiw.

Agad akong pumunta sa pwesto nila

*splashhh

Itinulak ko si Miranda at Ian sa pool.

“maganda talaga ako kapag wet look. Ikaw Avy, bagay pala sayo ang nalulunod?”

Tumingin ako sa mga bisita. Sa mga dati kong kaibigan. Katrabaho ni Daddy. Family friends namin at hindi ko na napigilang sumigaw sa kanilang lahat.

“WALA NG PALABAS SO PEDE NA KAYONG LAHAT UMUWI. MARAMING SALAMAT SA PANGHUHUSGA SA AKIN NOON AT PANG-IIWAN SA AKIN SA ERE. REALLY,THANK YOU. KUNG HINDI DAHIL SA INYO HINDI AKO SI AVAH MALDITA NGAYON. KAKAHIYA SA INYO EH. PERPEKTO KAYONG LAHAT.”

**********

**MALDITA 14**

*bar

Dahil sobrang successful ng PANGMAYAMANG REVENGE KO, kaya naman nandito kaming lahat sa bar ni Aira para MAG-CELEBRATE. Aba syempre kelangan ipagbunyi ang pagkapanalo ko. Sobrang sarap lang sa pakiramdam yung naka-angat ako kay Avy at sya naman yung nasa baba bonus pa na pinag-

uusapan sya. Oh well, hindi ko alam kung anong nangyari sa kanya after kong umalis sa party at habang sya naman ay malunod lunod sa pool kasama ang mga bruhang si Miranda at ang basurang si Ian. Malamang sa malamang sobrang sagad yung galit nya sa akin ngayon. Ipahiya ko ba naman sya sa lahat at ilabas lahat ng baho nya. Ewan ko na lang kung makangiti pa sya.

“Ang galing galing mo kanina Avah, grabe.” Paulit ulit na sabi ni Dhonna.

“Tama. At winner talaga yung ginawa mo. Nakita mo ba yung mga mukha ng mga guests?” pag sang-ayon ni Frances

“Nganga lahat” sabay nilang sabi at nag-apir pa sila.

“PURE MALDITA talaga” dagdag ni Aira.

“Well, bilib na naman kayo sa akin.” Pagmamayabang ko sa kanila.

“Nakakagulat naman kasi yung ginawa mo. Hindi mo man lang ako nasabihan na ganun pala yung gagawin mo” sabat ni Mikee.

“Ano pang silbi ng surprise kung sasabihin ko sayo diba? Magpasalamat ka nga sa akin dahil iginanti na kita kay Avy” paalala ko sa kanya

“Salamat ng marami Avah. Sobrang na-appreciate ko yung ginawa mo” sabi nya

“Dapat lang noh. Dahil dyan, umorder kayo ng kahit ano. Akong bahala” sabi ko sa kanila

“Salamat Avah. Pinapayaman mo talaga ang bar ko” sabi ni Aira

“Wait lang girl, pano yang nerd na yan?” tanong ni Dhonna sabay turo kay nerd.

Tss. Kasama nga pala namin si nerd. Tinignan ko si nerd. Kanina pa sya patingin tingin sa loob ng bar. Bakit ba kasi napasama to dito? Mukang sumunod pagkatapos kong mag-walk out sa party.

“hoy nerd” tawag ko sa kanya

“po?” tanong nya.

“first time?” tanong ko ulit

“first time ang alin po?” tanong nya

“ayyy. Tanga” sabi ni Dhonna

“ang harsh mo naman” sabi ni Mikee

Tinaasan lang sya ng kilay ni Dhonna. Tss. Mag-aaway pa ata

“tinatanong ko kung first time mo dito sa bar? Gets? O uulitin ko pa?” mataray na tanong ko sa kanya

“ahh. opo. Ganito po pala dito” nakangiing sagot nya

“tss. Ayan tao ka na. Nakapasok ka na sa loob ng bar” sabi ni Frances

“Welcome to my bar” pagmamalaki ni Aira

“sa inyo po ito?” gulat na tanong nya.

“ayy. Tanga na nga bingi pa.” sabi ni Aira

Tumahimik na lang si nerd at tumungo. Tss. Napailing na lang ako sa mga sinasabi nila kay nerd. Ngayon lang kasi nila nakilala kaya hindi pa sila sanay sa kainosentehan ni nerd. Ako kasi sanay na. Si Mikee din ngayon lang nila nakilala kaya naman medyo na susungitan ni Dhonna.

Tinignan ko ulit si nerd. Mula ulo hanggang paa. Nakacontact lens na sya ngayon, sinuot na nya yung binili kong contacts sa kanya. As usual nakasuot pa rin sya ng paldang mahaba at simpleng pang-itaas.

“hoy nerd. Lahat ba ng damit mo puro pang simba?” tanong ko sa kanya

Nagtawanan naman silang lahat at nag-apir pa, habang si nerd naman napatingin sa damit na suot nya.

“ito po kasi yung nakasanayan kong suotin” sabi nya

“tss. Guys. You know what to do” sabi ko sa mga kaibigan ko at tinignan sila.

Nagkatinginan naman silang tatlo. Tinignan nila ako at tumango ako. Sabay tingin kay nerd at ngumiti silang tatlo ng nakakaloko. Si nerd naman tinignan ako ng nagtataka

“anong gagawin nila?” bulong sakin ni Mikee.

“mag-mamagic” nakangiting sabi ko kay Mikee.

Lumapit kay nerd yung tatlo kong kaibigan. Pinunit ni Aira yung manggas ng damit ni nerd. Nanlaki yung mga mata ni nerd. Tinanggal naman ni Frances yung

tali sa buhok ni nerd para mailugay na yung buhok nito. Si Dhonna naman humiram ng gunting sa bartender at ginupit ang mahabang palda ni nerd. Tinali naman ni Frances ang gilid ng t-shirt ni nerd sa gilid gamit ang paali sa buhok ni nerd kanina at ibinuhol ito ng maayos.  Kumuha si Aira ng make-up sa bag nya at inayusan si nerd.

“ayan much better, hindi ka na nakapang simba.” nakangiting sabi ko sa kanya.

“wow. Magic nga” sagot ni Mikee

Nagpatuloy kami sa pagsasaya, at dahil sobrang successful ng PANGMAYAMANG REVENGE KO kaya naman LIBRE kami sa bar ni Aira. Hayyy. Ang sarap talagang magkaroon ng mga kaibigang mayayaman. Syempre dapat lang, mayaman ako e. Hinila nila si nerd sa dance floor, ako naman tinignan lang silang magsayawan. Ayokong makisali sa pagsasayaw nila dahil may mga kasama silang mahihirap.

Habang nagsasayawan sila sa dance floor ako naman hindi maalis yung ngiti ko sa labi ko. Pinapaulit ulit ko sa utak ko yung mga nangyari kanina. Yung tensyon. Yung hindi maipintang muka ni Avy at Ian. Mga mapanghusgang tingin nila kay Avy na minsan na nilang ibinigay sa akin. Mga malakas na bulong bulungan na kulang na lang banggitin yung pangalan mo para malaman mong ikaw yung tinutukoy nila. Ganun sila magbulungan. Nakakabingi.

Gusto kong ulit ulitin at damahin ulit yung mabilis na pagtibok ng puso ko sa sobrang galit, excitement, saya, lungkot at kung ano ano pang emosyon na naramdaman ko kanina. Pero syempre mas nangibabaw sa akin ang galit. Galit na dinala ko ng limang taon. Galit na hindi ko alam kung pano nagsimula at kung kailan matatapos. Galit na naging dahilan kung bakit ako naging MALDITA. At galit na dahilan kung bakit ako nasasaktan ngayon. Nasasaktan dahil alam ko na kahit na ilang ulit kong gawin ang PANGMAYAMANG REVENGE ko kay Avy, HINDI NA MABABAGO ANG KATOTOHANAN NA HINDI AKO PINANIWALAAN NG MGA MAGULANG KO AT INIWAN NILA AKO.

Dapat Masaya ako ngayon, kasi nakaganti na ko kay Avy, napatunayan ko na sa lahat na mali silang lahat ng pagkakakilala sa akin. Pero ito ako ngayon, nag-iisip ng kung ano anong bagay. Hindi ako to. Kahit ako naiinis ako sa sarili ko. Hindi sumasang-ayon ang katawan ko sa gustong maging reaction ng utak ko. Sinasabi ng utak ko na “magmaldita ka ngayon. Mag-enjoy ka. mag-saya ka.” pero yung katawan ko ayaw makisama.

Umiling iling na lang ako sa pag-aakalang mawawala lahat ng iniisip ko, pero hindi din nakatulong. Kinuha ko na lang yung baso ko at inubos ang laman nito. Malakas kong binagsak sa lamesa ang baso habang hawak ko at hinigpitan ang hawak dito.

"AAAARRRRRRRRRRRGGGGGHHHHHHHHHH" sigaw ko.

Lahat halos ng tao sa loob ng bar ay natigilan dahil sa pag-sigaw ko at sa ginawa ko. Lahat sila ay napatingin sa direksyon ko. Dali daling lumapit ang mga kaibigan ko sa kinaroroonan ko.

"Sh*t, what's wrong with you? Hindi mo ba alam kung magkano yung baso at salaming binasag mo?" galit na tanong sa akin ni Aira.

Dahil kasabay ng pagsigaw ko ang buong pwersa kong pagbato sa may wall na may salamin ng basong kaninang hawak ko.

"Don't worry, mayaman ako. Kahit buong bar mo kaya kong bilhin." Mataray na sagot ko sa kanya

"tssk. Grabe ka. Bigla ka na lang nag-babasag ng baso dyan. Yan naman ba ang trip mo ngayon?" sabi ni Frances

"Pakialam mo ba?" sagot ko sa kanya at tinignan sya ng mabilis.

"woah. Kung may problema ka wag ka sa bar ko magbasag. Tssk." Sabi pa ulit ni Aira at nagpatawag sya ng maglilinis nung ginawa kong kalat.

Agad din naman bumalik sa pagsasayaw at pag-inom yung mga tao pagkatapos nilang makichismis sandali. Tss. Mga usisero. Gawain talaga ng mga mahihirap.

"o sige balik tayo ng resort. Dun ako maninira." Sabi ko

"hoy, maldita ka talaga, wag naman sa resort ko. Hindi pa nga tapos magligpit yung mga tao ko dun dahil sa pangmayamang revenge mo. Maninira ka naman. Aba alam kong maldita ka pero pass muna yung resort ko" alma naman kagad ni Dhonna.

"edi sa hospital na lang" sabay tingin ko kay Frances at nginitian sya

Nanlaki naman yung mga mata nya at agad syang umalma

“hoy hoy, ayoko ng iniisip mo. My God, baka ako pa yung dumiretsyo sa Hospital namin kapag dun ka nanggulo, hindi pa nga ako bayad sa ginawa kong kalokohan dadagdagan mo pa” sabi nya

Ilang segundong kaming natahimik, at maya maya ay sabay sabay nagtawanan. Si Mikee at nerd naman parang naguluhan sa amin. Pero maya maya ay nakitawa na din. Ganun talaga kapag mga totoong kaibigan mo, kahit hindi kayo magsalita basta magkatinginan lang kayo bigla na lang kayong matatawa na parang nag-usap usap na kayo sa utak nyo. At yun ang lamang ko kay Avy. nakuha man nya halos lahat ng mga taong malalapit sa akin, pero kampante akong hinding hindi nya makukuha ang limang taong kasama ko ngayon. konti man sila pero atleast alam kong hinding hindi nila ako iiwanan sa ere.

Kung may natutunan man ako sa ginawa kong pangmayamang revenge-- yun ay,

HINDI KO KAILANGANG MAGPANGGAP PARA MAY TUMANGGAP SA AKIN, nakakatuwang isipin na kahit na MALDITA ako, may limang tao na gusto pa rin akong makasama. LAITERA, ISNABERA, BRATINELLA, INOSENTE AT MABAIT. Magkakaiba man kami at sablay man sa ugali minsan pero atleast hindi namin pinipipilit maging perpekto para magustuhan ng ibang tao.

HINDI KO DIN KAILANGAN NG MARAMING TAO SA BUHAY KO PARA MAGING MASAYA AKO. Sa limang taon kong hindi nakasama ang mga magulang ko, yung panahong hindi ko alam kung paano ako mag-sisimula, lahat ng yun pinalitan ng limang tao na nagparamdam sa akin na hindi ako nag-iisa. Puro kalokohan man yung pinapayo nila sa akin, hindi man ako madalas makarinig ng mga magagandang salita sa kanila at hindi man sila makarinig ng kahit na anong papuri mula sa akin, pero alam namin na kahit anong mangyari, at sino man ang gagawan namin ng PANGMAYAMANG REVENGE….hinding hindi namin pababayaang lumaban mag-isa.

“Thank you guys” nakangiting sabi ko sa kanila.

Tinignan lang nila ako at saka sila ngumiti sa akin.

“Anytime” sabay-sabay nilang sabi at niyakap nila ako.

Ilang salita lang ang bintiwan namin sa isa’t- isa pero sapat na yun para malaman nila kung gano ako nagpapasalamat na dumating sila sa buhay ko at sila ang mga kaibigan ko, at sapat na ang isang salita nila para sabihin sa akin na hindi nila ako iiwan.

**************

**MALDITA 15**

***bahay**

2 weeks na ang nakakalipas magmula nung nangyari yung pangmayamang revenge ko. 2 weeks ko na ding hindi nakikita o nararamdaman man lang ang presensya ni Avy. Kahit si Miranda sobrang tahimik lang nung mga nakaraang araw. Oh well, natakot na ata sakin kaya ayaw na nya akong kalabanin. Balita ko nga kay Daldalita na after daw umuwi ni Avy galing sa welcome party nya ay umalis daw kagad. Kahit papano pala may mapapala ako sa kadaldalan ni daldalita. Medyo nalungkot nga lang ako sa sinabi nya sakin. Come on. Nag-uumpisa pa lang ako tapos umalis na si Avy? masyado ko ba syang binigla dahil dun sa pangmayamang revenge ko? Shocks. Dapat pala dinahan dahan ko, ayan tuloy natakot na sya. hayyy. Nakakalungkot naman wala ng thrill ang buhay ko.

Bakasyon ko pa naman ngayon. Ang boring. wala akong masampolan. $4^{th}$ year na ako next sem. Syempre ganun din si Nerd na kasalukuyang nagbabakasyon somewhere. Si Mikee naman busy sa pagcocompute ng grades. Sabi ko nga sa kanya wag na syang magturo wala din naman syang tinuturong maganda. Mga kaibigan ko? busy silang lahat. Syempre mga negosyante na kasi sila. Yung ISNABERA busy sa bar nya. Yung LAITERA naman busy sa resort nya. Yung BRATINELLA naman busy din, tinuturuan na kasi sya na imanage yung hospital nila.

Ako? Matagal nang nakapangalan sa akin ang School namin. Actually kasing tanda ko yung school namin kaya naman sakin pinangalan ni Daddy yun. Yung araw na pinanganak ako ay yun din yung araw na natapos gawin yung school, kaya nga sabi nila sa akin dati na talagang para sa akin na yung school. Syempre sa ganda kong to, dapat lang na sa akin mapunta yung school.

*ring ring ring ri---

“o?” mataray na sagot ko sa kabilang linya. Istorbo sa pagpapahinga ko.

“hello there Avah” sagot nya

Bumangon ako sa pagkakahiga ko sa kama at napangiti ng sobrang lapad nung narinig ko yung boses nya

“hiiiii. Ghad! I miss you!” Masayang bati ko sa kanya

“I know. I miss you more.” Sagot nya

“how are you?” malambing na tanong ko sa kanya

“tss. Doing great. how about you?” tanong nya

“perfectly lonely. *sigh* I want to see you” nakangiting sabi ko sa kanya

“don’t worry avah, we will see each other soon” sabi nya

“tss. How soon? You still can’t get over about my awesomeness huh?” natatawa kong sabi sa kanya

“funny avah, funny. Just wait and see.” sabi nya

“hah. Sure dear, I’ll wait for you, but don’t make me wait longer OR ELSE….I will be the one to search for you.” sabi ko sa kanya

“no need avah, I’ll just surprise you. So better be ready and always put your guard up… I WILL GET EVEN.” Sabi nya

“should I be scared now? Tss. Come on, what I just started is just a warm up and you already playing hide and seek. Hahaha.” Natatawa kong sabi sa kanya

“confident much? Fine, your pangmayamang revenge was cool. But wait for mine.” Medyo iritadong sabi nya

Oh. Yes. si Avy ang kausap ko sa phone. Bakit akala nyo lalaki? Tss. Pede ba, hindi love story yung kwento ko. dadating tayo sa love story chuchu na yan. For now, pagmamaldita ko muna ang pagsawaaan nyo. >:P

“so? Balak mong gayahin yung pangmayamang revenge ko? come on Avy, originality naman.” Sabi ko sa kanya

“whatever avah. I have my own plans, kaya wag kang makampante dyan.” Sabi nya

“kfine. Bye sis. Talking to you make me wants to go to sleep. *yawn*”

hindi ko na hinintay na makasagot sya. Ang mga maldita dapat ang unang nagbababa ng telepono. Tss

ano na naman kayang pinaplano ni Avy? oh well, siguraduhin nya lang na malalampasan nya yung pangmayamang revenge na ginawa ko sa kanya, kung hindi papalipadin ko sya sa China.

Bored na bored na talaga ako, alam ko na. *evil laugh*

*resort

Oh yes, summer ngayon kaya naman magswiswimming ako dito sa resort ni Dhonna. may swimming pool kami sa bahay kaya lang ayoko dun, boring ako lang mag-isa. Kaya naman dito ako magmamaldita.

“what are you doing here avah?”  tanong sa akin ni dhonna

“baka magshoshopping? Tss. like duh? Resort ‘to, may cottages, rooms, food stalls and OH SWIMMING POOLS” sarkastikong sagot ko sa kanya.

“may swimming pool ka sa bahay diba? Alam ko namang ayaw mo nakikijoin sa mga ‘mahihirap’. Don’t tell me naubusan kayo ng chlorine?” pang-aasar nya

“paliguan kita ng chlorine dyan e. tsss. Boring sa bahay e.” sagot ko sa kanya

Patingin tingin ako sa buong resort nya. naghahanap na kasi ako ng pupwestuhan.

“bakit di ka magshopping?” tanong nya

“ayoko,puro sales and discounts. Cheap……hey, I’ll go ahead sayang oras ko wala kang kwentang kausap.” sabi ko sa kanya at nag-umpisa nang maglakad

“MALDITA KA TALAGA” sigaw nya

“haha. I know”

Lumapit ako sa pwestong napili ko, hindi gaanong mainit, sakto lang. at ang ganda ng view. Nilapag ko na yung mga gamit ko dun sa upuan. Naglagay na din ako ng sunblock. Syempre hindi pedeng masira ang kutis ko. Kitang kita ko din lahat ng mahihirap na nagswiswimming.

May balyena, hipon, sugpo, bisugo, ohhh, may shokoy din. Ghad. BAKIT ANG DAMING LAMANG DAGAT SA SWIMMING POOL???

“hey miss, you need help?” tanong sa akin nung lalaki.

Tinignan ko sya mula ulo hanggang paa. In fairness muka naman syang tao. Sa di kalayuan nakita ko yung tatlo pang lalaki na nagsisikuhan at nagbubulungan. Mga kaibigan ata nitong lalaki. Mukang nag-eenjoy silang panoorin kung anong gagawin ko dito sa kaibigan nila. Tss. Fine. pagbigyan.

Ngumiti ako sa lalaki. Iniabot ko sa kanya yung lalagyan ng sunblock ko, muka atang hindi nagets ni kuya.

“oh? Tatanga forever?” sabi ko sa kanya

Buti naman natauhan sya. Inabot nya yung sunblock ko at umupo na sa tabi ko. Uumpisahan na nya akong lagyan ng sunblock, pero nilingon ko sya ng natatawa, nagtaka naman sya.

“so, lalagyan mo talaga ako ng sunblock? Haha. Alam mo minsan pahamak ang first instinct.” Sabi ko sa kanya

Kumunot naman yung noo nya. tss

“nag-offer ka ng tulong right?” tanong ko sa kanya ng nakangiti

“Yeah. That’s why I’m about to put sun block on your back.” kunot noo nyang sagot.

Tss. Kahit muka ka pang tao, hindi ka makakaligtas sa kamalditahan ko. Sorry ka na lang kuya, ayoko makipaglandian sayo, wala pa kong balak magpalit ng relationship status.

“sorry to disappoint you dear, hindi yun ang kailangan kong tulong. Masyado ka naman atang sinuswerte kung mahahawakan mo ang napakakinis kong likod.” Nakangiti kong sagot sa kanya habang nakatingin sa palad nya

Muka naman atang mayaman si kuya. Isang tingin ko pa lang malambot yung palad nya, at sa porma nya, may sinabi si kuya. Pero ayoko pa din, masyado pa akong maganda para sa kanya.

“so, why did you gave it to me?” iritadong tanong nya habang pinopoint sa muka ko yung bote ng sun block.

Ok na sana e, muka nang tao,mayaman, BASTOS lang. HAH. May attitude din tong si kuya e, at dahil dyan sasampolan talaga kita. BWISET KA.

“itapon mo yan, ang layo kasi ng trash can oh” sabay tingin ko dun sa trash can.

At ang ginawa nya? binato ba naman sa sahig yung bote ng sun block. Muntik na matamaan yung maganda kong paa dun ahh. bwiset.

“itapon mo yan mag-isa.” Sabi nya at tinalikuran ako.

“aba bastos ka ahh. ikaw tong nag-offer ng tulong, tapos nung binigyan kita ng gagawin aarte ka?” napatayo ako sa sobrang inis sa kanya. Nilingon naman nya ulit ako.

“ang swerte mo naman ata at isang gwapong mayaman ang gagawin mong basurero.” Nakangising sabi nya

“gwapo? Asan?” tinignan ko pa yung paligid ko kung nasan yung gwapong sinasabi nya

“tss. Kahit anong tingin mo sa paligid mo wala ka talagang makikita. Nasa harapan mo LANG kasi.” Mayabang na sagot nya.

“ohh. So kung ikaw ang basehan ng salitang GWAPO, edi wala ng PANGIT?” nagtatakang tanong sa kanya.

Hah. Akala mo ha, ang yabang. Muka lang naman syang tao, hindi naman sya gwapo para sa akin.

Natigilan naman sya sandali. Hah, sabi na e, walang binatbat tong lalaking to. Tulad ng ibang lalaki, at sa kahit na anong sitwasyon. SA UMPISA LANG MAGALING.

“ha-ha-ha, ang dami kong tawa sa’yo Miss, mga tatlo. Patawa ka. Ngayon lang ako nakakita ng clown na payat.” Nakangising sabi nya

Gago to ahh. bastos. Bwiset. Letche.

“Wow, nahiya naman daw ako sa katawan mo. Can’t afford mag-gym?” hah. Hindi ako papatalo sayo. Letche.

“No need para mag-gym *hubad ng sando* natural e. *kibit balikat* and by the way, kung iniisip mo na kaya kita nilapitan ay dahil type kita, sorry to tell you, napilitan lang ako *turo sa mga kaibigan nya* wala kasing mga taste yung mga kaibigan ko kaya ikaw yung pinalapitan sakin. ” sabay ngisi

“at hindi din kita ty—“ sagot ko sana na pinutol ng hambog na ‘to.

“one more thing, thank you din dahil hindi mo hinayaan na lagyan kita ng lotion sa likod”

“aba talaga, hindi ko hahayaang mahawakan ng isang hambog na kagaya mo ang napakakinis kong likod.” Sabi ko sa kanya

“don’t worry, pareho lang naman tayo, ayoko din namang madumihan yung napakakinis at napakabango kong kamay nang dahil sa paghawak sa likod ng isang malditang kagaya mo”

Pagkatapos nyang sabihin yun, umalis na sya habang naglalakad sya, sinuot na nya ulit yung sandong hinubad nya kanina at pumunta na sya sa mga kaibigan nya. naghigh five pa.

Ako? Naiwan na nakatayo at tulala.

“HINDI PA TAYO TAPOS GAGO” sigaw ko sa kanya. Bwisit sya. sinira nya yung araw ko.

“GWAPO. HINDI GAGO” pagtatama nya

“AARRRRGGGHHH LETCHE” sagot ko.

Tumawa lang sya at nawala na nang tuluyan sa paningin ko.

**********

**MALDITA 16**

***resort**

Nawalan na ako nang gana na mag-swimming dahil sa letcheng lalaking yun, kaya naman niligpit ko na yung mga gamit ko at naglakad palabas ng resort. Uuwi na ako. Nakakabuwiset. Naiistress ako lalo.

Habang papalabas ako ng resort sinalubong ako ni Dhonna sa may exit

“I saw that” mapang-asar na sabi nya sa akin

“saw what?” iritado kong tanong sa kanya, habang patuloy na naglalakad papunta sa parking lot.

Bakit ba kasi ang layo ng parking lot dito. Asar. Sumasabay yung init ng panahon sa init ng ulo ko, kaya naman pati yung dugo ko kumukulo.

“The little scene you had with the meanest guy in town” sabi nya na medyo natatawa pa.

Yeah right. Hindi lang sya mean. Isa syang bastos, walang modo, antipatiko, kupal, siraulo, makapal ang muka, balasubas,arogante, gago, bwiset, at pinakaletcheng lalaking na-encounter ko. lahat na nang masamang description sa

isang lalaki…oh wait, let me rephrase that, lahat na ng masamang description sa isang TAO sinalo na nya.

arrghh. Kumukulo na naman yung dugo ko kapag naaalala ko yung kupal na yun. Nilingon ko si dhonna

“o tapos?” mataray kong tanong sa kanya. At naglakad na ulit ako papunta sa parking lot. Uwing uwi na ako. Kelangan kong itulog to, dahil kung hindi ko itutulog tong init ng ulo ko, kelangan ko ng taong pagbabalingan ng inis ko.

“hahahahahaha. Grabe lang yung tawa ko kanina nung pinapanuod ko kayong magsagutan. Ang dami ko ngang tawa e. hahaha.” halata namang tuwang tuwa sya sa nakita nya diba?

Ayan na naman yung “ang dami kong tawa” naalala ko na naman si kupal. Bakit kelangan pang bilangin yung tawa nya? badtrip sya ahh.

Huminto ulit ako sa paglalakad at nilingon ulit tong laitera forever na to.

“so pinanuod mo lang ako makipagsagutan dun sa kupal na yun? ni hindi mo man lang ako tinulungan? Anong klase kang kaibigan? Bakit hindi mo sya pinaalis sa resort mo kanina?” inis na inis na tanong ko sa kanya.

Aba sino ba naman ang matutuwa, hindi man lang nya ako tinulungan, to think na sya yung may-ari ng resort at kaibigan nya ako. diba dapat responsibilidad nyang ayusin yung gulo sa resort nya? hayyy. Nakakabadtrip lang

“hahaha. Avah dear, hindi ko sya pedeng paalisin ng basta basta noh” sagot nya kaya naman tinaasan ko sya ng kilay at nag-crossed arms ako.

“bakit? Don’t tell me, type mo? kasi kung oo kalimutan mo nang kaibigan mo ako” banta ko sa kanya

“hahahaha. Hindi no. what I mean is. Isa sya sa mga regular customer ko, VIP yun dito. Actually itong resort ko yung palagi nyang kinukuha kapag may mga event at ito pa,nakita mo ba yung garden? At yung mga kung ano anong puno na nakalagay dyan sa resort ko? sya kaya nag design nun.” Paliwanag nya

Kusa namang hinanap at inalala nang utak ko yung itsura ng garden na sinasabi nya. in fairness maganda nga. At nakadagdag ng attraction dito sa resort nya.

“akalain mong may talent pala yung kupal na yun.” komento ko sa kanya

“hahaha. Yup. Isa sya sa mga highest paid landscape architect dito sa Pilipinas, may pagkamasungit lang talaga.” nganga naman ako sa sagot nya

Highest paid landscape architect? For real? Yung kupal na yun? parang ang bata pa naman nya para magkaroon ng license. Ahh basta hindi kayang tanggapin ng utak ko na yung kupal na yun ay MAS ANGAT sakin.

“oh? Natahimik ka dyan. Ano nakahanap ka ng katapat mo noh? hahahahahaha” pang-aasar sa akin ni dhonna.

“tss. Yung kupal na yun ang katapat ko? HAH. Muka nya, pangit.” sabi ko sa kanya

“sus. Yun pa ba ang pangit? Hindi naman ahh. wag ka teh, choosy yun pagdating sa babae. Wala pa nga akong nakikitang babaeng kasama nun e.” pagtatanggol pa ni dhonna

“choosy pa sya, e ang pangit naman nya. tss” sabi ko kay dhonna at tinawanan nya lang ako.

“wag kang tumawa, ayokong nakikitang masaya ka.” pagbabanta ko sa kanya

Pero ang bruha hindi pinakinggan ang banta ko sa kanya at kinalikot lang yung camera nya. kaya naman kumunot ang nuo ko.

“look” sabi nya sa akin. at medyo nilapit nya sa akin yung camera nya para Makita ko.

Nanlaki yung mata ko sa pinapanuod nya sa akin. Bwisit tong bruhang to, hindi pala nakuntento sa panunuod samin kanina at nagawa pang i-video. Aagawin ko sana yung camera nya at ibabato para mabura kaya lang mabilis pa sa alas kwatro nyang inilayo sa akin.

“impakta kang bruha ka, sirain mo yang camera mo” sabi ko sa kanya

“grabe ka naman. Pede namang idelete. Sirain kaagad?” sabi nya

“eh sa hindi uso sakin ang delete e. gagawin mo ba o ikaw yung buburahin ko sa mundo?” pagbabanta ko sa kanya

“nu-uh, hindi mo ko madadaan dyan sa pananakot mo avah,ano ka ba, remembrance to. biruin mo ang isang Avah “Maldita” Chen ay tumiklop sa isang

lalaki? Hahaha I can't wait to see Frances and Aira's reaction when they saw this EPIC video of yours." May halong excitement sa tono ng boses nya.

Ahh ganon. Tignan ko lang kung hindi ka matakot sa sasabihin ko sayong babae ka.

"e kung pinapasabog ko kaya tong resort mo, kasama ka at video-han ko din para masaya, para naman may remembrance din kami ng pagkamatay mo. mas exciting yun diba? Ano kayang magiging reaction nina Aira at Frances? Im sure mas matutuwa sila. Or much better kung tatawagan ko na lang sila para LIVE nilang Makita." Nakangiting sabi ko sa kanya

Napatigil naman sya sa pagtawa at tinignan ako. malamang naghihintay to na sabihin kong joke lang. muka nya, hindi uso sakin ang salitang joke.

"grabe naman, papatayin mo agad ako? eto naman ang KJ. Buburahin na nga e *kalikot sa camera* ayan wala na,burado na. tss".

Good. Buti naman natakot sya dahil kung hindi papasabugin ko talaga tong resort nya.

"ktnxdie" sabi ko sa kanya at tinalikuran na sya. nagpatuloy na ulit ako sa paglalakad papunta sa kotse ko.

Bubuksan ko na sana yung pintuan ng cute na cute at nagmamaldita kong purple mini cooper nung biglang sumama ang hangin at automatic na kumulo ang dugo ko. May nadetect ang MALDITA RADAR ko na kailangan kong MAG-MALDITA MODE ON and MALDITA LOOK. Wag kayo, ako lang ang may ganyang RADAR, syempre kelangan laging ALERT

"kotse mo? Nice. Cute ha, ang liit" sabi nung ungas.

Sino pa bang siraulong antipatikong gago ang magtatanong sa akin nang obvious na ang sagot? Tss. Tinignan ko lang sya ng masama.

"san ka nakakita ng MINI COOPER na kasing laki ng BUS?" mataray kong sagot sa kanya

"sinisigurado ko lang naman na kotse mo talaga yan" sagot nya

"ohh. Di ka lang pala mayabang, tanga at bulag pa. bubuksan ko ba to kung hindi sa akin to?" sagot ko sa kanya

“CHILL, MISS. Bakit ang mga carnapper nagbubukas ng kotse na hindi naman sa kanila?” casual na tanong nya at sumandal pa sa kotse nya.

yabang talaga. naka Ferrari, sige ikaw na ang highest paid ekek. Pangit ka pa din. Bwusit.

“so sinasabi mong carnapper ako? wow. Sa yaman at sa ganda kong ‘to? kayang kaya nga kitang bilhin e, magkano ka ba huh?” sagot ko sa kanya nang nakapamewang.

“maganda nga. Pangit naman ng ugali.” Bulong nya na narinig ko. ang lakas e.

“edi inamin mo din na maganda ako. sakin ugali lang ang pangit. E ikaw? Ang pangit mo na nga ang pangit pa ng ugali mo. pasalamat ka sa kotse mo at may natira pang maganda sayo.” Sabi ko

“ha-ha-ha-ha-ha. *kasabay ng tawa nya yung pagbilang sa daliri nya* ang dami kong tawa sayo. LIMA” *pinakita nya sa akin yung palad nya* at hindi ko sinasabing carnapper ka, masyado ka namang defensive. Napaghahalata ka tuloy.” Nakangising sabi nya

P*@#%$#$%$^ sino ba kasing nagpauso ng pagbilang ng tawa. Papaslangin ko na talaga.

“ang kapal talaga ng muka mo no? lumayas ka sa harapan ko letche ka, ang pangit mo.” naiirita kong sabi sa kanya

Binuksan ko yung backseat ng kotse ko at inilagay dun yung mga gamit ko.

“bakit may nakita ka na bang taong manipis ang muka? Kung meron kang alam na bilihan ng manipis na muka, ituro mo naman sa akin bibili ako. baka kasi bagay sakin e.” nang-aasar na sabi nya

Isinarado ko nang malakas yung pintuan ng kotse ko na medyo ikinagulat naman nya. kung makapagpower trip tong kumag na to akala mo gwapo. Bwusit.

Tinignan ko sya nang masama at nagsmirk lang sya sa akin.

ok Avah. Kaya mo yang kupal na yan. Wag kang papatalo. Hindi yan ang taong makakapagpataob sayo. Tapusin mo na yang kupal na yan.

Huminga ako nang malalim para icharge ang pagkaMALDITA KO. syempre nauubusan din ako nang kamalditahan lalo na kung naunahan ako ng badtrip,

hindi ako makapaconcentrate e. nung naramdaman kong FULL CHARGE NA KO NANG

KAMALDITAHAN. Tinignan ko ulit sya. pero this time kalmado na ako at ngumiti sa kanya. Medyo kumunot naman ang nuo nya at nagsmirk dahil sa pag-iiba ko ng AURA.

Akala nya siguro suko na ako sa kanya. Well sorry ka na lang dude.

MAS MATAKOT KA KAPAG NGINITIAN KITA, UNGAS.

“kahit may alam akong bilihan ng manipis na muka, hinding hindi ko sasabihin sayo. Hindi kasi bagay sa ugali mo. Namamangha nga ako sayo e, anong ginagawa mo sa mukha mo bakit sobrang kapal nang kalyo?”

And there finally, tumahimik ka ding kupal ka.

Tss. Binuksan ko na nang tuluyan yung pintuan nang driver seat at bago ako makapasok napansin kong sasagot pa sya kaya naman inunahan ko na sya.

“OH? AARTE PA?”

Now we’re EVEN.

Tuluyan na akong pumasok sa kotse ko at umalis nang resort nang may ngiti sa mga labi ko.

Welcome to my hate list KUPS.

*****

**MALDITA 17**

***bahay KO**

“ANG INIT, ANG INIT, ANG INIT, ANG INIT, ANG INITTTT” paulit ulit na reklamo ko habang pababa ako galing sa kwarto kong maganda. Bakit kasi ang init init sa Pilipinas? Grabe. Pabago-bago pa ng panahon, ang init-init tapos bigla na lang uulan. LABO.

Parang lalaki, hindi mo maintindihan kung anong gusto,kung pure landian lang ba o seryoso. E dahil may mga babaeng seryoso sa buhay ayan, lahat nang gawin nung lalaki MAY MALISYA sa kanya. ASYUMERA. HAHAHA.

Tapos kung todo iyak pa. jusme. HINDI PA END OF THE WORLD. Ang dami pang lalaki dyan. Kung ayaw edi wag. Sila pa aarte? Sayang ang ganda kaya gora na sa iba. :P

“DALDALITA! DALDALITA!” obvious naman na tinatawag ko yung maid diba? Sya lang kilala ko sa lahat ng maid dito e.

“yes Miss Avah?” kung todo smile pa ang gaga.

“ipaghanda mo ako ng meryenda bilis! Shoo” utos ko sa kanya.

Agad naman syang sumunod sa akin. natural as if naman na may iba pa syang choice bukod ang sumunod?

Nagpunta ako sa sala para dun hintayin yung meryenda na pinahanda ko kay Daldalita. Wala kasi si Tanda, nagpakamatay na.

YUN ANG GUSTO KONG MANGYARI.

Kaya lang unfortunately, nasa probinsya lang sya at nagbabakasyon. Doon daw kasi sya magpapalipas ng mahal na araw. Oh diba? Akalain nyong alam nya yung mahal na araw? Haha. Naloka nga ako e. pero kung sabagay, lagi naman byernes santo yung muka nya e, kaya walang bago dun.

Saan yung probinsya ni Tanda? Sus. Tinatanong pa ba yun? hindi pa ba obvious? TAGA CAPIZ yun. isa sya sa mga sikat na aswang dun e. kaya nga nagtatago ngayong mahal na araw, syempre mahirap na baka madasalan pa sya eh umusok sya bigla at maging abo. Hindi naman ako payag na ganun sya mamamatay. Gusto ko kasi pag namatay sya mala- SAW, o kaya WRONG TURN or much better kung yung sa FINAL DESTINATION. COOL DIBA? :P

Heto ako nasa bahay lang buong mahal na araw, kasama ang mga maid kong hampaslupa. No late night gimiks and No shopping till I drop. Sa madaling salita BORINGGGGGGGGGGG ang mahal na araw ko.

Nasa kanya kanya ding probinsya yung mga kaibigan ko. si Dhonna lang ang sobrang busy dahil fully booked ang resort nya. at ayokong pumunta dun, NAIIMBYERNA AKO, baka mamaya sumulpot na naman si kupal, baka hindi ko mapigilan yung sarili ko at makapaslang ako ng isang kupal. Ayoko naman makulong sa isang pipityuging JAIL.

Haaaayyyyyyy. Sa mga ganitong panahon ko nararamdaman yung FOREVER ALONE CHORVA. Kainis. Kapag lumabas naman ako ng napakaganda at sosyal

kong bahay baka masira lang yung skin ko sa sobrang init. Idagdag mo pa ang TRAFFIC FREE ngayon dahil halos lahat ay nasa kanya kanyang probinsya.

Kaasar naman kasi dapat bumili si Daddy ng island sa Palawan, para naman kahit papaano may sarili akong island at bakasyunan. Oo na, ako na ang walang probinsyang mauwian. Kasalanan ko bang China ang ginagawa kong probinsya? Ganun talaga kapag mayaman. Kaya lang hindi pa ako pede magpunta dun, kahit gustong gusto ko. ayoko namang magmukang maganda at mayamang tanga doon kapag inisnob nila yung presensya ko no.

“ito na po Miss Avah” at inilapag na nya yung pagkain ko dun sa table.

“ang tagal mo. titingin pa e, alis na” hindi uso sakin ang thank you e, umalis na din naman sya.

Kinain ko na yung dala nyang pagkain at kinuha yung magazine doon sa may table. Busy ako sa pagbabasa nung magazine at napahinto ako sa isang page. Tinitigan kong mabuti yung nasa picture, pati na rin yung iba pang picture sa kabilang page. CONFIRMED. Dalawang page pa talaga yung sakop nya. THE NERVE.

Seriously? Sikat tong KUPAL na ‘to? eh bakit hindi ko sya kilala? Oh well, kung sabagay, hindi ko naman bet yung field nya. wala akong interest sa paghahalaman, at kahit anong related sa gardening chuchu na yan. Kasiiiii…..

AH BASTA. Ayoko madumihan.

Tama na yung alam ko kung ano ang pagkakaiba nang puno sa bulaklak, at kung maganda ba o panget.

Habang kumakain ako binasa ko yung 2 pages na article about sa kanya. tss. 2 pages talaga? pinag-aksayahan nila ‘to ng panahon para lang icover ang kayabangan nya? sayang yung papel at pinangprint dito.

Hoy. Don’t get me wrong, hindi ko binabasa yung pesteng article nya dahil interesado ako sa kanya. PEDE BA. binabasa ko to, para may alam ako sa kanya. aba syempre, ngayong nasa HATE LIST ko na sya, dapat kilalanin ko sya para naman magkaroon ako ng alas laban sa kanya. hindi ata ako lumalaban ng hindi ako mananalo. Sigurista na kung sigurista basta ang mahalaga SURE WIN.

Tignan nyo na lang yung nangyari sa kapatid kong santa santita. Until now nagtatago pa din dahil masyado syang nashock sa ginawa ko, hindi sya maka-get

over e. hahahaha. Hindi nya kasi akalaing kaya kong baliktarin ang mundo nya sa loob lang ng labing limang minuto. Oh well, dapat lang sa kanya yun.

Let me tell you something people. Oh wait let me rephrase that.. LET ME GIVE YOU SOME MALDITA TIPS

**TAKE YOUR TIME-** wag masyadong magmadali na sumaplpalin/sagutin yung frienemy nyo o kahit sinong epal…kahit kating kati na yung bibig nyo na laitin sya.

**KEEP CALM-** inhale. exhale. Hayaan nyo muna syang ilabas lahat ng insecurities nya sa buhay nya.

**S.M.I.L.E-** yes. ito ang importante sa lahat. Hindi yan basta ngiti lang. dapat NGITING MALAPAD. Tipong hindi mo na kelangan pang magsalita ng madami dahil ngiti mo pa lang ASAR na sya. NGITING MALAPAD LANG HANGGANG SA MATAPOS HA? :D

**OBSERVE-** habang busy sya sa sa mga insecurities nya, itake mo yun as an advantage para obserbahan sya. Wag mong intindihin yung mga panglalait nya sayo magfocus ka sa PANGIT NYANG MUKA. Tignan mo kung pano sya magsalita, kung tumatalsik ba laway nya, lumalaki yung butas nang ilong nya, o kung puputok na ba yung ugat nya sa muka.

**TAKE NOTES-** ang kapatid ni OBSERVE. After mo syang obserbahan umpisahan nyo na syang laitin sa isip nyo. Yes, sa isip muna para mapollute yung utak nyo at mapuno nang panglalait hanggang sa hindi na nito makayanan at kusang lumabas sa bibig nyo na parang NATURAL lang.

**BE HONEST-** since punong puno na ng panglalait yung utak nyo, at hindi nyo na sya nahintay matapos its time para sabihin sa kanya ang katotohanang pangit sya at wag syang nagpapanggap na tao. Pero mas may arrive kapag hinintay nyo syang matapos at sabihin nyong “TAPOS KA NA? AKO NAMAN?” tapos boom, gorabels ka na. Kung gusto mo gumamit ka pa ng bagay na ikukumpara sa kanya para MASAYA.

**BUT.. NO NEED TO SAY BAD WORDS**, pangchipipay lang yun. Dahil ang totoong maldita hindi nagmumura (sa isip lang**) PURE HONESTLY WILL DO**. dahil ang maldita HINDI NANGLALAIT, NAGSASABI LANG KUNG ANO ANG NAKIKITA. :p

**WALK AWAY-** oy,hindi basta aalis na lang yan at maglalakad palayo. Syempre with class yan, after mong sabihin ang katotohanan sa kanya, take some steps

away and lumingon ka ulit sa kanya at sabihin ang famous line ni Avah using your maldita voice, “OH? AARTE PA?” at taas noo kang maglakad palayo nang nakangiti pa rin nang malapad.

GANYAN ANG MGA TIPS. HELPFUL. Magagamit araw-araw. Ako lang nagbibigay ng mga ganyang tips kaya maswerte ka, galing pa yan sa expert sa kamalditahang tulad ko. *evil laugh*

Anyway highway, natapos ko ng basahin yung article chuchu ni kupal. Nilapag ko na sa lamesa yung magazine. Madami dami din naman akong nalaman tungkol sa kanya. Hindi naman masyadong interesting. Basic information lang, at kung ano lang yung ginagawa nya sa buhay nyang walang kwenta. Actually hindi naman pala helpful yung nabasa ko, sayang nag-effort pa kong basahin.

22 yrs. Old. Anak mayaman, na obvious naman. At kinomfirmed pa ng magazine na isa nga sya sa mga highest paid landscape architect dito sa Pilipinas and at the very young age licensed na sya. ghad. Nagcheat siguro sya sa exam nya. family business? Hotel. hindi ko din akalain na sa kanila yung hotel na madalas naming puntahan nina daddy noon. At eto pa, MAY FLOWER SHOP sya. sabi na eh, INSECURE sya sa akin because he is GAY. At kaya sya single dahil bakla sya hindi dahil busy sya. ghad. MALDITA RADAR lang kasi ang meron ako, wala akong GAY RADAR. May younger sister din pala sya. tss. I wonder kung kasing yabang nya din. Oh yes, his name, his 3 letter name. ghad. Ang tipid nya sa pangalan.

**NEO AGUILAR.**

**GOOD AT BEING KUPAL**

**PURE ANTIPATIKO**

***********

**MALDITA 18**

***ring ring ring ri---**

“o?” sagot ko sa bastos na  sumira ng pagtulog ko.

“anong o? anong oras na kaya. asan ka na ba? ang dami nang tao. You have to be here at 8am, 7:40am na. Nakalimutan mo na ba kung anong meron ngayon? Kung tinatamad ka pwede bang wag muna ngayon?” talak nung manok na bading

Kahit antok pa ko, bumangon ako para kunin yung planner ko “may orasan at kalendaryo ako kaya hindi mo na kelangan pang ipaalala sakin, saka hindi nauutusan ang katamaran. Hayyss, eto na mag-aayos na, kainis. Ang sarap sarap ng tulog ko e.” iritado kong sagot habang binubuklat yung planner ko.

TSS. BWISIT. Bakit ko pa kasi kelangan gawin to? Kahit apat na taon ko nang ginagawa ‘to hindi pa rin maalis ang inis ko dito. Kasalanan ko din naman dahil ako lang may pa-uso nito. Oh well dahil din naman sa ginawa ko kaya patuloy akong yumayaman.

“hayyy Avah alam kong wala ka sa mood at alam kong buong MAY kang badtrip, pero alam mo naman na YOU NEED TO DO THIS BESIDES IT’S YOUR JOB. Kaya please lang paki-charge mo na yung MALDITA RADAR mo at kelangan mo yan, madami ka pang sasampolan.’’ Sagot ni Mikee. Oo, sya yung bading na manok. Aga aga kasi putak nang putak, tinalo pa yung doraemon kong alarm clock. (sorry naman hindi ako fan ni hello kitty bukod sa kulay pink sya wala pa syang bibig. -.-)

‘’ikaw na kaya pumalit sa planner ko? dinaig mo pa sa pagreremind eh. Sige na pupunta na, daming segway’’ inend call ko na dahil bastos akong kausap.

Late na pala ko, ok lang. saka kahit ano namang pagmamadali ang gawin ko late pa rin ako, kaya susulitin ko na lang.

DEAR MAY, I HATE YOU! LOVE AVAH.

Ano bang meron sa month na yan at bwisit na bwisit ako? flores de mayo? Labor day? Last month of summer? 5$^{th}$ month of the year? Sana nga yan lang ang meron pero dahil estudyante pa rin ako at higit sa lahat ay isa skong CHEN, na anak ng may-ari ng school na pinapasukan ko hindi mawawala ang ENROLLMENT sa bwan ng MAYO. Yes! Enrollment ang kinabwibwiset ko ngayon. Siguro naman hindi ko na ieexplain kung ano yung enrollment dahil kahit prep eh alam yan, kaya wag tanga ok?

Hindi ko problema ang tuition fee. Hello ako ang anak ng may-ari ng school so bakit ko proproblemahin ang tuition fee? Pila? Hindi ko din problema yan, priority ako, hindi ako pinaghihintay at hindi naman talaga ako maghihintay dahil ako ang hinihintay ng lahat kapag enrollment sa school ko. Ganun talaga kapag magandang mayaman.

Ako lang naman ang nag-a-assess sa lahat ng mga STUPIDENTS sa school ko. Syempre kasama na ang pag-iinterview sa mga NEW STUPIDENTS kung qualified ba sila na makapasok sa school ko. Mostly mga half Filipino ang pumapasok sa school ko at mayayaman talaga. May mga pure Filipino din pero bihira lang hindi dahil sa hindi nila afford ang tuition fee pero dahil sa isang bagay. Later ko na lang sasabihin pagdating sa school.

***SCHOOL KONG SOSYAL**

Tulad nang sinabi ni Mikee, nakafull charge ang maldita radar ko. Dahil ito yung month na kailangang kailangan kong magmaldita. Sure, likas na maldita ako pero ito talaga yung time na hindi ako pede magpahinga sa pagiging maldita.

Wow, puno ang parking lot, syempre may sarili akong parking space kaya naman hindi ako nahirapang magpark. Napangiti naman ako nung nakita ko kung gano na kadami ang gustong makapasok sa school ko. Well, ano pa nga bang masasabi ko. Napakaganda ng school ko, at lahat ng nag-aaral dito mayaman. At ako lang ang BULLY dito. Kaya safe ang mga estudyante sa mga BULLIES. :P

Ang mga old stupidents na nakakalat ay agad tumabi sa dadaanan ko. taas noo akong naglakad papunta sa office ko. Dumaan ako sa may hallway kung saan may mga bagong STUPIDENTS na nakapila, sinundan lang nila ako nang tingin. Tss. Mukang konti lang ang makakapasok ahh. Sa di kalayuan agad kong napansin yung nagtatalo. Tss. Umpisa pa lang may umeepal na? Nilapitan ko sila.

"ehem" pagpaparamdam ko sa kanila. Napatingin naman kagad sila saken. Yung nakapilang babae tinaasan lang ako ng kilay. Aba, nagmamatapang si ate. Kaya tinaasan ko din sya ng kilay. Yung girlaloo naman na wala sa pila nagtakip ng panyo at saka nagsalita.

''ewww are you sick? You make layo from me. Baka I get a flu pa from you'' maarte nyang sabi.

Nagtakip din ako ng ilong at ginaya yung pagsasalita nya. ''ewww, your breath smells basura, haven't you heard about toothbrush and toothpaste? It helps you know. Or should I give you one pa? I'm just a concern citizen and you are creating air pollution.''

Naningkit naman yung mga mata nya sa inis at nakita ko na nagpipigil nang tawa yung mga nakarinig kaya sila yung binalingan ni maarteng ipis.

"Stop laughing. Walang funny" ismid nya

‘’edi stop talking para happy’’ sagot nung babaeng nasa pila. Ganyan. Gusto ko tong babaeng to. Pasok na to sa school ko.

Tumingin saken yung maarteng ipis “how dare you? I have tons of toothbrush and toothpaste kaya, baka ikaw ang wala, bigyan kita gusto mo?’’ nagsmirk pa ang ipis

‘’yun naman pala eh, madami ka naman palang ganun, edi gamitin mo, wag mong idisplay’’ walang gana kong sagot sa kanya. Newbie kasi kaya nakakawalang ganang sagutin. Tinignan ko na lang yung babae sa pila para tanungin kung anong pinagtatalunan nila.

‘’problema nyo?’’ tanong ko

Sasagot na sana yung babae pero umeksena na naman si maarteng ipis. “hey, di pa tayo tapos’’ banta nya sakin. E peste. Tinigilan ko na nga humirit pa. edi pagbigyan. Kinuha ko yung coin purse ko at kumuha ng barya bago ko iniabot sa kanya.

‘’oh. Ito sampung piso, bumili ka nang kausap mo. Wag ka nang umarte kung ayaw mong ipalunok ko to sayo.’’ Sabi ko sa kanya. Edi natulala sya habang pinagmamasdan yung sampung piso sa palad nya.

Binalikan ko yung babae ‘’explain’’ sabi ko.

“Sumisingit kasi sa pila yang babaeng yan.” Iritadong sagot ni Dora, kabuhok nya si Dora e.

“E what’s your problem ba? If the line is not mahaba im not going to make singit” aba nagtataray na ipis. Nakabawi sa pagkakatulala. Nalala ko tuloy si Frances sa kanya sa pagsasalita lang ha. Conyo kasi yun.  Kay dora naman si Aira yung naalala ko prangka. Pero di sya kamuka ni Aira. Kamuka nya si Dora.

“tanga ka kasi hindi mo alam kung pano pumila ng maayos” mataray na sagot ni Dora, in fairness magaling sumagot si Dora, pero mas magaling ako dyan.

“iwan mo kasi yung katangahan mo sa bahay, utak mo kasi pang ipis e” singit ko sa kanilang dalawa.

‘’miss pede bang pabayaan mo na lang sila? Ang ingay eh, dumadagdag ka lang sa gulo nila. Aish. Kung bakit naman kasi pa-vip yung mag-a-asses samen. Ano ba namang school to?’’ iritadong sabi nung lalaki sa unahan at parang bakang umunga ang mga nakapila.

Aba. Edi wag silang pumasok dito. This time umabot na sa boiling point yung dugo ko. kusang nag-on ang maldita radar ko.

‘’naiinip ka? umuwi ka na.’’ sagot ko sa lalaki. Hindi pa nakakasagot yung lalaki bigla na naman sumingit yung ipis. Kainis. Tsinelasin ko to e.

“Me ipis? Sa ganda kong to? Ang kapal ng mukha mo ahh. who are you ba? masyado kang pakialamera ahh.” sagot ni ipis.

“Ang pangit mo alam mo yun? Ay hindi mo nga pala alam kasi kung alam mo di ka magfifeeling  na maganda. Self-proclaimed na maganda ka? kainis. Wag ka ngang nagpapanggap na butterfly dyan.” Sabi ko sa kanya.

“You b*tch” at akmang sasampalin nya ako. syempre sinalo ko yung kamay nya. alerto ako eh and then….

*PAK*

‘’opps, sorry automatic na nanampal nang ipis yung kamay ko eh’’ sabi ko sa kanya

‘’pumila ka ng maayos kung gusto mong makapasok sa school KO’’diniin ko talaga ang pagkakasabi ng KO, para maliwanagan sila. lahat sila gulat ang reaksyon.

“i-ikaw si ms. Avah?” medyo takot na tanong nya

‘’oh! Nice to meet you, dear. *tingin sa lahat* pakisarado ang bibig’’

“no way” gulat pa din sya.

“yes way. At pede ba, kung magmamaldita ka siguraduhin mong hihigitan mo ako dahil yang kamalditahang taglay mo ay wala pa sa kalahati ng meron ako. nice try, but try harder. *tingin sa lahat* kung naiinip kayo, umalis na kayo sa eskwelahan KO, ganun lang kasimple yun. I don’t need you, but I’m afraid that you badly need my school. As if naman kasi na may tatanggap pa sa inyo. SO, SINCE KILALA NYO NA AKO…. WELCOME TO HELL BRATS AND JERKS.”  At nagpatuloy na ako sa paglalakad sa loob ng OFFICE KO.

***OFFICE KO.**

Tulad nang sinabi ko kanina. BRATS AND JERKS ang mga stupidents dito. Dito ineenroll ang mga stupidents na hindi na kayang kontrolin ng mga magulang nila.

Lahat halos sila ay nasa ibang bansa ang parents. Pinanganak na mayaman na akala mo ay sakanila ang buong Pilipinas. Kaya bihira din ang pure pinoy dito dahil nga may mga parents silang gumagabay sa kanila.

Dahil kung may mental hospital para sa mga sira ulo may international school din para sa mga half pinoy na spoiled brats. Dahil kung hindi sila titino goodbye Philippines sila.

“finally, dumating ka na. so I bet na-scan mo na yung mga enrollees” salubong sa akin ni Mikee.

Dumiretso ako sa table ko at inayos yung tambak na papel sa table ko. tss. Kaya ayoko ng MAY. Ngayon alam nyo na?

“hayyy. Imbyerna ko sa mga bago ahh. ang aga aga bwiset” sabi ko kay mikee.

“nako. Mukhang mahihirapan ka sa bagong batch, sana lang mapatino mo tulad nung batch mo na ikaw na lang ang hindi pa tumitino. Ang ironic nga e, ikaw kaya mo silang patinuin pero ikaw mismo hindi mo mapatino ang sarili mo” sabi ni mikee

“tss. Pede ba, sila pinanganak na ganun ang ugali at ngayon pa lang titino samantalang ako pinanganak na mabait at ngayon nagmamaldita.” Walang ganang sabi ko kay Mikee

Nirereserve ko pa yung energy ko para mamaya. Actually hindi naman talaga ganito yung school ko dati. Nagstart lang nung nagmaldita ako. Puro bullies at mean girls kasi yung nandito eh ayoko maintimidate sa kanila at ma-under kaya nagpakilala na ako bilang anak ng may-ari, since then binago ko ang rules ng school. Lahat ilag na sakin. Lahat takot akong banggain. Ginantihan ko lahat ng nangbully sakin at mga mean girls na pinagtritripan ako. Pinakita ko lang sa kanila kung sino ang batas.

Hindi alam ng parents ko yung pagbabagong ginawa ko sa school. Wala naman silang pakialam sakin. At dahil sa changes na naganap, nagboom ang income ng school at dumami ang enrollees sa kagustuhan ng mga magulang nila na tumino ang anak nila para ihanda sa family business. Nakakainggit din minsan kasi kahit ganun sila pinagtutuunan sila nang pansin ng parents nila while me, kinalimutan na ata nilang may anak pa silang naiwan..iniwan sa Pilipinas. Nakakatawa yung mga stupidents dito mag-gogoodbye Philippines sila kapag di tumino. Ako

naman,matagal na nag-goodbye China. Yes. 5 years na din ako hindi nakakapunta sa China.

‘’hey, are you alright?’’ tanung ni mikee, hinawakan nya yung kamay ko, na kanina pa pala nakakuyom. Tss. Nagpapaka-ampalaya na naman pala ako.

‘’yeah nag-charge lang ng maldita radar. Let’s start?’’ palusot ko.

Lumabas sya at tinawag yung first enrollee. Pumasok yung lalaking mainipin kanina.Umupo sya at itinaas ang paa sa may table ko saka nag-smirk. I rolled my eyes sa ginawa nya at saka sya nginitian. Dahil bago sya hindi pa nya alam ang kasabihan sa school ko. KAPAG NGINITIAN KA NI MS. AVAH, MAS MATAKOT KA.

So, let’s the game begin.

*******

**MALDITA 19**

Tulad nang inaasahan, walang kwenta yung nangyaring interview para sa mga incoming freshman stupident. Pakiramdam ko nga nasayang lang yung oras ko at malakas ang feeling ko na masasayang ang buong MAY ko. Imbyerna naman kasi, bakit ko ba kasi kinareer ko?

(malamang Avah, wala kang pang-gastos kapag hindi ka nagtrabaho) –sabi ng konsensya ko.

Oh, wag kang magulat, MAY KONSENSYA AKO. Tama ka rin ng basa, masakit man sa pride ko, ang school ko ang inaasahan ko sa lahat. Wala eh, hindi na ako naalala ng mga magulang ko. Ay letche lang, nagdradrama ako, oh well papel inumpisahan ko na din naman so might as well tapusin ko na diba? So yun na nga, kaya kung mapapansin nyo si baby cooper (mini cooper) lang yung ginagamit kong car, kasi naman wala sakin yung susi nung dalawa ko pang baby si baby chevy (Chevrolet) at baby Ford, kinuha kasi ng aking bulag na ama (bulag sa katotohanan)

“here’s your coffee” sabi ni Mikee at inilapag sa table ko yung coffee from Figaro.

“let’s call it a day Mikee” sabi ko habang umiinom ng kape.

“Let’s call it a day ka dyan, wala pang 5pm. Kakacoffee break mo pa nga lang eh, umayos ka Avah” serom nya sakin. Inirapan ko lang sya.

Alam ko nagtataka kayo kung bakit hindi ko sya tinarayan. Alam nyo naman siguro na professor ko sya, at hindi lang yun, sya kasi yung tumutulong sakin dito sa School. Sya yung naging Adviser ko para patakbuhin tong school, aminado naman kasi akong mas may experienced sya kesa sa akin. I will tell you a secret pala, (oh my kumo-conyo ako, nahawa na ako kay Frances) hindi lang basta friendship si Mikee at Avy, actually BESTFRIENDS sila, kaya nga bitter rin yan kay AVY.

“aarrgghh, nakakainis, bakit kasi ang bagal ng oras kapag gustong-gusto mo nang umuwi? Buti ba sana kung magaganda at gwapo yung mga iniinterview ko, eh hindi eh, ang papangit nila, muka silang lamang lupa at lamang dagat” reklamo ko. Eh kasi naiinip na talaga ako. Ayoko na.

“hahahahaha. Alam mo sana araw-araw MAY, para palagi kitang nakikitang nagdudusa” pang-aasar nya sa akin.

“ay punyeta ka lang, pasalamat ka at nakakatulong ka sakin kung hindi kanina pa kita nilayasan dito” at tinignan ko sya nang masama.

“ikaw naman kasi teh, eksaherada ka masyado. Try mo kumalma.” At prente syang umupo sa may table nya (syempre sa upuan na katapat nang table nya. baka may mamilosopo sakin e) at saka inayos yung mga enrollment form.

“hoy, alam mo nagtataka ako sayo, kung titignan naman kita hindi ka naman mukang bakla.” Pag-iiba ko nang usapan. Kasi naman kung titignan mo talaga sya muka naman syang lalaki, hindi nga lang gwapo pero muka pa ring lalaki. Hahahaha. Bihira lang din syang mag-gay linggo.

“alam mo Avah, bakla na nga ako tapos magpapakabakla pa ako. I mean, look. Professor ako. Tama nang alam ng lahat na bakla ako, hindi ko na kailangan kumilos at umarte na parang babae para lang i-emphasize sa buong planet Earth that im gay. Kung hindi ko kayang respetuhin ang sarili ko, pano pa ako rerespetuhin ng mga estudyante ko at ng ibang tao?” paliwanag nya. Nganga naman daw ako sa explanation nya. Oo nga naman. May sense din pala tong kausap.

“wow, Mr. Mikee Reyes, napahanga mo ako dun for a while ha! I’m just wondering, bakit hindi mo tinuruan yung dati mong BESTFRIEND dyan sa respeto thingy mo?” tanong ko sa kanya.

“pede ba Avah, tigilan mo ko dyan sa bestfriend bestfriend na yan, kinikilabutan ako. Kadiri lang” sabi nya with matching punas pa sa mga braso nya at umarte na parang diring diri. Hahaha. Habang ako tawang tawa sa reaksyon nya, yun lang kasi ang pang-asar ko sa kanya.

“hoy teka, maiba ako, bakit hindi ko na ata napapansing kasama mo si Ms. Aguilar?” tanong nya sakin.

“sinong Aguilar?” nagtatakang tanong ko, wala naman kasi akong kasama parati. Loner kaya ako.

“ano ka ba, sarili mong slave hindi mo kilala, si Hannah Aguilar, si nerd?” sagot nya.

“ahh, Aguilar ka pa kasing nalalaman dyan, pede namang nerd. Aguilar pala surname nun.” Sabi ko at napaisip. Napansin naman nya yung pananahimik ko.

“Oy, natahimik ka dyan” tanong nya

“Familiar kasi yung surname nya, parang narinig ko na sya somewhere, ewan di ko maalala” pagtatapat ko. nagtaka naman sya

“malamang teh, kaklase mo sya sa subject ko at sa iba pa, at idagdag mo pa na personal slave mo sya” sabi nya sa akin na parang sinasabing ang tanga ko para hindi maalala. Pasalamat sya busy ako sa pag-iisip.

“ewan ko sayo, ahh basta narinig ko na yung Aguilar na yun. At ewan ko kung saang lupalop nang Pilipinas nandun si nerd, nagpaalam yun sakin nung bakasyon uuwi daw nang probinsya. Bakit mo hinahanap?” tanong ko sa kanya

“nagchecheck kasi ako ng mga paper ng incoming 4$^{th}$ yr. napansin ko lang na sya lang yung scholar natin, 2$^{nd}$ yr. lang naman sya pumasok dito, yung time na puro spoiled brats na lang tinatanggap natin..”

“oh? Ano ba kasing punto mo? daming paikot ikot e” naiinip kong tanong

“yun nga, bakit sya dito nag-aral at pano sya nakalusot dito? Samantalang salang sala lahat nang students dito” nagtatakang tanong nya

Napaisip naman ako. Oo nga no, kung tutuusin hindi naman sya mukang spoiled brat, eh takot nga yun e.

“eh bakit ako tinatanongmo dyan? Diba ikaw ang nakatoka sa pagcheck nang background nila?” tanong ko

“hindi ko nga kasi alam, kaya nga ako nagtatanong sayo, kasi baka ikaw yung tumanggap. 3rd yr. first sem ko lang napansin si Hannah at mas lalo ko syang napansin nung naging personal slave mo nung 2nd sem.” Sagot nya. Hindi naman kasi talaga kapansin pansin si nerd eh, nung 2nd sem ko nga lang nalaman na nag-eexist pala sya.

“ahh, ewan. Ayoko problemahin si nerd. Icheck mo na lang ulit yung background nya o sya mismo ang tanungin mo… hayyyyy… iresume na nga lang natin yung assessment para makauwi na ako” utos ko sa kanya na agad naman nyang sinunod.

Pumasok na yung enrollee at ang-umpisa na ang walang kwentang usapan. [avah(A); enrolle (E)]

A: course?

E: civil engineer

A: why?

E: paki mo?

A: naawa lang ako sa utak mo, baka bumigay

--

A: why here?

E: like duh? As if I have a choice.

A: like duh? As if I care.

--

A: any expectations?

E: well, I can see myself ruling the school.

A: oh relly? Well, forget it.

--

A: ambition in life?

E: to be a chef

A: oh, hindi halata,

E: what do you mean?

A: hindi halatang may pangarap ka pala.

--

At natapos din ang walang kwentang assessment. Once a week lang namin ginagawa yun, 4 times a month, and the rest of the day dun namin tinitignan kung sino-sino ang pasado para sa entrance exam. Alam ko naguluhan kayo, nauna ang assessment kesa sa entrance exam, hahaha.

Ganito kasi yun, inaassess namin ang mga Stupidents base sa kanilang ATTITUDE and WEALTH. Kapag sa tingin namin ay pede pang itolerate at may pag-asa pa magbago yung ugali nila hindi namin sila tinatanggap.

Ano pang sense nung pagpasok nila sa school ko kung hindi naman talaga mga spoiled brats at FRONT lang pala nila yun. syempre chinecheck din namin yung family business nila, mahirap na baka kasi palugi nap ala yung business nila edi kawawa ako.

“finally, makaka-uwi na ako. grabe, im sure namimiss na ako ng kama ko, ilang oras din kaming nagkahiwalay” exited kong sabi at inayos ko yung mga gamit ko.

“grabe ka, wala ka na ngang ginawa kungdi ang matulog tapos namiss mo pa yung kama mo?” sabat naman ni Mikee

“inggeterang froglet ka talaga! palibhasa kasi wala kang panahon para matulog, wag kang mag-alala, itutulog na lang kita! Byeeeeeee!” at umalis na ako sa school.

Malapit na ako sa bahay nung napansin ko ang isang black limousine sa tapat ng bahay ko. Agad kong inihinto ang kotse ko at nanlaki yung mga mata ko habang pinagmamasdan ko yung mga lalaki na nag-uunload ng mga gamit at pinapasok sa bahay ko.

“sh*t, sh*t, sh*t” paulit ulit kong bulong.

Hindi ko alam kung itutuloy ko ang pag-uwi sa bahay o iaatras ko yung kotse ko para umalis sa lugar nay un. Nablablangko ang utak ko. Bakit ngayon pa? Hindi ako ready.

(o ano Avah? Nasan ang tapang mo? ngayon ka pa ba aatras? Umuurong ata ang kamalditahan mo) putakteng konsensya yan kung yun man ang tawag dun.

Eh hanep lang! madalas kong ipractice sa harap ng salamin lahat ng sasabihin ko kapag nakita ko SILA at kung paano ko SILA haharapin nang hindi umiiyak. Halos kabisado ko na nga e. Pero bakit ngayon na ilang metro lang yung layo ko sa kanila hindi ako makakilos, letcheng siomai lang!

Kinuha ko yung cellphone ko at denial ang number ni Mikee.

*ring r—

(o? akala ko ba matutulog ka?) tanong nya

“They’re back” mahinang sagot ko

(huh? Anong they’re back ka dyan? Sino? Asan ka ba?)

“MIKEE! THEY ARE BACK.” Halos pasigaw kong sabi sa kanya. natataranta kasi ako.

(Teka lang, wag ka namang sumigaw. Sino ba kasi?)

“MY PARENTS”

(w-wait lang, you mean nanay at tatay mo?)

“anong gagawin ko?” natataranta kong tanong

(teka, chill lang. nakita mo na sila? Saan? Paano?)

“nandito sa labas ng bahay ko yung limo.” Pasigaw at tarantang sagot ko

(pano ka nakakasigurado na sila yung sakay nun?) tanong nya

“ANO BA, pede bukas ka na maging tanga. Anong silbi ng plate number? Hindi pedeng gamitin ang limo. Kung hindi si daddy ang nakasakay. Anong gagawin ko?”

(sorry naman ha, natataranta din kasi ako sayo eh, *hingang malalim* ok ok ganito na lang, pumasok ka na sa bahay nyo, tapos bahala ka na.)

“ay ang bright mo lang, sarap mong sagasaan, bahala na nga, wala ka naman naitutulong” inis kong binaba yung phone.

Oo, bumalik na yung parents ko from China. hindi pa rin ako makapaniwala na nandito na sila, after 5 years. Shemay lang, bakit ako naiiyak? Punyemas naman oh, hindi ka pedeng umiyak Avah, kaya mo yan, strong ka. Strong. Matagal mo nang hinintay to, sayang naman kung hindi mo gagamitin lahat nang pinractice mo sa harap ng salamin.

Nagmaneho ulit ako papunta sa bahay ko. hanggang sa maipark ko ang kotse ko, hindi pa rin maalis yung kaba sa dibdib ko. Naglakad na ako papunta sa loob ng bahay ko, nadaanan ko pa nga yung isa sa mga bodyguard ni daddy na nakatayo. Huminga ako ng malalim at inayos ko ang sarili ko. kinakabahan talaga ako. parang pakiramdam ko anytime babalik ako sa pagiging si AVAH KAWAWA.

Nung nakapasok na ako sa loob ng bahay, iniwasan ko talagang pagmasdan ang loob ng bahay. Dumiretsyo ako sa hagdan at gusto kong mabilis makapunta sa kwarto ko. Tawagin nyo na akong duwag, wala akong pakialam. Nakakatatlong step pa lang ako nang biglang may nagsalita. Automatic na tumigil yung mga paa ko sa paghakbang.

“Is that how you welcome your parents? By ignoring? How rude of you” sh*t lang, 5 years kong hindi narinig yung boses na yun, ang boses ng lalaking una kong minahal ng buong puso, ang lalaking muntik ng bawian ng buhay dahil sa kasinungalingan ni Avy, ang lalaking nagtakwil sa akin. Pinigilan kong umiyak dahil kusang nagflaflashback sakin lahat. Huminga ako ng malalim at saka ko sya sinagot,

“welcome back, DAD!” walang emosyon kong sabi. Pinigilan ko ang sarili kong lapitan sya at yakapin sya at magmakaawa sa kanya na paniwalaan ako. Tulad ng inaasahan, hindi sya nakangiti sakin, nakakunot ang nuo nya. May hawak syang baston sa kanang kamay na sumusuporta sa pagtayo nya. Grabe tumanda sya, may puti na rin syang buhok.

“where have you been, young lady?” napatingin ako sa babaeng nagsalita habang papalapit ito kay daddy. Ang unang babaeng naging bestfriend ko, unang nagturo sakin, unang nakipaglaro sakin at unang hindi naniwala sakin.

“school. Hi MOM” tulad ng bati ko kay Daddy, wala ding emosyon.

“School? Don’t tell me you’re taking up summer classes? We don’t offer summer classes baby” tinignan ko ng masama yung babeng nagsalita, nagpunta sya sa kabilang side ni Daddy. Kusang nagform into fist yung mga kamay ko, nagsmirk ako sa kanya. So ito pala ang plano nya? Kaya pala sya nawala ng matagal para bumalik ng china at sunduin sila? WOW. NICE ONE AVY.

“Baby my A$$, Avy,*tinignan ako ng masama ni daddy* and of course I know that, I’m working there, just so you know” sabi ko. Halata namang nagulat sila sa sinabi ko.

“You are working? As what?” tanong ni Daddy.

“Wow, really dad? You’re interested of what I am doing? Hah. Since when did you care?” I asked him bitterly.

“AVAH, ENOUGH! We always care, because we are your parents. Don’t talk to your father like that; he’s still your father. I can’t believe that after all these years, hindi ka pa din nagbabago, mas lumala ka pa” sermon sakin ni mom.

Wag magulat, PINAY ang nanay ko. Pure Chinese si Daddy.

“Oh? So now you’re talking about parent-child thingy. Please lang mom, I almost forgot that I still have that so-called PARENTS, until you showed up. Thanks for reminding me anyway”

At pagkasabi ko nun, agad akong pumunta sa kwarto ko. Narinig ko pa nga yung sabi ni AVY, “see, I told you, she got worst” hindi ko na lang sya pinatulan pa. I had enough masyado nang masaya yung pasok ng MAY sakin. What a day.

Binagsak ko yung pintuan ng kwart ko at humiga sa kama ko. Kusa namang nag-race yung mga luha ko na kanina ko pa pinipigilan.

**********

**MALDITA 20**

Nagising ako, inis. Naramdaman ko kasing may humahawak sa buhok ko. Kahit medyo antok pa ako, kinapa ko yung switch ng lamp shade ko para makita ko kung sino man yung pesteng humahawak sa kamay ko at pumasok sa maganda kong kwarto. Pagkabukas ng lamp shade iminulat ko na yung mata ko at ready na akong bulyawan yung umistorbo sa akin.

“ANO B—“ hindi ko na naituloy pa ang pagsigaw ko nung nakita ko ang isang babaeng na nakaupo sa may gilid ng kama ko at nakangiti sa akin. Ni hindi man lang natinag sa pagsigaw ko.

“y-yaya Sally?”

Still remember her? My ever kakamping yaya? At my ever kind yaya.

“ako nga. Kamusta ka na? dalaga ka na ahh” sabi nya ng nakangiti at hinaplos yung buhok ko. hindi ko na pinakinggang pa yung ibang mga tanong ny. Niyakap ko kaagad sya ng mahigpit.

“sobrang namiss kita yaya, kung alam mo lang. wala akong kakampi dito tapos palagi pang pinepeste nung kapatid mong si Miranda yung araw ko isama mo pa yung amo nya.” pagsusumbong ko sa kanya.

Oo na, ako na ang sumbungera, lampake. Masisisi nyo ba ako, ang tagal kong walang kasama dito sa Pilipinas. At tama kayo ng basa, kapatid nya si tanda. Mas matanda si Yaya Sally at kabaliktaran nya si tanda.

“hay nako, Avah, akala ko pa naman nagbago ka na. para ka paring bata. Hayaan mo na sila, wala na tayong magagawa sa mga taong nagpapalamon sa inggit. Hihilahin ka lang nila pababa kaya ikaw, umiwas ka na lang” sabi nya.

Tss. Yan ang hirap kay Yaya Sally, masyado syang mabait.

“Ya, kung iiwas ako ng iiwas sa kanila, paano ko mapapatunayan sa ibang tao na mali ang iniisip nila sakin at paano ko maipagtatanggol ang sarili ko?” tanong ko sa kanya. Syempre kelangan kong ipagtanggol ang sarili ko, hindi pedeng iwas lang ako ng iwas.

“hindi mo naman kailangang patunayan ang sarili mo sa ibang tao eh, kung ayaw nilang maniwala sayo sa unang paliwanag mo, hindi mo na problema yun. Mapanghusga sila. Bakit mo naman kailangan ipagtanggol ang sarili mo?” tanong nya sa akin.

“Ya, alam mo naman yung nangyari 5 years ago diba? Ayoko ng maulit yung panahon na hindi ko man lang nagawang ipagtanggol ang sarili ko laban kay Avy, hindi ko nagawang lumaban noon. Masyado nila akong dinown. Nakakainis, kasi sarili kong mga magulang hindi man lang ako nagawang paniwalaan.” Paliwanag ko sa kanya.

Kusang nag-ooff ang pagiging maldita ko pagdating kay Yaya Sally. Ni minsan hindi ko sya binastos o sinungitan. Bakit? Dahil wala akong dahilan para pakitaan ng masama ang taong patuloy akong minamahal sa kabila ng ugali kong hindi kagadahan. Oo nasasabihan ko si Yaya ng mga kamalditahang ginawa ko nung nasa China sya. Alam nya yun at nasanay na sya.

"alam mo ba na dahil sa kagustuhan mong ipagtanggol ang sarili mo ay mas lalo kang natalo sa ate mo?" sabi nya.

Tinaggal ko ang pagkakayakap ko sa kanya at tinignan sya ng nagtataka.

"yung ginawa mong ano nga yun, pangmayamang revenge? *tumango ako* oo nga nakaganti ka sa kanya, naipalabas mo yung totoong ugali nya. At ang alam din nya natalo mo sya nung panahon na yun, pero ang hindi mo alam MAS NATALO KA NYA. Dahil gusto nya ulit makaganti sayo, hinarap nya sayo ang kahinaan mo, at tignan mo kung nasan ka ngayon, magdamag kang nagkulong dito sa kwarto mo."

Hindi ko maitago ang pagkainis ko sa sinabi niya sakin. Arrghh. Hindi pa ba sapat yung pangmayamang revenge ko sa kanya? O gusto nya pa na gawan ko ng part two yun? Winner kaya yun. Kainis. Binababa ni yaya yung confidence level ko.

"yaya, hindi ako naniniwala sayo. Oo noon nagawa nya akong i-down pero hindi na mauulit yun. Iba na ako ngayon. Hindi na ako si AVAH KAWAWA ako na si AVAH MALDITA. Kahit andyan pa sina Daddy sa tabi nya ngayon wala akong pakialam, akala nya hindi ako makakakilos pag nandyan sila? Hah, yun ang akala nya." inis na inis kong sabi.

"yan ang sinasabi ko kaya ka natalo ni Avy, dahil NAGPAAPEKTO KA at hanggang ngayon APEKTADO ka pa rin. Ginantihan mo sya kasi akala mo yun ang tama. Ngayon tatanungin kita, MAY NAGBAGO BA? Sige, nagbago ka nga, naging maldita ka, at pati pakikitungo mo sa tao nag-bago na din. Pero sino ba ang dahilan ng pagbabago mo? Hindi ba si Avy? Nagbago ka para sa kanya, hindi para sa sarili mo. At alam mo ba kung ano pa ang mas malala? Mas pinatunayan mo lang na tama ang iniisip sayo ng mommy at daddy mo. Mas lalo mo pang binuhay yung ginawang imahe sayo ni Avy."

Tinignan ko lang sya at pilit na itinatanggi sa utak ko lahat ng sinabi nya. Hindi kayang tanggapin ng utak ko na tama sya. And for the nth time, natalo na naman ako ni Avy. Hindi ko na napigilan yung sama ng loob kaya naman umiyak ako at agad naman nya akong niyakap.

“hindi ka ba nagsasawa? Walang katapusang gantihan na lang yung ginagawa nyo ni Avy? Avah anak, tama na. Maawa ka naman sa sarili mo. Limang taon na ang sinayang mo. Limang taon ka ng nakakulong at nabubuhay sa nakaraan. Limang taon mo ng pinapatunayan ang sarili mo sa mga magulang mo. Limang taon na din yang galit dyan sa puso mo. Awat na, habang buhay mo na lang bang papaikutin ang buhay mo sa pakikipagkumpitensya sa ate mo? Matalino ka Avah, wag kang mabuhay para sa ibang tao, mabuhay ka para sa sarili mo.”

Sinasabi yan ni Yaya habang hinihimas ang buhok ko. Tahimik lang akong nakikinig sa kanya habang umiiyak. Hindi naman porke’t maldita ako wala na akong karapatang umiyak diba? Tao din naman ako. Hindi sa lahat ng pagkakataon malakas ako. Aminado ako dun. Ok lang, maganda pa din naman ako kahit umiiyak.

“anong gagawin ko? wag mong isusuggest na magpakabait ako ha, please lang YA, hindi ko kaya yun” natawa naman sya sa sinabi ko.

“simple lang. ACCEPT. LET GO AND MOVE ON. Tanggapin mo yung nakaraan mo kahit gaano pa kapangit yun at kasakit sayo. Wag kang mabuhay sa nakaraan, ano pang silbi ng ngayon at bukas kung parati mo na lang binabalikan yung nakaraan? Umpisahan mo ng maging masaya. Kesyo maging maldita ka, basta ba hindi na si Avy ang dahilan at nagmamaldita ka na dahil sa yun ang gusto mo.” sabi nya sa akin.

“eh pano kung gumanti ulit sakin si Avy kahit wala na akong ginagawa sa kanya?” seryosong tanong ko.

Nakakasawa na din kasi na parati na lang sira ang araw ko at sya lagi ang dahilan. Nagsasawa na akong pansinin yung mga childish act nya. Yung tipong ayoko na syang patulan pero sya yung papansin na naghahanap palagi ng gulo. Nakakainis.

“ano nga ulit yung best revenge?” tanong nya sa akin.

“yaya naman eh, ang corny kaya nun walang thrill.” Pagbibiro ko sa kanya.

Madalas nya kasing sabihin sakin yung best revenge nay un, pero hindi ko ginagawa, kasi feeling ko hindi effective kay Avy yun e.

“yun ang tama at kapag yun ang ginawa mo. Panalo ka na, masaya ka pa” sabi nya

“haaayyyy. Oo na. SUCCESS IS THE BEST REVENGE! thank you Yaya”

Ilang sandal lang at umalis na rin si Yaya sa kwarto ko. Kahit kailan talaga palagi syang tama. Hayyyy. Bakit ko nga ba hinayaan na masayang yung limang taon ko nang dahil kay Avy? Kainis. Masyado akong naging busy sa pag-iisip ng plano kung papaano ko sya magagantihan at kung paano ko maibabalik yung tiwala sa akin nina mommy at daddy.

GRABEEEEEEEE. PATI PALA YUNG LOVE LIFE KO NAPABAYAAN KO NA. Imagine, 5 years akong walang boyfriend? First and last boyfriend ko si IAN SANCHEZ. Yung bwusit na yun. Tsk. Samantalang yung mga chaka nakailang palit na ng boyfriend. Tapos ako na mayaman at maganda WALA? SINAYANG KO ANG GANDA KOOOO.

Bukas na bukas din, hindi na ako magpapa-apekto kay Avy. Bahala na sya sa buhay nya. Nakakasawa syang patulan, hindi lang sa kanya umiikot ang storya ng buhay ko. Wala na din akong pakialam kina mommy at daddy kung ano pa yung tingin nila sa akin. Uumpisahan ko ng mabuhay para sa sarili ko. HINDI NA AKO MAGPAPAKA-AMPALAYA. Pero syempre mananatili akong si….

**AVAH CHEN. HALF CHINESE. PURE MALDITA.**

**********

**MALDITA 21**

Maganda ang gising ko ngayon. Aba syempre naman NEW ME. YESSS. AS IN BAGONG AKO. Syempre naman maldita pa rin ako, forever na yun. Napag-isip-isip kong tama si Yaya Sally. Nakakasawang patunayan ang sarili ko sa mga taong sarado ang isipan kaya naman, BAHALA NA SILA. keber kung keber. Aba, Wag nila akong inaartehan.

Masaya akong bumaba para magbreakfast. Alam nyo na, busy-busyhan ang month ko ngayon. Pahum-hum pa ako habang pababa ako ng hagdan.

~la. la. la la la. la

Wag kang magulo, ganyan ako kumanta. So ayun na nga, binati ko din yung mga hampas lupa kong mga katulong. Aba syempre ang mga hampaslupa nagulat at binati ko sila ng GOOD MORNING. Pero tuloy pa rin ako sa kitchen kung saan ko nakita ang aking anghel, kaya naman binati ko kaagad sya.

"GOOD MORNING YAYA SALLY" masaya at malakas kong bati sa kanya.

"Good morning din. Ang aga mo ata?" bati nya din sa akin at saka dinala yung mga niluto nya sa lamesa.

"Kailangan eh. Madami pa kasi akong tatapusin at sobrang dami pang stupidents na naghihintay sa akin sa school kong sosyal. Kaya lang Ya, nakakainis ang daming pasaway sa bagong batch at eto pa. Ang papangit nila. Pasalamat talaga sila at mayayaman sila kung hindi hindi ko sila kakausapin." litanya ko sa kanya, at umupo na ako.

"Nako, ikaw talagang bata ka, porke di mayaman hindi mo na kakausapin. Hahaha" sabi nya sa akin

"Syempre naman. Dapat kalevel ko sila, ay mali pala, dapat medyo kalevel ko lang kasi dapat MAS angat pa ako sa kanila." sabi ko naman nang natatawa.

"Kumain ka na nga at baka malate ka pa nyan" umalis na din si yaya pagkatapos nya akong hainan

Mag-uumpisa na akong kumain nung biglang may KSP na nagsalita.

"Wow, hindi mo man lang kami napansin dito at hindi mo kami binati?" at nagsmirk pa sya. Sino pa bang ksp sa buhay ko? Pero syempre dahil ayoko na sya masyadong patulan kaya naman mild lang yung isasagot ko sa kanya.

"Sila napansin ko. *turo kina mom at dad*. Akalain mong nag-eexist ka pala? Anyway.. hello there" sabi ko sa kanya ng nakangiti at kumain na uli ako.

"So you're going to school?" medyo nagulat ako. Aba, ang aking ina tinatanong ako.

"Yep. I'm going to work my a$$ off." simpleng sagot ko sa kanya.

"What kind of work?" eto talaga nagulat ako. Tatay ko ang nagtanong, for real? Nagkakaroon kami ng small talk? Ang weird pala, hindi ako sanay.

"Enrollment. I'm busy assessing the stupidents and such, and we are currently preparing for the orientation." sagot ko kay daddy.

"Stupidents?" nagtatakang tanong nya.

"Oh. Short for stupid students." sabi ko.

"hahaha, sorry.. is just that, it's funny, i can’t help but laugh" nabitawan ko yung spoon ko at napatingin kay daddy na hindi makapaniwala.

Si Victor Chen, natawa dahil sa word na Stupidents? Grabe lang, may tinatago din palang kakornihan tong si daddy. Hindi ko naman mapigilan na hindi mapangiti. Tuluyan na sana akong masaya kung wala lang KSP na nagsalita

"Is that what you label your schoolmates? How rude and as if naman na kaya mong mapatakbo ang school ng mag-isa, tsk. ikaw magtratrabaho? nagpapatawa ka ba?" and then she rolled her eyes

"Alam mo kung wala kang matinong sasabihin, tumahimik ka na lang. Ksp ka masyado e." halata naman kasing nagpapapansin lang sya.

"Wala ka talagang respeto, nagbibigay lang ako ng opinyon ko. Ate mo pa rin ako kaya galangin mo ako" Wow lang. Ang lakas ng loob nyang gamitin ang salitang respeto. Eh kung sya nga wala nun. Nagsmirk na lang ako sa kanya at saka nagsalita.

“unang una ATE, hindi ko kailangan ng opinyon mo kaya sarilinin mo na lang. pangalawa, kung wala kang matinong sasabihin, tumahimik ka na lang at pangatlo respeto ba kamo? madami ako nyan, gusto mo bigyan kita para maging tao ka?" sabi ko sa kanya

Sasagot pa sana si Avy pero nagulat ako pati na din sya nung biglang nagsalita si Daddy.

"AVY! Eat and leave your sister alone" tumingin na lang sakin si daddy.

Hindi ako makapaniwala na ako yung kinampihan. Ewan ang weird lang nya ngayon pero hindi ko na masyadong pupunahin baka mabati at sumungit ulit sakin e. Mabilis kong tinapos yung pagkain ko at saka tumayo.

"Excuse me, I’ll go ahead. Malalate na kasi ako" nakita ko naman na nag-nod sila daddy at mommy kaya naman tumayo na ako.

"Take care" sabi ni mommy sakin bago ako tuluyang maka-alis sa harapan nila.

Umalis ako ng bahay ng nakangiti. Ganito pala yung pakiramdam kapag wala kang taong pineplease, yung kusa lang na sila yung matutuwa sayo, sila yung

kakausap sayo, yung papansinin ka nila para kausapin ng maayos at hindi ka iblablame sa mga kasalanang hindi mo naman ginagawa.

*school

As usual, madami na namang Stupidents ang nagkalat. Tuloy tuloy pa rin ang enrollment. Oh well, mas gugustuhin ko pa dito sa school magstay kesa dun sa bahay na si Avy lang yung makikita ko. Wag nyo saking itanong kung bakit ganun na lang yung galit nung bruhang yun sakin, dahil kahit ako hindi ko din alam.

Pagdating na pagdating ko sa office ko, sinalubong kaagad ako ni Mikee.

"hey, kwento dali? anyareh? ok ka lang ba? di ka ba nagalusan? o si Avy ba buhay pa? ano?" sunod sunod na tanong nya

"halos isang paa pa lang yung nakakasampa sa office ko, santambak na yung sinalubong mong tanong. Pwedeng maupo? Kung hindi naman nakakahiya sayo? Pwede? OA kung OA" inis kong sabi sa kanya

"Sorry naman excited lang" sagot nya at tumabi sa dadaanan ko.

Dumiretsyo na ako sa may office ko at nag-ayos ng mga gamit. Hindi ko pinansin yung mga tanong nya, tinatamad akong sagutin sya.

"Hoy, ano na?" pangungulit nya.

"O? Anong ano na? Ano pang tinatanga mo dyan? Trabaho na." utos ko.

"Ay sungit. Dali na kasi." sabi nya

"Namimiss ka na daw ng bestfriend mo" pang-aasar ko

"Funny" at inirapan ako nya ako. Pumunta sya kaagad sa may pintuan para tawagin yung next enrollee.

Ayoko na magkwento sa kanya nung mga nangyari. Eh sa nahihiya ako na malaman nya na kagabi nagkulong ako sa kwarto at binigyan ng mga pamatay na words of wisdom ni Yaya Sally at kaninang umaga na ako yung kinampihan ni Daddy. Mas ok na yung sarilinin ko na lang yun. >:P

May pumasok na isang babae at isang medyo may edad na, nanay ata nung babae.

"Good morning" walang ganang bati ko sa kanila

"Good morning too, so you must be Avah Chen?" tanong nung nanay at umupo na sa may harapan katapat naman nung anak nya

"Obviously YES. At sabi din ng table name plate ko ako nga daw si Avah Chen." sarkastikong sagot ko dun sa nanay na biglang sumimangot.

"So Ms. Avah. I want to enroll my daughter in your school. Name your price" mataray na sabi nya

"Madam, hindi charitable institution ang school ko. Hindi ko kailangan ng pera nyo. Lahat ng studyante dito dumadaan sa assessment at exam. Kapag naipasa nya yun sure na makakapasok sya." sabi ko sa kanya

"Di mo ba kilala kung sino ako? Kayang kaya kong bilhin ang school na to. Kapag sinabi kong gusto kong pumasok ang anak ko dito wala kang ibang gagawin kungdi tanggapin sya." matapang na sabi nya

"Wala akong pakialam kung sino ka at wala din akong balak kilalanin ka *tumayo ako* ngayon, wag mo akong uutusan kung ano ang dapat kong gawin dito sa school ko, kung hindi mo maintindihan ang rules ng eskwelahan ko, maghanap ka na ng school kung saan pede yang anak mo" mataray kong sagot sa kanya

"How dare you para pagtaasan ako ng boses?" aba at tumayo din ang bruha.

Tignan ko lang kung hindi ka pa umalis ng school ko ngayon.

"Madam, mawalang galang na pero di ka kagalang galang, wag mo akong artehan. Estudyante ang ina-assess ko hindi losyang na nanay. Kaya kung hindi naman nakakahiya sayo, umalis ka na bago ka pa lalong pumangit sa paningin ko" sabi ko sa kanya

Aba at tinitigan pa ako bago kinaladkad yung anak nya na walang kibo. Eh hindi talaga papasa yung anak nya sa akin. Kung sya pa ang mag-eenroll pede pa, kasi may attitude sya pero yung anak nya? Malabo, mabait e.

---

Tuloy tuloy lang yung naganap na interview. Buti naman at wala ng sumunod na nanay na may dalang anak ang pumasok. Kakaloka, college na kelangan may dala pang magulang pag nag-eenroll? Grade one lang? tss

Maya maya ay biglang bumukas yung pintuan, dahil sa busy ako sa pag-aayos ng enrollment form kaya naman hindi ako nakatingin at hindi ko alam kung sino yung pumasok.

"good morning, take a seat" bati ko ng hindi nakatingin

Nung napansin kong hindi umuupo sa may upuan yung pumasok at naramdaman kong naglalakad lakad lang ito sa loob ng office ko, tinignan ko na at ready na akong magmaldita

"I said take a seat" at natigilan naman ako sa nakita ko.

"So, this is your office" sabi nya

"D-daddy?" ano namang ginagawa nya dito? Chinecheck ako? ahh, siguro yung school nya tinitignan nya kung buo pa. Tss.

Sasagot na sana si Daddy nung biglang bumukas ulit yung pintuan at pumasok sina Avy at Mommy.

"Grabe, ang daming students sa labas. *napatingin sa akin* oh hi there little sis" nakangiting sabi nya. Inismiran ko lang sya, istorbo sa trabaho ko. Arrgh.

"So, what are you doing here?" tanong ko sa kanila

"I am thinking that since you are the one in charge in our school, it will be a great idea if Avy will help you. Ituro mo sa kanya kung paano mag-assess ng mga students para may alam sya" sabi ni Daddy ng nakangiti.

Ok. Hindi ko gusto yung narinig ko. Si Avy? Sa school ko? Okamon mamon. Hindi pede, hindi talaga pede. Akin yung school, off limits sya dito.

"NO WAYYY" sabi ko sa kanila

"WHY NOT?" sagot ni daddy

"IT'S MY SCHOOL" sabi ko sa kanya

"Not until when you're 20." mabilis na sagot ni Avy.

sh*t lang. Oo hindi pa talaga legally sa akin yung school. Kailangan ko munang mag-20 yrs. old bago mapasa akin yung school and that is 7 months pa. MAY pa lang ngayon at sa DECEMBER pa ang birthday ko.

"FINE. Tignan natin kung kaya mo ang trabaho ko" sabi ko sa kanya.

Pustahan tayo, susuko ka kaagad. Di lang sampung Avah ang makakaharap mo isang daang Avah na hinaluan pa ng Avy. Tignan ko lang kung magamit mo ang ka-plastikan - bait baitan talent mo.

"Go ahead, and take MY seat" tumayo ako at itinuro ko pa yung upuan ko sa kanya.

Agad naman syang umupo at feel na feel ang upuan at table ko. Asa kang mapapasayo yan.

Aalis na sana sa office ko sina daddy kaya lang pinigilan ko sila

"Dad, mom, bakit hindi natin tignan kung paano ihahandle ni ATE yung mga stupidents and then kapag pasado papayag ako na magtrabaho sya dito sa school kasama ako, pero kung hindi --promise me na hindi sya makikialam sa school at pamamalakad ko. DEAL?" nakangiting sabi ko sa kanila.

Nag-isip ng ilang segundo si Daddy at tinignan ko si Avy na ang sama ng tingin sa akin. Huh, agawin mo na ang lahat pero wag na wag lang ang school ko. BUHAY KO TO.

"Deal" sagot ni daddy. Kaya naman pumunta kami sa may waiting area ng office ko at ready na para panoorin si Avy magtrabaho.

Pumasok na yung isang brat. Tss, bakit brat pa? Eh sisiw lang yan dapat jerk. Pero on a second thought.. baka landiin lang nya kapag jerk, oh well balon.

"Hi.. good morning" masayang bati ni Avy sa stupident.

"Tssk, what's good about the morning? Shall we start now? I’m bored" walang ganang reply sa kanya ng brat.

Haha. Pahiya onti, nagsmile na lang sya at nagstart mag-ask ng questions.

"So.. what's your name?" nakangiting tanong nya

"Duh? Are you blind? It's written on my enrollment form stupid." bored na sagot sa kanya nito.

Si Avy halatang nagpipigil ng inis, samantalang ako nagpipigil ng tawa. Muka syang tanga.

"*hingang malalim* Ok. So, what's your course? Ms. Riza?" tanong nya ulit.

Tss, bakit ang bagal nyang mag-assess.. sayang ang oras.

"Fashion designer. Why? Cause i love fashion, are you done assessing me?" naiiritang sagot na nung brat.

"A-ahhm,how much is your family income?" tanong nya.

By that time nagsalita na ako. Wrong move kasi sya. Hindi yun tinatanong sa assessment, dahil private matter yun at kami na mismo ang nagsesearch.

"Ehem. Ms. Sorry about that. First time lang kasi ni Avy e, hindi nya pa alam ang rules KO. *tingin kay avy* actually Avy, hindi namin tinatanong ang family income nila." sagot ko.

"I didn’t know" sagot ni Avy

"Tss, so tapos na ba yung assessment?" tanong uli nung brat kaya naman sinagot ko na sya bago pa sumagot si Avy.

"So, you love fashion pala? *tingin mula ulo hanggang paa* hindi kasi halata." matabang na sabi ko sa brat.

"How dare you to insult my fashion sense?" biglang sabi nya.

"I didn’t. Sinabi ko lang na hindi halata, wag kang defensive" sabi ko ulit.

"I hate you" sabi nya

"The feeling is mutual dear. Welcome to hell, just wait for our call for your entrance examination." at ngumiti ako sa kanya

"Really? So I'm in?" masayang tanong nya.

"You have the attitude BUT, wag masyadong umasa, may entrance exam pa. Chill lang. So pede ka ng umalis." sabi ko sa kanya

"Thank you Ms. Avah." sabi nya

"don't thank me, di na uso yun. So go." sabi ko sa kanya

Agad namang umalis yung brat at tumingin si Avy sa akin ng nagtataka.

"Bakit mo sya tinaggap? Eh bastos sya?" tanong ni Avy.

Oo nga pala hindi pa pala nya alam yung tungkol sa school ko at pati na rin sina daddy. Ito na siguro yung right time para ipaalam ko sa kanila.

"Oh that, kasi ang tinatanggap lang ng school ko ay brats and jerks. Dito sila ineenroll ng mga parents nila para patinuin KO. Kaya naman lahat ng inaassess ko dito ay ganun. Tinatanggap namin sila sa tatlong category; una based on their attitude, kapag mas walang modo, pasok. Pangalawa, based on their family's income at nireresearch namin yun, parents nila ang tinatanong namin about that matter kaya hindi pedeng itanong sa mga students at pangatlo based on their entrance exam. Syempre kelangan may laman ang utak." mahabang paliwanag ko sa kanila

"So kamusta naman ang income ng school?" tanong ni mommy

"So far so good. You can check the accounting para makita nyo na nagboost ang income." sagot ko

"Yung mga profs? And other students? Edi puro gulo dito?" tanong ulit ni mommy.

"Huh. Subukan nilang manggulo dito, ako ang makakalaban nila. Goodbye Phillipines sila pag nagakataon. Yun ang usapan kapag hindi sila sumunod sa patakaran ko. Kaya kung si Avy din lang naman ang magmamanage nitong school, goodluck naman sa kanya kung mapasunod nya lahat ng stupidents dito. Why? dahil hindi sila sumusunod sa mga nagbabait baitan sa kanila dahil ang gusto nila totoong tao" sabi ko sa kanila.

Nag.nod naman sila mommy at daddy

"Is that so?" sabi ni daddy.

"yeah." sagot ko.

Tinignan ko si Avy.

"Ano Avy? Kaya mo bang humarap sa kanila araw araw? Kaya mo bang mabastos araw araw? Kaya mo bang makipagsabayan sa mga ugali nila? Kaya mo bang higitan yung mga ugaling ipinapakita nila?" sunod sunod kong tanong sa kanya

Nag-isip muna sya, saka dahang dahang umiling. Tss.

"Isa palang yung nakakaharap mo. Wala pa yung ugali nung brat na yun sa kalahati ng mga nakapila dyan sa labas.. hindi lahat ng ginagawa ko kaya mong tapatan. Magkaiba tayo, tanggapin mo yun at please lang ayoko na makipagkumpitensya sayo. Agawin mo na ang lahat, wag lang ang school ko. Apat na taon kong pinag-hirapan at inalagaan to. BUHAY KO TO. Ito yung pride and joy ko. Agawin mo na ang lahat wag lang 'to. Siguro naman I DESERVE THIS ONE. Ngayon kung gusto mo talagang mapasayo to.. siguraduhin mong HIHIGITAN MO PA ANG MGA NAGAWA KO NA."

Sabi ko sa kanya. Medyo shock naman sya dahil hindi nya ineexpect na papakiusapan ko syang wag nyang galawin yung school ko.

"Avah's right. She deserve this school, beside, sya naman yung nagpakahirap dito" sabi ni mommy.

Napatingin ako sa kanya at for the first time sasabihin ko to sa kanya

"Thank you mom" mahinang sabi ko.

Tumingin ako kay daddy. Hindi ako manghihinayang kainin ang pride ko ngayon. Kung dati hindi ko naipaglaban ang sarili ko, ngayon hindi ako mahihiya at matatakot na ipaglaban ang alam kong SA AKIN.

"Daddy, ngayon lang ako makikiusap.. wala na akong pakialam kung umalis ulit kayo at iwan ako o kahit na paniwalaan nyo pa yung mga sinabi sa inyo ni Avy at hindi kayo maniwala sa akin. Pero daddy, please lang.. leave my school to me. It's my life." pakiusap ko sa kanya.

Natahimik sya sandali at nag-isip.

"You know what? You reminded me of someone." sabi nya

"Who?" tanong ko

"Me" sagot nya

"I can’t believe na after all this years ng pagtratrain ko kay Avy sa business, akala ko sa kanya ko makikita ang determination at ang sense of responsibility pagdating sa trabaho. But now nung nakita ko kung paano ka magtrabaho, at marinig ko ang kagustuhan mong ipaglabang ang school na to. Nakita ko ang sarili ko noon na nakiusap din sa lolo mo na wag isarado ang business namin. I tried so hard para lang maisalba yun. and Avah, listen…I am so proud of you. Keep it up kid" nakangiting sabi ni daddy sa akin.

And viola, automatic na pumatak ang kauna unahang TEARS OF JOY KO.

***********

**MALDITA 22**

Syempre naman masaya ako ngayon. Wala na akong kahati sa school ko. Akin na akin na talaga yun. Pero syempre hindi ko pa rin alam kung tanggap na nga ba ni Avy na sa akin na talaga yung school. Alam nyo naman yun, sarap paslangin masyadong kulang sa pansin. Nakakainis, sabi ko pa naman pagtutuunan ko na ng pansin yung lovelife ko, pero hanggang ngayon wala pa ring lalaking dumadating sa buhay ko.

Na-sstress ako. Alam nyo yung feeling na kung kelan ready na ako magkaroon ng lovelife saka naman walang dumadating? Alam nyo yun? NAKAKAIMBYERNA.

Maganda naman ako, mayaman, maldita nga lang. AARRGGGHH.

Oh well balon, after talaga nitong pesteng orientation na to GORA NA AKO SA LOVELIFE.

Today na nga ang orientation kaya naman bongga ang preparation na ginawa ko. Syempre sasabihin ko lang naman sa kanila yung rules and regulations ng school ko at konting reminders lang naman. Syempre invited sina mommy and daddy. And yes, pati si Avy. Kaya naman may bonggang presentation akong inihanda para sa kanya.

**PANGMAYAMANG SWEET REVENGE**

Bakit sweet revenge? Dahil AYOKO NA makipagtalo sa kanya. Ngayon ko tutuldukan yung issue naming dalawa. And this time hindi ako nagpatulong sa mga kaibigan ko. Bakit? Dahil away namin 'tong magkapatid, ako na yung gagawa ng paraan para matapos na at gusto ko matapos yun sa harap ng parents namin.

Tatapusin ko na. So meaning, walang brutal na mangyayari katulad nung sa PANGMAYAMANG REVENGE na ginawa ko ok? Mild lang yung mga mangyayari mamaya.

Busy ako sa pag-aayos ng sarili ko nung biglang may kumatok sa pintuan ng kwarto ko.

"pasok" sagot ko.

Masyado syang maswerte kung ako pa yung magbubukas ng pintuan para sa kanya.

"hey"

Napabuntung hininga na lang ako nung narinig ko yung boses nya. Sino ba nga ba? Edi si Avy. Nilingon ko sya para malaman kung bakit sya nandito. Ayoko na kasing magsalita baka mamaya kung ano pang lumabas sa bibig ko at masampolan ko na naman sya.

"Gusto ko lang ipaalala sayo na hindi porket ok na kayo ni Daddy ay magiging ok na ang lahat" sabi nya

Tinaasan ko sya ng kilay. Ano ba talagang problema sa buhay nito? Palagi na lang nagahhanap ng gulo. Hindi nya ba alam na nakakasawa na sya?

"Ano ba talagang problema mo? Bakit ba palagi ka na lang nakikipagkumpitensya sakin? Bakit ka ba ganyan? Wala ka na bang ibang hobby kung hindi ang magpapansin sakin?" sabi ko sa kanya.

"Problema ko? Ikaw. Ikaw ang problema ko. Inagaw mo lahat sakin" sabi nya

"Wow. Ako pa ngayon ang nang-agaw? Eh anong tawag mo sa ginawa mo nung napunta sayo yung mga kaibigan ko? Pati si Ian? NANGHIRAM?" naiinis kong sabi sa kanya

Peste pala to e. Ang lakas ng loob magsabi na ako yung nang-agaw?

"Hindi ko sila inagaw sayo. BINAWI ko lang sila mula sayo" sagot nya

"Binawi? Kahit kailan Avy, hindi sila naging sayo. Pero kung yun ang gusto mong paniwalaan na inagaw ko sila sayo, EDI SAYO NA. IYONG IYO NA. ISAKSAK MO PA SILA SA BAGA MO" naiinis kong sabi at iniwan ko na sya sa kwarto ko.

Aga aga pinepeste ako. Kung makapagsalita akala mo sya yung inapi. The nerve. Nakakainis. Bumaba na lang ako para naman makaalis na. Sakto namang nakasalubong ko si Mommy.

"mom." iritang tawag ko sa kanya

"yes?" sagot nya

"san nyo ba pinaglihi si Avy?" naiirita ko pa ring tanong

Kumunot naman ang noo nya at nagisip.

"Sa apple, why?" curious na tanong nya

"ahh. Sure ka? Kala ko kasi sa sama ng loob" at saka ako nagpunta sa may garahe para syempre kunin si baby cooper at makalayas na.

Pagkakataon nga naman. Nasa garahe din pala si Daddy. Napansin naman kaagad nya ako at nginitian. Sh*t lang. Ang creepy talaga kapag ngumingiti sya. Kapag ako ang ngumiti matakot ka na. Pero kapag pala si Daddy ang ngumiti KINIKILABUTAN ako. Hindi ako sanay.

Bubuksan ko na sana yung kotse ko nung nagsalita si Daddy

"So, you're still riding that mini cooper?" tanong nya

Gusto ko sanang sagutin ng *"malamang, nasayo yung susi ng ford at ni chevy e"* kaya lang nanahimik na lang ako. Mahirap na baka mainis sakin at kunin pa si cooper, maglakad pa ko papunta sa school. Alam nyo naman ang Daddy ko, daig pa ang babaeng may dalaw. MOODY.

"yes dad" tipid kong sagot.

Tumahimik naman sya saglit at pinasok yung kamay nya sa bulsa ng pantalon nya.

"here" sabay may ewan na hinagis sakin. Syempre dahil maganda ako, nasalo ko. (connect?)

Bastusin din tong tatay ko e. Tinignan ko naman kung ano yung hinagis nya. SUSI. omg.. SUSI nung dalwa kong baby... tinignan ko sya. Shock ako e.

"mas kailangan mo yan" tipid na sagot nya

"thanks" mahinang sabi ko.

"so..see you later?" sabi nya

Nag-nod na lang ako at nung makaalis sya, pinuntahan ko kaagad si baby chevy. Namiss ko to e, at pumunta na ako sa school ko.

*school

Marami ng mga students ang nasa school at ready na sila para sa orientation. Sinalubong naman ako kaagad ni Mikee noong nakita nya ako. Haggard kung haggard naman sya ngayon dahil nga orientation at sinabi ko pang pupunta si Daddy kaya naman ayun, super work sya. Syempre ako chill lang. Wala namang kwenta yung orientation eh. Saka kahit naman wala akong ganong sabihin BAYAD NA SILA AT MAY PERA NA AKO.

Dumating na din sina Daddy noong saktong mag-uumpisa na. Nagbigay sya ng speech tapos palakpakan, kala mo naman interesado sila sa sinabi ni Daddy. Ahh basta naboboring ako. Kaya naman after noong mga chu chu ek ek na seremonyas pinaakyat na ako sa stage. Ok this is it.

Siguradong magigising na kayong lahat dahil magsasalita na ako.

"Siguro naman kilala nyo na ako? At ayoko na din bumati sa inyo dahil nabati na kayo ni Daddy kanina, nakakasawa. Nandito kayo ngayon para sa orientation. Para malaman yung rules and regulations ng school ko. Tama ba?" sumagot naman sila. Pero halatang bored na sila

"Madami ang nagtanong kung bakit hindi ko pa sinabi yung rules and regulations nung enrollment, bakit nga ba? Simple lang, ayoko kasi ng paulit ulit. Kaya

naman dito ko na sasabihin para lahat kayo alam na. Madali lang naman ang rules and regulations ko.

Hindi ko kayo nirerequire mag-uniform dahil hindi na kayo highschool. Kaya wala akong pakialam kung pumasok kayo ng nakabra at panty. Basta ba siguraduhin nyo lang na seksi kayo.

Wala akong pakialam kung may tattoo o piercing pa kayo sa buong katawan nyo, choice nyo yan. Hindi naman ako yung masasaktan at dudumi ang katawan.

Jerks, about your haircut/hairstyle? I dont care kung ipadye nyo pa yan ng kulay rainbow, kayo din naman ang magmumukang tanga.

I dont care kung magcut kayo ng klase o umabsent pa kayo ng ilang bwuan, basta ba ipapasa nyo yung mga major exam nyo. Dahil kahit hindi naman kayo pumasok, may kita pa rin ang school ko and good news yun sa mga employee ng school dahil susweldo sila ng hindi nagtratrabaho.

No bullying. Yan ang pinakamahigpit kong ipinagbabawal dito. Dahil AKO lang ang may karapatang gumawa nun. Ngayon kung gusto nyong mambully, ako muna ang harapin nyo.

Mean girls or Queen bees are not allowed. Kaya wag na kayong mangarap, dahil ako lang ang nag-iisang reyna ng school na to.

simple lang diba?" sabi ko sa kanila

Nag-agree naman sila. Subukan lang nilang hindi pumayag ngayon palang makakaalis na sila sa school ko. After kong sabihin ang rules and regulations ko, binigay ko na yung mic sa susunod magsalita sakin ewan ko kung sino sya basta ang alam ko lang nagtratrabaho sya sa school ko.

Bumalik ako sa seat ko na unfortunately ay katabi ng seat ni Avy. Syempre naman muka na namang pinagsakluban ng langit ang lupa ng itsura nya. At hiniritan na naman ako. Tss. Wala namang bago sa kanya e.

"School rules ba yun? Are you out of your mind? Yun ba yung pinagmamalaki mong pagmamanage?" naiinis nyang sabi

"School rules ko yun. Wag kang nangingialam. Umagree sila, tapos ikaw na hindi stupidents dito aartehan ako? Please lang. Kung gusto mo magtayo ka din ng

sarili mong school at gumawa ng sarili mong rules" sabi ko sa kanya at inirapan ko sya

"I really hate you" sai nya

"Go ahead and hate me to death... but before you die let me tell you something, hating me wont make you pretty." nakangiti kong sabi sa kanya

And bingo. Natahimik sya. Kaasar kasi, epal ng epal. Masyadong papansin, habang buhay na lang syang ganyan.

Mga ilang minuto din ang nakalipas nung tinawag ako ulit para sa inihanda kong presentation para dito sa napaka MEAN kong kapatid.

"ipapahiya mo na naman ang sarili mo?" sabi ni Avy.

Tinignan ko sya bago ako tumayo.

"Hindi. Ipaparealize ko lang sayo kung gaano ka ka-loser, pathetic and alone in life." at inirapan ko sya bago ako naglakad sa harapan.

"So here i am again. This song is dedicated sa lahat ng brats and jerks. And to the MEANEST person i have ever known. *tumingin ako kay Avy*" at ngumiti ako.

*(Mean by Taylor Swift)*

*[You, with your words like knives and swords and weapons that you use against me*
*You have knocked me off my feet again got me feeling like I'm nothing*
*You, with your voice like nails on a chalkboard, calling me out when I'm wounded*
*You, pickin' on the weaker man]*

Hanggang ngayon hindi ko alam kung anong problema nya sakin. Alam mo yung feeling na wala ka namang ginagawang masama sa tao pero galit sya sayo? Pede bang magalit sya sakin ng ganyan? Ano bang pinalalaban nya sa buhay nya? Ang dami kong tanong, tanong na hanggang ngayon wala pa ring sagot.

[*Well, you can take me down with just one single blow*
*But you don't know what you don't know*
*Someday I'll be living in a big old city*
*And all you're ever gonna be is mean*
*Someday I'll be big enough so you can't hit me*

*And all you're ever gonna be is mean*
*Why you gotta be so mean?]*

Kung dati rati, hindi kami mapaghiwalay at lagi lang akong nakabuntot at nakasunod sa mga gusto nya, ngayon naman, unti unti na akong gumagwa ng sarili kong pangalan. Nagsisikap ako para hindi ako maihalintulad sa kanya. Nakakasawa kasi na palagi na lang ako kinukumpara sa kanya noon.

[*You, with your switching sides and your walk-by lies and your humiliation*
*You, have pointed out my flaws again as if I don't already see them*
*I'll walk with my head down trying to block you out 'cause I'll never impress you*
*I just wanna feel okay again]*

Kung noon, palagi ko na lang syang pinapabayaan sa mga ginagawa nya at paninira nya sa akin. This time, ayoko na. Gusto ko na tapusin yung mga ginagawa nya. Sobra na e at nakakasawa na,halos buong buhay ko na lang sa kanya na umikot. At ang nakakainis pa, HINAYAAN KO SYA.

[*I'll bet you got pushed around, somebody made you cold*
*But the cycle ends right now 'cause you can't lead me down that road*
*And you don't know what you don't know]*

Minsan hindi ko maiwasang isipin na may nagbrain wash lang sa kanya para magalit sa akin ng ganyan. Yung sinulsulan lang sya tapos bigla na lang boom, galit na. Kung meron man, siguraduhin nya lang na hindi sya magpapahuli ng buhay sakin kung hindi ililibing ko sya ng buhay dahil ginawa nyang ganyan ang kapatid ko.

[*Someday I'll be living in a big old city*
*And all you're ever gonna be is mean*
*Someday I'll be big enough so you can't hit me*
*And all you're ever gonna be is mean*
*Why you gotta be so mean?]*

Sa totoo lang, ibang iba naman si Avy noon. Sya yung kapatid na gugustuhin mong magkaroon pero ngayon? Sya na yung kapatid na gusto mong ibaon sa lupa. Namimiss ko na yung dating Avy, yung ATE ko. Sobra...

[*And I can see you years from now in a bar, talking over a football game*
*With that same big loud opinion but nobody's listening*

*Washed up and ranting about the same old bitter things*
*Drunk and grumbling on about how I can't sing]*

Walang problema sakin kung ganyan pa rin sya ka-mean. PERO WAG NA SAKIN. Wag na syang magpaka-ampalaya sakin kasi NAKAKAIRITA. Ok lang naman kung magiging mean sya. Mas maganda nga yun para magkasundo kami pero please lang, sana yung kaplastikan nya MAWALA.

[*But all you are is mean*
*All you are is mean and a liar and pathetic and alone in life*
*And mean, and mean, and mean, and mean*
*But someday I'll be living in a big old city*
*And all you're ever gonna be is mean, yeah*
*Someday, I'll be big enough so you can't hit me*
*And all you're ever gonna be is mean*
*Why you gotta be so mean?]*

Ayoko na dumating sa point na habang buhay na lang syang mag-isa. Na habang buhay na lang syang may galit sakin, habang-buhay na lang syang BITTER OCAMPO sakin. Forever na lang syang magmumukang tanga dahil sa mga bagay na pinaggagawa nya. Gusto ko na maranasan nya rin na maging masaya tulad ko. Na kahit na sobrang maldita ko, may mga totoong kaibigan pa rin ako. Hindi katulad nya na lahat na lang ng tao GINAMIT nya. At ang ending? Iniwan sya.

[*Someday, I'll be, living in a big old city*
*(Why you gotta be so mean?)*
*And all you're ever gonna be is mean*
*(Why you gotta be so mean?)*
*Someday, I'll be big enough so you can't hit me*
*(Why you gotta be so mean?)*
*And all you're ever gonna be is mean*
*Why you gotta be so mean?]*

Pinagpapasalamat ko na din na andyan pa rin si Ian para sa kanya. Naiinis pa rin ako dahil kahit ang plastik nya, may lovelife sya. Hayyyys. Pero ok na sakin yun, atleast may kasama sya kahit na ganun yung ugali nya. Subukan lang ni Ian na lokohin si Avy, babalatan ko sya ng buhay.

Pagtapos kong kumanta, tumingin ako kay avy at nagulat ako sa nakita ko. Nagpahid ng luha si Avy. Agad naman syang umalis, kaya naman mabilis akong nagpaalam kina daddy at mommy at sinundan sya.

Peste. May lahi bang kabayo yun? Ang bilis naman nyang maglakad. Tss, kahit na nakasuper heels ako sinundan ko pa rin sya. Bakit? Eh sa gusto ko e. Kasi naman nacucurious ako bakit sya umiyak? E samantalang nung PANGMAYAMANG REVENGE KO nagalit sya. Pero ito sa PANGMAYAMANG SWEET REVENGE ko umiyak sya?

Nakarating kami hanggang sa may Parking lot. Kaya naman tinawag ko na sya, todo sigaw ako para marinig nya ako.

"AVYYY" napahinto naman sya, pero hindi pa rin sya lumilingon sakin.

Lumapit ako, pero nagsalita sya

"Don't come near me" sabi nya.

"Edi wag. Arte mo, may pawalk out walk out ka pa. Problema mo?" sabi ko sa kanya. Humarap na sya sakin at ang loka loka, todo kung mag-cry.

"IKAW. IKAW ANG PROBLEMA KO. BAKIT KA GANYAN?" aba sinigawan pa ako.

"Kung makasigaw ka naman, hindi ako bingi. Ako? Palagi naman ako yung problema mo e. Wala na bang iba bukod sakin? Kasi alam mo, muka kang tanga. Hindi ko alam kung bakit ka nagkakaganyan, alam mo yun? Kung miserable ka wag mo akong idamay" sagot ko sa kanya

"Oo. Ikaw lang ang problema ko. Nakakainis ka kasi. Ikaw ang gusto ng lahat kahit wala kang ginagawa. Samantalang ako, ginagawa ko ang lahat para lang mapansin nila ako. Pero ano? Ikaw pa rin ang bida." sabi nya

"So insecure ka? Ganun ba? Galit ka sakin kasi naiinggit ka sakin? Wow, yun lang Avy? ANG BABAW MO. Umabot ng ganyan katagal yang insecurity mo sakin, kaya ngayon nagpapaka-ampalaya ka at ginagawa mong miserable ang buhay ko? Wow. Ang cool mo lang magalit, sobra." naiinis kong sabi sa kanya

"Hindi mo ako maiintindihan dahil wala ka sa posisyon ko. Ako yung panganay pero palagi na lang akong pangalawa pag ikaw na yung kinukumpara sakin. Hindi mo alam yun." sabi nya

"Talagang hindi kita maintindihan, dahil napaka walang sense ng pinaghuhugutan mo. Avy tigilan mo na to. Ayoko na rin eh, nagsasawa na ako." sabi ko sa kanya

"Para sayo walang sense, pero para sakin malaki yung naging epekto nun." sabi nya at saka sya mabilis na naglakad papunta kung saan nakapark yung sasakyan nya.

Nasa kalagitnaan sya ng parking lot nung aksidenteng natapilok sya. Kaya naman naglakad ako papalapit sa kanya para tulungan sya hanggang sa hindi ko napansin yung sasakyang papalapit samin. Pareho naming tinulak ang isa't- isa. hanggang sa……

"AVY/AVAH"

***********

**MALDITA 23**

"AVAH/AVY" sabay naming sigaw ni Avy.

Napapikit ako sa pagkakatulak ni Avy sakin.

"Ouch" mahina nkong sabi.

Dahandahan din akong nagmulat para i-check kung may gasgas ba ako sa mga palad ko, yun kasi yung pinagtukod ko para hindi ako tuluyang mapahiga sa semento. Oo na, selfish pa rin ako kasi mas inuna ko pang i-check yung sarili ko bago si Avy. Eh sa ganun talaga e.

Tumingin ako sa direksyon ni Avy, nasa kabilang side sya at tulad ng pwesto ko. Oh isa pang makasarili to, chineck din muna yung sugat nya sa may siko bago ako tinignan.

"Are you ok?" tanong nya.

"Concern? *inirapan nya ako* ito naman, gasgas lang. Are you ok?" tanong ko din

Tumango naman sya. Noong medyo nakarecover na ako sa pagkabigla tumingin ako sa kotseng nakahinto. Peste lang muntik na kami dun ahh. Agad agad akong tumayo at pinuntahan yung kotse, kinatok ko ng kinatok yung bintana ng kotse nya.

"LETCHE KA. BUMABA KA DYAN, WALANGYA KA. ALAM MO BANG MUNTIK NA KAMING MASAGASAAN? LUMABAS KA DYAN. BWISET KA. RECKLESS DRIVER. IREREPORT KITA PESTE KA DAPAT HINDI KA BINIBIGYAN NG LISENSYA." galit na galit na sigaw ko habang patuloy na kumakatok sa bintana ng kotse nya.

Naramdaman ko naman na lumapit sakin si Avy at hinawakan ako sa braso ko para awatin yung ginagawa ko.

"Tama na" sabi nya at tinignan ko sya ng naiinis.

"Anong tama na? Muntik na tayong mabangga tapos pipigilan mo ko? Kailangan nyang pagbayaran yung ginawa nyang pag-gasgas sa makinis kong balat, bwiset sya"

Pinaghahampas ko ulit yung bintana ng kotse nya habang patuloy pa rin ako sa pagsigaw. Badtrip lang tinted yung bintana nya kaya hindi ko makita kung sino tong gagong to o gagang to. At talagang ang tibay nya dahil hindi sya bumababa ng kotse nya.

Kinabig ulit ako ni Avy, pinatabi nya ako kaya tinignan ko sya.

"Ano ba? Nyeta ka ahh. Kanina ka pa pigil ng pigil ahh. Baka nakakalimutan mong dahil sa kalampahan mo kaya muntik na tayong masagasaan!" naiirita kong sabi sa kanya

Totoo naman e. Kung hindi sya lampa at natapilok edi sana hindi ako naawa sa kanya at hindi ko sya tinulungan.

"I know ok? And I’m sorry.... wait.... let me. Tumabi ka muna baka tamaan ka. Tignan lang natin kung hindi pa sya bumaba ng kotse nya" sabi nya at tumabi naman ako kaagad.

"Anong gagawin mo?" tanong ko sa kanya ng nagtataka.

"Just watch me" sabi nya at kumindat pa.

Hinubad nya yung sapatos nya at biglang nanlaki yung mata ko sa sunod nyang ginawa. Pinagpapalo nya yung bintana ng kotse gamit yung takong ng super heels nya. Nagkaroon ng crack yung window at bahagyang bumukas ang pintuan ng kotse.

Tumingin sakin si Avy at ngumiti.

"See?" pagmamalaki nya.

"WOW, sa lahat ng ginawa mo, ngayon lang ako natuwa sayo" sabi ko sa kanya ng nakangiti.

Bigla namang napaatras si Avy nung biglang bumukas ng tuluyan yung pintuan ng kotse. Bastos yun ahh. Bumaba ang isang lalaki at dali dali nyang chineck yung car window nya. Ni hindi man lang muna kami hinarap at pinansin. PESTE talaga.

"SH*T F*CK, MY BABY, ANONG GINAWA NYO SA KOTSE KO? TALAGA BANG BABASAGIN NYO YUNG BINTANA KO? ANO BANG MGA PROBLEMA NYO?"

Humarap ang isang galit na galit na lalaki sa amin. Pareho kaming nagulat nung nakita namin ang isat isa. Mga ilang segundo din kaming natahimik at hindi makapaniwala.

"IKAW NA NAMAN?" sabay naming sabi

"ANONG GINAGAWA MO DITO?" sabay uliut kami

"BAKIT MO AKO GINAGAYA? / WAG MO AKONG GAYAHIN" sya at ako.

"TEKA nga teka nga, magkakilala kayong dalawa?" tanong samin ni Avy.

Palipat lipat yung tingin nya sa aming dalawa.

"HINDI" mabilis at sabay naming sabi.

Tinignan ko si Avy na halatang nagtataka naman at tinignan nya ako ng 'are-you-sure-look'. Tumango lang ako bilang sagot.

"OKAAAAAAAAY" sabi nya na parang hindi naniniwala.

Sasagot pa lang sana ako nung biglang sumigaw yung siraulo/gago/peste/bwiset na lalaki

"BAYARAN MO YUNG SASAKYAN KO!!"

"HOY. ANG KAPAL TALAGA NG MUKHA MO. IKAW NA NGA TONG MUNTIK MAKABANGGA IKAW PA TONG GALIT? ABA, HIYANG HIYA NAMAN AKO SAYO. TIGNAN MO TONG GINAWA MO SA MAKIKINIS NAMING BALAT, GINASGASAN MO. IPADERMA MO TO.!!" galit na sabi ko sa kanya habang ipinapakita ko yung mga gasgas na nakuha namin ni Avy.

"HOY! HOY! EXCUSE ME LANG. BABAE, KASALANAN KO BANG BIGLA KAYONG SUMULPOT? AT WOW LANG HA, SA GITNA PA TALAGA KAYO TUMIGIL. AT ANG MALUPIT PA DOON, KAYO LANG ATA ANG BUKOD TANGING SA PARKING LOT MASASAGASAAN, OF ALL PLACES. GRABE NAMANG KATANGAHAN YAN!!" at nagsmirk pa sya.

@!$#@$@#%$#^$^& NAKAKARAMI NA TONG GAGONG TO AHH.

"HOY KUPAL KA! KANYA KANYANG TRIP YAN. KUNG NAIINGGIT KA GUMAYA KA. KUNG GUSTO MO DUN KA SA TAAS NG OVER PASS MAGPASAGASA" sigaw ko sa kanya

"WOW. SA OVERPASS TALAGA? GRABE. JOKER KA TALAGANG PAYATOT KA. HA-HA-HA-HA ANG DAMI KONG TAWA SAYO MGA APAT. PERO DAHIL MASYADO KANG KORNY DADAGDAGAN KO PA HA-HA. OH AYAN AH ANIM NA YUNG TAWA KO. MASAYA KA NA?" pang-aasar nya

"ISA KANG MALAKING KUPAL. LUMAYAS KA SA SCHOOL KO. HINDI KA BAGAY DITO, I WONDER KUNG PAANO KA NAKAPASOK DITO, NO PETS AND UGLY ALLOWED KAYA, BAKIT KA NANDITO?" sabi ko sa kanya

"Hey chill nga. Kala ko ba hindi kayo magkakilala? Kung magsigawan kayo. Mister, umayos ka ng mga sagot mo, nasa teritoryo ka ng mga Chen. Magsorry ka na lang samin daming dada e, parang babae. Bakla ka ba?" tanong ni Avy sa kanya

"OO at HINDI" sagot naming dalawa ni KUPS.

"Ang gulo nyo. Explain? Naiistress ako sa inyong dalawa" naiiritang sabi ni Avy

"OO BAKLA SYA AT HINDI KAMI MAGKAKILALA" sagot ko

"OO HINDI TALAGA KAMI MAGKAKILALA AT HINDI AKO BAKLA" sabi nya

"AVAHHHH. YUNG TOTOO?" naiiritang sabi ni Avy

Kumalma muna ako bago ko sya sagutin. Kasi naman e, kahit ako natutuyuan din ng dugo sa kupal na to. Peste kasi e, sa lahat ng taong makakabangga samin sya pa. ARGGHHH.

"fine fine fine. SYA SI KUPS." naiinis kong sabi

"KUPS?" gulat nilang tanong

"KUPS. Short for KUPAL. Nagtataka ka pa, e obvious naman na KUPAL ka." chill kong sabi.

OO, sa kasamaang palad si KUPS ang nakabangga samin.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHA" napatingin naman ako kay Avy na biglang tumawa.

"MISS WALANG NAKAKATAWA" galit na sabi ni KUPS

"Grabe ang dami kong tawa hindi ko na nabilang sorry. Hahaha" tuloy tuloy na sabi ni Avy

"My God. I cant believe this, pati ikaw Avy, nahawa na sa pagbilang ng tawa? WTF" di makapaniwalang sabi ko.

"So kup-- err… whatever your name is. Just do what my sister wants. Ipaderma mo kami para matapos na kasi sinasabi ko na sayo, hindi ka nya tatantanan. And sorry about your car. IKAW NAMAN KASI HINDI KA TUMITINGIN KUNG MAY MABABANGGA KA BA. GHADD. ANONG SILBI NG MATA MO?" biglang sabi ni Avy

Nagulat naman ako sa biglang pagshishift ng mood nya. Tss. Moody talaga. Pero ok na rin ngayon dahil sa tingin ko OK NA KAMI? Ewan basta pareho kami ng inaaway e, kaya siguro nga.

"HOY MISS, NEO ANG PANGALAN KO. IPAPADERMA KAYO? AKSIDENTE YUNG NANGYARI AT DAHIL SA KATANGAHAN NYO KAYA KAYO MAY GASGAS. AARTE NYO. YUNG SALAMIN NG KOTSE KO SINADYA NA SIRAIN TAPOS SORRY LANG? WOW ANG COOL NYO LANG DALAWA" sabi nya

"AHH GANON? SIGE TULUYAN KO NA LANG YUNG KOTSE MO" sabi ko sa kanya at agad akong pumunta sa may kotse nya. Hinubad ko yung magkabilang super heels ko at pinagpupukpok ko sa kotse nya. Hindi ko na alam kung san tumatama dahil kahit saan ko na lang pinupukpok

"HOY TIGILAN MO YANNN." pilit naman ako pinipigilan ni KUPS.

Hanggang sa mapunta ako sa harapan ng kotse nya at napatigil ako sa pagpokpok.

"TIGIL SABI" at pilit inaagaw ni KUPS yung heels ko kaya naman.

"TEKA NGA" *agaw ng sapatos*

Noong napagod akong makipag-agawan

"OH OH OH SAYO NA. TRY MO KUNG KASYA SAYO. BWISET" habang pinagtutulakan ko sa dibdib nya yung sapatos ko.

Kainis kasi, type nya ata bakla talaga

Tumingin ulit ako sa harapan ng kotse nya at pilit kong inaaninag yung tao sa loob. May napansin talaga akong tao e. Kaya naman nilapitan ko yung kabilang side ng pinto para pababain kung sino man ang nakasakay doon.

"HOY BUMABA KA DYAN" sabi ko habang pinipilit buksan yung pintuan at bumukas naman agad.

Lumayo ako ng konti para tuluyan nyang mabuksan yung pintuan ng kotse at makababa na sya.

Bumaba ang isang maputing babae. Mahaba yung buhok nya at nakasuot sya ng floral dress. In fairness maganda sya.

Teka teka, parang familiar sya sakin. Kaya naman tinitigan ko sya. Tumungo naman kaagad sya nung napansin nyang pinagmamasdan ko sya. Parang ayaw nyang ipakita yung muka nya sa akin.

Magsasalita pa lang sana ako nung biglang umextra yung kupal.

"HANNAH. DIBA SINABI KONG WAG KANG BABABA?" sabi nya habang papalapit.

Hannah?  Wait, familiar yung name. OMG. HANNAH?

"NERDDDD?" gulat na gulat kong sabi

"Ms. Avah" mahinang sabi nya

"KILALA MO SYA?" tanong ni KUPS

Tumango lang si Nerd kay Kups.

"KILALA MO 'tong kupal na'to?" tanong ko kay nerd at tinuro pa yung kupal

"HOY BABAE, KUNG MAKADURO KA NAMAN." sabi nya at tinapik ng malakas yung daliring nakaturo sa kanya

"Ano ka ba naman KUYA" sagot ni nerd at pinalo yung kamay nung kapatid nya

Mas lalo akong nagulat sa narinig ko.

"KUYA?" sigaw ko.

Lumapit si Avy samin at tinignan si Nerd

"Ikaw yung personal slave ni Avah diba?" tanong nya ng nagtataka

Aba sino ba namang di magtataka, si nerd? Ganyan kaganda? Tss, pero KUYA? Tinawag nyang kuya si KUPS?

"PERSONAL SLAVE?" gulat na tanong naman ni KUPS.

"KUYA MO SI KUPS?" hindi pa din ako makapaniwala

The usual nerd. TUMANGO SYA BILANG SAGOT.

Winner lang. Si nerd na sobrang bait kapatid ang isang kupal na katulad ni KUPS? Wohooo, mas malupit pa sa combination naming dalawa ni AVY.

************

**MALDITA 24**

"MAGKAPATID KAYO?" palipat lipat yung tingin ko kina Kups at nerd

Hindi talaga ako makapaniwala. Paano? Kung anong ikinatahimik at ikinabait ni nerd, yun naman yung ikinaingay at ikinasama ng ugali ni Kups. Walang wala yung combination namin ni Avy sa kanilang dalawa.

"OO NGA. MAGKAPATID KAMI. PAULIT ULIT? INIS. SAKA TEKA NGA.. PAANO MO NAGING PERSONAL SLAVE TONG KAPATID KO?" tanong ni kups

"Nerd. Explain mo nga kung paano kayo naging mag-kapatid?" tanong ko kay nerd.

Hindi ko pinansin yung tanong ni Kups. Bahala sya, wala akong pakialam sa kanya. Ayoko syang kausapin naiinis ako sa kanya. Sasagot pa lang si Nerd nung nagsalita na naman si Kups

"Iisa nanay at tatay namin. Common sense naman Miss, wag kasing tanga" sabi nya

Aba peste to ahh. Kumalma ka lang Avah, wag kang magpadala sa inis mo.

"Malay ko ba kung ampon ka, naninigurado lang" sagot ko sa kanya

"Aba, ang yabang mo ahh" sagot nya

"Kung mayabang ako, pano ka pa kaya? Kung tutuusin nga, MAS HUMBLE pa ako." sagot ko sa kanya

"Wow. YAN ANG HUMBLE. Pustahan tayo hindi na kayo gumagamit ng electric fan sa bahay, kasi magsalita ka lang sobrang hangin na" pang-aasar nya

"Excuse me lang, AC ang gamit namin hindi electric fan. Siguro wala ka nun kaya hindi mo alam yun noh? Oo nga pala, AC means Air Conditioner / Air con, just in case you didn't know"

"Grabe miss. Nahiya naman ako sa Ferrari ko kung AC lang hindi ko pa alam." pagmamayabang nya

Tss. Inirapan ko sya. Nakakdrain sya ng dugo. Kainis. Napansin naman ata ni Avy na wala na akong ganang makipag-usap sa Kupal na yun kaya naman sya na lang yung nakipag-usap.

"Ok ok. Kayong dalawa chill lang. Una sa lahat, pede bang pakibalik muna nung sapatos ni Avah?" utos ni Avy. Napatingin naman si Kups sa hawak nya at mabilis kong inagaw yung sapatos ko sa kanya

"Tss. Sabi ko na, type mo sapatos ko" sabi ko habang sinusuot ulit yung sapatos ko.

Sasagot pa sana sya nung pinigilan sya ni nerd.

"Tigil na kasi kuya." mahinang sabi ni nerd.

Ang creepy lang talaga kapag tinatawag ni Nerd si Kups na KUYA.

"Tss. Tutal ayaw din naman akong sagutin ng babaeng to *turo sakin*, ikaw na lang ang sumagot. Paano ka nya naging personal slave?" naiinis na tanong nya kay nerd

Yumuko si nerd. Hayy, ang hirap talagang paniwalaang magkapatid sila

"HANNAH!!" sigaw ni Kups.

Nagulat naman ako sa sigaw nya. Actually pati si Avy at si Nerd naman prang sanay na sanay na syang sinisigawan ni Kupal.

"Aray naman sakit sa eardrums." maarteng sabi ni Avy

"Kailangan talaga sumigaw? Nagpapapansin lang?" inis na tanong ko.

Hindi naman pinansin ni Kups yung reaction naming dalawa ni Avy pero mas nagulat kaming lahat sa sinabi ni Nerd.

"WAG MO NGA AKONG SIGAWAN. TINULUNGAN NYA AKONG MAKABALIK SA PAGIGING SCHOLAR NUNG MGA PANAHONG PINA-FREEZE MO LAHAT NG ACCOUNT KO AT PINALAYAS MO KO SA BAHAY. ANO MAY TANONG KA PA BA KUYAAAA?" sigaw ni Nerd kay Kups.

Wow, as in wow lang talaga. Hindi ko akalaing marunong palang sumigaw si Nerd. Ibang iba sa nakilala ko, yung nakilala kong Nerd, hindi makabasag pinggan at iyakin. Samantalang itong nasa harapan namin MAKABASAG EARDRUM.

Natahimik naman si Kups at halatang naasar sa kapatid nya. Kaya naman sinigawan nya din si nerd

"HOY HANNAH, WAG MO KONG MASIGAW SIGAWAN AHH. KUYA MO AKO. UMAYOS KA KUNG AYAW MONG BAWIIN KO LAHAT NG CREDIT CARDS MO."

Inirapan lang sya ni Nerd

"Magkapatid nga kayo. Hobby nyo ang pagsigaw" sabi ni Avy

"Sorry po Ms. Avy at Ms. Avah" mahinhin na sabi ulit ni Nerd

"Alam mo Nerd, ang creepy mo lang. Grabe mamaya sisigaw ka, tapos mamaya mahinhin ka ulit. Hindi na bagay sayo yung pangalan na Nerd. Yung totoo hindi gawain ng Nerd ang sumigaw." naiirita kong sabi

Naputol naman yung pag-uusap namin nung biglang may tumawag kay Kupal.

"NEO" sabay sabay kaming napalingon sa direksyon ng nagsalita. Papalapit sila sa amin. Oo sila, kasi dalawa sila, actually mag-asawa silang dalawa

Nagpalitan kami ng tingin ni Avy, at sabay kaming nagkibit balikat para ipaalam sa isa't isa na pareho kaming walang alam sa nangyayari. Sabay naming tinignan si Kupal at nawala yung inis nito saka kumaway ng bahagya sa tumawag sa kanya

"Mr. Chen / DADDY???" sabay naming sabi nina Kups, Avy at ako.

"Oh, it looks like magkakilala na kayo ng mga anak ko" nakangiting sabi ni Daddy sa kanya

"Anak nyo po sila?" tanong ni Kups at tumingin samin ni Avy.

“Yes, they are my daughters. This is my eldest daughter Avy and this is Avah my youngest" pagpapakilala samin ni Daddy kay Kupal.

"Wait, wait, wait. Kilala mo sya Daddy? Paano?" tanong ko sa kanya

"We forgot to tell you Avah na kumuha kami ng landscape architect for the School. Napansin kasi namin ng Daddy mo na matagal tagal na din hindi napapaayos yung garden ng school and even the parking lot." pag-eexplain ni Mommy lumapit naman sa kanya si Avy.

"WHATTTTT? YOU MEAN HE WILL BE WORKING IN MY SCHOOL?" gulat na gulat na tanong ko sa kanilang lahat

"Your school?" nagtatakang tanong naman ni Kups

"Yes. This is MY school" pagmamalaki ko.

"Since mag-kakilala na naman pala kayo ni Avah so, hindi na kayo mahihirapan na magtrabaho right?" tanong ni daddy

"Yeah right." sabi ko na lang ng naiinis.

Nakita ko naman na medyo natatawa si Avy sa mga nangyayari kaya naman tinarayan ko sya

"Gusto mo talagang nakikita akong naiirita noh?" tanong ko sa kanya

"Not really masyado lang akong natutuwang panoorin kayong mag-away." sabi nya at tumawa

"So Sir, I will be working for HER?" turo sakin ni Kups.

"Yes, and Neo if you dont mind, gusto din sana naming ipaayos pati yung garden and roof top namin sa bahay" sabi ni Daddy

"Sure Sir." sabi ni Kupal

Wow. Bakit kapag si Daddy at Mommy ang kaharap nya ang ayos nyang kausap.

"Pati sa bahay?" agad kong tanong

"Oo Avah, malapit na din kasi kaming bumalik ng China ng Daddy mo, so gusto na namin ipaayos lahat" sabi ni Mommy

"Babalik ulit kayo dun?" tanong ko.

Nalungkot naman ako bigla sa sinabi ni Mommy. Kung kelan naman medyo close na kaming lahat saka naman sila aalis. Pero hindi e. Mas nangingibabaw yung inis ko dahil sa Kupal na to. Bakit sa lahat at dinami dami ng kukunin bakit sya pa?

"Madami pa kasi silang naiwan na trabaho. Actually napilitan lang silang umuwi para i-check kung ok ka lang dito." sabi ni Avy kaya naman napatingin ako sa kanya

"Para i-check ako?" naguguluhang tanong ko kay Avy.

Kasi naman akala ko bumalik lang sila dito kasi nagsumbong si Avy sa kanila.

"i'll tell you later ok?" sabi sakin ni Avy kaya naman tumango na lang ako bilang sagot.

"So Avah, ikaw na ang bahalang magtour kay Neo sa school, ok? Tutal tapos na naman yung orientation at maya maya lang wala na ding tao sa loob." nakangiting sabi sakin ni Daddy

"Bakit ako? Si Avy na lang." reklamo ko

"Sir, mukang ayaw po ng anak nyo e" sagot naman ni Kups

"HOY KUPAL KA, SINO BA NAMANG TAO ANG GUGUSTUHING MAKATRABAHO KA?" sigaw ko sa kanya

"Avah, dont be so rude. Hindi mo ba alam na si Neo Aguilar ang isa sa mga highest paid landscape architect dito sa Pilipinas, kaya sya ang kinuha ko? Maswerte nga tayo at tinanggap nya ang offer natin" sabi ni Daddy sakin

Hindi ako makapaniwala sa sinabi ni Daddy. KAMI PA ANG MASWERTE. Bakit ba palagi na lang akong nalalamangan ng Kupal na to?  Tinignan ko naman si Kupal at nakangisi sya sakin nang mayabang. (Basta mayabang yung dating nang ngiti nya)

Napansin naman ni Mommy si Nerd -- err si Hannah sa tabi ni Neo na kanina pa walang imik. Tss. Ang creepy lang talaga ni Ner-- Hannah. Kanina lang kung makasigaw kala mo wala ng bukas tapos ngayon tahimik ulit.

"You must be Hannah?" tanong ni Mommy sa kanya

"Opo" sagot naman ni Ner-- err Hannah ng nakangiti.

"Ang swerte naman ng Mommy at Daddy nyo. May isang lalaki at babae na sila" masayang sabi ni Mommy

"You know our parents?" tanong ni Hannah

"Yes. Actually, classmate ko yung Mommy mo noong college and your Daddy naman ay business partner ni Victor. Right hon?" tanong ni Mommy kay Daddy

"Yes, kaya nga madalas kami doon sa hotel nyo mag-stay at kumain kapag pumupunta kami dito sa Pilipinas" masayang kwento ni Daddy

"So, teacher din po pala kayo Mrs. Chen?" tanong naman ni Kups.

"Before, when I was single" nakangiting sabi ni Mommy

Yes. Teacher si Mommy noon kaya naman School yung pinatayo nila ni Daddy para sana dun magturo si Mommy kaya lang nagpunta sila sa China at mas nag-enjoy si Mommy na tulungan si Daddy sa business nila doon.

"So paano? We'll go ahead na. Avah, ikaw na ang bahala kay Neo ok?" paalala ulit ni Daddy sakin

"Sure. Kasama naman si Hannah e" sabi ko kay Daddy at nauna na silang dalawa ni Mommy sa sasakyan nila. (Remeber nasa parking lot pa rin kami)

Tinignan ko naman si Hannah at akmang hahawakan ko na yung braso nya pero mabilis na hinwakan ni Avy ang braso ni Hannah papalapit sa kanya

"Hannah will be coming with us Avah, beside, wala din syang maitutulong dun. mabobored lang sya. Right Hannah?" sabi ni Avy

Ngumiti na lang si Hannah sakin at nag-appear silang dalawa ni Avy.

"bu-"

"Bye Sis. GOOD LUCK" sabi ni Avy

"Bye kuya. GOOD LUCK" sabi naman ni Kups, saka sila umalis at sinundan sina Daddy.

"AVY / HANNAH" sabay naming sabi ni Kups.

Nagkatinginan na lang kaming dalawa ni Kups at saka sabay na umiwas ng tingin sa sobrang inis.

"TSS"

Great, great. What a day. Ito ba ang kapalit ng pagkakaayos namin ng family ko? Ang hinihingi ko lovelife hindi sakit ng ulo at isang Kupal na mayabang na kagaya nya. GOOD LUCK talaga saming dalawa.

**********

**MALDITA 25 (WHO'S THE BOSS?)**

Naiwan kaming dalawa ni Kupal sa may parking lot. Agad naman syang pumunta sa sasakyan nya, nakita ko pa syang umiling nung pinagmasdan ulit nya yung crack sa may car window nya. Pumasok sya sa kotse nya at saka ito ipinark ng maayos.

Naiinis talaga ako. Ganito na ba talaga kaliit ang Pilipinas?

Yung "nerd" na personal slave ko na akala ko ay isang POORita at mahinhin ay isa palang rich kid na may attitude! Ang malupit pa dun, sa dinami dami ng pwede nyang maging kapatid, bakit si KUPAL pa!!

Hindi lang yung ang ikinaiinis ko, bakit sa dinami dami ng landscape architect sa Pilipinas bakit sya pa ang kinuha nila?

Wait there's more! Hindi pa dun natatpos ang pagkainis ko. BAKIT KAILANGAN KO PA SYANG MAKATRABAHO?

LAST NA TALAGA 'TO!!

Bakit hanggang sa bahay ko makakasama ko sya? Ang ganda na kaya ng garden ko bakit kailangan pang ipaayos sa kupal na yun?

Well I admit na medyo plain lang yung rooftop garden ko. Hindi ko naman kasi yung pinagtutuunan ng pansin kasi naman hindi naman ako madalas dun. Hello? Nakakapagod kaya pumunta sa rooftop, nasa 5$^{th}$ floor yun guys! Hanggang 3$^{rd}$ floor lang yung kinakaya ng mga sexy legs ko!

Naiistress ako. Sumasakit ang ulo ko sa pesteng dala nitong kupal na 'to sa buhay ko.

"Ano na? tatayo ka na lang ba dyan? Mahal ang oras ko" sabi nya pagkatapos nyang ipark yung sasakyan nya. Sino pa nga ba?

Tinignan ko lang sya ng masama. Kung nakakamatay lang siguro ang tingin kanina pa ‘to pinaglalamayan dito. Makabili nga bukas ng kandila para may maitirik ako in case na mamatay nga sya sa titig ko.

“Hey! Alam kong gwapo ako pero wag mo naman akong masyadong titigan at pagnasaan, marunong din akong ma-conscious aba!” halos lumuwa ang mga mata ko sa sinabi nya. Yun ang literal na MAKALAGLAG PANGA! Buti na lang matindi yung pagkakakapit ng mga paa ko sa lupa kung hindi kanina pa ako tinangay ng hangin na dala nya

“WOAHHH! MBSS ahh! GRABE! LAKAS! Tss. FYI mister, hindi kita pinagnanasaan, kapal mo lang. Sinusubukan ko lang na patayin ka sa utak ko sa pamamagitan ng pagtitig ko. BUT I FAILED, dahil mayabang ka pa ding nakatayo sa harapan ko!” inirapan ko sya at saka naglakad papasok sa loob ng school.

“teka! Anong MBSS?” clueless na tanong nya. Naramdaman ko naman na sumunod sya sakin papasok sa school. Hindi ako tumigil sa paglalakad at sinagot ang tanong nya ng naiinis.

“Masyadong Bilib Sa Sarili…stupid”

---

Nakarating kami sa school garden, malapit ‘to sa office ko, medyo malayo sa mga stupidents. Kaya wala din ganong nagpupunta dito, siguro kapag wala na talaga silang ibang mapuntahan dito sila pumupunta.

“ito na yung garden?” amazed na tanong nya

“bakit?” mataray na sagot ko.

“well, honestly… your school garden is plain, dull, boring and----- *nag-long pause pa sya at tumingin sakin* LIFELESS” at saka sya bumalik sa pagtingin sa buong garden.

Medyo nainis naman ako sa sinabi nya. Offended is the right term sa naramdaman ko after hearing his comment.

“TSS! E ano naman? Lahat naman ng meron sa alam mong itsura ng isang garden ay makikita mo rin dito sa garden ng school ko! Tignan mo, may puno, may bench, may damo, may konting flowers at may fountain pa! Basta garden yan! Wag kang umarte!” naiinis kong sabi sa kanya.

“tama ka, lahat nga ng meron sa isang garden na alam ko ay meron din dito. Literally yes, present lahat sila dito but their presence?  Wala dito---- hindi ko maramdaman” pumunta pa sya sa isang bench na nasa ilalim ng puno at umupo doon.

Sinundan ko sya pero hindi ako umupo sa tabi nya ahh. Umupo ako doon sa mya bench na malapit sa may fountain.

“pinagsasabi mo dyan? Hindi mo pa ba ramdam na nakaupo ka sa isang bench na nasa ilalim ng puno? Landscape architect ka ba o espiritista? Kelangan ba maramdaman mo pa lahat ng elemento dito bago mo matawag na garden?” sarkastikong sagot sa kanya.

Nilingon nya lang ako at nginitian. Anak ng tokwa, bigla akong kinilabutan sa ngiti nya. ang creepy nyang ngumiti!

“wag ka ngang ngumiti dyan” pasigaw na sabi ko sa kanya.

“bakit crush mo na ‘ko?” at ngumiti pa sya ng todo.

“nag-react lang ako sa pag-ngiti mo crush na agad? Ganon kabilis? Ano yun crush at first smile? Yuck! Grabe ka talaga, yung confidence level mo lagpas langit hindi ko ma-reach. HA-HA-HA tama na ang tatlong tawa sayo. BWISET!”

Bumalik naman yung tingin nya sa paligid at nawala na din yung creepy na ngiti nya. Seryoso na yung itsura nya bago sya nagsalita.

“Seryoso kasi Miss. We’re doing a business here! Professionally speaking lang naman kasi yun. Sinabi ko lang naman sayo yung nakikita ko sa garden na ‘to as a highest paid landscape architect” pagmamayabang nya.

“ok na sana eh, yabang mo lang. Ok fine! Show me what you’ve got Mr. Neon Aguilar” paghahamon ko sa kanya.

“NEO hindi NEON” pagtatama nya

“NEON, NEO, WHATEVER, pareho lang yun nag-sstart sa letter N. Wag ka nang umarte, kupal ka pa din” I rolled my eyes and flipped my hair.

“whatever Malds! so as I wa---“

“what did you just call me?” obviously pinutol ko yung sasabihin nya.

“what?” naiinis na tanong nya

“anong tinawag mo sakin?” pagtratranslate ko sa tanong ko kanina, baka kasi hindi nya naintindihan kaya sya nag WHAT.

“TSS. MALDS!—short for maldita? Problema mo?” medyo inis nya pang sagot.

“so ganyan? May instant pet name? Wow FC lang. At prolema? Madami ako noon at isa ka na dun. Gusto mo bigyan kita para meron ka din, baka kasi naiinggit ka eh”

“thank you na lang Malds, ok na ko sa mga problemang meron ako ngayon” sagot nya. syempre the usual me, inirapan ko lang sya.

Tumayo sya sa pagkakaupo nya at nag-ikot sa garden. Hinahawakan pa nya yung mga madadaanan nya. tulad nung puno, bench at ilang bulaklak tapos iiling. Yung totoo ang weird nya, para syang may sayad. Di ko tuloy malubos maisip kung paano ‘to naging highest paid ek-ek.

“hoy ano na? magpapakabaliw ka na lang ba dyan? If yes, wala akong time para panoorin ka” naiinip kong sabi sa kanya.

Tumayo pa talaga ako at pinuntahan sya para lang sabihin yun. Nilingon naman nya ako at nagbuntong hininga.

“Tell me Miss. Chen, sa pag-sstay mo dito ng ilang minuto, na-relaxed ka ba? Naging at peace ka ba? Or nasabi mo bas a sarili mo na you will definitely come back to this place after you left?” kalamado pero seryoso nyang tanong

Napaisip naman ako sa tanong nya at sinubukan kong idigest ang mga ibinato nyang tanong sakin. Woah. Is this for real? Nagkakaroon ako ng isang SERIOUS TALK with this annoying jerk? Oh well, kung sabagay ginagawa nya lang yung trabaho nya.

“Relaxed? NO!... at peace? NO!.. and I will not dare to come back to this place without any reason at all” seryosong sagot ko sa kanya

“see? Kahit ikaw na mismong may-ari nitong place na ‘to hindi gugustuhin magstay dito. Ganun ka-plain, ka-dull, ka-boring at walang buhay ang lugar na ‘to. Gets mo na ba yung ibig kong sabihin kanina pa?” tanong nya at umupo sa isang bench at nagcrossed legs pa. GAY TALAGA!

“I don’t feel relaxed, and at peace dahil kasama kita. Yun yung ibig kong sabihin, so don’t flatter yourself na akala mo ay you hit the jackpot.” Mataray ko pa ring sagot sa kanya

Ayoko ngang umamin na agree ako sa mga sinabi nya. tss. Baka mamaya lalo pang lumaki yung ulo nya at magka instant hydrocephalus pa sya kasalanan ko pa!

“hindi mo talaga kayang magseryoso noh?” puna nya

“at hindi mo din kayang maging humble” ganti ko sa kanya.

“you know what sa lahat ng naging client ko, ikaw ang pinakamahirap katrabaho. Miss Chen, hindi lang oras mo ang nasasayang dito. Pati din yung saakin. Kung hindi lang talaga dahil kay Mr. Chen hindi ako papayag na magtrabaho para sa isang school garden na kagaya nito. Hotels, resorts and airports ang madalas kong pagtrabahuhan, hindi school. This is for amateurs! Hindi kayabangan yun, fact yun. So now, kung hindi ka makikipagcooperate sakin sasabihin ko na lang kay Mr. chen na hindi  ko na itutuloy ‘tong project na to at ipapasa ko na lang kayo sa ibang amateur landscape architect, para hindi tayo nagsasayang pareho ng oras at hindi kayo nagsasayang ng pera.”

Nagulat ako sa sinabi nya. Problema nito? Masyadong seryoso sa buhay.

“why so serious?” pang-aasar ko sa kanya

“tss” at tumayo na sya sa pagkakaupo at naglakad----palayo?

Omg? Hala seryoso talaga sya? Hindi sya pedeng mag-back out. Yari ako nito kay Daddy. Ngayon pa na medyo ok na kami tapos ako pa yung magiging dahilan ng pagkasira ng plano nya na pagandahin ang school ko? Hindi pwede ‘to.

Kaya naman kahit labag sa loob ko, sinundan ko sya. Dahil sa mas nauna syang umalis sa akin at in fairness mabilis syang maglakad kaya naman halos patakbo ko syang hinabol. Ngayon pa lang sobrang nagsosorry na ako sa aking Parisian shoes dahil ginagamit ko sila for running. Seriously, dalawang beses na akong tumatakbo ngayong araw na ‘to, nung una nung hinabol ko si Avy ngayon naman si kupal. Bakit ba ako ang laging humahabol?

“HOYY. SANDALI LANG NAMAN!” sigaw ko kay kupal

Aba at hindi pa rin tumitigil sa paglakad nya. Dinedma ang ganda ko. Bwiset.

“TEKA NGA KASI. FINE FINE. SIGE NA MAGSESERYOSO NA ‘KO. TIGIL MUNA”

*boogsh*

“aww” automatic na napahawak ako sa may noo ko at hinimas ito.

“BAKIT KA BIGLANG TUMIGIL?” naiinis kong sabi. Ikaw nga mauntog sa likod ng kupal hindi ka ba maiinis? Ang sakit kaya.

“ang labo mo din. Sabi mo tumigil ako? tss. Tama na nga nagiging korny na eh….last chance na ‘to Miss. Chen, UMAYOS ka.” pagbabanta nya.

Naglakad na sya pabalik sa school garden. Argh. Ayoko ng feeling na ‘to. Yung feeling na ako yung naging sunod sunuran at sya yung sinusunod ko. Kung hindi lang talaga ako malalagot kay Daddy hindi ko ‘to susundin e.

Kinaladkad ko yung mga paa ko at sinundan sya. Ang bigat talaga sa loob gumawa ng isang bagay na hindi mo gusto. Oo, may choice ako, na hayaan na lang syang umalis pero mas pinili ko pa ding pigilan sya. Ewan basta ang labo, ang gusto ko lang ngayon MATAPOS ‘TO.

Umpisa pa lang suko na ‘ko, paano pa kaya sa mga susunod na araw na makakatrabaho ko sya? Mapapadali ata ang buhay ko dahil sa kanya. Puro sakit ng ulo at pang-iinis lang ang dinadala nya sakin.

Ayokong mamatay ng SINGLEEEEEEEEE sayang ang lahi koooooo!!

***********

**MALDITA 26 (WHY SO BITTER?)**

“Much better kung papalitan natin lahat ng bulaklak dito, yung medyo lively naman unlike nitong mga bulaklak dito. Ok lang naman mag-stick sa isang kulay kung maliit yung place, and there’s nothing wrong by choosing white roses as a decoration kaya lang kasi mas nagmumukang dull yung place.”  Sabi nya habang hinahawakan yung mga white roses na nakatanim.

Sino pa bang magsasabi nyan? Edi ang kupal ng buhay ko. Oh oh, wag kayong kiligin, walang ibang ibig sabihin yang ‘kupal ng buhay ko’ na yan, sarcasm yan!!

Pumunta sya sa may bench “tapos itong bench, irerepaint din ‘to..no offense Ms. Chen pero ang pangit eh, bench ---all balck?”

Inirapan ko lang sya at sinundan ulit ng tingin habang naiirita akong nakikinig sa mga kumento nya. Oh oh, sinundan ko ng tingin dahil tinitignan ko kung ano na namang kabaliwan yung gagawin nya. Pumunta sya sa fountain.

“One more thing, your fountain, is not attractive at all.” Tumingin sya sakin para siguro tignan ang reaction ko. Automatic naman na tumaas ang kilay ko sa sinabi nya. Bago pa ako makapagsalita at kumontra sa sinabi nya ay nagsalita na ulit sya.

“Why? Tignan mo… parang yung mga fountain sa mga horror films sa isang abandoned house. Wala man lang kabuhay buhay. Although maganda yung design because it’s simple and in fairness naman sa tubig, malinis. Siguro kailangan lang nating pinturahan ng konti – instead of gray gawin nating white or beige at lagyan din natin ng lights para naman mas lively and attractive” pagpapatuloy nya.

How could he? Mukang fountain sa isang horror films? What the---

“ANG KAPA—“

“And oh, yungmga puno pala ipapatanggal na lang natin yung mga extra branches para naman hindi sila nagkakabanggaan at maayos silang tignan.”

BASTOS TALAGA, HINDI MAN LANG AKO PINATAPOS. Magcocomment sana ako sa mga sinasabi nya nung nagsalita na naman ulit sya. Nakakahalata na talaga ako eh, hindi nya ako pinagsasalita, lokohan ba ‘to? Ano to? Kwento ni KUPAL at POV ko? Ayos ahh.

“By the way MS. Chen, mas ok din sana kung lalagyan natin ng bonsai as a decoration yung ibang parte ng school, like yung hallway, cafeteria and yung sa front gate. Alam mo kasi yung bonsai nakakadagdag din yan ng attraction lalo na kasi may pagka-weird yung pagtubo nila” napatingin sya sakin at nakakunot naman ang noo ko na halatang naguguluhan sa mga pinagsasasabi nya.

“What I mean is, imbis na diretsyo mag-grow yung bonsai tulad ng karaniwang puno, sila naman naka slant. Yun yung dahilan kung bakit sila unique aside sa maliit sila…”

At talagang inexplain pa nya sakin kung anong itsura nung bonsai.

“anong akala mo sakin? Hindi pa nakakakita ng bonsai? Kung makapag-explain ka dyan.” Naiinis kong sabi.

“Oh? Sorry, akala ko kasi hindi ka pa nakakakita non. Well, anyway, napapansin ko kasing medyo empty yung school mo eh, wala masyadong attraction.. so what do you think Ms. Chen?”

Hanga din ako sa kupal na ‘to e. May gana pang mag-tanong ng opinion ko.

“muka ba akong ok? pagkatapos kong mabored sa pakikinig sa pagmomonologue mo dyan tatanungin mo ako kung ok ako?” naiinis kong sabi sa kanuya

“buti nga naalala ko pang nandyan ka” naninising tanong nya

“wow lang, hanga din ako sayo noh? UTANG NA LOOB ko pa ngayon sayo na pinansin mo ‘ko? Thank you ahh, dahil naalala mo pang may kasama ka” sarkastikong sabi ko sa kanya

“Chill lang kasi. Masyadong HB, tinutulungan na nga kitang magdecide kung anong gagawin mo dito sa school garden mo eh at sa school mo na din. ” sabi nya

“oh, dalawa na yung UTANG NA LOOB ko sayo? Ngayon naman dapat akong mag thank you dahil tinulungan mo akong magdecide kung anong gagawin? THANK YOU SO MUCH, HIYANG HIYA NAMAN KASI AKO SAYO KUNG MAKAPAGDESISYON KA, AKALA MO SAYO YUNG LUGAR?” aatakihin ata ako sa puso dahil sa pagkahigh blood dito sa kupal na ‘to eh.

“oyy. Tinanong ko naman yung opinion mo ahh? diba sabi ko kung ano sa tingin mo?” pagdedepensa nya.

“ay? Grabe lang, pagkatapos mong idetalye sakin lahat ng gusto mong mangyari ‘dito sa lugar na ‘to may gana ka pang itanong ang opinion ko? OK KA LANG? magmula sa bulaklak, hanggang sa kulay ng pinturang gagamitin, eh napagdesisyunan mo na, ano pa bang idadagdag ko?” nilibot ko yung tingin ko sa paligid at napako ang tingin ko sa damo.

“ahhh. Alam ko na, itong damo *sabay apak pa ng paulit ulit sa damo* palitan mo ng WATER LILY para mas maging interesting ‘tong lugar na ‘to. tignan ko lang kung walang macurious at walang pumunta dito”

Obvious naman na naiinis ako habang sinasabi yan sa kanya. Ang kapal kasi ng mukha nya. Kanina pa nya pinapamuka sakin na magaling sya at madami syang alam. At pinagmumuka nya akong tanga.

Magmula nung bumalik kami dito wala akong ibang ginawa kung di ang maupo sa isang bench at making sa kanya. Tapos nung napagdesisyunan na nya lahat saka nya itatanong sa kin kung ano sa palagay ko? PALAGAY KO ISA SYANG MAYABANG NA BALIW.

“HA-HA-HA-HA-HA-HA, ang dami kong tawa sayo, mga anim” ayan na naman yung walang kwenta nyang sakit.

“ako din madaming tawa sayo, mga one hundred bilangin mo pa hanggang bukas”

“ikaw magbilang, ikaw tumawa eh. Dadagdagan ko na lang tawa ko, para di ka lugi,hahahahahahahahahahahahaaha mga twenty na yung tawa ko, kasama paa” at ipinakita nya yung dalawang kamay nya at itinaas ng konti yung dalawa nyang paa.

“kupal ka talaga..siguraduhin mo lang may water lily akong makikita dito sa mga susunod na araw” pagbabalik ko sa topic namin bago sya sapian.

“seryoso kasi Ms. Chen” aba at parang nagbabanta pa.

“Seryoso ako Aguilar! Teka nga, ano bang balak mong gawin dito sa school garden ko? Gusto mong gawing PARK? Pinapaalala ko lang sayo Aguilar, ang main purpose ng School ko ay para tumino at mag-aral ng mabuti ang mga stupidents dito ---- hindi para TUMAMBAY sa garden at gawing DATING AREA ‘tong lugar na ‘to at dito sila maglandian. Nakakahiya naman sakin kung araw araw ako makakakita ng naglalandian sa harap ng office ko!” remember katapat lang ng office ko ang school garden

“woah, siguro walang may balak makipagdate sayo kaya ganyan ka na lang makapagreact kapag naging Dating area nga ‘to.” panghuhula nya

!#@$@#$ kailangan ipamuka sakin na wala talagang nakikipagdate sakin? Peste sya.

“BUSY AKO. AT AYOKO NG MAINGAY HABANG NAGTRATRABAHO AKO!” pagkontra ko sa kanya

“palusot.com. well, sa sobrang Maldita mo ba naman hindi na ako magtataka kung tumanda kang dalaga” chill na sabi nya

“manghuhula ka na ngayon? sige nga, try mo nga ding hulaan kung magkaka girlfriend ka in the near future o magiging gay ka forever” balik ko ng pang-aasar sa kanya

“sino namang may sabi sayong wala akong girlfriend?” nakangising sabi nya

“nabasa ko sa magazine” mabilis na sagot ko.

Lumapas yung ngiti nya at saka nagsalita

"Ahhh. Ngayon alam ko na, kung bakit ka ganyan makipag-usap sakin, nagpapapansin ka sakin dahil isa ka sa mga stalker ko" pagmamayabang nya

"h-hoy! Hindi kina iniistalk. Excuse me lang, aksidente ko lang nabasa yun. Hindi ako interesado sayo kaya hindi ko kailangan magpapansin sayo. Ganito ako makipag-usap sa kahit na sino kaya wag kang feeling na akala mo eh nakakakuha ka ng especial treatment mula sakin" protesta ko sa kanya

"Whatever you say Malds. So tell me, bakit ba parang ayaw mong nakakakita ng couple na nagdadate? Why so bitter?" pang-aasar nya.

"It's none of you business. Saka hindi ako bitter. Edi magdate sila kung gusto nila, pero wag dito sa school ko" naiinis kong sagot.

"Why?" pangungulit nya

"Ang eskwelahan ko ay lugar aralan at hindi lugar ng kalandian" tumayo ako at umalis na.

Iniwan ko syang nakatanga doon. Ano bang pakialam nya kung bitter ako? Eh kahit kelan naman hindi nya ako maiintindihan. Bakit na try nya na bang maagawan ng boyfriend ng sarili nyang kapatid?

Sige nga? Sino ang hindi magiging bitter pagdating sa LOVE?

***********

**MALDITA 27**

So far so BAD naman ang mga nakaraang araw ko. Kung bakit BAD at hindi GOOD, nakooo, tinatanong pa ba yan? Naloloka lang talaga ako sa kupal na yun. Imagine, sya ang nagiging cause of delay ng klase sa school ko! Grabe lang, ano bang meron sa kanya at pinagkakaguluhan sya ng mga stupidents?

Yeah right! You read it right. PINAGKAKAGULUHAN SYA SA SCHOOL! Isang linggo nang may commotion sa tapat ng office ko, which is by the way TAPAT ng school garden kung saan sya nagtratrabaho. Nag-start na kasing irenovate kaya ayun araw araw na syang nasa school. Kaya naman araw-araw din akong stressed.

Sino ba naman ang hindi maisstressed kung  ang daming malalanding brats (sorry for the word, pero yun talaga ang best word para idescribe sila) na halos

mamatay matay dahil sa kilig kapag nakikita yung pagmumuka nung kupal nay un? Lalo na kapag nginitian sila ni Kups, ay nakoooooooooooooooo (naiinis ako kaya napadami yung “o”) sinasabi ko sa inyo LITERAL NA MAY NAHIHIMATAY NA MALALANDI!

Grabe talaga, ang OA nila. Nginitian lang, hinimatay na? Nyemas, ako nga kinikilabutan e! Kaya tuloy nawawalan ako ng gana na pumasok sa school dahil nakikita ko yung gwa--- *ehem* KUPAL nyang muka.

“Oy. Di ka na naman papasok noh? hindi ako pede ngayon may date ako” pagtataray ni Avy. Kasabay nang paglipat nya sa isang page ng magazine na binabasa nya.

Oh wag na kayong magtaka, medyo magkasundo na kaming dalawa at unti unti na ding bumabalik yung dati naming relationship bilang magkapatid. Pero syempre bago kami magkasundo nakatikim lang naman sya sakin ng mag-asawang sampal at may kabit pa. Meaning 3 slaps! Ang cool diba? Namanhid nga yung kamay ko nun pagkatapos at sya naman namanhid yung pisngi nya.

Nandito kami ngayon sa salon, nilibre ko sya. I mean, sinusuhulan ko sya para sya ang pumasok sa school. Alam nyo na ayaw kong makita si Kupal.

“Sino na naman idadate mo? Puro ka love life kaya walang nangyayari sa’yo eh” inis kong sabi sa kanya.

“inggit ka lang kasi sakin may nakikipag date. Ikaw kasi puro ka trabaho kaya wala kang love life. Pinapadate sakin ni Daddy anak nung business partner nya. ewan hindi ko pa nakikita eh. Saka ok na din yun makipag date ako sa iba para naman makalimutan ko na si Ia—“

“oh oh. Babanggitin na naman eh. Makakarma din yung gold digger na yun. Tsk. Baka nga ngayon pa lang nag-uumpisa na syang masunog” naiirita kong sabi sa kanya.

Si Ian nga ang tinutukoy namin. Yung walangyang lalaking yun. Ang kapal ng muka, kami pang dalawa ni Avy ang pinagtripan. Grabe. Kalalaking tao mukang pera! Kaya naman pala nya ako niligawan noon ay dahil nalaman nyang isa akong Chen. Tapos nung nalaman nyang may gusto din sa kanya si Avy pinatulan nya din dahil akala nya, kay Avy mapupunta yung school.

Paano namin nalaman? Ito talagang magugulat kayo dahil kay Miranda. Si Ian pala ay anak ni Miranda sa pagkadalaga. Yes! si Miranda ay “na-ano lang” kaya may Ian na biglang sumulpot sa buhay naming dalawa!

Kaya kung todo suporta—mali pala. Kung todo sulsul si Miranda kay Avy. Narinig kasi ni Yaya Sally na magka-usap si Miranda at Ian. Pinaplano na naman nila kung paano kami pag-aawayin ni Avy kaya naman ayun, si Yaya Sally at Miranda ang nag-away sa LOOB NG BAHAY NAMIN AHH. Kaya naman ang ending pinalayas na si Miranda sa bahay at hindi na kailan man magpapakita si Ian sa aming dalawa lalo na kay Avy.

“hayyy. Karma na din sakin ‘to. Yung dalawang taong akala ko kakampi ko yun pa yung nanggamit sakin” bulong nya.

“Gaga ka kasi. Ikaw tong nagturo sakin na isip ang palaging paganahin pero ikaw ‘tong puso ang ginamit. Ayan tatanga tanga ka kasi.” naiinis kong sabi sa kanya.

“Oo na. Uulitin pang tanga ako eh. Kainis ka talaga, baka nakakalimutan mong ate mo pa rin ako. Ikaw ‘tong umayos ahh. Isusumbong kita kay daddy na hindi ka na naman papasok” pananakot nya

“Oh! Im scared! As if naman na maisusumbong mo kaagad ako? Kailangan mo nang cellphone o kaya naman kailangan mo pang lumipad papuntang China para lang maisumbong ako. Saka office ko lang naman ikaw papasok eh. Pero sa klase ako yung papasok. Dali na kasi! Saka kailangan mo ng pera diba?” pangungumbinsi ko sa kanya

“Eeee! Oo na POORita na ako. Wag mo nang ipagdiinan sakin ahh”

Naka-freeze kasi lahat ng account nya. Kaya naman wala syang pera ngayon at pati yung susi ng kotse nya kinuha din. Parusa sa kanya yun dahil sa ginawa nya sakin. Yun kasi usapan namin para mapatawad ko sya kailangan nyang magconfess sa harapan nina Daddy at Mommy lahat ng pagkakamali nya. Kaya ayun, pati cellphone wala sya. Nakabalik na din sa China sina Daddy at Mommy at iniwan sya sakin.

Kaya naman sya ang pinapakilala ni Daddy sa mga lalaking anak nung business partner nya dito sa Pilipinas kasi sya yung walang ginagawa. Since ako ang nagpapatakbo ng school, sya naman magmula nung narealize nyang ayaw nya talaga magpatakbo ng school at business namin sa China kaya tambay sya sa

bahay KO habang inaalam pa nya kung ano ba talaga ang gusto nyang mangyari sa buhay nya.

“alam mo Avy, walang mangyayari sayo dito sa Pilipinas kung habangbuhay kang tambay. Tss. Mag-22 years old ka na, ayaw mo naman magtrabaho sa school ko”

Ewan naiinis talaga ako sa kanya. Mabuti pa kasi nung hindi kami magkasundo, pursigido syang makuha lahat ng meron ako. Ngayon naman na ok na kami, ayaw nya lahat yun.

“Masisisi mo ba ako kung mawalan ako ng interest sa mga bagay na akala ko gusto ko noon, pagkatapos ng mga nangyari sakin? Ayan tuloy hindi ko na alam kung ano ba talagang gusto ko. Awayin na lang kaya ulit kita para may thrill buhay ko?” suggestion nya

“subukan mo, para ngayon palang makalbo na kita”

“ito naman nagsusuggest lang. Ang taray mo talaga kaya walang nanliligaw sayo eh.” pang-aasar nya

“Hoy Avy. Hindi ko kasalanan kung masyado akong maganda at mayaman para sa kanila. Saka kung masyado silang na-iintimidate sakin. Hindi ko sila kailangan.” Pagmamalaki ko sa kanya

“ang bagay sayo, yung lalaking gwapo, mayaman at hindi masyadong mabait kasi kapag mabait nako, kawawa lang sayo. Parang siiiii “ nakangiti syang tumingin sakin

Tinasaan ko naman sya ng kilay.

“sino?” mataray kong tanong sa kanya

“siiiii NEOOOOOO” pang-aasar nya

“Pwede ba. Tigilan mo nga ako. Hindi sya ang bagay sakin. Masyado syang mayabang, baka liparin ako dahil sa hanging dala nya.” pagtataray ko

“The more you hate the more you love. Yihiee” parang tangang pang-aasar nya sakin

“tigilan mo ko!” sabay sipa ko sa binti nya

“Ouch. Walang sakitan. Ito naman, ano ba kasing ayaw mo kay Neo? Gwapo naman yun ahh.  Tapos, anak pa nung may ari nang hotel, meaning same lang

kayong anak mayaman. Maganda ang family background. Close mo na din yung kapatid nya, si Hannah. Diba para talaga kayong naka destined sa isat isa, pinagtagpo talaga kayo ng tadhana. Tapos highest paid landscape architect. Professional na sya at the age of 22. Oh? Aarte ka pa ba?" pagmamalaki nya kay Kupal

"pinagsasabi mo dyan. Tss. Destiny? Seriously Avy naniniwala ka sa mga ganong kaartehan ng buhay? Pwede ba, eh ano naman kung anak mayaman sya saka kung gwa-- *ehem* kupal pa din sya. Hindi ko sya type" at inirapan ko sya

"bakit ka nagblublush kapag sya pinag-uusapan natin?" pang-aasar nya

"hindi ako nagblublush. Biniyayaan lang talaga ako ng rosy cheeks kaya ganyan ang kulay ng pisngi ko. Wag kang imbento dyan." Naiirita kong sabi at saka ako kumuha ako ng isang magazine at nagbasa.

"ohh. Ngayon ko lang nalaman na marunong ka palang magbasa" pang-aasar nya

Tinignan ko sya ng masama

"anong palagay mo sakin bobita? Natural marunong akong magbasa" saka ko binalik ang tingin sa magazine

"marunong ka palang magbasa ng PABALIKTAD" natatawang sabi nya

Nanlaki naman yung mata ko at nakita ko na nakabaliktad nga yung magazine na hawak ko. Kaya mabilis kong ibinaliktad yun para maayos kong mabasa.

"tinitignan ko kasi kung maganda yung picture kahit nakabaliktad." Pag-dadahilan ko.

Sinilip ni Avy yung magazine na hawak ko.

"ohhhh. Maganda ba talaga o gwapo?" paninigurado ni Avy

"syempre maganda" at inilayo ko yung magazine sa kanya

"maganda pala kapag pabaliktad mong tinignan yung picture ni NEO AGUILAR noh? Eh kapag tinignan mo nang normal – gwapo ba?"

"h-huh? Pinagsasabi mo dyan?" tinignan ko sya at halata namang nagpipigil sya ng tawa

Ibinababa nya sa may lap ko yung magazine at itinuro nya yung picture……

“ayan oh. Diba si NEO yan? Hayyy. Destiny nga naman. Akalain mong sa dinami dami ng magazine na makukuha mo, home and gardening pa ang nakuha mo?”

Kapag nga naman minamalas ka oh. Argghhh.

**********

**MALDITA 28 (ME ALREADY)**

“Eeeh, wag na kasi” pag-iinarte ni Avy.

“Pwede ba, wag mo akong artehan dyan. Kakaladkarin talaga kita papasok.” Pag-tataray ko naman sa kanya

“Bakit ba kasi kelangan pa akong sumama sayo? May date kaya ako ngayon. Kainis ka.” sagot nya at hinila nya kamay nya na kanina ko pa hawak.

“hindi mo ba namimiss yung best friend mo?” pang-aasar ko sa kanya.

Halos 30 minutes na rin kaming naghihilahan ni Avy dito sa harap ng school KO. Tumawag kasi sakin si Mikee at sinabing nagkaroon daw ng problema dun sa pinaparenovate na garden. Ilang ulit nga ako nakipagtalo na sila na yung mag-ayos dahil wala akong ganang pumasok ngayon. At aba, kung diba naman sira ulo talaga yung Kupal na yun, binantaan pa ako na hindi nya daw itutuloy yung pagrerenovate kapag hindi ako pumunta para mag-ayos nung problema nila. AT ANG NAKAKAINIS PA DUN. HINDI NILA SINABI SAKIN KUNG ANO YUNG PROBLEMA.

So dahil mabait akong nilalang, kaya naman kinaladkad ko si Avy dito. Sumagi kasi sa isip ko na BITTER pa nga pala sa kanya si Mikee, kaya naman dapat silang magkita. HAHAHA aba syempre kelangan ko masaksihan yung pag-ka-ampalaya nilang dalawa. If ever, first moment nilang dalawa ‘yun.

“sus. If I know, kelangan mo lang ako para naman hindi ka mag-blush sa harap ni NEOOOOO!” pang-aasar din nya

“hoy, excuse me naman. Bakit naman ako mag-blublush sa harap nya? talagang kahit anong usapan natin naisisingit mo pa rin sya noh? ibang klase ka!”

“gustong gusto mo naman! Yihiee. Si Avah, umaarte na” sabay kiliti pa sa tagiliran ko.

At dahil sa malakas ang kiliti ko kaya naman agad akong nagreact sa ginawa nya at pinalo yung kamay nya

“ay, peste ka! umayos ka nga Avy. Umaarte ka dyan. Siguro ikaw yung may gusto dun sa kupal na yun noh?” pag-babalik ko sa kanya nang pang-aasar

“Please lang Avah, tapos na ko sa stage na yan. Na-experience ko nang agawan ka ng boyfriend kaya ayoko na.” sagot nya

“O sya sya. Tama na, babalik na naman yung topic dun sa hinayupak na ex mo na ex ko din. Tara na tara na.” hinawakan ko ulit yung kamay nya at kinaladkad sya papasok.

“Kasi naman. Pano kung sabunutan ako bigla ni Mickey?” at nagpout pa ang bruha. Eto na naman, napahinto na naman kami papasok.

Mickey ang tawag nya kay Mikee at Mini naman ang tawag ni Mikee sa kanya. Nagkasundo kasi sila dahil sa pangongolekta ng mickey mouse stuff. Ang weird lang nilang dalawa, sa lahat ng gagawing collection, daga pa!

“edi sabunutan mo din? Problema ba yun?” sagot ko.

“naman eh.” angal na naman nya.

“ewan ko sayo, nakakabwiset ka. Wag mo akong kausapin” mataray kong sabi at naglakad na papasok.

Bahala sya kung ayaw nyang pumasok. Hindi naman ako yung magmumukang tanga sa kakahintay sa loob ng kotse mag-isa. Malamang sa malamang hindi naman sya makakaalis dahil wala naman syang kotse at kahit pamasahe man lang sa jeep.

Maya maya lang, naramdaman ko syang sumunod na rin sakin. Tss.

“arte arte pa kasi eh, susunod din naman” tuloy lang ako sa paglalakad at hindi sya nilingon nung sinabi ko yun.

“kaya mo ba ako nilibre sa salon para ipasabunot kay Mickey? Sabi ko na eh, planado mo na lahat ‘to. tss. Gusto mo talaga ako maging kawawa.” Ayan na naman po sya, nagdradrama na naman.

Hindi ko na lang pinansin yung pagdradrama nya dahil kilala ko sya. Kunyari lang syang nagdradrama pero ang totoo nun, KINAKABAHAN SYA. Sabi sa inyo, weird talaga sya. Sino ba namang taong nagdradrama kapag kinakabahan?

Malayo pa lang kami, tanaw na tanaw ko na ang kumpulan sa may garden. Halo halo na yung nanadun. Hindi lang yung tipikal na mga malalanding brats yung nakita ko dun sa kumpulan. Nadagdagan pa, andun na din yung mga jerks at may isang babae na hindi stupident sa school ko. Ngayon ko lang nakita e.

Habang papalapit kami, rinig na rinig din naman yung ingay. Sigawan, parang may nagtatalo.

“anong meron? Bat ang gulo naman dito?” sabi ni Avy

Syempre dahil sa mabait ako, agad nag-init ang ulo ko sa nakita ko, kaya naman nagmadali akong pumunta kung saan may nagkakagulo.

Nakipagsiksikan pa ako sa kumpol ng tao at hindi ako makadaan nang maayos. Kaya naman wala na akong choice kundi gamitin ang pagkamaldita ko.

“TABIIIIIIIIIIIIIII!!!!” tumahimik ang lahat nung narinig ang makabasag eardrum kong sigaw. Lahat sila napatingin sa direksyon ko. Nahawi bigla yung kumpulan para naman mabigyan ako nang daan.

“Wow. Ikaw na.” kumento ni Avy sa likod ko.

Nag-flip hair ako at saka taas noo na naglakad papunta sa gitna. May narinig pa nga ako na nagsabi na “patay!” hinanap ko pa nga kung sino yung nagsabi nun, pero lahat sila nakatungo. Kaya umirap na lang ako at pumunta sa harapan.

“ikaw ba ang dahilan ng kaguluhan dito?” tinuro ko yung isang babae

“sino ka ba?” aba plaban.

“kelan pa naging sagot ang isang tanong? Wala kang karapatang tanungin ako.” mataray kong sagot.

“bakit ba nagingialam ka?” aba peste to a. pero mamaya na kita papatulan.

Tinignan ko si Mikee. Yung tingin na nagsasabing ‘explain, or else’

“bigla kasing pumasok sa loob ‘tong babae na to *sabay turo sa babae* tapos pumunta kay Neo. Actually, base sa nakita ko, ginugulo nya sa pagtratrabaho si Neo. Kaya naman itong mga brats dito nairita sa kanya ayun, nag-umpisa na

silang magkainitan, una sagutan lang tapos hanggang sa may nagbatuhan na, tapos ayun, kung sino sino na yung nag-away. Yung mga jerks naman nagsitakbuhan dito para makipagpustahan. Hindi ko masabi sa phone yung problema kasi alam kong hahayaan mo lang silang magpatayan at tatawag ka lang ng ambulansya kapag tapos na. Kaya ayun, tinakot ka ni Neo na hindi na titigilan na nya yung pagtratrabaho dito." Paliwanag ni Mikee

Syempre ang first reaction ko? NGA NGA. Si Neo Aguilar na naman ang dahilan nang problema dito sa school ko? At take note, nagkagulo dahil pinag-aagawan sya? WALANG HIYA. HINDI KO MATANGGAP NA DAHIL SA KANYA NAGMISTULANG GUBAT YUNG SCHOOL KO.

"So ikaw pala ang may kasalanan Mr. Aguilar!" naiinis kong sabi at tinignan sya nang masama.

"kasalanan ko bang sobrang gwapo ko?" pagyayabang nya.

"yiiiiii" sigaw nung mga brats kaya naman tinignan ko din sila nang masama

"KAYONG LAHAT! COMMUNITY SERVICE FOR 1 WEEK." utos ko.

"B-but  Ms. A—" magrereklamo pa sana sila

"OH? AARTE PA? AT DAHIL DYAN 3 WEEKS SA PAYATAS, HALA, LAYAS" sigaw ko

Agad naman silang nagsilayas sa garden kaya ang naiwan na lang ako, si Avy, si Mickey, si Neo at yung babae.

"sino ka ba talaga at kung makasigaw ka dyan" naiiritang sabat nung babae,

"ako lang naman ang may-ari ng school na kinatatayuan mo ngayon. Kaya dahan dahan ka sa pananalita mo sakin, baka samain ka" pagbabanta ko sa kanya

"ikaw Aguilar! *duro* wag mong gawing gubat yung school ko. Aba, wag mong masyadong karerin yang kayabangan mo. Nakakaperwisyo ka alam mo yun? Nagtataka ako kung bakit landscape architect ang kinuha mo, eh kung tutuusin mas bagay sayo Agriculture, alam mo ba kung bakit? Ang dami kasing LAMANG LUPA ang nakapaligid sayo." Naiinis kong sabi.

Sabay naman nag "woah" yung dalawang daga na si Mikee at Avy. Kaya naman nagkatinginan sila at sabay nag-irap. Ang aarte talaga

“wag kang mag-alala Ms. Chen, hindi lang ikaw ang nagtataka, ako din. Nagtataka ako kung bakit ikaw ang may-ari ng school na ‘to samantalang ikaw mismo, hindi pumapasok sa school.” Sabi nya

“alam mo ba kung bakit hindi ako pumapasok? Dahil mas gusto ko pang matulog sa bahay kesa sa makita yang pagmumuka mo” naiinis kong sabi

“2-1 in favor of Avah” masayang sabi ni Avy.

“Ahh. Alam ko na kung bakit mas gugustuhin mong matulog na lang, kasi sa panaginip mo, kasama mo ako, when in reality, hinding hindi ako mapapasayo” at saka sya nag-smirk

“tententen. It’s a tie! Go Avah!” pagchecheer ni Avy

“tigil nga. Ingay” sabat ni Mikee

Sasagot pa sana ako nung biglang may umepal

“Hey, Miss, anong karapatan mong pagsalita nang ganyan si Neo KO.”

“NEO MOOO?” sabay sabay naming sabi nina Avy at Mikee.

“Oh. Don’t tell me, isa ka din sa mga fan girl nya. Sorry ka na lang Miss, because he is all mine. So back off.” Pagtataray nya sakin.

Nakita kong napakamot na lang sa batok si Neo. Ewan ko kung naasar o masaya o nahihiya sya dahil sa epal na to.

“Excuse me, times two. Hindi ako isa sa mga fan girl nya at kung meron nga syang ‘fan girl’ hinding hindi ako mapapabilang sa mga yun. Sayong sayo na yang Neo MO, isaksak mo pa sa dalawang kidney mo!” sagot ko

“Buti naman at nag-kakalinaw tayo. So hindi ka pala threat…..well anyway, I am Haley (pronounce as HALI not Heyli), Neo’s girlfriend” nakangiti pa nyang sabi at biglang umangkla kay neo.

“ohh. Hulaan ko last name mo? Is it PAROT?”

slang yung pagkakasabi ko ng ‘parot’. Ewan ko, trip kong asarin tong babaeng to. Nakakabwiset e, at bwiset din si Kupal. Pareho silang bwiset.

“No, it’s Haley Cruz” nakangiting sagot nya

“Ohh. I thought its HALEY PAROT” syempre slang pa rin yung pagkakasabi ko at nag-fake laugh pa ako.

Hindi na naman napigilan nina Mikee, Avy, at Kupal yung tawa nila.

“HAHAHAHAHA. Ang dami kong tawa dun. Benta yun ahh” natatawang sabi ni kupal

“hahahhahaha, ako din ang dami kong tawa, hindi ko na nga nabilang e” sabi ni Avy.

“hahahahhahaha winner ka talaga girl.” Sabi naman ni Mikee

Namumula naman sag alit si Hali Parot.

“Sorry ha, medyo off kasi yung humor ko. Anyway, nice to meet you.” sabi ko sa kanya

“How dare you, to make fun of my pretty name? Of all people? Neo? Talagang tumawa ka pa? Ghad. Hindi ko mapapalampas to. I will tell Tita about it. And you *turo sakin* maling mali ka nang binagga mo. I will bring you down. Urgh. Nakakainis ka, ang pangit ng damit mo, hindi bagay sayo. Tapos you’re make up, napaka simple, Tssk. Hindi mo ba ako kilala? Ako lang naman ang heredera nang hacienda namin. Sa mas maganda akong school nag-aral hindi tulad sa school mong pangit…blah blah blah” hindi ko na naintindihan yung mga pinagsasabi nya. Masyadong marami at hindi naman importante

“Ano? Hindi ka magsasalita? Wala ka pala e. Hindi ka naman pala uubra sakin. Tss.”

Nung natapos sya saka ako nagsalita.

“Unang una, wala akong pakialam sayo, at wala akong balak kilalanin ka, pangalawa, wag kang tanga, malamang naman na ikaw ang heredera ng hacienda nyo, alangan naman ikaw ang maging heredera ng hacienda ng iba? Tanga lang? pangatlo, wag mog minamaliit yung damit ko dahil mas mahal pa to sa buhay mo, at yung make up ko? Wag kang masyadong mainggit dahil kahit wala akong make-up maganda pa rin ako. At kung nag-aral ka nga sa mas magandang school, bakit ang bobo mo?”

Lumapit ako sa kanya. Yung malapit na malapit na tipong 1 inch na lang yung pagitan naming dalawa. Napapaatras nga sya e. Si Avy at Mikee naman dahil sa kilala na nila ako kaya pilit nilang hinawakan ang braso ko. Nilingon ko lang sila.

“Don’t worry. Hindi ko sya sasampalin” at saka ulit ako tumingin kay haliparot. Nakita ko nga na nanlaki yung mata ni kupal at nung haliparot dahil sa sinabi kong hindi ko sya sasampalin.

Ngumiti ako kay haliparot. Yung famous na ngiti ko na ‘KAPAG NGINITIAN KITA, MATAKOT KA NA’

“And lastly, wag mong isiping natalo mo ako, dahil tinaggap ko lang lahat ng sinabi mo. Maniwala ka, hindi lang isang daang beses kitang pinatay sa utak ko, inilibing pa kita habang pinagmamalaki mo kung gaano ka kabobo”

Tinapik ko pa ng konti yung balikat nya, gamit ang likod ng kanang palad ko, tipong pinagpagan ko yung damit nya pero may pwersa na alam kong sapat na para medyo masaktan sya.

And with that, ngumiti ulit ako sa kanya, pati na din si kupal. Saka ko sila inirapan at naglakad papalayo sa kanila. Sumunod naman si Avy at Mikee.

***********

**MALDITA 29 [BFF?]**

“ASAN NA BA YUN? ANDITO LANG YUN EH! TSS. NAKOOO. SIGURO NILIGPIT NA NAMAN NI DALDALITA YUN. ARGH. PAKIALAMERA TALAGA. KAINIS”

Kanina pa ako paikot ikot sa sala. Obvious naman na nasa bahay ako diba? I mean nasa bahay pala KAMI. Nakalimutan ko kasing kasama ko pala yung mag-bestfriend na daga. (oh well, sorry naman sa pagdedescribe ko sa friendship nila. Loyal kasi ako sa pusang si Doraemon) Eto na nga. Paikot ikot ako sa sala kasi nga may hinahanap ako. Ang weird ko naman siguro kung paikot ikot ako nang walang dahilan diba? At pangalawang obviously, hindi ko mahanap yung hinahanap ko.

“Umupo ka nga,kanina ka pa paikot-ikot dyan. Nakakahilo kang tignan” sita sakin ng magaling kong kapatid na prenteng prenteng nakaupo sa sofa habang nagfi-file ng kuko nya sa kamay.

“Sino ba kasing nagsabi sayong tignan mo ako habang paikot ikot ako dito? Minsan talaga iniisip ko na ampon ka lang eh. Utak nga Avy, sayang ganda eh, magkiskis ka na nga lang ng kuko dyan habang buhay, hindi ka rin naman nakakatulong sakin e.” sagot ko sa kanya habang patuloy pa rin ako sa

paghahanap. At sigurado ako, na nag-pout si Avy dahil sa sinabi ko. Mali talaga eh, dapat ako yung ate. Napakachildish kasi.

“Ano ba kasing hinahanap mo?” kunot noong tanong sakin ni Mikee habang sarap na sarap na kumakain ng lasagna at may juice pa! Hanep! Parang bisita lang. Paano ko nalaman yung mga ginagawa nila? Simple lang, DAHIL MAGANDA AKO. YUN NA YUN. ANG UMARTE BITTERRR! (konektado yun)

Nilingon ko yung mag-bestfriend na daga saka sinagot yung tanong ni Mikee.

“MAGAZINE” napatigil sa pagkiskis ng kuko si Avy (lampake, ganyan ang gusto kong term) at paglafang ng lasagna si Mikee. At alam nyo na ang sunod na nangyari.

Yes. Yes. Yes. Sabay silang nagreact.

“MAGAZINEEE?!?”

“WOW. Sabayang pagbigkas lang ang ganap? Repeat after me ito? OA! Nakakagulat ba na maghanap ako ng magazine?” taas kilay at nakapamewang pa ako habang nagsasalita.

“masamang magreact nang sabay? Tanghaling tapat nagmamaldita? Ang weird mo kasi, halos isang oras kang paikot ikot dyan tapos magazine lang yung hinahanap mo?” sagot ni Mikee at nagpatuloy sa pagkain sabay nagcrossed legs pa.

I rolled my eyes at her? Him? Whatever!

“DALDALITAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!” sigaw ko sabay upo sa may sofa sa pagitan ni B1 at B2. Bahala na kayo kung sino ang gusto nyong gawing si B1 at si B2.

“sakit sa eardrums!” reklamo ni B1 (Fine! Ako na magdedecide. Si Avy)

“buti na lang mabilis ako, natakpan ko agad tenga ko!” masayang sabi ni B2 (alam nyo na kung sino)

“tigilan nyo akong dalawa. Sakit nyo sa ulo. Hindi pa kayo nagkakaayos nyan ha, at ayoko nang isipin kung paano pa kayo kapag nagkaayos na kayong dalawa” sinandal ko yung ulo ko sa may sofa at ipinikit ko ang mga mata ko.

Maya maya lang narinig ko na may papalapit na samin. Malamang si Daldalita na yan, kaya naman umayos na ako nang upo at handa nang mag-utos

“Yes Ms. Avah? What can I do for you?” aba. Poise na poise ang bruha, ume-english pa! Naks. Naglelevel-up.

“Ume-english ka na ha. Anyw-“

“Turo po sakin yun ni Ms. Avy!” masayang sabi nya at hindi man lang nya napansin na pinutol nya yung sinasabi ko. Ready na sana akong pagalitan pero siniko ako ni Avy

“ako nagturo dyan. Wag mo nang pagalitan close na kami” nakangiting sabi ni Avy.

“Fine” sagot ko sa kanya. Ok na yun na may bago syang kaclose para naman may bagong syang yaya.

“Asan yung magazine dito? Yung binabasa ko dati pa? Asan na yun?” sunod sunod na tanong ko

“Nasa bodega na po lahat ng lumang magazine Ms. Avah, gusto nyo po ba kunin ko?” nakangiting sagot ni Daldalita

“Para namang may choice ka. Kukunin mo o kukunin mo lang naman ang pagpipilian e. Ano pang silbi mo bilang maid dito kung ako din naman ang gagawa ng trabaho mo diba? Ang utak kasi ginawa yan para gamitin, hindi para idisplay! Sige na alis na.” Pagtataray ko. Malamang umalis na kaagad sya.

“Bakit ba parang importante sayo nung magazine na yun? Ano bang meron dun?” pang-iintriga ni Mikee.

“Basta. Hindi naman masyadong importanteng mahalaga. Titignan ko lang kung tama yung pagkakabasa ko at nakita nang dalawang singkit kong mata.” Sagot ko.

“ano ba yun? mukang interesting yan ha” sabat ni Avy

“pwede din. I can use it against someone.” Makahulugang sagot ko.

“ohh. Hindi na ako makapaghintay malaman yun ahh” ayan na naman yung high pitch na boses ni Avy

“eh sino naman yung someone na yun? wala ka naman kaaway recently so bakit ka nangongolekta ng information?” pag-iisip ni Mikee

“hindi magaling yung memory mo Mikee. Nakoo. Sign of aging nga naman.” Pang-aasar ko. Napaisip naman sya bigla

“OH MY? You mean nakapasok sa hate list mo si Haley Parot girl?” biglang sabi ni Avy

“oh. Tumatalino ka sister, iba na talaga kapag ako yung katabi, nakakasagap ka nang utak. *tinignan ako ng masama ni Mikee at inirapan ko lang sya* yeah. nakapasok sya sa hate list ko pero hindi naman sa kanya tungkol yung info na kailangan ko. On the second thought, apektado din naman sya doon.” Kalmado kong sabi

“sino ba kasi?” asar na sabat ni Mikee

“You will know later.” Nakangiti kong sabi

“Ms. Avah, ito na po lahat.” Sabat ni daldalita habang hila hila yung lalagyanan ng mga old magazines.

“isa-isa mong ipakita sakin lahat para makita ko yung hinahanap ko.” mabilis kong utos at nakahalumbaba akong naghintay.

Syempre mabilis din namang ginawa ni daldalita yung utos ko, isa-isa nyang ipinakita sakin yung mga magazines at puro ‘no’ lang ang sagot ko. Tss. Halos nangangalahati na wala pa din yung hinahanap ko. This can’t be. Hindi pedeng mawala yung magazine na yun.

“Ms. Avah, ito na po yung last” sabi ni daldalita.

“hindi yan. Tss. Asan na ba yun? sure ka ba na yan na yung lahat ng magazines sa basement?” paninigurado ko.

“opo. Ano po bang klaseng magazine yung hinahanap nyo?” medyo low bat na sabi ni daldalita, ikaw ba naman pagurin ko ewan ko lang.

“natatandaan mo ba yung magazine na binabasa ko during Mahal na Araw? Yung nakapatong dyan sa coffee tab—“

“ahh.. yun po ba? hindi nyo naman po kaagad sinabi eh.” sino pa bang mahilig magputol ng sasabihin ko?

“so nakita mo? asan nay un?” mabilis kong tanong

“nakalimutan ko na po kung san ko nakita yun e. pero ang pagkakatanda ko po, dinala ko yun sa rooftop nung isang linggo -- pinagpatungan nung paso” pagkwekwento nya.

“eh ano pang tinatanga mo dyan? Kunin mo na, dali. Ibaba mo gamit yung dumbwaiter.” Utos ko. Nag-aalangan naman syang sumunod sakin at parang nanghina sya sa utos ko.

“ngayon na po?” tanong nya

“bukas pero wala ka nang trabaho o ngayon na may trabaho ka pa? Mamili ka.” nakataas kilay kong tanong.

“sabi ko nga po ngayon na e.” at umalis na sya

“susunod din pala, dami pang arte.” Naiirita kong sabi

“Hay nako. Kawawa naman si daldalita, pinapagod mo, para lang sa isang magazine?” sabat ni Avy

“edi tulungan mo” mabilis kong reaksyon

“ang mean mo talaga” nakapout na sabi nya

“thanks to you at maldita na ako ngayon” nakangisi kong sabi

“nagrereklamo ka pa, samantalang ikaw naman ang may likha dyan. Kung di dahil sa pagiging stupida mo edi sana mabait pa yan ngayon, napaka childish mo kasi, inggiterang froglet pa. Kapag naaalala ko na naman yung mga nangyari gusto kitang tirisin” nanggagalaiting sabi ni Mikee

“kung hindi din naman sakin hindi ka makakapasok sa school ni Daddy, hindi ka din magiging professor tapos hindi ka magiging ganyan ka-rich. Kaya wag mo kong pagsalitaan na akala mo wala akong nagawang tama. I was wrong ok? Inamin ko na naman yun ahh. And besides, ok na kami ni Avah, bakit ikaw ang bitter bitter mo pa rin sakin parang ikaw pa yung mas affected.” Naiiyak na sagot ni Avy.

Remember nasa gitna nila akong dalawa? So kamusta naman ang ear drums ko?

“Hoy, hindi ako bitter sayo, ambisyosa ka masyado. Naiinis ako sayo. FYI lang, wag mong isusumbat sakin lahat nang tinulong mo, hindi ko ginamit yang

apelyido mo para umangat ako sa buhay, excuse me, nagsikap ako. Ako pa nga yung ginamit mo eh. The hell, ako na halos yung gumawa ng grades mo. Ayan, sumbatan pala gusto mo ha. Wag mo kong idadaan sa iyak ha. Please lang" pagtataray ni Mikee.

"Bakit ba galit na galit ka sakin? As if I made your life miserable, eh hindi naman ahh. Ilang ampalaya ba yung nakain mo at ganyan ka kapait sakin? Parang ginawa mo pang panulak ang kape. Inamin ko na diba na mali nga ako? Hindi ka pa masaya sa tinanggap kong parusa? I have no money, cars, boyfriend, yaya, and I don't even have a friend" litanya ni Avy

"Yun na nga eh. Ever since na naging ok na kayo ni Avah you keep on saying that 'I don't even have a friend' line mo. So all this time – oh wait let me rephrase that, all this years you don't consider me as your friend. Do you know how much it hurts to hear it from your 'so-called-best friend'? Now tell me kung wala ba akong karapatang sumama ang loob sayo?" naiinis na sabi ni Mikee

Ohh. So yun pala ang pinuputok nang butsyi nitong si Mikee. Well, kung sabagay tama nga naman sya, wala nang ginawa si Avy kung hindi ang mag self pity. Ni hindi nya napapansin na kaming tatlo ni Mikee yung magkakasama palagi.

"ehh kasi naman…. Malay ko ba kung gusto mo pa akong maging friend? After all what I have done? Lahat halos nang naging kaibigan ko nung nasa taas ako bigla akong iniwan. Nakakainis ka. Pinapaiyak mo ako" sabay takip ng muka nya.

"so sa tingin mo I'm one of your 'plastic friends'? edi sana kung hindi na kita gustong maging kaibigan hindi na ako nag-eeffort sumama sa inyong magkapatid para lang you don't feel alone kapag nag-maldita na naman yung kapatid mo. Tapos hindi mo naman nasesense ang presence ko. My God, you're too busy comparing yourself with your sister. Kaya ayan, wala nang direksyon yang buhay mo. Para ka ng puppet na sumusunod na lang sa daddy mo, look at you, hindi na ikaw yung babaeng nakasundo at kaagawan ko sa pangongolekta ng Mickey mouse stuffs." Sabi ni mikee

"Sorry na. Wag ka nang sumigaw. Namiss naman kita eh. f-friends?" nahihiya pang inextend ni Avy yung kamay nya kay Mikee

"friends lang?" mataray pang sabi ni Mikee

"b-best friends forever? Mickey bati na tayo?" parang bata talaga.

“oh dali na shake hands na, aarte pa eh.” kunyaring mataray kong sabi sa kanila. Pero yung totoo? Natutuwa ako na marinig na nag-aaway ulit silang dalawa dahil sa simpleng bagay. Well, mukang simple lang naman pero iba yung epekto eh.

“oo na, namiss kita Mini” at hindi lang shake hands. May yakap pang kasama. Nasa gitna ako ha, namiss ko tuloy yung 3 kong kaibigan. Yung pure isnabera, pure bratinella, pure laitera, oh apat na pala, isama na natin si ner- I mean Hannah.

“Woah. Teka hindi ako makahinga.” Nagulat ako nung bigla nila akong niyakap na dalawa. Saka kami nagtawanan. Minsan talaga ang tao weird, nasa harap na nga hindi pa makita. Puro bibig kasi ang pinanghahanap, hindi mata.

“hmm, m-ms. Avah?” umayos naman kami nang upo nung dumating na si daldalita hawak yung magazine na hinahanap ko. Medyo madumi na kasi nga ginawa ba namang patungan ng paso? Tss.

“isa isahin mong buklatin para makita ko dali.” Utos ko, ang dumi kasi, ayokong hawakan. Sinunod naman nya kaagad habang kami nina Avy, nakatingin sa ginagawa nya. Sinasabi ko lang na ‘lipat’ kapag hindi pa yun yung hinahanap ko.

“teka. Stop.” Sabi ko.

“is that Neo Aguilar?” tanong ni Avy.

“oo nga noh, sya nga.” Pag-sang ayon naman ni Mikee.

“omg! I knew it. Sabi na eh. May HD (hidden desire) ka kay Neooo” pang-aasar ni Avy, malamang sakin

“HD ka dyan, tigilan mo ko” sagot ko. binalik ko yung tingin ko sa may magazine at binasa nang tahimik yung article.

“Sabi na e. Look. Basahin nyo. Sinabi nya na SINGLE sya! At eto pa, tinanggihan nya yung marriage proposal na inalok nung Parot girl na yun. Haley Parot talaga. Tapos she is claiming to be Kupal’s girlfriend at eto namang Kupal na to go with the flow lang ang ganap. Argh. That girl. Ang kapal nang muka na pagsalitaan ako nang kung ano ano eh sya naman pala tong feelingera at hahabol habol kay kupal. Humanda ka sakin ngayon.” pagmomonologue ko.

“so dahil lang gusto mo ulit makita na SINGLE ang status ni Neo, pinagod mo pa yung maid nyo?” pagtatakang tanong ni Mikee

“nako sis, iba na yan. And hello, April-May issue pa yan. Anong petsa na ngayon. Pwede naman syang magpalit nang status anytime.” Sabi naman ni Avy

“My point is, that parot girl ruined my day and I will not let that pass easily. Binantaan nya ako na gagawin nyang miserable ang buhay ko? Pwes uunahan ko na sya. Syempre kelangan ko muna masigurado na naghahabol sya sa wala at muka syang tanga, ngayong proven na kelangan ko na lang gumawa pa nang ilang steps para mas mapatunayan ko pa. Aba kelangan ko nang alas, hindi naman ako susugod sa isang gyera na wala akong dalang kahit ano” pagtataray ko.

“so ano pang balak mo?” tanong ni Avy

“kailangan kong makausap si Hannah, para mas makilala ko pa kung sino ba talaga yung parot girl na yun. I’m sure naman na may alam sya, besides nag-iisa syang kapatid ni Kupal” nakangiti kong sagot.

“Tatawagan ko na si Hannah, para sayo. Pambayad man lang sa kinain kong lasagna” nakangiting sabi ni Mikee

“Thank you. Maaasahan ka talaga” sagot ko

“After mong makausap si Hannah, ano nang plano mo?” hindi talaga makapaghintay si Avy nang gagawin ko

“Simple lang. Kukunin ko kung anong gusto nya.” nakangiti kong sabi

“You mean, kung si Neo ang gusto nya? Kukunin mo si Neo?” panghuhula nya

“Exactly.” Nakangiti ko pa ring sagot.

Maling mali ka nang kinalaban mo, Haley Cruz. Ako pa tatakutin mo? Tignan ko lang kung hanggang saan ang kakayahan mong makipaglaro sakin.

***********

**MALDITA 30 [REASONS]**

“So may nadagdag na naman pala sa hate list mo” komento ni Dhonna.

“Yep, kapalit ni Avy.” sagot ko naman, at nakipag-cheers pa ako sa kanya

“Ooh. And who’s the lucky duck?” maarteng tanong ni Frances.

“Not duck, Parrot ito” pagcocorrect ni Avy.

“Err. Sorry ahh, hindi pa ako sanay na nakikita kayong magkasama” puna ni Aira.

“Well, guys masanay na kayo. Kilala mo na naman silang tatlo diba Avy? So hindi ko na sila isa isang ipapakilala sayo. Kilala ka na din naman nila e.” sabi ko

Kasalukuyan kaming nasa bar ni Aira. Dito kasi namin i-memeet si Hannah, para mabigyan kami ng inside information para doon sa Haley Cruz na yun. Si Mikee ang nasa labas ng bar para abangan ang pagdating ni Hannah. Biglaang pagkikita-kita na naman ang ginawa ko, tinawagan ko lang sila na kailangan namin magkita kita dahil may bagong nakapasok sa hate list ko, since supportive silang mga kaibigan kaya naman go kaagad sila kahit na busy busihan sila.

Si Frances, busy yan sa pagmamanage ng Hospital nila, kaya ang tagal din nawala. Sya ang pinaka-busy sa aming lahat at nag-iba na ang life style nya. Syempre dahil hospital ang business nila kaya naman nagpapaka-active na din sya sa mga medical mission kaya ayun, yung dating conyo at sosyalin na bratinella, ngayon conyo pa rin pero hindi na masyadong sosyalin. Kung usapang love life naman, tulad ko, wala din. Pero may nanliligaw sa kanya ngayon, ayaw nga lang nyang patulan dahil masyado daw mabait para sa kanya.

Si Aira, ayan busy din yan. Hindi nga lang dahil sa pagpapatakbo ng bar nya kundi dahil sa love life nya daw. Ewan, hindi naman daw nya boyfriend pero nag-eenjoy daw syang kasama yung guy friend nya. Pano kasi, nag-eenjoy syang makipag-agawan dun sa girlfriend. Yan kasi ang mga gusto nya, yung nacha-chalenge sya. Dito sila sa bar nya nagkakilala, syempre hindi lang yung lalaking yun ang kumukumpleto ng araw nya, madami syang reserba, kaya sobrang busy nya talaga. Sya lang sa aming apat ang pinaka makulay ang love life.

Si Dhonna, dahil sa tag-ulan ngayon kaya wala syang masyadong nagiging guest sa resort nya. Kaya ayun, nagbabalak magtayo ng Restaurant para daw may extra income sya. Sa aming apat sya ang negosyante sa lahat. Ang palaging nasa utak nya kung papaano pa sya kikita ng malaki. Love life ba kamo? Hindi sya nawawalan pero hindi din tumatagal, paano kasi sa sobrang business minded nyang tao kaya naman iniiwan sya ng mga nagiging boyfriend nya dahil sa ang boring nya daw. Wala naman syang pakialam dahil hindi naman daw sya nagkakapera sa mga lalaki.

So ayan, alam nyo na kung bakit palaging missing in action silang tatlo at sumusulpot lang kapag may pinaplano akong hindi maganda. Syempre kelangan ko ng suporta nila.

“Where na ba kasi yung Hannah girl na yun? I’m starting to get bored na ha.” sabi ni Frances na halata namang bored na sya kakahintay dahil halos maubos na nya yung chips sa lamesa.

“Oo nga, pa-VIP ha. Sayang yung oras ko.” inis naman na sabi ni Dhonna.

“Nako ha, siguraduhin nya lang na interesting yung mga ibibigay nyang information, nasasayang yung oras ko, may date pa ako mamaya” sabat naman ni Aira

“Edi ikaw na ang palaging may date, eh hanggang date ka lang naman e. Try mong mag-boyfriend.” Sabi ni Dhonna at nag-appear sila ni Frances.

“Hindi naman masamang umamin na nainggit kayo eh, promise hindi ko kayo pagtatawanan at lalaitin na wala kayong love life. Saka hindi pa ako sawa sa buhay ko para pumasok sa isang relasyon. Sayang naman ang ganda ko kung isa lang ang makikinabang diba?”pagdedepensa ni Aira.

“Tama! Suicidal ang pagpasok sa isang relasyon lalo na kung puro sakit lang ng ulo ang ibibigay sayo noong makakarelasyon mo. Nako, mabilis ka pang tatanda. Tama na yang ginagawa ni Aira, enjoy-enjoy lang.” pagsang-ayon ko.

“B.I ka talaga at kunsitidor pa” epal naman ni Avy

“So? Kaibigan nya ako, hindi ako ang nanay nya. Yan ang gusto nyang gawin sa buhay nya, edi pabayaan mo sya. Malaki na sya para malaman kung ano ang tama sa mali at kung hanggang saan lang ang limitasyon nya. Basta ako, tama man o mali ang ginagawa nya, kaibigan nya pa din ako at hindi yun magbabago. That’s what you called friendship my dear sister. You better get one.” at nag-smirk pa ako sa kanya. Nag-appear naman kami ni Aira.

“Nah, Mickey is enough.” Nakangiting sagot ni Avy

“A true friend indeed” nakangiting sabi ni Aira, ang-wink na lang ako sa kanya.

“Hay nako, nagkampihan na naman po sila” sabi ni Dhonna at nagtawanan lang kami.

---

Maya-maya pa, dumating na din si Mikee at kasama na si Hannah. Nagulat naman sina Frances noong nakita si Hannah. Hindi ko kasi sinabi sa kanila na

yung tinutukoy kong Hannah ay si Nerd, kasalanan nila yun. Hindi naman sila nagtanong e.

“Wow, anong ginawa mong transformation sa kanya? Bakit naging ganyan?” tanong ni Dhonna

“Yeah, she looks like a normal person na! How nice naman, belong na sya satin.”natutuwang sabi ni Frances

“Tigil nga, mapagpanggap talaga yang Nerd na yan– I mean Hannah pala. Akala ko poorita, rich kid pala ang bruha.” Awat ko sa kanila

“oooh. Nice, welcome sa grupo ng mga PURE Hannah Dear, so rich kid ka pala, from what family? Anong business nyo?” curious na tanong ni Dhonna

“Hotel and restaurant. Hannah Aguilar here! Hello sa inyong lahat.” Sweet na sweet na bati ni Hannah.

“Aguilar? Are you related to the meanest guy of town? Sorry, I can’t remember his name, basta alam ko, nag-uumpisa sa N yun e. Wait, lemme think” maarteng sabi ni Frances

Sasagot na sana si Hannah pero naunahan sya ng tili ni Dhonna.

“EEEEEEEEEE. Don’t tell me, related ka kay Neo Aguilar?” OA na hula ni Dhonna

“Yeah, yeah, natandaan ko na. Neo nga yung name” pag-sang ayon naman ni Frances

“Late reaction lang Frances?” puna ni Aira. Wag na kayong magtaka, kontrapelo talaga silang dalawa.

“Tseh” ismid ni Frances

“Kapatid nya” tipid na sagot ko.

“Hindi pa ba nila alam?” nagtataka namang tanong ni Mikee.

“Oh? Mikee, nandyan ka pala? I guess, nahanap mo na yung dila mo. Ngayon ka lang nag-salita e” pang-aasar ko. Kinurot naman ako ni Avy

“Aww. Ano ba? Tss. Magsama nga kayong dalawang daga. Anyway, Mikee, libre ang common sense kaya gamitin mo. Unlimited din yun, kaya sulitin mo. Nasagot ko na ba yung tanong mo o malabo pa din?

*silence*

FINE! itatanong ba nila, kung alam na nila? Ano yun, trip lang maghula-hulaan at tanung tanungan? Tanga tangahan lang ang pangalan ng laro ganon?" kainis. Simpleng common sense lang ang kailangan, hindi pa magets.

Magpapa-uso nga ako ng laro. TANGA TANGAHAN, for sure walang matatalo sa larong yan, sa dami ba namang tanga e.

"soooooo yes, kapatid ko nga si Neo Aguilar, the meanest guy in town." Sabi ni Hannah and she rolled her eyes.

Woah. May tinatago din palang attitude 'tong Hannah na 'to.

"Nakita nyo yun Guys? She rolled her eyes, it's so not like her" maarteng puna ni Frances

"Ang creepy lang. I like the NERD one" sang-ayon ni Dhonna

"I love it! In fairness, bagay sa kanya. Ang cute" cheerful naman na sabi ni Avy

"err, first time makakita ng babaeng nag-rolled eyes? Weird people." Taas kilay na sabat ni Aira

"masamang ma-amaze?" kontra ni Frances

"Ngayon hindi na ako magtataka kung bakit ka nakapasok sa school ng mga Chen" natatawang sagot ni Mikee

"Bipolar nerd, kanina ang sweet tapos biglang may attitude? Seriously, do you have a personality disorder? You're freaking us out." Sabat ko habang nakatingin ng seryoso kay Hannah.

"Sorry, nag-iiba lang talaga yung attitude ko kapag ang usapan ay si Neo" paliwanag nya sabay upo.

"ohh. Magalang na bata, hindi tumatawag ng Kuya" puna ni Mikee

"hindi naman kasi kagalang galang yung kapatid nya" singit ko naman

"para mo na ring sinabing hindi kagalang galang si Avy, dahil hindi mo sya tinatawag na Ate" natatawang sabi ni Aira. Kaya naman tumingin ng masama sakin si Avy

“kayo ang nagsabi nyan” pag-huhugas kamay ko, at nagtawanan kami syempre pwera kay Avy na naka-pout lang. Hobby nya yun, ang pag-pout. Kainis, parang bata.

Eh sa hindi ako sanay na tinatawag syang Ate Avy, parang ang creepy lang pakinggan. Saka isang taon lang naman ang tanda nya sakin.

“diretsyong tanong, do you know Haley Cruz?” pag-iiba ko ng topic. Since yun naman talaga ang dahilan kung bakit kami nandito lahat. Nag-tss naman si Hannah. Ohh, I smell something fishy.

“o bakit parang nag-iba mood mo? Eh hindi naman yung Kuya mo yung topic natin?” puna ni Aira

“well, yes. Kilala ko nga yung babaeng yun.” bitter na sagot ni Hannah

“woah, mukang hindi mo sya feel ha.” nakangising tanong ni Dhonna

“hindi talaga. I hate that girl” inis na sabi ni Hannah

“Same here! I hate her face, her voice, her guts and everything about her.” pag-sang ayon ko sa kanya

“so tell us, why do you hate that girl?” tanong ni Avy

“sya lang naman ang dahilan kung bakit ako pinalayas ni Neo sa bahay, at naging poor girl ako for almost a year. Argh. So, nameet nyo pala sya.” inis pa ding sagot ni Hannah

Wow. Mas matindi pa pala ang galit ni Hannah dun sa Parot na yun kesa sa galit ko. Hula ko magiging masaya ang pupuntahan ng usapan namin. At may possibility pa na mag-join force kaming dalawa ni Hannah, exciting. Na-eexcite ako hindi dahil sa gagawin namin kay Haley Parot, kundi dahil sa first time kong makikita kung paano mag-maldita ang isang Hannah Aguilar. Akala ko pa naman, forever na lang syang mabait. Oh well, tulad ng palagi kong sinasabi, LAHAT NG TAO MAY TINATAGONG KAMALDITAHAN at si Hannah Aguilar ang best example dyan!

“Ako, si Mickey at Si Avah lang ang nakakilala sa kanya” pagtatama ni Avy

“anong ginawa nya sayo, at bakit ka pinalayas ng kapatid mo?” tanong ni Dhonna

Hinayaan ko lang na sila ang magtanong, nakikinig lang ako sa kanila.

“That time kasi, yung family nung babaeng yun biggest client ni Neo. Rich girl kasi sya, and then yung buong Hacienda nila yung pinakamalaking naging project ni Neo. ‘Big break’ yun ni Neo. Yung babaeng yun, nagkagusto kay Neo, so ang nangyari palaging nasa bahay or nasa hotel basta kung nasan si Neo nandun din sya, para syang aso. Syempre eto namang kapatid ko, sinasakyan yung kabaliwan nung babae. Kainis nga e, hindi na nga gentleman si Neo pero dun lang sa babaeng yun, grabe nagpakagentleman ulit hanggang sa matapos lang daw yung project nya. Close kami DATI ni Neo eh dahil ako ang little sister nya, I got jealous, kasi pakiramdam ko inaagaw nya sakin yung kapatid ko kaya I made an evil plan na kapag pumupunta sa bahay or sa hotel yung babaeng yun, ginagawa ko ang lahat para lang mapa-alis sya. Like, sasadyain kong tapunan sya ng juice, gasgasan yung kotse nya, sisirain ko yung phone nya kapag hiniram ko, pag magma-mall kami, pipiliian ko sya ng damit na muka syang tanga, pag mag-jojoy ride kami, iniiwan ko sya sa daan kapag nag-stop over kami, pag magpapasalon kami, babayaran ko yung stylist tapos papasunog ko yung buhok nya, or papakulayan ko ng iba’t ibang kulay kapag tulog sya, mga ganong simple bagay lang.”

“SIMPLENG BAGAY LANG YUN?” sabay sabay na reaksyon ni Frances, Dhonna, Aira, Avy at Mikee.

Natawa lang ako sa mga sinabi ni Hannah, malupit pala ‘tong mag-maldita. Karapat dapat nga sya sa school ko.

“yup, simple pa lang yun. Ang pinaka worst kong ginagawa ay noo—“

“may mas worst pa sa mga ginawa mo?” ngangang tanong nila.

“y-yes” sagot ni Hannah at nag-nod pa

“anong ginawa mo?” tanong ko habang tumatawa

“nilagyan ko ng nuts yung pagkain nya. Allergic kasi sya sa nuts. Ayon, na-ospital sya, malay ko bang pwede palang mamatay ang isang tao kapag hindi naagapan agad yung allergy nya. Umaabot daw kasi yun sa puso, sabi noong Doktor.” kaswal na kwento nya.

*SILENCE*

“Yun yung dahilan kung bakit ako pinalayas ni Neo, sobra na daw kasi ako. Ang sagot ko pa nga noon kay Neo, hindi naman sya namatay e, saka malay ko bang pede syang mamatay dahil lang sa pagkain ng nuts, kasalanan ko bang may

allegry sya. Kaya hindi pa sobra yung ginawa ko. Tama naman ako diba?" pa-inosenteng sagot ni Hannah

Yung mga kaibigan ko? NGANGA. O sige, pati na din ako. HINDI PA NAMAN AKO UMAABOT SA MAKAKAPATAY NA KO NG TAO. Si Avy nga, ang pinaka pisikal na ginawa ko dyan ay yung sampalin sya ng tatlong beses na magkakasunod at ipahiya sya sa madlang people.

"At kaswal na kaswal mo lang ikinukwento samin yan ha." sabi ni Aira

"UNBELIVABLE" kumento ni Frances

"WOAH. IKAW NA" Sabi ni Mikee

"lahat ng title namin SAYO na!" sabi ni Dhonna

"hindi ko alam na may mas lalala pa pala kay Avah." Shocked na sabi ni Avy.

"masakit man aminin, pero I agree sa sinabi ni Avy. Maldita lang ako, pero hindi ako murderer." Sagot ko naman.

"kaya pinatapon din ako ni Neo sa school nyo, Miss Avah, at dahil sa may utak naman talaga ako, kaya naging scholar ako kasi nga walang-wala talaga akong money that time. Syempre hindi alam nina Mommy at Daddy yung ginawa ko at ginawa sakin ni Neo, nasa America kasi sila. So dahil sa kalokohang ginawa ko doon sa babaeng yun, kaya ngayon girlfriend na sya ni Neo, kahit ayaw ng kapatid ko" dagdag pa ni Hannah

"kaya ba ang sinasabi ni Neo sa lahat ay single sya?" curious na tanong ko.

"yup. Hindi kasi sya proud na yung babaeng yun ang girlfriend nya. Kaya nga until now, hindi pa kami masyadong ok ni Neo. Naawa lang sakin yun dahil sa mag-iisang taon na akong pulubi. Actually dapat sa America na ako mag-aaral nitong sem kaya nga ako biglang nawala dahil sa inaayos namin yung papers ko papuntang America, kaya lang sinabi ko sa parents ko at kay Neo na tatapusin ko na lang 'tong school year kasi one year na lang naman graduate na ako e." pagkwekwento nya

"kaya naman pala, hindi umarte si kupal noong sinabi noong babaeng yun na girlfriend sya ni kupal. I wonder kung anong nagustuhan ni Haley Parot kay kupal, eh napaka ungentleman ng lalaking yun. Mayabang, antipatiko, sira-ulo, bastos lahat na." naiinis kong sabi

“oh. Puso mo, ingatan. Wala tayong mabibilhan nyan.” Paalala ni Mikee

“Actually, hindi naman talaga ungentleman si Neo dati.” Makahulugang sabi ni Hannah

“Anong ibig mong sabihin?” tanong ni Aira

“Si Neo kasi dati, sobrang bait sa babae nyan, yung tipong sya yung ideal man ng lahat. Kasi gwapo, humble, mabait, gentleman, at responsible.” Sagot ni Hannah. Napataas naman ako ng kilay

“sigurado kang si kupal yung pinag-uusapan natin at hindi ibang tao? HAMBOG, OO NAMAN YES! PERO HUMBLE? SABI DAW?” naninigurado kong tanong.

“DATI nga e” pagtatama naman ni Dhonna

“oh tapos? What happen after?”maarteng tanong ni frances at attentive na nakikinig

So dahil curios din naman akong malaman kaya tumahimik na lang ako. Curious lang ha, hindi ako interesado. Magka-iba yun. NILILINAW KO LANG.

“magmula noong iwan sya noong naging girlfriend nya, at ang malupit pa doon, yung reason kung bakit sya iniwan. Masyado daw kasing mabait si Neo, kaya na-bored yung girl. Ang hindi matanggap ni Neo, pinagpalit sya doon sa ex-best friend nya. Kaya pasensya ka na Miss Avah kung napaka-rude ni Neo sa mga babae. Ayaw na daw kasi nyang maging mabait dahil sa tinatake for granted lang sya. Kaya since then, binansagan syang ‘the meanest guy in town’ hindi naman sya suplado sa mga babae, naging hobby na lang nya yung pakikipag-trash talk lalo na sa mga babaeng na-iintimidate sya” sagot ni Hannah.

“So you mean…” nag-long pause pa si Avy

“Yes, Ms. Avy. Naiintimidate si Neo kay Ms. Avah, I don’t know kung paano kayo nag-kakilala ng kapatid ko. Pero siguro hindi naging maganda yung first meeting nyo kaya ganon sya sa inyo.” dagdag ni Hannah

Napangiti naman ako ng malapad. So kaya pala sya ganon, dahil sa na-iintimidate sya sakin. Hahahaha, ang dami kong tawa sa kanya. *ehem* hindi naman masamang humiram ng famous line nya diba? Hindi ko lang mapigilang matawa. Akala ko pa naman may katapat na ko, yun pala, pang-front nya lang yun para ipakitang hindi sya na-iintimidate sakin. Sabi ko na e, wala pa ring makakapantay sakin.

“ohh, I remember, yung first meeting nila sa resort ko. Hindi nga naging maganda yun. HAHAHA” sagot naman ni Dhonna

Napatingin naman lahat sa kanya. Ako naman pinandilatan ko sya ng mata. Ang daldal talaga, hindi ko na nga shinare sa kanila kung paano kami nagkakilala ni kupal e.

“Really? Dali na girl, kwento. Anong nangyari sa first meeting nila?” excited na tanong ni frances

“subukan mo lang, susunugin kita ng buhay” pagbabanta ko.

“wag kang matakot kay Avah, dali na!” utos ni Aira

“sige lang” sabi ko pa.

“kapag hindi ka pumayag ni ikwento ni Dhonna yung nangyari, iisipin naming lahat na may gusto ka talaga kay Neo at ginagawa mo lahat ng to para mapalapit sa kanya” banta naman ni Avy

Natahimik naman ako sa sinabi nya.

“ang bagal kasing magkwneto e” naiinis kong sabi. At syempre sinuot ni Avy ang kanyang tagumpay na ngiti.

“nag-meet sila sa resort ko, lumapit sa kanya si Neo habang busy si Avah na pinagmamasdan ang buong resort. Lumapit sa kanya si Neo and then nag-offer ng tulong. Inabutan naman sya ng sunblock ni Avah, at dahil sya si Avah Maldita, hindi sya nagpalagay ng sunblock, inutusan nya lang si Neo na itapon yung bote ng sunblock nya. And the boom, nag-sagutan na silang dalawa. May video ako noon eh, kaya lang KJ si Avah kaya pinadelete nya” kwento ni Dhonna

Syempre pinagtawanan nilang lahat yun. Ang korni nila, yun lang natawa na sila? Hindi nila talaga alam ang meaning ng salitang HUMOR. Kainis, ang bababaw.

“hay nako,lalo lang akong nacucurious dyan sa Neo na yan, parang ako na lang ang hindi pa nakakakita sa kanya. Gwapo ba talaga?” tanong naman ni Aira.

“try mo kasing lumabas ng bar mo. Bahay at bar mo lang ata ang alam mong lugar e.” sabi ni Dhonna

“pano kasi, baka kapag umalis sya dito, hindi nya makita yung lalaking dinadate nya” sagot naman ni frances

“kanya kanyang trip yan.” Sagot naman ni Aira

“may picture ako ni Neo.” Sagot naman ni Hannah. At inilabas nya yung cellphone nya at ipinakita kay Aira yung picture daw ni Neo.

“HAHAHA. Wala ka bang matinong picture nya? Wacky kung wacky naman ‘to eh” tanong ni Aira. Kaya naman na-curious din yung iba at tinignan at saka sila nagtawanan ng bongga.

“wala e. yan lang yung naka-save sa phone ko. Matagal na yan, noong nag-picnic kami  sabi ko kasi pipicturan ko sya, eh biglang nag-pose ng ganyan. Kaya nga hindi ko dinedelete kasi kapag nalulungkot ako yan yung tinitignan ko. It never fails to make me laugh.” natatawang kwento ni Hannah

“Avah, tignan mo, ang gwapo pa din ni Neo kahit na naka-wacky pose” sabi naman ni Avy

Nilapit nya sakin yung cellphone ni Hannah at tinignan ko naman.

“Oo nga” sagot ko naman at nag-nod pa ako. Sabay inom ng juice.

Tumigil naman sila sa pagtawa at nakatingin lang sakin.

“what?” tanong ko.

Ang weird kasi, nakatingin lahat sakin. Parang mga tanga.

“OMG, nag-agree ka na gwapo si Neo kahit naka wacky pose?” gulat na tanong ni Avy

This time, ako naman yung natahimik. Inalala ko kung anong sinagot ko kanina? SINABI KO BANG OO? NAG-ARGEE BA AKO? SABIHIN NYONG HINDI!!!!!!

“shit” yun lang ang naisagot ko sa kanilang lahat.

***********

**MALDITA 31 (ANO DAW?)**

“AVAHHHHHHHHHHHHH!” shit na bunganga yan tinalo pa sirena ng bumbero!

“AVAH, WAKE UP, AVAH DEAR” ulit pa ng bastos nyang bunganga!

Ramdam na ramdam ko ang pagyugyog na ginagawa nya sakin para lang sapilitan akong magising. Kilalang kilala ko kung sino yung may-ari ng bastos na bunganga

na yun! nagtaklob ako ng kumot at tinakpan ko ng unan ang tenga ko. BAHALA SYANG SUMIGAW, BWISIT SYA!

Dahil hindi naman uso ang sunog, baha, lindol at kung ano ano pang sakuna sa wattpad, kaya hindi na ako nag-abalang magpanic dahil alam kong wala lang yung pagsigaw na ginawa nya.

“AVAH NAMAN EH, WAKE UP NA KASI, I HAVE SOMETHING TO TELL YOU! DALI NAAAAAA!”

!@#$%^&* naiimagine ko pa ang naka-pout pa sya nyan. At inulit na naman nya akong yugyugin. Dahil napakahaba ng pasensya ko kaya naman…….

“LETCHE AVY, ALAM MO YUNG MASARAP ANG TULOG? AKO YUN KANINA EH. ALAM MO YUNG BWISIT? IKAW YUN NGAYON.” inis na inis kong sigaw sa kanya at saka bumangon sa pagkakahiga.

“may sasabihin lang naman ako, nagagalit ka na agad” aba at talagang sya pa ang may ganang magtampo.

“HOY TIGILAN MO KO SA KAARTEHAN MO. GAANO BA KAIMPORTANTE YANG SASABIHIN MO AT KAILANGAN MO PANG SIRAIN ANG TULOG KO? SIGURADUHIN MO LANG NA MAS IMPORTANTE PA YAN KESA SA BUHAY MO.” banta ko sa kanya

“sorry na kasi. Importante to promise!” tinaas pa nya yung kaliwang kamay nya kaya naman tinaasan ko sya ng kilay at saka nya itinaas ang kanang kamay nya

“Alam ko na kung anong gusto ko” ang laki ng ngiti nya habang sinasabi nya yan

“pakialam ko?” mataray kong sagot sa kanya

“subukan mong ngumuso, i-i-stapler ko yang nguso mo” inunahan ko na sya dahil alam ko naman yun ang gagawin nya. Tinakpan naman nya yung bibig nya gamit ang dalawa nyang kamay

“abnormal, special child, baliw,o  ampon. Ano ka sa mga yun?” mataray ko pa ring tanong sa kanya.

Bumalik na ako sa pagkakahiga at pumikit. Bahala sya dyan. Hindi naman pala importante yung sasabihin. Ano namang pakialam ko kung alam na nya kung ano yung gusto nyang gawin sa buhay nya? Yayaman ba ako doon?

“Avah naman eh, ang mean mo! Hindi ka ba natutuwa, alam ko na kung anong gusto ko. Hindi na ako magiging pabigat, magkakaroon na ako ng purpose. Diba?” pangungulit pa rin nya

“Bakit naman ako matutuwa kung sinira mo ang tulog ko dahil sa pesteng GUSTO mo? Avy, alam nating dalawa na ang purpose mo sa buhay ay para awayin ko lang at kawawain. Pepestehin mo ang buhay ko and vice versa, kaya wag ka ng maghanap pa ng ibang purpose. Wag mong pahirapan ang sarili mong mag-isip ng malalim, hindi bagay sayo. Please lang.” sabi ko sa kanya habang nakapikit at inaantok.

Oo na, kahit antok na antok pa rin ako nakukuha ko pa ring magmaldita. WALA NA TALAGA AKONG PAG-ASANG BUMAIT. Tanggapin nyo na lang! Hanggang EPILOGUE ang kamalditahan ko.

“eeeeeh. Nakakasawa ka kayang pestehin. Gusto ko naman ng ibang role, para naman magkaroon din ako ng fans, hindi yung KAPATID NI AVAH lang ang label ko hanggang matapos. You know, gusto kong magkaroon ng sariling identity! Nawalan na ako ng haters after kong pag-sisihan lahat.” Sabi nya na halata mo namang nagtatampo.

Bumangon ako at hinaplos ang buhok nya

(shit parang ang bait kong tignan sa ginawa ko)

“Mali ka, *‘Avy, ang inggiterang kapatid ni Avah’* yan ang label mo. Wag ka na ngang umarte, hindi mo ba alam na madami ang naiinggit sayo? Alam mo ba na ang daming humihiling na maging kapatid ako? Tapos ikaw umaarte ka pa? Be thankful!” tinapik ko pa sya nang dahan dahan sa likod. At nag-flip hair ako.

Oh well, hindi ko naman kasi kasalanan na mas mabenta ang kamalditahan ko kesa sa bait-baitan nya. haayy, it only proves that, ayaw na talaga ng mga tao sa mga taong masyadong mabait. Gusto nila yung TOTOONG – TOTOO ang BIDA. *ehem*

“Nakakapagod ka kayang maging kapatid. Seryoso na kasi, please?” paki-usap nya

“sige na sige, matahimik lang yang inggetera mong kaluluwa!” mataray kong sabi at naghikab.

“GUSTO KONG MAGING SINGER!” sigaw nya na parang bata.

“s-singer? Sigurado ka? wala ka na bang ibang gusto?” paninigurado ko sa kanya

Sa totoo lang kasi, hindi ko pa naririnig kumanta si Avy, kaya hindi ako sure kung maganda ba ang boses nya o hindi. Ako kasi, very talented eh, magaling akong kumanta. Ewan ko lang sa kanya

“YES! sure na sure ako!” masayang sabi nya

“San mo naman napulot yang kabaliwan mong yan?” tanong ko sa kanya

“New found talent? Ahh basta, gusto kong maging Singer!” sabi nya

“bahala ka. Hindi ka din naman sisikat eh” walang ganang sabi ko at saka bumalik sa pagkakahiga.

“Someday magiging sikat na singer din ako!” with conviction nyang sabi.

“Dream big Avy, libre namang mangarap eh kaya taasan mo pa. Tama yan suportahan mo ang sarili mo! Kaya mawalang galang na pero hindi ka kagalang galang, umalis ka na sa kwarto kong maganda!” pagtataboy ko sa kanya.

“Ok. Ok. Bye Avah. ~la la la la la” at nag-hum pa ang bruha habang naglalakad paabas ng kwarto ko.

Goodluck talaga sa future career nya! Finally tumahimik na din ang kwarto ko, makakabalik na din ako sa pagtu—

“AVAH YUHOOO!” peste talagang bunganga yan! Ayan talaga ang purpose nya sa buhay eh, ang pestehin ako!

“ANO NA NAMAN? OO NA OO NA PAYAG NA AKONG MAGING SINGER KA, PATULUGIN MO LANG AKO. BWISIT KA!” obvious naman sigurong sumigaw ako at naiinis ako diba?

“Hindi naman yun yung sasabihin ko eh. Pero since na pumayag ka na sa gusto ko. Wala nang bawian ha?” masayang masaya pa nyang sabi.

Binato ko sya ng unan. Sayang, sa binti lang sya tinamaan at hindi sa bungangan nya!

“Brutal ka talaga” sabi pa nya

“Lasunin kita eh” iritado kong sagot.

Naalala ko tuloy bigla si Hannah, yung mga ginawa nya kay Haley Parot. Hindi ko tuloy mapigilang mapangiti.

“ang weird mo, kanina naiinis ka. Ngayon naman nakangiti ka na. abnormal, special child, baliw,o  ampon. Ano ka sa mga yun?” pagtataka ng kapatid kong inggitera at ginaya pa nya yung sinabi ko kanina.

“iniisip ko lang kasi kung paano kita ililibing ng buhay nang hindi gumagamit ng lupa” seryoso kong sabi. Natahimik naman sya saglit.

“Weh? If I know, iniisip mo lang yung gwapong muka ni NEOOOOO! Yihiiee, si Avah, lumalandi!”  pang-aasar pa nya.

“apat na letra, LAYAS!” binato ko ulit sya ng unan.

“Te-teka, LIMANG LETRA YUN AHH!” sagot nya at binilang pa sa mga daliri nya.

“kasalanan ko bang forever loading yang utak mo?” mataray kong tanong

“TSEH! Speaking of Neo, kanina pa sya nasa baba!” sabi nya sabay sarado ng pintuan ko.

Natigilan naman ako at biglang bumaliktad ang sitwasyon. Nag-loloading pa rin sa utak ko yung sinabi nya. ANO DAW? SINO DAW YUNG NASA BABA?

*“TSEH! Speaking of Neo, kanina pa sya nasa baba!”*

Teka, isa pa.

*“TSEH! Speaking of Neo, kanina pa sya nasa baba!”*

Last na.

*“TSEH! Speaking of Neo, kanina pa sya nasa baba!”*

AHH. Si Kupal lang pala eh. bumalik na ako sa pagkakahiga at pumikit.

*“TSEH! Speaking of Neo, kanina pa sya nasa baba!”*

“Shit! AVYYYYYYYYYYY!” sigaw ko at dali-daling bumangon.

Nasa baba si Kupal? Baklit? Teka nga, bakit naman ako natataranta? Eh ano naman kung nasa baba sya. Chill lang Avah. Hayaan mo syang mag-hintay sa’yo, wag kang magmadali.

Noong maayos na ang itsura ko, hindi ako nag-ayos para sa kanya ok? Sadyang pala-ayos lang talaga ako. Oh well, bakit ba ako laging nag-eexplain sa inyo, eh likas naman kayong mga TH (tamang- hinala). Bumaba na ako para harapin ang BWISITA KO.

“O? anong ginagawa mo sa maganda kong bahay?” maayos na tanong ko sa kanya

“Para dalawin ka?” kunot-noo nyang sagot.

“A-ano? Umayos ka!” sagot ko.

“Syempre joke lang, kinilig ka naman dyan!” nakangisi nyang sagot

“Kupal ka talaga! Ano ngang ginagawa mo dito?” ulit kong tanong sa kanya

“Para sabihin na, tapos na yung school garden mo.” sagot nya

“o tapos? Bakit hindi mo na lang pinasabi kay Mikee?” curious kong tanong

“nandito ako para kunin yung bayad ko.” sagot nya

“wow, talagang pumunta ka pa dito sa bahay ko para lang hingin ang bayad mo? GIPIT NA GIPIT? Hindi kita tatakasan, saka nasa bangko mo na yung bayad last week pa, icheck mo kasi yung account mo, pinadala na ni daddy yun.” sagot ko.

Halata namang medyo natigilan sya.

“umamin ka nga, ano ba talaga ang kailangan mo? sigurado naman ako na hindi talaga yun ang ipinunta mo dito.” Pangungulit ko.

“fine. hindi nga yun yung dahilan kung bakit ako nandito. Nandito ako kasi..”

“ano nga? Ang bagal eh. sayang oras ko sayo alam mo ba yun?”  naiinip kong sabi

“eh kung tumatahimik ka kaya muna? Dada ka nang dada eh, patapusin mo muna ako.” iritado nya ding sagot

“at ikaw pa talaga ang may ganang magalit. Ikaw ‘tong may kailangan sakin, kaya umayos ka, nasa pamamahay kita!” banta ko sa kanya

“HAIST. Kung wala lang talaga akong kailangan sayo, hindi kita pagpapasensyahan e” sabi nya at inis na inayos yung buhok

“so dapat pa akong magthank you sayo dahil pinagpapasensyahan mo ako? ibang klase ka talaga eh noh?” bakit ba wala kaming matinong pag-uusap nitong kupal na to? well, bakit ba ako nag-eexpect na magkakaroon kami ng matinong conversation eh Kupal sya.

Huminga muna sya nang malalim bago nagsalita

“Nandito ako para paki-usapan ka na sana, wag mo nang patulan pa si Haley. Alam ko na hindi maganda yung pagkikita nyong dalawa. Alam ko din na nagkita kayo ng kapatid kong si Hannah, at sinabi nya na din yung dahilan kung bakit ko sya pinalayas. Wag ka nang magtaka kung paano ko nalaman, dahil likas na madaldal ang kapatid ko.”

“So inuutusan mo akong tigilan yung babaeng yun? WALA PA NGA AKONG GINAGAWA E. Saka, ano bang paki-alam mo kung may gawin man akong masama dun sa babaeng yun.” naiinis kong sabi sa kanya

Wala pa nga akong ginagawa, pinapatigil na nya ako? paano pa kaya kung may gawin na ako? edi hindi sya natahimik sa kakakulit na tantanan ko na yung babaeng yun.

“well, technically girlfriend ko sya” walang ganang sagot nya

“ano naman kung girlfriend mo sya? So ngayon, nagpapaka-boyfriend ka sa kanya? naks naman Kups, hindi bagay sayo magpaka-boyfriend material. Kung wala ka nang sasabihin pa, pwede ka ng umalis.” Sagot ko sa kanya

“Hindi mo kasi naiinitidihan e.” naiinis nyang sabi

“wala akong balak intindihin. Gagawin ko ang gusto ko, kaya wag kang nangingialam sakin.” Mataray kong sagot sa kanya

“Haist. Sabi ko na nga ba, maling mali ang pagpunta ko dito para paki-usapan ka. alam ko nakakairita talaga yung pagiging possessive ni Haley, pati na din yung mga kilos nya, maarte sya, at lahat na ng ayaw ko sa babae nasa kanya na.” patuloy nya

“in other words, KSP sya.” dugtong ko

“isa pa yun. Pero wag mo na lang patulan, at wag na kayong mag-join force pa ni Hannah, baka lalong matuluyan si Haley. Hindi na sya sa hospital abutan, baka sa morge na.” sabi pa nya

“eh bakit ba kasi?” ayan, hindi na ako nakatiis na tanungin ang rason nya.

“don’t tell me, mahal mo sya?” sunod ko pang tanong

“HOY hindi ahh.” tanggi naman nya

“e ano nga?” pangungulit ko

“may utang na loob ako dun sa tao at sa pamilya nya.” sagot nya

“utang na loob? Nakakain ba yun? Ewan ko sayo, basta tuloy pa rin ang plano ko na guluhin ang buhay nya!” matatag kong sabi

“tapos? Anong mapapala mo kapag nagawa mo na yung gusto mo?” tanong nya

Napa-isip naman ako. Ano nga bang mapapala ko sa gagawin ko sa babaeng yun? hindi naman ako yayaman sa kanya.

“MAGIGING MASAYA AKO” sagot ko.

“talaga? sure kang magiging masaya ka?” paninigurado nya

“OO” sagot ko ulit

“tssk. Ewan ko sa inyong mga babae kayo, konting kibot lang ng isa, gaganti na kaagad kayo. Ano bang mapapala nyo?” tanong nya

“ewan ko din sa inyong mga lalaki. Palagi na lang kayong nangingialam.” Sagot ko.

“concern lang kasi ako.” wala sa sarili nyang sagot

“concern? Akalain mong alam mo yung word na yun!” na-aamaze kong sagot

“kasalanan mo!” sisi nya sa akin

“HOY KUPAL! Wag mo akong sisihin sa kabaliwan mo ahh.” sagot ko sa kanya

“hay ewan ko sayo. Hindi ka naman masyadong maganda, payatot ka pa, hindi ka din mabait, napakayabang mo din, tapos ang tapang tapang mo pa. Kaya hindi ko malubos maisip kung bakit ikaw pa!” sabi nya

Ano bang pinagsasasabi nitong lalaking to? Nasasapian ata.

“alam mo, hindi kita maintindihan. Ang labo mong kausap. Bagay nga kayo noong babaeng yun, pareho kayong may sayad! Umalis ka na nga, sabihin mo sa

girlfiend mong baliw, maghanda na sya sa mga gagawin ko sa kanya" naiirita kong sabi

"Kailan ka kaya titigil sa pagiging warfreak mo? Ayos lang sana kung sakin ka lang nakasigaw at nagtataray eh atleast sigurado akong hindi ka naman mapapahamak " sabi nya

"huh? Mapapahamak? Bakit naman ako mapapahamak, bakit ipapakulong ba ako noong babaeng yun? eh kung pinapaslang ko kaya sya. Saka pwede ba, ganito na ako, lahat ng tao natatarayan ko, hindi naman ako napapahamak. Ang weird mo eh." sagot ko sa kanya

Ang gulo gulo nya talaga. ano bang problema nitong taong to at bigla na lang nagsasalita ng kung ano ano? walang magawa sa buhay nya?

"Ang gusto ko lang namang sabihin sayo. wag ka nang makipag-away, wala ka lang din naman mapapala eh." naiinis na sabi nya

"ano bang karapatan mong pagsabihan ako? pede ba, hindi tayo close, ni hindi nya tayo friends e. kung makapagsalita ka naman dyan kala mo kung sino kang concern sa aki—n.. te-teka? CONCERN KA SAKIN?" hindi makapaniwalang tanong ko sa kanya

"ANG SLOW MO KASI!" sinagiwan nya ako!

"BAKIT KA SUMISIGAW?" sinigawan ko din sya

"EWAN KO SAYO. MALDITANG SLOW!" sigaw nya ulit

"hoy! Tigilan mo ako sa concern concern na yan. Kung wala kang magawa, wag ako ang guluhin mo! Hindi tayo friends!" sabi ko

"edi maging magkaibigan tayo. Problema ba yun?" naiinis nya pa ding sagot

"ikaw at ako? magkaibigan? PWEDE BA, MAGUGUNAW MUNA ANG MUNDO BAGO MANGYARI YUN!" hindi ko gusto ang idea nya. ayoko syang maging kaibigan

"EDI GAWIN MO AKONG BOYFRIEND MO! ANG ARTE MO!" sigaw nya

Ano daw? Maging ano?

"HOY! ANO NA?" naiinip nyang sigaw.

“sinasabi ko na nga ba, may gusto ka sakin!” yun lang ang nasabi ko.

“KASALANAN KO? HOYY! HINDI KO GINUSTONG MAGKAGUSTO SAYO, WAG KANG FEELING!” sigaw nya pa rin

“kahit kelan talaga, KUPAL ka! umalis ka na nga. Wala kang kwentang kausap. BALIW KA!” sagot ko.

“ALAM MO ANG ARTE MO! AKO PA ANG TINANGGIHAN MO? HINDI MO BA ALAM NA ANG SWERTE MO KAPAG AKO ANG NAGING BOYFRIEND MO? GWAPO, MAYAMAN, SIKAT, LAHAT NA NANG KATANGIAN NG ISANG LALAKI NASA AKIN NA, ANO PA BANG HAHANAPIN MO? CHOOSY KA PA?” sigaw nya

“OO NASAYO NA LAHAT, HAMBOG, KUPAL, MAYABANG, ANTIPATIKO, BWISIT, SIRA-ULO, BALIW, PALAGI PANG NAKASIGAW. IBANG KLASE KA DIN. SAPILITAN?? NI HINDI KA PA NGA NANLILIGAW SAKIN TAPOS GANYAN KA NA?” nahahigh blood ako sa lalaking to.

“EDI MANLILIGAW AKO! YUN LANG PALA EH!” sigaw nya ulit

“BAHALA KA SA BUHAY MO! IWAN MO MUNA YUNG HALEY PAROT MO!” sigaw ko ulit.

Tumahimik sya. Kinuha nya yung cellphone nya, at nag-dial. Akalain mong may gana pang makipagtelebabad tong kupal na to. BASTOS!

“hello Haley… oo, si Neo ‘to…..hindi tayo magkikita ngayon… hindi na tayo magkikita…break na tayo… oo… babayaran ko yung ginastos mo sakin….*inilayo nya yung cellphone nya sa tenga nya*… bye!” saka nya pinatay yung cellphone nya

Itsura ko? NGANGA. Nanlaki pati ang mga mata ko sa ginawa nya?

“GANON LANG KASIMPLE YUN?” tanong ko.

“oo. Ganon lang. Makaka-move on din yun!” kaswal na sagot nya

KUPAL TALAGA SYA! magkapatid nga sila ni Hannah.

“simula ngayon, GIRLFRIEND na kita!” nakangiti nya pang sagot.

“HOY. HINDI KA PA NANLILIGAW SAKIN, SAKA HINDI KITA TYPE PWEDE BA” sigaw ko sa kanya

“kunyari, OO na lang ang narinig ko! Bukas, 7pm. Susunduin kita. Sige matulog ka na ulit. BYE!” nakangiti nyang sagot at tuluyang umalis sa bahay KO.

THIS CAN’T BE HAPPENING TO ME! ARGGGGGGGHHHHHHHHHH.

************

**AVAH MALDITA BONUS CHAPTER**

**IT’S ALL ABOUT HIM**

**NEO AGUILAR’S POV**

Oh, oh. Gulat kayo no? Akala nyo kung sino ng GWAPO! Chill lang girls. Alam kong gwapo talaga ako! Mayaman pa! But wait, there’s MORE…

Bukod sa napakagwapo at napakamayaman ko, hindi naman sa pagmamayabang pero Mabait, Talented, Mapagmahal, Sikat, Matalino, Responsible, Gentleman, Understanding, at lahat na ng magagandang katangian sa isang lalaki ay nasa akin na! (Sabihin nyo yan kay Avah)

Kaya naman hindi ko din masisisi kung bakit ang DAMING BABAENG NAGHAHABOL sakin! Ako na nga yung lumalayo eh! Pero dahil sa gentleman nga ako, hinahayaan ko na lang sila, libre naman tingin sakin eh!

Hindi ko nga malubos maisip kung anong problema noong MALDITANG yun kung bakit parang hindi man lang sya tinatablan nang KAGWAPUHAN ko! Hindi nya ba alam na napaka-swerte nyang babae. Sa dami ng babaeng nagkakandarapa sakin, sya lang ang pinansin ko! CHOOSY SYA HA!

Ang aga-aga ko pa namang gumising para lang puntahan sya sa bahay nila, tapos ang bati sakin *“O? anong ginagawa mo sa maganda kong bahay?”.*Kapag naman ganon ang liligawan mo, nakakawalang gana! Ni hindi man lang ako inalok ng juice o kahit maupo na lang sana! Grabe, buti na lang talaga very understanding akong tao.

Hindi naman talaga ako nagpunta doon para kunin ang bayad ko sa kanya at pagbawalan sya na awayin si Haley, nagpunta talaga ako doon para dalawin sya, hindi ko na kasi sya nakikita sa School nya, parang iniiwasan talaga ako, kaya ako na lang ang pumunta sa bahay nya, syempre gentleman ako e! Pakialam ko naman kung mag-away sila ni Haley sa harapan ko, hindi ba nila alam na

nakakadagdag ng kagwapuhan ko yun, biruin nyo may dalawang babaeng nag-aaway nang dahil sa kagwapuhan ko, sinong aayaw doon?

Alam ko namang, kinilig sya noong sinabi kong nandoon ako para dalawin sya, pero walanghiya, ang daldal eh! Sasabihin ko na ngang nandoon ako para manligaw bigla na lang tumalak nang tumalak, ni hindi ako pinapatapos, kasalanan nya kung bakit bigla kong naisingit sa usapan si Haley!

Nakaka-intimidate kaya sya! Kaya hindi ko tuloy mapigilang makipagsabayan sa ugali nya, at hindi ko din mapigilang sigawan sya para lang hindi nya ako mataasan. Kakaiba syang babae, parang walang kinakatakutan. Laging badtrip, nakasigaw, nakataas ang kilay, tapos hindi pa nauubusan ng sasabihin. At dahil doon, nagustuhan ko sya. Hindi sya tulad ng mga babaeng naghahabol sakin na halos ipagtulakan na nila ang mga sarili nila sakin. Sya naman, halos isuka na nya ako. Grabe, akala naman nya ginusto kong magkagusto sa kanya. Feeling sya ah!

Kung ano ano na lang tuloy yung nasabi ko kahit wala namang sense! Pero lalo akong bumilib sa kanya, dahil kahit wala nang sense yung mga sinasabi ko sa kanya, may sagot pa rin sya! Sabi ko na nga ba eh, may gusto sya sakin! Kung wala syang gusto sakin, edi sana hindi na nya ako kinausap pa, diba? Kayo ba girls, kapag ba nonsense na yung sinasabi noong kausap nyong lalaki, pagtyatyagaan nyo pa bang kausapin?

Syempre kapag gusto nyo yung isang tao, kahit gaano ka nonsense yung sinasabi nya, papakinggan nyo pa din, at kahit na napaka-corny na ng joke nya, tatawa pa din kayo kahit na sinabihan nyo na yung kausap nyo na *'ang corny mo'*. TAMA AKO DIBA? Matalino kasi ako e.

Ito talaga yung mga gusto kong sabihin, kaya lang hindi ako makasingit sa kanya eh. *(chums note: sorry kung uulitin ko yung scene)*

"umamin ka nga, ano ba talaga ang kailangan mo? sigurado naman ako na hindi talaga yun ang ipinunta mo dito." Pangungulit ni Malds (short for Maldita, syempre kelangan may tawag din ako sa kanya. Sweet ako eh)

"fine. hindi nga yun yung dahilan kung bakit ako nandito. Nandito ako kasi.."

"ano nga? Ang bagal eh. sayang oras ko sayo alam mo ba yun?" naiinip nyang sabi

!@#@$%%$^! *NANDITO AKO KASI MANLILIGAW AKO*! -- yan yung sagot ko DAPAT kung hindi nya pinutol yung sasabihin ko! Kaya naman hindi ko napigilang mainis sa kanya.

“eh kung tumatahimik ka kaya muna? Dada ka nang dada eh, patapusin mo muna ako.” naiirita kong sagot sa kanya

“at ikaw pa talaga ang may ganang magalit. Ikaw ‘tong may kailangan sakin, kaya umayos ka, nasa pamamahay kita!” Binantaan nya pa ako! Kung sya kaya yung umayos, sya na nga yung pinuntahan ko, tapos nagmamaldita pa sya!

“HAIST. Kung wala lang talaga akong kailangan sayo, hindi kita pagpapasensyahan e” sabi ko at inis na inayos yung buhok ko.

*Kailangan kitang mapasagot ngayon!*

“so dapat pa akong magthank you sayo dahil pinagpapasensyahan mo ako? ibang klase ka talaga eh noh?”

*Oo, dapat kang mag-thank you sakin, dahil nagkagusto ako sayo! Ang swerte mo kaya!*

Huminga muna ako nang malalim bago nagsalita… Bahala na kung saan mapunta yung usapan namin, basta dapat ang ending nito GIRLFRIEND ko na sya!

“Nandito ako para paki-usapan ka na sana, wag mo nang patulan pa si Haley. Alam ko na hindi maganda yung pagkikita nyong dalawa. Alam ko din na nagkita kayo ng kapatid kong si Hannah, at sinabi nya na din yung dahilan kung bakit ko sya pinalayas. Wag ka nang magtaka kung paano ko nalaman, dahil likas na madaldal ang kapatid ko.”

totoo naman na ikinwento sakin ni Hannah na nagkita sila ni Malds. Pero yung paki-usap ko na wag nyang patulan si Haley, drama lang yun!

“So inuutusan mo akong tigilan yung babaeng yun? WALA PA NGA AKONG GINAGAWA E. saka, ano bang paki-alam mo kung may gawin man akong masama dun sa babaeng yun.” naiinis nyang sabi.

Nakakatuwa talaga sya kapag naiinis. Hindi kasi sya tulad noong mga ibang babae na nagpapa-impress!

“well, technically girlfriend ko sya” walang ganang sagot ko. Kasalanan ni Hannah kaya ako biglang nagka-girlfriend na hindi ko naman gusto! Kung hindi ba naman muntik mapatay ng kapatid ko si Haley, edi sana hanggang ngayon single ako!

“ano naman kung girlfriend mo sya? So ngayon, nagpapaka-boyfriend ka sa kanya? naks naman Kups, hindi bagay sayo magpaka-boyfriend material. Kung wala ka nang sasabihin pa, pwede ka ng umalis.” Sagot nya sakin.

Sus, kunyari pa ‘tong si Malds, hindi daw bagay sakin magpaka-boyfriend material. If I know, nagseselos lang sya, dahil hindi sya ang girlfriend ko. Wag kang mag-alala, dadating tayo dyan! Mabubusog ka, dahil kakainin mo lahat nang sinabi mo tungkol sakin kapag naging boyfriend mo na ako!

“Hindi mo kasi naiinitidihan e.” naiinis kong sabi. MANLILIGAW LANG NAMAN AKO EH!

“wala akong balak intindihin. Gagawin ko ang gusto ko. kaya wag kang nangingialam sakin.” Mataray nyang sagot sakin.

*Eh kasi nga, parang machinegun yang bunganga mo, dada ka nang dada. Hindi ako makasingit sayo!*

“Haist. Sabi ko na nga ba, maling mali ang pagpunta ko dito para paki-usapan ka. alam ko nakakairita talaga yung pagiging possessive ni Haley, pati na din yung mga kilos nya, maarte sya, at lahat na ng ayaw ko sa babae nasa kanya na.” Napilitan lang ako maging girlfriend yun!

“in other words, KSP sya.” sagot nya. Tama!

“isa pa yun. Pero wag mo na lang patulan, at wag na kayong mag-join force pa ni Hannah. baka lalong matuluyan si Haley. Hindi na sya sa hospital abutan, baka sa morge na.” ito totoong paki-usap ‘to. aba, damay na naman ang kapatid ko eh. baka mauwi na talaga sa kulungan si Hannah, kapag nag-join force sila.

“eh bakit ba kasi?” ayan, nangungulit na naman sya.

“don’t tell me, mahal mo sya?” sunod na tanong nya

“HOY hindi ahh.” syempre itinanggi ko! Mahal? Kung mahal ko yun, edi sana wala ako sa harapan nya ngayon para manligaw diba?

“e ano nga?” pangungulit pa rin nya.

“may utang na loob ako dun sa tao at sa pamilya nya.” sagot ko. seryoso ako dyan! May utang na loob talaga ako dun kay Haley, kung hindi sya pumayag na magpa-areglo noon malamang naghihimas ng rehas si Hannah. Sinampahan nila si Hannah ng Attempted Murder.

“utang na loob? Nakakain ba yun? ewan ko sayo. basta tuloy pa rin ang plano ko na guluhin ang buhay nya!” sabi nya.

Edi ituloy nya! wag lang aabot sa point na mag- 50/50 ulit ang buhay ni Haley dahil sa kanya. Baka hindi lang pagiging boyfriend ang maging role ko, baka mamaya maging asawa na. Pano na lang kami ni Malds?

“tapos? Anong mapapala mo kapag nagawa mo na yung gusto mo?” tanong ko. Wala naman talaga kasi syang mapapala eh. Isa pa, hindi din naman masyadong palaban si Haley, iyakin kaya yun.

“MAGIGING MASAYA AKO” sagot nya.

“talaga? sure kang magiging masaya ka?” paninigurado ko. KAPAG NAGING BOYFRIEND MO AKO, MAS MAGIGING MASAYA KA! PROMISE. ANG GWAPO KO KAYA!

“OO” sagot nya ulit

“tssk. Ewan ko sa inyong mga babae kayo, konting kibot lang ng isa, gaganti na kaagad kayo. ano bang mapapala nyo?” curious kong tanong. Ang hirap talagang intindihin ng mga babae. Porke nagsagutan lang sila noong nakaraan, gaganti na agad. Konti na lang talaga iisipin kong may gusto sakin si Malds eh, nagselos to noong nalaman nya na girlfriend ko si Haley. Hindi ako assuming ha, I’m stating the obvious. HAHAHA

Hooh! Sinong nagsabing madaling maging gwapo? HIRAP NA HIRAP NA NGA AKO EH!

“ewan ko din sa inyong mga lalaki. Palagi na lang kayong nangingialam.” Sagot nya.

“concern lang kasi ako.” sabi ko sa kanya. Masama bang maging concern sa magiging girlfriend ko? ang sweet ko diba?

“concern? Akalain mong alam mo yung word na yun!” sabi nya. wala talagang bilib sakin to eh! pero kinilig yan, sus. Isang katulad ko ba naman ang maging concern ewan ko kung hindi ka kiligin.

“kasalanan mo!” sagot ko sa kanya.

Kasalanan nya kung bakit ako nagkakaganito ngayon.

“HOY KUPAL! Wag mo akong sisihin sa kabaliwan mo ahh.” sagot nya sakin.

Nakakabaliw kaya yung kamalditahan mo. Nakakamiss pa!

“hay ewan ko sayo. Hindi ka naman masyadong maganda, payatot ka pa, hindi ka din mabait, napakayabang mo din, tapos ang tapang tapang mo pa. Kaya hindi ko malubos maisip kung bakit ikaw pa!” sabi ko.

TOTOO NAMAN. Ang daming mas maganda sa kanya pero ewan ko ba kung bakit sa kanya pa ako nagkagusto. Ang lakas noong dating nya sakin. Naalala ko tuloy noong una naming pagkikita, nagpustahan kami ng mga kaibigan ko na magiging girlfriend ko sya after naming mag-usap. Eh wala eh, nagulat ako dahil first time may nagtaray saking babae. Kaya naman pinatulan ko din sya. Puro, pang-aasar tuloy yung sinalubong sakin noong mga kaibigan ko.

Hinintay ko pa talaga sya sa may parking lot noon. Tulad ng inaasahan, sinungitan na naman nya ako. Pero ang hindi ko makakalimutan noong araw na yun? NOONG NGUMITI SYA SAKIN – nakakadala kaya yung ngiti nya! Akala ko nga babait na, pero mas lumala pa yung pagmamaldita nya! HINDI KO ALAM NA MAY IGRAGRABE PA PALA YUNG KAMALDITAHAN NYA. wala akong nasabi noon hanggang sa pina-andar na nya yung kotse nya.

Nagsearch pa ako tungkol sa kanya noon. Bumalik pa nga ako sa resort noon, baka kasi makita ko ulit sya. eh hindi na bumalik. Noong may tumawag sakin para magpagawa ng School garden, hindi ko dapat tatanggapin dahil pang amateur, pero noong nalaman ko na si Mr. Victor Chen, pumayag ako! Nalaman ko kasi na sya yung Daddy ni Malds. Pero wala sa plano na sasagasaan ko sya at yung kapatid nya! kasalanan nila yun dahil bigla silang sumulpot sa parking lot. Hindi ko din alam na mag-kakilala sila ni Hannah noon, at sya ang may-ari ng school.

Akala ko kapag naging magkatrabaho na kami magbabago na yung ugali nya. Yun pala, normal na nya ang magmaldita!

“alam mo, hindi kita maintindihan. Ang labo mong kausap. Bagay nga kayo noong babaeng yun, pareho kayong may sayad! Umalis ka na nga, sabihin mo sa girlfiend mong baliw, maghanda na sya sa mga gagawin ko sa kanya” naiirita nyang sabi

Ako pa ang hindi nya maintindihan. Eh sya nga tong napaka slow, manhid pa!

“Kailan ka kaya titigil sa pagiging warfreak mo? Ayos lang sana kung sakin ka lang nakasigaw at nagtataray eh atleast sigurado akong hindi ka naman mapapahamak ” sabi ko. gusto ko sakin lang sya nagtataray, mahirap na, baka mamaya may lalaki syang sungitan magkaroon pa ako ng karibal!

“huh? Mapapahamak? Bakit naman ako mapapahamak, bakit ipapakulong ba ako noong babaeng yun? eh kung pinapaslang ko kaya sya. Saka pwede ba, ganito na ako, lahat ng tao natatarayan ko, hindi naman ako napapahamak. Ang weird mo eh.” sagot nya.

Yun na nga eh. lahat tinatarayan mo, e kung may magkagusto sayo? pano na ako?

“Ang gusto ko lang namang sabihin sayo. wag ka nang makipag-away, wala ka lang din naman mapapala eh.” naiinis kong sabi.

“ano bang karapatan mong pagsabihan ako? pede ba, hindi tayo close, ni hindi nya tayo friends e. kung makapagsalita ka naman dyan kala mo kung sino kang concern sa aki—n.. te-teka? CONCERN KA SAKIN?” hindi makapaniwalang tanong nya sakin.

SA WAKAS NA GETS NYA DIN.

“ANG SLOW MO KASI!” sinagiwan ko sya!

“BAKIT KA SUMISIGAW?” sinigawan nya din ako.

“EWAN KO SAYO. MALDITANG SLOW!” sigaw ko ulit

“hoy! Tigilan mo ako sa concern concern na yan.kung wala kang magawa, wag ako ang guluhin mo! Hindi tayo friends!” sabi nya.

“edi maging magkaibigan tayo. Problema ba yun?” napakasimple lang pala ng problema nya.

“ikaw at ako? magkaibigan? PWEDE BA, MAGUGUNAW MUNA ANG MUNDO BAGO MANGYARI YUN!” sagot nya

EDI HAYAAN MONG MAGUNAW. Ayaw mo akong maging kaibigan ha!

“EDI GAWIN MO AKONG BOYFRIEND MO! ANG ARTE MO!” sigaw ko.

Natahimik naman sya. SA WAKAS!

“HOY! ANO NA?” naiinip kong sigaw.

“sinasabi ko na nga ba, may gusto ka sakin!” mahina nyang sabi. Hindi ko alam kung nahihiya sya o ano eh. kanina sigaw nang sigaw!

“KASALANAN KO? HOYY! HINDI KO GINUSTONG MAGKAGUSTO SAYO, WAG KANG FEELING!” sigaw ko pa rin!

“kahit kelan talaga, KUPAL ka! umalis ka na nga. Wala kang kwentang kausap. BALIW KA!” sagot nya.

“ALAM MO ANG ARTE MO! AKO PA ANG TINANGGIHAN MO? HINDI MO BA ALAM NA ANG SWERTE MO KAPAG AKO ANG NAGING BOYFRIEND MO? GWAPO, MAYAMAN, SIKAT, LAHAT NA NANG KATANGIAN NG ISANG LALAKI NASA AKIN NA, ANO PA BANG HAHANAPIN MO? CHOOSY KA PA?” sigaw ko. nakakahigh blood sya ahh!

“OO NASAYO NA LAHAT, HAMBOG, KUPAL, MAYABANG, ANTIPATIKO, BWISIT, SIRA-ULO, BALIW, PALAGI PANG NAKASIGAW. IBANG KLASE KA DIN. SAPILITAN?? NI HINDI KA PA NGA NANLILIGAW SAKIN TAPOS GANYAN KA NA?” sigaw nya na naman.

“EDI MANLILIGAW AKO! YUN LANG PALA EH!” sigaw ko ulit. Grabe, kanina pa nga ako nanliligaw eh. Ano pa bang gusto nito? Ang arte arte!

“BAHALA KA SA BUHAY MO! IWAN MO MUNA YUNG HALEY PAROT MO!” sigaw nya ulit.

Ayun, lumabas din ang gusto nya. Napakadali naman nang gusto nyang gawin ko. Kung kanina pa nya sinabi sakin edi sana kanina ko pa ginawa para kanina pa kami mag-on! Mga babae naman talaga oh oh! Hindi mo alam kung nagpapakipot o talagang slow lang e.

“hello Haley… *(HI NEO KO!)* oo, si Neo ‘to*…..(magkikita ba tayo ngayon? namimiss na kasi kita eh)* hindi tayo magkikita ngayon…*(ahh, ok. so bukas na lang tayo magkikita? Tamang tama, ngayon ako pupunta sa salon para naman maganda ako bukas)* hindi na tayo magkikita…*(huh? Bakit naman?)* break na tayo… *(a-anong sabi mo? seryoso ka ba?)* oo… *(pagtapos kitang gastusan, ibigay ang gusto mo tapos iiwan mo lang ako? hindi ako papayag)* babayaran ko yung ginastos mo sakin*….(HOW DARE YOU! HINDI AKO PAPAYAG. MAY USAPAN TAYO,*

*KAPAG INIWAN MO AKO, ITUTULOY KO YUNG PAGSAMPA NG KASO SA KAPATID MO, MAGKIKITA TAYO SA KORTE!)**inilayo ko yung cellphone ko sa tenga ko*… bye!" at pinatay ko na yung cellphone ko saka humarap ulit kay Malds.

Hindi ko alam kung matatawa ba ako sa itsura nya! Shocked sya. hindi nya ata inaasahan yung gagawin ko. Hahaha

"GANON LANG KASIMPLE YUN?" tanong nya.

"oo. Ganon lang. makaka-move on din yun!" kaswal na sagot ko.

Hindi naman siguro magpapakamatay si haley dahil sa ginawa ko. takot kaya sa dugo yun! saka ko na lang iisipin yung sa kaso ni Hannah. ang importante yung ngayon!

"simula ngayon, GIRLFRIEND na kita!" nakangiti ko pang sagot sa kanya.

"HOY. HINDI KA PA NANLILIGAW SAKIN, SAKA HINDI KITA TYPE PWEDE BA" sigaw nya sakin.

Bahala sya, basta ang alam ko nanligaw na ako.

"kunyari, OO na lang ang narinig ko! Bukas, 7pm. Susunduin kita. Sige matulog ka na ulit. BYE!" nakangiti ko pa ring sagot at saka ako umalis ng bahay nya.

-----

*bahay*

Pasipol- sipol pa ako habang papasok sa bahay KO!

"mukhang ang saya mo ngayon ahh, sana hindi si Haley ang dahilan dahil baka mabadtrip lang ako" puna ni Hannah na kakalabas lang ng kitchen habang yakap yakap yung mga juckfoods na malamang kinuha na naman nya sa ref ko.

kahit kelan talaga ang init ng ulo nito kay Haley.

Lumapit ako sa kanya at inagaw yung ilang junkfoods sa kanya. hindi naman sya nakatangi dahil malalaglag yung iba pa nyang dala.

"inubos mo na naman yung stock ko!" naiinis kong sabi.

"ang damot mo, titikman lang e" sabi nya pa

“tikim lang yan? Halos hindi mo na nga alam kung paano dadalhin sa kwarto mo lahat yan. Pano pa kaya kapag kumain ka na? puro ka junkfoods, kaya hindi ka tumataba eh” sagot ko habang binabalik sa ref yung naagaw ko sa kanyang pagkain.

“hayaan mo na nga ako. teka nga, bakit ba mukang ang saya mo kanina at pasipol sipol ka pa?” tanong nya ulit.

“wala” sagot ko at naglakad na papunta sa hagdan

“bakit nga?” pangungulit nya na sinundan ako.

“basta” sagot ko habang patuloy sa paglalakad.

“Dali na kasi” hay ang kulit talaga

“May girlfriend na ako” nakangiti kong sagot.

“o? e diba nga girlfriend mo naman talaga si haley? Alam ko na yun.” Sagot nya na naguguluhan.

“break na kami” sagot ko at kinuha ko na yung susi ng kwarto ko sa bulsa ng pantalon ko.

“A-ano? Ba-bakit? Hala? Kuya seryoso?” sunod na sunod na tanong nya.

“oo, wala na kami.” sagot ko ulit

“KUYA? PAANO NA AKO? PANO YUNG KASO KO? AYOKONG MAKULONGGGGGGG!” sigaw nya. Aware din naman sya sa ginawa nya e.

“problema mo yan, lusutan mo. Kung hindi ka ba naman kasi sira ulo edi sana tahimik ang buhay mo” naiinis kong sagot.

“sino yung bago mong girlfriend? I break mo ngayon din! O gusto mo ako pa magsabi sakanya na ibrebreak mo na sya?” ayan na naman sya.

“Si Avah Chen. Sige, puntahan mo, tignan ko lang kung magawa mo sa kanya yung mga ginawa mong kalokohan kay Haley” sagot ko sa kanya habang binubuksan yung pintuan ng kwarto ko.

Natahimik naman sya. Sabi na eh, kahit sya tiklop kay Malds. Ibang klase talaga girlfriend ko.

“Si Miss Avah? Seryoso?” mukang pinanghinaan sya ng loob sa nalaman nya.

“oo. Kaya kung ako sayo, tanggapin mo na lang na hindi habangbuhay, ikaw at si Mommy lang ang magiging babae sa buhay ko. Hindi naman ako mawawala sayo eh. Nagka-girlfriend lang ako, pero hindi ibig sabihin na kakalimutan ko nang may kapatid ako. Kaya ikaw, mag-ayos ka na, para naman makahanap ka ng magiging boyfriend mo, hindi yung sapilitan pa bago kita mapag-ayos. Tsk. Kaya walang naniniwalang kapatid kita eh, ang gwapo ko, tapos ikaw naman nagpapakamanang ka” pang-aasar ko pa sa kanya saka ako pumasok sa kwarto ko.

“kuya naman ehhhhh. So hindi mo na ako tutulungan sa kaso ko, if ever ituloy ni Haley?” nag-aalalang tanong nya at sinundan nya ako sa loob ng kwarto ko.

“hindi if ever. Sure na itutuloy nya talaga. Syempre kahit naman alam kong mali ka, tutulungan pa rin kita. Kapatid kita eh, alangan namang pabayaan kitang makulong kung alam kong may magagawa naman ako diba? Pero please lang, wag mo na sanang ulitin, ako yung nadadamay e” paalala ko sa kanya.

“oo na, hindi na. Takot ko na lang kay Ms. Avah. I wonder kung paano mo sya napasagot. Hahaha. oh well, masaya ako para sayo. SERYOSO AKO DOON.” Sabi pa nya at saka lumabas ng kwarto ko.

Sira talaga. Kung alam nya lang kung paano ko napasagot si Malds baka tawanan nya lang ako ng sobra.

At dahil gwapo ako. I’m sure, madaming maiinggit kay Malds kapag nalaman nang lahat na sya ang girlfriend ko.

***********

**MALDITA 32**

“Avah got a date, Avah got a date, Avah got a dateee~” pakanta kanta pa yung frustrated singer kong kapatid habang nasa passenger seat.

On the way kami ngayon sa recording studio. Pinilit nya akong ipag-drive sya. Black mail is the right term. Bantaan ba naman akong ichichismis nya sa mga kaibigan ko yung mga nangyari kanina. Napaka-childish talaga!

“tigilan mo nga ako! Date ka dyan, asa sya!” nanggigigil kong sabi.

This is the worst day of my life!

“edi ito na lang ~ Avah got a boyfriend, Avah got a boyfriend, Avah got a boyfriend~” kanta ulit nya. Kaya naman sa inis ko, bigla kong tinapakan yung break, kaya muntik na syang mauntog sa harapan dahil sa impact. Sayang, naka-seat belt kasi sya eh.

“dahan-dahan naman! Oo na, oo na, titigil na ako, paabutin mo lang ako sa recording studio nang buhay! Ang KJ mo talaga, masama bang maging masaya dahil may BOYFRIEND ka na?” talagang in-emphasize nya pa yung word na BOYFRIEND! Lalo tuloy akong nabwisit sa kanya.

“sinong may sabing may boyfriend ako? Excuse me lang, I’M STIL SINGLE! Hindi pa ako nagpapalit ng relationship status sa Facebook!” sagot ko.

Kung yung Kupal din naman na yun ang magiging boyfriend ko, isang malakas at malaking THANK YOU NA LANG! Mas gugustuhin ko pang maging isang magandang matandandang mayaman na dalaga. Argh, asar talaga!

Hindi ko malubos maisip kung bakit ako? I mean, given na, na maganda ako, mayaman, talented, matalino, seksi, responsible, sosyal at lahat nang magagandang katangian ng isang babae ay nasa akin na. Maldita nga lang.

Ahh basta, hindi ko magets kung bakit bigla na lang pumunta sa bahay ko at boom, gusto na nya ako? Shocked pa rin ako hanggang ngayon. Kasi naman, sya yung pinaka hindi ko inaasahang magkakagusto sa akin. Like hello? Wala nga kaming matinong conversation noon. Ni hindi kami friends!

Wow lang, kung makapag-declare sya na girlfriend na nya ako, akala naman nya, gustong gusto ko? Grabe, hindi ko sya kinakaya, ganon na ba talaga ang usong pangliligaw ngayon? In less than an hour? Anong akala nya sakin, easy to get?

“Hey! Wag mong masyadong isipin si Neo, magkikita naman kayo mamaya eh. May date kayo mamaya, kaya wag mo masyadong ma-miss. Yihiee! Tara na, magdrive ka na ulit, excited na akong kumanta!” hyper na hyper na sabi ni Avy.

“Hindi ko sya iniisip! Saka date? I-date nya yung anino nya, sigurado akong hinding hindi sya iiwan noon at susundan sya kahit saan pa sya magpunta!” tangi ko, saka nag-drive ulit nang naiinis pa rin.

“Hay nako Sis, ever since na nagbati tayo at nawala na si Yaya Miranda sa bahay at si Ian sa buhay nating dalawa. Eh si Neo Aguilar na lang ang dahilan nang pagkainis mo” sabi nya at nakita ko sa gilid ng mata ko na ngumiti pa sya nang malapad na akala mo na-hit nya ang jackpot.

“Mali ka, si Haley ang iniisip ko, dahil sya ang nasa hate list ko. Iniisip ko yung mga gagawin ko sa kanya.” pagdadahilan ko.

DAFAQ! Si PG (Parrot Girl) talaga yung idinahilan ko? Tss. Kainis.

“Si Haley na ex-girlfriend na ngayon ni Neo MO. See? Konektado pa rin kay Neo. Avah, hindi masamang magsabi nang totoo paminsan-minsan. Besides, I’m still your Ate. I admit na madalas akong childish, but it doesn’t mean na hindi na ako capable makinig sa mga sentiments and blah blah blah’s mo. Come on, share your thoughts, I’m all ears!”sabi nya. Tumagilid pa talaga sya nang pagkaka-upo para lang maharap nya ako, as if naman na makakapag-usap kami nang harapan eh nagdridrive ako.

Naks! Ganito ba talaga ang nagagawa nang pagkakaroon nang direksyon sa buhay? Nagmamatured bigla? Tsk. Infairness naman, may ilelevel up pa pala sya. Akala ko kasi forever na lang syang peste sa buhay ko!

“Wow, bumalik na pala yung kapatid ko. Welcome back Ate!” pang-aasar ko sa kanya

“Eto naman, minsan na nga lang magseryoso pinapansin pa! Come on, tell me na!” pangungulit pa nya

“Mamaya na lang ok? Mahirap mag-kwento tungkol sa nakakainis na bagay kapag nag-dri-drive. Baka mabangga pa tayo, sige ka baka maging *‘Avy the disabled singer’* ang ending mo ayaw mo naman noon diba?” pananakot ko sa kanya

“Ok. Ok, tatahimik na ako. Basta later sasabihin mo sakin ahh?” paghingi pa nya nang assurance.

“oo na. Tumahimik ka lang.” walang gana kong sagot sa kanya

Tumahimik naman sya, kaya lang binuksan naman nya yung player at may isinalang na CD. Familiar sakin yung intro, Shit.

“Wag kang kakan—“ huli na para bawalan ko syang kumanta dahil she started singing on the top of her lungs.

~ *Wouldn’t it be nice, if we were older?*

*Then we wouldn't have to wait so long*
*And wouldn't it be nice to live together*
*In the kind of world where we belong*

*You know it's gonna make it that much better*
*When we can say goodnight and stay together~*

WOULDN'T IT BE NICE by the BEACH BOYS. SHOCKS lang, grabe. Yung pagkanta nya, version ni Drew Barrymore. Ever since kasi na mapanood nya yung *'50 First Dates'*, hindi na nya tinantanan yung kantang yun. Kinanta kasi yun ni Lucy which is played by Drew Barrymore. Grabe! Isipin nyo na lang na sya yung American version ni Anne Curtis!

"Wag mong sabihin sakin na si Drew Barrymore ang nag-impluwensya sa'yong maging singer?" Hindi makapaniwalang tanong ko.

"YESSSSSSS! Ang ganda kaya ng boses nya! Lalo na sa '*Music and Lyrics'* nyang movie noong kinanta nya yung *'Way Back into Love'*. Hayyy, sana pala dati pa ako nanood ng mga American Romantic Comedy para maaga kong nadiscover ang singing talent ko at maaga akong na-inspire kay Drew Barrymore!" Proud pa nyang sabi at kumanta ulit sya

~*Wouldn't it be nice if we could wake up?*
*In the morning when the day is new*
*And after having spent the day together*
*Hold each other close the whole night through~*

"alam mo bang super late ka na sa mga latest American Romantic Comedy? Like duh? *'50 First Dates'* was like yearssss ago. At kay Drew Barrymore ka talaga na-inspire? Buti na lang hindi mo pa naririnig kumanta si Anne Curtis, baka mas lalo pang tumaas ang confidence level mo! Good luck talaga sa singing career mo!" sagot ko sa kanya. Tumigil naman sya sa pagkanta para sagutin ako

"Who's Anne Curtis? I wanna hear her voice, para madagdagan yung inspirations ko!" nakangiti pa nyang tanong.

"wag mo nang alamin!" naiinis kong sagot.

"And like hello Avah? Ang tagal kong nasa China, malamang busy ako sa pagpapa-impress kay daddy kaya naman I have no time to watch those movies!" pagdadahilan nya at itinuloy ang pagkanta

*~Happy times together we're been spending*
*I wish that every kiss was never ending*
*Wouldn't it be nice~*
"Gawin mo ang isang bagay dahil GUSTO mo, at hindi para magpa-impress lang. Ayan, sana naman may natutunan ka na sa mga kagagahang ginawa mo. Tignan mo, namiss mo ang kalahati ng buhay mo." pangagaral ko sa kanya.

"oo na po. Kaya nga I'm enjoying my life na eh! Kaya ikaw, i-enjoy mo na din yang love life mo. Yihiee." Pang-aasar na naman nya

"sige lang, ibabanga ko talaga to" pananakot ko sa kanya

"KJ" asar ulit nya.

"kumanta ka na lang dyan!"

Sinunod naman nya. Kaya naman buong byahe namin papuntang recording studio, yun lang yung kantang pinapatugtog nya, hinayaan ko na lang sya. Mas ok na kumanta sya kesa kulitin ako.

*~Maybe if we think and wish and hope*
*And pray it might come true*
*Baby then there wouldn't be a*
*Single thing we couldn't do*
*We could be married*
*And then we'd be happy*
*Wouldn't it be nice?*

*You know it seems the more we talk about it*
*It only makes it worse to live without it*
*But let's talk about it*
*Wouldn't it be nice?*

*Goodnight baby*
*Sleep tight my baby~*
-------

*Recording studio*

Yung pakiramdam na bored na bored ka na tapos inis na inis ka pa at the same time? ITO YUNG NARARAMDAMAN KO NGAYON EH. Kaasar, ang usapan ipagdridrive ko lang sya, hindi ako makikinig sa pagkanta nya. Naka-upo lang ako habang pinapanood si Avy sa may glass window na nababaliw! Sabi naman

noong mga nandito sa studio maganda naman daw yung boses nya, sino kaya ang may diperensya sa tenga, ako ba o sila?

*ring ring ring ring

Sino naman tong tumatawag na ‘to, number lang.

“sino ka?” mataray kong tanong kung sino mang tumatawag sa akin.

(wow, ibang klase ka ding mag-hello noh?) sagot nya, boses lalaki. Ewan hindi ko sya kilala.

“Pakialam mo? Sino ka ba?” tanong ko ulit.

(boyfriend mo) sagot nya.

“boyfriend your face, wala akong boyfriend” naiinis kong sagot. Pano naman kaya nya nalaman yung number ko. Stalker!

(grabe, kanina lang tayo nagkita nakalimutan mo na agad ako? tss, nakakasakit ka na ahh. Pero ok lang, ayokong nagagalit sa girlfriend ko e.) sagot nya

Bigla namang napataas ang kilay ko sa sagot nya. This guy is unbelievable!

“Ewan ko sayo.” saka ko in-end yung call.

Talagang tumawag pa sya para lang inisin ako. Ibang klase talaga. Kaasar.

Napansin ko namang nakatingin sakin yung mga tao sa studio, kaya tinaasan ko sila ng kilay.

“what?” mataray kong tanong.

“Your phone is ringing Ms. Avah” sagot sa akin noong isa at nakatingin sa hawak kong cellphone.

*ring ring ring ring ring ring ring ring

Shit. Hindi ko na napansin na tumatawag na naman pala si Kupal. Hindi ko sinagot, bahala sya.

“Hmmm.. Ms. Avah” nag-aalinlangang tawag sakin noong isang lalaki.

“o?” naiinis kong sagot.

*ring ring ring ring ring

“Hindi nyo po ba sasagutin? Kasi po, nag-fifeedback po eh” paliwanag nya.

“ganon ba, oh * iniabot ko sa kanya yung cellphone ko* ikaw ang sumagot kung hindi ka makatiis” mataray kong sagot.

Hindi naman nya kinuha at halata naman sa kanila na naiistorbo sila dahil sa pag-ring nang cellphone ko. Kahit si Avy, napatigil sa pagkanta at nakatingin sa akin nang masama.

“FINE!” sabi ko at lumabas ng studio para sagutin yung pesteng tawag ni Kupal

“ANO BANG PROBLEMA MO?” bungad ko.

(hindi ka talaga marunong mag-sabi ng hello noh?) iritadong tanong nya

“HOY KUPAL KA, tigilan mo ako ha. Busy akong tao kaya kung pwede lang wag kang istorbo” sagot ko.

(nasan ka ba? pupunta ako dyan, tutulungan kita sa ano mang ginagawa mo, ayokong nagiging busy ka eh) sagot nya.

“sa lugar na hindi mo alam at malayo sayo.” inis kong sagot.

(Asan ka nga?) iritadong tanong nya.

“hanapin mo, kung mahahanap mo.” paghahamon ko. Hah, akala mo ikaw lang ang marunong mang-inis.

(Kapag nahanap ko kung nasan ka, may kiss ako.) pagtanggap nya nang hamon ko.

“Sira ulo!” sagot ko.

(naghahamon ka tapos nung tinanggap ko, biglang ganyan?) at hula ko nakangisi pa sya ngayon.

Asar, bakit parang hindi ako manalo sa kanya ngayon? Hindi pwede ‘to.

“BWISIT KA TALAGA” sigaw ko sa kanya.

(oh, chill ka lang Malds, lalo akong na-iinlove sayo kapag naiinis ka eh. Hahaha ang dami ko na namang tawa sayo.) sagot nya.

@!$#%$%&^&* siguro kung normal na babae, kikiligin sa mga sinasabi nya. Eh dahil hindi ako katulad ng ibang mga babae, kaya hindi ako kinikilig. NAIINIS AKO SA LAHAT NANG SINASABI NYA!

(hoy Malds, wag kang kiligin dyan. Hahahaha) sabi nya.

“Tigilan mo ako kupal! Ano ba talagang kailangan mo? Stalker ka, talagang kinuha mo pa yung number ko sa kung saan para lang inisin ako. Ibang klase ka talaga” na-hihigh blood na naman ako.

(Hindi ako stalker, Admirer ang tawag sakin. Para sa pangit lang ang salitang stalker, since gwapo ako kaya Admirer. Saka, Malds naman, natural lang na dapat alam ko ang number ng girlfriend ko.) paliwanag nya

“DAFAQ with the pet names! Malds your face.” Naiinis kong sagot.

Talagang may tawag sya sakin? Hindi talaga papatalo tong kupal na to. Grabe, kinikilabutan ako sa kanya.

(ayaw mo ba? Ang pangit kasi nang Mahal, baby, love, babes, honey, bee, sweetheart, cupcake, chocolate, candy at lahat ng matatamis na bagay yung itawag ko sayo. Para sa mga ordinaryong couple lang yun, since hindi tayo tulad nang iba at special tayo kaya kailangan kakaiba din. Ayaw mo din naman ng mga endearment na matatamis diba? Baka mas mainis ka lang sakin kapag yun ang itinawag ko sayo.) mahabang paliwanag nya.

Sabagay may point sya, mas hindi ako papayag na sweet endearments yung itawag nya sa akin. Mas ok na sakin ang Malds ang itawag nya sa akin at Kups naman ang itawag ko sa kanya.

ARGGGGGHHHHHH. BAKIT AKO NATUTUWA? HINDI AVAH, HINDI KA DAPAT MATUWA. MAINIS KA DAPAT, HINDI KA PA NGA PUMAPAYAG MAGING GIRLFRIEND NYA E.

“Baliw ka, kung ano anong pinagsasasabi mo dyan. Ibaba ko na, wag ka na ulit tumawag hindi makapag-concentrate si Avy sa pagkanta. Nagfifeedback sa loob ng studio kaya wag ka nang tumawag.” Paalam ko sa kanya

(Ahh. Nasa recording studio ka pala. Pupunta na ako dyan. See you later Malds.) sagot nya at ibinaba na yung phone.

SH*TTTTT. ARGHHH. NAKAKAINIS TALAGA SYA. AT MAKIKITA KO NA NAMAN SYA? BAKIT BA AYAW NYA AKONG TANTANAN.

Pumasok na lang ako sa loob nang studio nang nakangiti! Ewan, feel ko lang ngumiti ngayon. Bakit ba?

----

After magbaliw-baliwan ni Avy, pinakinggan na nya yung mga nirecord nyang kanta. Nakailang hampas sya sa braso ko habang tuwang tuwang pinapakinggang yung boses nyang hindi ko malaman kung saan nang-galing, magaling sigurong mag-edit yung mga nandito sa studio, bigla kasing gumanda yung boses ni Avy. Hindi katulad noong boses nya sa loob ng kotse kanina.

"Hey, bakit ba parang kanina ka pa tahimik dyan? Ni wala akong narinig na negative comment mula sayo. Wow, you mean, nagandahan ka sa boses ko?" pangungulit ni Avy sa akin habang papalabas kami ng studio.

"Wala, pagod lang ako." walang gana kong sagot sa kanya.

Kainis kasi, sabi nya pupunta daw sya, eh natapos na si Avy sa pagkanta, ni anino nung kupal na yun hindi ko naman nakita. Tss. Sabi na nga ba, pinagtritripan lang ako noong kupal na yun, wala lang talagang magawa sa buhay nya. KAASAR!

"hoy, wala ka namang ginawa sa loob bakit ikaw yung napagod?" pagtataka ni Avy.

"nakakapagod makinig sa sintunado mong boses." Sagot ko.

"talaga lang ha? eh bakit parang you don't sound tired naman? Parang you sound disappointed over something. What's bothering you ba?" maarteng tanong nya

"why so conyo? Bad influence talaga yang si Frances eh, nahahawa ka sa pagka-conyo. Hindi ko alam na may iba ka pang talent bukod sa pagkanta ng wala sa tono" sagot ko.

"huh? Anong iba pang talent? Hindi ko alam yun ahh" pagtataka nya.

"talent sa pag-distinguish ng sounds. May other way pa pala nang pag-alam nang feelings no? tulad ng way nang pagsasalita" nonsense na sagot ko sa kanya

"huh? What's up with you Avah? Woah, ngayon lang kita nakitang ganyan, at narinig na magsalita nang ganyan. Wala kang ganang magmaldita ngayon. That's new ha!" pang-aasar pa ni Avy.

Hindi ko na lang sya pinansin at naunang maglakad sa parking lot papunta sa kotse ko.

“bakit ang tagal nyong lumabas?” nagulat naman ako sa biglang nagsalita kaya napalingon ako sa katabing kotse ng sa akin

“HI NEO NI AVAH!” bati ni Avy kay Ku-kupal.

“Hi Avy, kamusta recording?” tanong nya.

“ Masaya! Grabe, sobrang nag-enjoy talaga ako.” balita naman ni Aby

Pumunta sya?

“Ka-kanina ka pa dito?” tanong ko sa kanya

“oo, at ang tagal nyong lumabas.” Naiinis nyang sabi.

“eh bakit hindi ka pumasok sa loob?” irita kong tanong sa kanya

“Malay ko kung nasan kayo sa loob. Saka yung guard, ayaw akong papasukin dahil wala naman daw akong appointment.” Sagot nya

“eh bakit hindi mo ako tinawagan?” naiirita ko pa ring tanong sa kanya

“ANG GULO MO NO? Sabi mo kanina wag na akong tumawag dahil nagfifeedback sa loob at hindi makakanta si Avy nang maayos. Tapos ngayon parang iritable ka pa na sinunod ko yung sinabi mo?” may halong inis at pagtataka nyang tanong.

“ohh, mukang alam ko na yung sagot sa tanong ko kanina.” Singit naman ni Avy nang nakangiti at nag-wink pa sa akin.

“tss.” Yun na lang ang isinagot ko.

“problema mo ba Malds?” tanong ni Kupal

“wala” kaasar ka kasi.

“wala? Sagot nang mga babaeng nagpapapilit para tanungin ulit sila kung anong problema. O sige na Malds, bakit ka naiinis?” tanong ulit ni Kupal

“wala nga sabi” sagot ko. bakit ba ang kulit nya?

“akala nya kasi hindi ka dadating” sagot ni Avy kaya naman tinignan ko sya nang masama.

“Malds, alam kong Kupal ako sa paningin mo, pero may isang salita ako. Kapag sinabi kong pupunta ako, pupunta ako. Wag ka nang mainis dyan, lalo lang akong na-iinlove sayo.” pang-aasar pa nya

“ewan ko sayo.” sagot ko at pumunta na sa kotse ko.

“may date pa kayo diba Neo? So, mauuna na ako sa inyong dalawa?” tanong ni Avy

“Oo, kaya lang mukang badtrip na naman yung ka-date ko.” sagot ni Kupal na nakatingin sakin.

“Paano ka uuwi eh wala ka namang kotse?” tanong ko kay Avy.

“pahiram ako ng susi, yung kotse mo yung gagamitin ko, kay Neo ka na lang sumabay.” Suggestion nya.

“kung gusto mo sa kanya ka sumabay, ako uuwi mag-isa” sagot ko naman at binuksan ko na yung kotse ko.

“sigurado ka ba sa desisyon mo? Sigurado ka bang hindi mo pagsisisihan yan?” tanong ni Avy nang nakatingin sa akin nang nakangiti.

Alam ko na yang mga tingin na yan ni Avy, yung tingin na pwede nyang agawin si Kupal tulad noong ginawa nya kay Ian.

“kaasar ka, alam mo yun?” sagot ko at inihagis ko sa kanya yung susi ng kotse ko.

“hahahaha. Wag kang mag-alala Sis, hindi ko na gagawin yun, tinatakot lang kita. Ang arte mo kasi” natatawa pa nyang sabi.

“Ok. Nandito pa ako? Nakaka-op kayong magkapatid!” nag-tatakang pagpaparamdam ni Kupal

“wala ka na doon.” Sabat ko.

“oh pano, Neo, ikaw nang bahala sa kapatid ko? Ingat kayo ha. Avah, enjoy!” paalam ni Avy at saka umalis.

“Sakay na.” sabi nya at binuksan yung pinto ng passenger seat.

Nagdadalawang isip pa ako kung sasakay ba ako o hindi. Tama ba ‘to?

“sasakay o sasakay?” tanong ulit nya

“ang daming choices ha!” sumakay na lang ako kesa naman maglakad ako pauwi.

----

*loob ng kotse

“ang tahimik mo, hindi ako sanay” puna nya

“pakialam mo?” sagot ko

“yan, gusto ko nagmamaldita ka palagi sakin.” Nakangiti pang sabi nya

“san ba kasi tayo pupunta?” naiirita kong tanong

“sa lugar na hindi mo alam pero magugustuhan mo.” nakangiti pa ring sagot nya

Tinignan ko lang sya nang nakataas ang kilay at naghihintay nang paliwanag nya.

“hahahaha, ito naman pinapatawa lang kita, ang seryoso mo palang tao.” Sagot nya

“umayos ka!” banta ko sa kanya

“hindi ko din kasi alam. HAHAHA” sagot nya.

“niyaya mo akong mag-date tapos hindi mo naman pala alam kung saan ako dadalhin? Wow, grabe yung preparations mo ha! Ilang taon mong pinag-isipan yan?” naiirita kong sagot.

“Hindi naman kailangan lahat ng date nakaplano. Joy ride lang, kung saan mapadpad, mag-sstop over tayo kung saan natin gusto, at aalis tayo kapag hindi natin nagustuhan. Ganon lang!” sagot nya

Wow, hindi ito yung pinangarap kong date! Ang lakas ng loob na mag-aya ng date hindi naman pala handa. On the second thought, parang mas gusto ko ‘to kesa sa pangarap kong date. Hindi date sa isang fancy restaurant, hindi romantic at boring, walang masyadong nakakakita samin, at Malaya kaming gagawin kung ano yung gusto namin.

“hindi ka talaga romantic noh? mula sa paraan ng panliligaw, pagpapasagot at hanggang sa date kakaiba ka! ang hilig mo sa biglaan” puna ko sa kanya

“hindi ako yung ideal man type, aminado na ako doon.” Nakangiti nyang sabi.

"ohh. Hindi na ako nagugulat, alam ko, forever ka nang kupal. Hindi na magbabago yun" sagot ko sa kanya

"but, I will be definitely yours!" nag-wink pa sya sakin nyan.

"You are starting to freak me out!" sagot ko sa kanya

"hindi masamang kiligin sa akin, wag kang mag-alala hindi ko ipagkakalat na kinikilig ka sa akin." sagot nya

"Ang kapal! Hindi ko alam kung saan mo hinuhugot yang kayabangan mo eh, hindi nauubos" puna ko.

"ako din naman, hindi ko din alam kung saan mo hinuhugot yung kamalditahan mo." at natawa pa sya

Hindi na lang ako sumagot at tumingin sa bintana ng sasakyan nya. Ibinaba ko pa yung glass window. City lights, namiss ko 'to, pati na din yung hangin. Kelan ba ako huling lumabas ng ganito? Bakit ngayon ko lang na-aapreciate ang ganda ng traffic? Ewan, ang weird!

"ok lang ba magpatugtog ako? ang tahimik eh" tanong nya.

"bahala ka" sagot ko habang nakatingin pa rin sa labas.

Napatingin naman ako sa kanya noong narinig ko ang familiar na kanta.

"don't tell me ikaw din?" hindi nya ako pinansin dahil nag-umpisa na syang kumanta.

~ *Wouldn't it be nice, if we were older?*
*Then we wouldn't have to wait so long*
*And wouldn't it be nice to live together*
*In the kind of world where we belong*

*You know it's gonna make it that much better*
*When we can say goodnight and stay together*~

"bakit? Ang ganda kaya ng kantang yan!" sagot nya nang natatawa at kumanta ulit

Hinayaan ko na lang sya at sinabayan sya sa pagkanta.

~*Wouldn't it be nice if we could wake up?*

*In the morning when the day is new*
*And after having spent the day together*
*Hold each other close the whole night through*

*Happy times together we're been spending*
*I wish that every kiss was never ending*
*Wouldn't it be nice~*

"first song together? Wow, ang cool ng theme song natin" natatawang sagot nya.

Oh well, hindi naman sigurong masamang i-enjoy ko na lang 'tong araw na'to kesa mainis ako. Minsan hindi masamang maging iba, kesa makisabay na lang kung ano yung uso. Tulad ng panliligaw na ginawa nya, pagpapasagot sakin at itong DATE daw namin, kakaiba. Nakakainis na nakakatuwa. PATI BA NAMAN THEME SONG NAMIN?

Bahala na kung anong meron bukas, ang mahalaga na-enjoy ko yung ngayon. :P

**********

**MALDITA 33**

Kanina pa ako palakad lakad sa school. Kaasar kasi, ang dami kong kailangang ipasa, mga tests na kailangan sagutan, ang dami kong namiss sa mga klase ko. Hayy, bakit kasi ang busy kong tao. Hindi lang yun, bukod sa pagiging estudyante ako pa yung nagmamanage, kaya naman ang dami ko pa ding nakapending na mga papeles sa opisina, kailangang pirmahan, i-approved at kung ano-ano pa.

Ayoko nang maging busy!

"tabi nga, nakita na ngang dadaan ako hindi pa kayo tumabi." Sita ko sa mga nadaanan ko sa hallway.

"Sorry po Miss. Avah" sagot nila

"Sorry, puro na lang sorry. Letche" sagot ko at lumakad na ulit papuntang office ko.

*Office

Pagkapasok ko sa office ko, dire-diretsyo ako sa table ko at inisa isa kaagad yung mga nakatambak na folders dun. Hindi ko na nga pinansin si Mikee na kumakain. Aba. Buti pa sya naglulunch na, ako hanggang ngayon hindi pa. Grabe.

“Asan ba dito yung mga pipirmahan ko? hanapin mo nga.” Utos ko kay Mikee.

“Andyan lang yun, hanapin mo na lang” sagot nya.

“Ikaw yung inutusan ko diba? Oh, hanapin mo dyan. Asar” ikinalat ko lahat ng folder sa sahig. Bahala sya, pinapainit nya ang ulo ko, bahala syang mahirapan. Umupo na lang ako sa upuan ko habang pinapanood syang magpulot ng mga papel sa sahig.

“Bakit ba ang init ng ulo mo? Meron ka no?” pang-aasar nya habang nagpupulot.

“Tigilan mo ako kung ayaw mong mas lalong mahirapan.” Naiinis kong sagot sa kanya

“Okaaaaay.” Sabi na lang nya.

Nawawasted ako ngayong araw. Hindi ko alam kung matutuwa ako, o maiinis ako dahil palaging nasa bahay si Kupal. Kaya nga mas pinili kong pumasok sa school kesa makita ang mukha nya. Kainis, hindi ako sanay nang may nagpapa-alala sakin ng mga gagawin ko, nang may nagpapa-alam sakin, nang parating may nag-tetext sa akin, palaging may tumatawag, at mas lalong hindi ako sanay ng may nagsisilbi sa akin nang hindi ko naman sinasabi.

“Nga pala, tumawag si Neo, hinahanap ka. Sabi ko may inaasikaso ka dito kaya malalate ka na ng uwi” pagbabalita ni Mikee, at inilapag na yung mga folder sa lamesa ko.

“Anong karapatan mong ipagsabi kung nasan ako, kung anong ginagawa ko at kung anong oras ako uuwi?” naiirita kong tanong

“Nagtanong lang yung tao, sinagot ko lang ng maayos, problema mo? kabago bago nyo pa lang LQ na?” natatawang tanong ni Mikee.

“Oh, ito lahat ng pipirmahan mo, na-scan ko na yan. Pirma mo na lang yung kulang.” Sabi nya at itinuro sa akin yung nakahiwalay na mga folder.

“Ang LQ para sa mga lovers lang, hindi kami lovers so hindi kami kasali doon” sagot ko at nag-umpisa nang pumirma.

“Akala ko ba, sinagot mo na? Sinabi pa nga sa akin ni Mini (Avy) na nag-date pa nga kayong dalawa. Tapos ngayon sasabihin mong hindi kayo? Anyareee?” pagtataka nya

Ang daldal talaga ni Avy, kailangan ba talagang ibroadcast pa nya pati yung date? Tss.

“Bakit, magboyfriend lang ba ang nag-dadate?” balik ko nang tanong sa kanya.

“okaaaay. Eh ano yung sa inyo, friendly date?” tanong nya

“We’re not even friends” tutol ko.

“Yun na nga eh, hindi kayo friends, so hindi pwde sa inyo ang friendly date, since sinabi na nya na girlfriend ka nya, edi romantic date yun.” sagot naman ni Mikee

“Arrgghh, ewan ko sa inyong lahat.” Naiinis kong sagot. Hindi naman ako pumayag na maging girlfriend nya, bahala sya sa buhay nya.

*tok tok tok

Nahinto naman ang pag-uusap namin ni Mikee dahil sa pesteng kumatok, pero salamat na rin sa kanya at dahil doon natigil sa pag-usisa si Mikee. Tinignan ko sya nang nakataas ang kilay para sabihing buksan nya ang pinto.

Oo, may meaning lahat ng tingin ko! ako lang nakakagawa noon.

Agad naman syang pumunta sa may pinto para pagbuksan yung lamang lupa na kumakatok.

“Miss Avah, may naghahanap po sa inyo” sabi noong guard

Guard talaga yung nagpunta sa office ko para lang sabihing may naghahanap sa akin? Napataas naman ang kilay ko, sino ba yung pesteng yun para utusan ang mga tauhan ko na puntahan ako sa office ko?

“Sino?” tanong ko.

“Babae po eh” sagot nya.

Malamang hindi si Avy yun, kasi kung yung frustrated singer ko ngang kapatid, dederetsyo yun sa loob ng office ko at hindi na kakatok, samahan mo pa nang mala-sirena ng bumbero nyang boses! Hindi din naman ako pupuntahan ng mga kaibigan ko, dahil hindi sila mahilig sa surprise visit.

“tignan mo nga kung sino” utos ko ulit kay Mikee.

“Ako na naman?” reklamo nya.

“Malamang, dalawa lang naman tayo dito. Alangan naman na utusan ko yung sarili ko? God! Ano bang utak meron ka? Pakitapon nga, hindi nagagamit e” naiinis kong sagot.

Sumimangot naman sya, at agad na lumabas para tignan kung sino yung naghahanap sa akin. Habang nag-hihintay, tinignan ko yung cellphone ko. Asar! 80 missed calls, 50 texts, lahat galing kay Kupal. Sino ba namang matutuwa kapag ganyan? Grabe. Akala mo palagi akong mawawala.

“Avah, si ano.” sabi ni mikee

“Sino si ano?” ang gulo talaga nitong baklang to. Kaasar, mainit na nga ang ulo ko. Ginugulo pa ang utak ko. As if naman na mahuhulaan ko kung sino yung tinutukoy nya.

“Yung girlfriend dati ni Neo” sagot nya na natataranta,

“o tapos? Problema nya?” sagot ko. Si PG (parrot girl) lang pala. Akala ko naman kung sinong importante na yung bisita ko. BWISITA pala.

“hinahanap ka.” sagot pa nya.

“kakasabi lang ni Manong kanina diba?” walang gana kong sagot

Kapag ganito yung kausap mo, mawawalan ka talaga nang gana, yung tipong nasa harapan na lahat ng sagot sa tanong nya, itatanong pa rin. TANGA na nga, NAG-TATANGATANGAHAN pa.

“Labas ka dali. Para makita mo!” sagot nya.

Automatic naman na tumaas ang kilay ko. Ano bang meron? Letche naman oh. Kaya naman kahit labag sa loob ko ay lumabas pa rin ako ng opisina ko para alamin kung ano bang meron sa babaeng yun at dinalaw ako! Naks, close kami para dalawin nya ako?

At nagulat ako sa aking nasaksihan! Ang babaeng haliparot na ibon ay walang pakundangan na nag-iiskandalo sa harap ng aking mahal at sosyal na eskwelahan! WTF? Anong ganap nya? Papansin, epal, iskandalosa, walang

delikadesa, lahat na ng panglalait na naiisip ko bagay sa kanya! Aba, ang kapal nang mukhang magsisigaw sa tapat ng eskwelahan ko!

"HOY BABAE, LUMABAS KA DYAN! MANG-AAGAW! LABAS! AKALA MO KUNG SINO KANG MAGANDA! MANG-AAGAW NG BOYFRIEND!" sigaw nya.

Nag-init ang ulo ko, well palagi namang mainit ang ulo ko, pero mas lalo pang uminit dahil sa kanya! Aba, teka, kapag ganitong badtrip ako, wala akong sinasanto!

"HOY BABAENG IBON NA HINULOG NG LANGIT AT BUMAGSAK SA LUPA NA UNA ANG MUKHA! MEEEEE? MANG-AAGAW? KELAN PA?" sigaw ko din sa kanya.

"Mang-aagaw ka ng boyfriend, ganyan ka na ba kadesperadang na magkaroon ng boyfriend at pati si Neo KO ay inagaw mo pa?" naiiyak na sabi nya!

Tsk. Eh talaga palang may saltik tong babaeng to e.

"For your information, isaksak mo 'to sa utak mo, kung meron ka mang utak pero I doubt. Unang una, wala akong inaagaw sa'yo. Pangalawa, si Kupal ang naghahabol sa akin at sya ang nagprisintang maging boyfriend ko, pangatlo, hindi ko na kasalanan kung iniwan ka ng boyfriend mo, pang-apat kasalanan ko bang mas maganda ako kesa sayo? panglima, wala namang ka-agaw agaw sayo." tinignan ko pa sya mula ulo mukhang paa.

Kaasar. Ako pa talaga ang sinusugod nya, at sa teritoryo ko pa!

"Hindi ako naniniwala na iniwan ako para sa payatot, maldita at hindi marunong ngumiting kagaya mo!" aba, at lumalaban pa!

"Hoy, hindi ako payatot, mataba ka lang! Maldita? OO naman. Hindi marunong ngumiti? Bakit naman kita ngingitian, close ba tayo?" inis kong sabi sa kanya.

"How dare you!" yun lang ang sinabi nya.

"How dare you, your face. Kung tapos ka nang ilabas lahat ng insecurities mo sa buhay, pwede ka ng umalis! Nakakasira ka sa school ko, tumingin ka sa paligid mo, ikaw lang ang pangit!" sagot ko sa kanya

Ang dami na din kasing nanonood sa amin! Mga stupidents, employees, tinder lahat na!

“Ako insecure sayo? Excuse me, pero hindi ako maiinscure sa isang kagaya mo lang” at ayaw nya pa talagang sumuko.

Nabobored na ako kaya naman, para mas maasar pa sya sakin. humikab ako!

“Haaaayyy! Nakakata-antok kang kausap! Well, kung hindi ka nga insecure sa akin, ano pang ginagawa mo dito at nag-iiskandalo ka dyan na kulang na lang eh placards. Dun ka sa Mendiola mag-ganyan, o kaya sa harap ng Malacanang, swerte mo na kapag may isang side walk vendor na pumansin sayo. Pasalamat ka nga at pinag-aksayahan kita ng oras!” aalis na sana ako sa kaya lang hindi pa rin talaga sya sumusuko.

“Mayaman ako, may hacienda ako, maganda, sosyal, at saka di hamak na mas mabait kesa sayo” sabi nya

Nilingon ko sya.

“Mayaman din ako. Sosyal. Maganda. Mabait din ako kapag tulog. At saka ano namang gagawin ko sa hacienda nyong puro kabayo?” bored kong sagot sa kanya

“Ibalik mo sa akin si Neo KO” pang-mamakaawa nya.

“Edi sayo’ng sayo na, jusko ang simple ng problema mo! Pwede ba, wag ka saking magmakaawa, na akala mo eh sobrang inapi kita. Wala pa nga akong ginagawa para sirain yang buhay mo, nagkakaganyan ka na! Grabe, ang lakas ng loob mong pumasok sa hate list ko tapos hanggang dyan ka lang pala?” sagot ko sa kanya

“Alam mo bang kayang kaya kong kasuhan ulit ang kapatid nya kapag hindi bumalik sa akin si Neo? Kaya kung ako sayo ibigay mo na ulit sya sa akin” pananakot pa nya.

“oh? Ano namang kinalaman ko sa problema nyong dalawa ni Hannah? Edi magkasuhan kayo. Pakialam ko naman? Hindi ako yung kapatid ni Hannah. Kay Kupal mo yan sabihin, dahil kahit anong pananakot mo sa akin, hindi effective! Nagsasayang ka lang ng laway.” Walang gana kong sagot.

Sus, eh muntik ba naman syang patayin ni Hannah, malamang kasuhan nya talaga yun. Well, labas naman ako doon. Kung yung problema nga namin ni Avy, naayos, yung kaso pa kaya ni Hannah na ang kailangan lang ay pera? JUSKO. Anong bang meron kay Kupal at hinahabol nitong babaeng to.?

“Shocks, hindi talaga ko makapaniwala na ikaw ang ipinalit sa akin ni Neo Ko. Wala ka man lang care sa ibang tao. Kahit sa kapatid nya!” aba at nagalit pa sakin.

“Alam mo, ang labo mo. Ano ba talaga ate? Kanina tinatakot mo ako na kakasuhan mo si Hannah, tapos ngayong wala akong pakialam bigla kang magagalit sa akin dahil wala akong care? Tanong lang ha, na-try mo na bang magpunta sa psychiatrist? Malala ka na eh” natatawa ko pang sagot.

Napaka bipolar na ewan. Hindi na ako nagtataka kung bakit ayaw sa kanya ni kupal. Magka-girlfriend ka ba naman ng baliw ewan ko lang kung gustuhin mo pang magkalovelife!

“I hate you. I really do!” sabi pa nya.

“The feeling is mutual. So kung wala ka ng sasabihin, umalis ka na.”

“oh? Aarte pa?” sabi ko sabay walk-out.

*office*

Pumasok ulit ako sa office ko, uminom ng tubig at umupo sa may upuan ko!

“Grabe, hindi kita kinakaya Avah” sabi ni mikee.

“Mas lalo namang hindi ko kinakaya yung may sayad na babaeng yun. nakakaloka sya ha. Desperada kung desperada. May mga ganon pa palang tao? God! So pathetic. Siya pa talaga yung nagpupush sa sarili nya sa isang taong hindi sya gusto.” Napapailing na lang ako.

“pero aminin mo, nakakainis na nakakaawa sya diba? To think na nagpunta pa sya dito para lang sabihing ibalik mo si Neo sa kanya.” sabi ni mikee.

“Mukang syang tanga. Hay nako. Ewan. Bahala sila sa buhay nila. Basta ako, magtratrabaho na lang para mas yumaman pa!” sagot ko at nag-umpisa na ulit magtrabaho.

---

Maya maya lang, may bastos na namang kumatok sa pinto.

*tok tok tok.

“Mikee, alam mo na!” utos ko.

“ano pa nga ba?” sagot nya at pinagbuksan ang pulubing namamalimos (chos lang!)

At kahit na busy ako sa mga paper works, ramdam ko ang hanging dala ni Habagat! Ay mali, hanging dala ni Kupal. Paano ko nalaman na sya yun? Sya lang kasi ang may kakayahang magpa-andar ng Maldita Radar ko. Ewan, sa kanya na lang effective yun e. Wag nyo na akong tanungin kung bakit sya lang, hayaan nyo ipapacheck ko baka mahina ang signal at hangin nya lang ang nasasagap!

“Hi Malds!” at hula ko nakangiti pa sya

“Busy ako” sagot ko

“tulungan na kita” alok nya at pumunta sa office table ko

“wala kang alam dito, dun ka na!” saway ko sa kanya

“Bakit parang iba ata aura mo ngayon, bad vibes na ewan, hindi yung natural na maldita mood mo.” puna nya.

Hindi ako sumagot at tuloy pa rin sa ginagawa ko.

“Anong problema nito?” tanong nya kay Mikee

“Sinugod kasi yan ng ex mo. Ayan kaya bad vibes” sagot ni Mikee

“Oh? Anong nangyari? Sang ospital dinala si Haley? Malubha ba?” sunod sunod na tanong nya.

Kaya naman tumingin ako sa kanya.

“At talagang yung babaeng yun ang inalala mo?” naiinis kong tanong

“Syempre, alam ko namang hindi ka magpapatalo e. Kampante naman ako sayo kapag nakikipag-away ka. Sure win lagi! Diba?” at tinapik pa ang balikat ko.

“Ewan ko sayo, letche. Bumalik na nga doon sa ex mo, puro sakit ng ulo lang ang dinadala mo sakin. Grabe!” inis kong sagot.

“Ayoko nga doon. Kaya ko nga iniwan e, hayaan mo sya. Nasa bitter stage yun kaya wag mo na lang pansinin.” cool na sagot nya.

“hindi ko na talaga alam ang gagawin ko sayo! wala ka bang trabaho at palagi ka na lang nagpapakita sa akin?” tanong ko sa kanya

“Wala!” sagot nya at umupo sa may couch.

“so ganyan? Hanggang kelan ka tambay?” tanong ko

“makasabi ka naman ng tambay! This month lang naman, next month pa kasi yung sunod kong project. Wag kang mag-alala, may savings ako kayang kaya kitang buhayin!” sagot nya

Walanghiya! Masyado futuristic tong lalaking ‘to. Ni hindi pa nga ako pumapayag na maging Girlfriend nya, pagpapakasal agad?

Erase erase erase, Kasal? San ko napulot yun? wala naman syang binaggit! Argh. Nakakabaliw talaga syang lalaki sya, kung ano anong pinapasok nya sa utak ko!.

“Tigilan mo ako., peste ka! Alam mo bang nakakapagod ka? Palagi kang nasa bahay, kung makapagtext at tawag ka akala mo palagi akong nawawala, kung makapag tanong ka kung nasan ako, parang palaging may kikidnap sa akin, at kung makapag-paaalala ka sakin, daig mo pa ang planner ko. Hindi lang yun, kung maka-asta ka, akala mo boyfriend na kita!” naiinis kong sabi

“Bakit hindi ba pa??” nagtatakang tanong nya.

“Hindi pa!” sagot ko.

Ngumiti naman sya.

“Nice, may word na ‘pa’ so may pag-asa talaga ako. Nagpapakipot ka lang, ok lang Malds, hindi ako magsasawang ligawan ka! Hahahaha” sagot nya.

May sinabi ba akong PA? KUNG MERON NGA, KILL ME NOW!

**********

## MALDITA 34 (SISTER INSTINCT)

“DALDALITA! DALDALITA!” sigaw ko habang papasok ako sa loob ng bahay KO. Kakadating ko lang galing sa isang conference na ginanap sa School KO. Pagod ako at gusto ko magpahinga kaya umuwi ako kaagad. Pero instead na ma-relax ako, eto ako, na-sstress. Argh.

“Yes, Ms. Avah?” nakangiti pang sagot nya. Bakit nakukuha nilang ngumiti kapag badtrip ako? Hindi ako makakapayag na ang kaligayahan nyo ay ang makita akong badtrip! Nakakaloka kayo, mga sadista. Gusto nyo na nahihirapan ako.

“Wag kang ngumiti dyan, ayokong nakikita kang masaya.” mataray na sabi ko sa kanya. Agad naman nyang tinanggal ang ngiti sa mga labi nya.

“Ganyan, much better. I-explain mo sa akin ngayon, kung ano yung mga nasa labas at pati itong mga ‘to.” turo ko sa mga nakahilerang bulaklak.

“Bulaklak po. Hindi nyo po alam? Ang ganda po diba?” Aba, at ginawa pa akong bobong tanga! Walanghiya ‘tong babaeng ‘to ahh.

“Umayos ka nang sagot mo Daldalita. Baka gusto mong maranasang lumabas ng bahay ko ng hindi sumasayad ang paa mo sa lupa.” Pananakot ko sa kanya

“Paano po yun? Lilipad po ba ako? Wow.” nag-isip pa sya at saka humanga sa nabuong imagination sa utak nya. Pumikit ako at nagbilang hanggang lima para pigilan ang sobrang inis ko sa katangahan nya.

“Hindi, gagapang ka..una ang mukha.” Sagot ko sa kanya at iniwan sya doon na nakatanga. Nabwibiwisit ako eh.

Naglakad ako papunta sa kwarto ng magaling kong kapatid. Binuksan ko ang pintuan ng kwarto nya, hindi uso sakin ang kumatok. Ayokong magasgasan ang flawless kong kamay.

“AVYYYYY!” tawag ko sa kanya. Ayun sya, at nag-huhum habang nakapikit na sumasayaw. Aba, at frustrated dancer din pala sya.

“AVYYYYY!” ulit ko at lumapit sa kanya. Tuloy pa rin sya sa ginagawa nya kaya naman wala akong choice kung di ang hawakan sya sa balikat nya at iharap sa akin. Tinanggal nya yung earphones na nakapasak sa tenga nya at ngumiti sa akin

“HI AVAHHHHHHH” bati nya at kumaway pa sa harapan ko! Tinapik ko naman yung kamay nya para matigil sya sa pagkaway.

“Ipaliwanag mo kung bakit ang daming bulaklak sa labas ng bahay at pati na din sa loob. May namatay ba?” tanong ko

“Ohh, so nakita mo na pala…ang ganda diba?” sabi nya pa

“Paanong hindi ko makikita eh, nagmistulang flower shop ang bahay ko?” inis na inis na sabi ko sa kanya

“Ikaw naman Avah, hindi ka marunong maka-appreciate ng maganda. Hindi mo man lang ba tinignan kung kanino nanggaling?” disappointed na sabi nya

“hindi ko na kailangan pang itanong at tignan kung kanino nanggaling yung mga yun. Iisang tao lang naman ang alam kong kayang gumawa ng hindi pangkaraniwang bagay!” sagot ko.

“Ang sweet ni Neo diba? Alam mo bang sya pa ang nag-ayos ng mga flowers na yun? Ang galing nya no? Hindi lang sya magaling na landscape architect isa rin syang flower arranger. Ang swerte mo Sis, ang talented ng BOYFRIEND MO!” tuwang tuwa pang sabi nya.

“BAKLA KASI SYA!” Sigaw ko.

Kaasar, palagi na lang nyang binibuild up sakin si Kupal. Sya lang naman lagi ang nagpapaalala sakin na boyfriend ko daw si kupal. Grabe, ano bang pinakain ni Kupal sa kanya at botong-boto sya? Puro positive side lang ang nakikita nya, bakit hindi nya makita ang negative side ni Kupal?

“Yun pa ba ang bakla? Ang gwapo kaya nya, saka sweet, saka cool, talented, mayaman, matalino at gwapo ulit!” sabi nya pa

“ewan ko sayo. Alam mo kung ako sayo, ipacheck up mo na yang mata mo sa isang magaling na optometrist, sobrang labo na e! Hindi lahat ng gwapo, totoong lalaki. Ok? Ingat ka, baka mamaya mas malandi pa sila kesa sayo! Dyan ka na nga.” Inis kong sabi

“So inamin mo din na GWAPO nga si Neo. Alam mo Avah, hindi lahat ng na-iinis eh, naiinis talaga…minsan hindi lang nila alam kung paano i-eexpress ang kilig nila, kaya yung nakasanayan na nilang ugali ang pinapakita nila. Hayy nako Avah, masasanay ka din.” Pahabol na sabi nya. Nilingon ko lang sya sandali at saka inirapan. Lumabas na ako ng kwarto nya, binagsak ko yung pinto.

Ano bang pinag-sasasabi nya? Ako kinikilig? NO WAY! Bakit naman ako kikiligin sa mga bulaklak na ipinadala nya? Anong tingin nya sa akin, bubuyog? Ginawa nyang flower shop yung maganda kong bahay. Saka hindi ako kinikilig sa ginagawa nyang pag-aalala sakin, sa pagtetext at pagtawag nya, hindi din ako kinikilig sa mga sinasabi nya na ‘hindi sya magsasawang ligawan ako’ at ‘na-iinlove sya lalo sakin’. AT LALONG HINDI AKO KINIKILIG TUWING ITATANONG NYA SA AKIN KUNG KUMAIN NA BA AKO.

HINDI AKO KINIKILIG. NATUTUWA LANG.

MALI-MALI. NATUTUWA AKO DAHIL MUKA SYANG TANGA. OO YUN LANG YUN! Wag kayong jumajump into a conclusion dyan. Masyado kayo, isa pa kayo eh.

Ano bang ipinakain sa inyo ni Kupal at boto kayo sa kanya? Madami pang lalaking bagay sa akin, hindi lang sya. Hindi ko pa lang nakikilala, pero nararamdaman ko na makikilala ko na sya SOON, at alam kong sya ang bagay sa akin. Basta hindi si Kupal yun. TSEH.

*ring ring ring

“o?” sagot ko nang hindi tinitignan kung sino ang tumawag

(Miss you too.) sagot nya. Ano daw?

“Ha-ha-ha. Baliw” sagot ko

(uyy. Nakatatlong tawa sya. Improvement, samantalang dati kahit isa wala!) natatawa pang sagot nya. kelan kaya mawawala yung sakit nyang pagbilang ng tawa?

“Problema mo na naman?” tanong ko

(Natanggap mo na ba yung mga pinadala kong bulaklak? Ako nag-arrange nyan! Ang sweet ko no?) at alam kong nakangiti pa sya

“Wala kaming patay. Kung makapagbigay ka naman ng bulaklak akala mo last day ko na sa mundo.” Naiinis na sagot ko

(hindi ko kasi alam kung ano yung gusto mong bulaklak kaya ayun, pinadala ko lahat ng klase ng alam kung bulaklak, may samapaguita, santan at gumamela nga din dun eh. hindi mo ba nakita?) tanong nya

WTF? Anong klaseng lalaki to? Sumobra na nga sa kayabangan pati pa naman sa ka-OA-an? Hindi papatalo? Gusto angat sya kahit saang aspeto? Grabe!

“Anong akala mo sa akin, bubuyog? Para sa kaalaman mo, wala akong hilig sa bulaklak.” Naiinis kong sagot

(eh san ka mahilig?) curious na tanong nya

“Yun ang alamin mo.” paghahamon ko sa kanya

(may kiss na ako kapag nalaman ko?) halatang natuwa sya.

“In your dreamssss.” Sagot ko

(wala man lang prize? Ano ba yun, nakakawalang gana ka talagang ligawan. Pero ayos lang, kahit walang prize aalamin ko pa rin) sagot nya

“Whatever. And by the way, pakitanggal na yung mga bulaklak. Please lang.” utos ko.

(ok, sige ipapatanggal ko na lang mamaya. Sorry hindi ko kasi alam na hindi ka pala mahilig sa bulaklak. Ibang klase ka nga palang babae.) sabi nya

“Thanks though.” Mahinang sabi ko.

(Wow. for the first time, narinig din kitang magsabi ng Thank you…keep it up Malds) sagot nya

“TSEH” at inend call ko na.

Napangiti na lang ako habang nakatingin sa cellphone ko. Tsk. What’s wrong with me?

--

**AVY CHEN’S FIRST AND LAST POV (Hahaha)**

“My name is Avy, I’m so very, fly oh my is a little bit scary, and the boys wanna marry…pretty as a picture, sweeter than a swisher….all eyes on me when I walk in, no question that this girl’s a 10, don’t hate me cause I’m beautiful…”

[Pretty Girl Rock by Keri]

See I can see diba, kahit mali yung lyrics, yan lang kasi yung natandaan ko noong napakinggan ko yan sa bar nung isang gabi eh. Hahaha. Oh well, hayaan nyo na nga, basta magaling akong kumanta. Dahil first and last POV ko daw ito kaya naman itotodo ko na ang pagpapa-angat sa sarili ko.

Nakilala nyo ako bilang si Avy Santa-Santita, but now, *ehem* ako na si AVY THE SINGER! *insert Avy’s makabasag eardrum tili* Wag ka nang umapela pa, wala ka rin namang magagawa kung hindi tanggapin ang katotohanan na napakagaling kong kumanta at deserving ako sa title na ‘yun. Yes! Deserving ako dahil deserving talaga ako!  Mabait naman ako sa mabait sakin, nasa lahi na talaga namin ang magmaldita, pero syempre si Avah ang pinaka, ultimate, mega, over at lahat na pagdating sa kamalditahan. Ako mild lang kapag naiirita lang ako, hindi naman kasi ako super bait, wala namang taong ganon diba? Lahat ng tao may tinatagong kamalditahan sa sarili! Ilabas nyo yan para masaya. hihihihihihihihi

Matalino naman ako, kaya lang kapag wala akong kakumpitensya tinatamad ako. Kaya noon sobrang eager akong pabagsakin si Avah, dahil karibal ang tingin ko sa kanya noon. Syempre people do change naman diba? And I deserve a second chance! Come on, wag na kayong bitter sakin. I love you all naman eh. *pout*

Well anyway, I can tell that my dear little sisterette is so kinikilig na kay brother-in-law Neo. Kunyari lang yun, hindi kasi sya sanay na may gumagawa sa kanya ng mga ganong bagay. Like hello? High school pa sya noong nagkaroon sya ng boylet, si Ian nga. Oo malandi kasi si Avah, kaya nagkajowa ng maaga! At mas malandi ako dahil inagaw ko yung jowa nya! Hahaha.

Oh wag nyo nga akong pagtaasan ng kilay dyan! I-pluck ko yan eh. So ayun nga, dahil walang kakayahan si Avah na ishare sa inyo ang kanyang tunay na nararamdaman. Naks, ang makata ko lang don. Jeezz I'm so loving my POV na, sana regular na akong magkaroon ng POV, *pray with matching puppy eyes* ilang chapters kaya akong nanahimik kaya naman naipon lahat ng kwento ko. You can skip this part, pero ikaw din, madami kang mamimiss. *evil grin*

Let me do the honor to make kwento her true feelings for BIL (brother-in-law).(conyo na me!) Denial queen kasi si sisterette Avah eh, puro pag-dedeny lang sasabihin nya sa inyo. Si Avah ay unti-unti nang naiinlove kay BIL. Paano ko nasabi? Simple lang kasi magaling akong kumanta! (may konek yun. isipin nyo na lang kung paano naging kunektado ang boses ko sa feelings ni Avah) hahahaha.

Sister instinct lang yan. Never syang nagpatagal ng manliligaw, si Avah kasi yung tipong kapag ayaw nya sa guy, basted agad. Pero kay BIL, tignan nyo naman, hinahayaan nya lang. Hindi din yan nakikipagdate, yup, kahit kay Ian kasi ang tingin nya sa date ay isang cheap na gawain ng mag-jowa. Palibhasa kasi maarte sya. First time nya din ang madisappoint sa isang lalaki sa pag-aakalang hindi sya susunduin. Si Neo lang kasi ang naglakas ng loob na manligaw kay Avah. Kaya etong denial sisterette ko, hindi pa sanay sa 'new' feelings na nag-grogrow sa kanyang heart! (Taglish talaga!). At ito pa, alam nyo bang si Neo lang din ang first guy na sobrang lapit kay Avah, pero hinahayaan nya lang. Si Neo lang din ang lalaking kahit na inaaway, tinatarayan at sinisigawan ni Avah pero hindi magawang paalisin ni Avah. Hahahaha.

Ayan, ngayon alam nyo na kung ano ang tingin ko sa pinagdadaanan ng aking sisterette.

So bahala na kayo kung sino ang gusto nyong paniwalaan. Ang mga nasa taas ay Point of View ko lang naman. HAHAHA. Kanino kayo maniniwala? Kay Avah Maldita o kay AVY THE SINGER?

For Avah (text AM <space> TSS send to 1234)

For Avy ( text ATS <space> YEY send to 1234)

Ano pang hinihintay nyo? TEXT na. hahahahaha

And this song is dedicated to my denial sisterette Avah. (Love,love, love by hope)

"love love love.. love is so distracting and I'm over reacting for feeling this way.. and ever since I met you, I can keep my attention…and you are to blame…*sing with me!*

Your love is a permanent distraction, a perfect interactions..the feeling is so extreme.. I lost my appetite to eat, I barely get to sleep cause you're even in my dreams..and I thought that I was strong..but i knew it all along and it's out of my control..so I fell into your hands and I don't know where to land..I'm just going with the flow…love love love"

AGAIN, HAYAAN NYO NA KUNG MALI YUNG LYRICS. Basta magaling akong kumanta! Period, no erase, padlock, tapon susi!

***********

## MALDITA 35 (FINAL WAVE)

Pababa pa lang ako galing sa kwarto ko, pero rinig na rinig ko na ang makabasag eardrums na boses ng ever frustrated singer kong kapatid! Wala na ba akong maririnig kung hindi ang boses nya? Araw- araw ganito. Sya na nga ang pumalit sa alarm clock ko. Pansin ko lang ha, sya ang laging bida sa introduction ng bawat chapter sa buhay ko. Hindi ba pwedeng ako ang umpisa at ako pa din ang katapusan?

Anyway, pinuntahan ko na lang kung nasan sya para patigilin sa pagkanta. Wala sa sala, wala din sa graden, wala din sa garage, wala din sa dining room…OK, parang ayaw ko ng nasa isip ko kung nasan sya.

*kitchen*

Nakatalikod si Avy sa akin, naka-apron, may hawak na sandok sa kanang kamay, at pot holder sa kaliwa. Nakapony tail yung mahaba nyang buhok at may pa sway sway pa si ate habang kumakanta. Hindi muna ako pumasok at pinakinggan yung kanta nya. In fairness, nakakaaliw syang panoorin. Hindi dahil sa magaling sya ha, kung hindi dahil muka syang tanga. Hahaha.

"hooray for today…hooray for mornings and things that make them good..hooray for the beaming smiles that make my day..hooray for stops and gos..hooray for the colors and quick hellos..hooray for surprises that walk my way..hooray for friends I'll make, oh hey..hey!..hooray for treats that make me smile. like magic stripes that fills the sky…hooray for the days that makes me say…oh hooray for today!"

kanta nya. OO yung kanta sa commercial ng isang sikat na fast food chain sa Pilipinas. Wag nyo akong tanungin kung bakit yun ang trip nyang kanta. Weird kasi mga type nyang kanta, kahit children song papatulan nya.

"kelan ka pa natutong magluto?" mapanghusgang tanong ko. Judgemental na kung judgemental pero wala akong tiwala sa ginagawa nya.Napatigil sya sa pagkanta at nakangiting humarap sakin bago ako sinagot.

"Ngayon lang." proud pa talaga nyang sabi. Ito ang tinatawag na literal na jaw-dropping-plus-face-palm-moment.

"At proud ka pa talaga! Ano yan, additional for your 'frustrating-ambition-in-life' list? Please lang, stop whatever you're doing Avy, ayokong mamatay nang tustado dahil nasunog ang bahay KO o bumubula ang bibig dahil sa pagkain ng niluto mo. Pwede ba that's not so PANGMAYAMANG DEATH!" inis kong sabi sa kanya. At ano pa nga pang isasagot nya sakin kung hindi ang kanyang Avy's famous childish pout.

Bumuntong hininga na lang ako. Ano bang gagawin ko sa kapatid ko para mag-grow up? Paampon ko na lang kaya? Ang tanong, may aampon kaya? Hindi ko rin naman sya masisisi dahil buong buhay nya, pinilit nyang maging IBA para magustuhan sya. Ngayon pa lang nya nagagawa ang mga gusto nya.

"Ano ba yang niluluto mo?" tanong ko na lang para maiba yung mood nya. Lumapit pa ako sa kanya at sinilip yung nasa frying pan.

"Pancakes!" Masayang sagot nya. Another jaw-dropping-plus-face-palm-moment.

“Are you sure na pancakes yung niluluto mo?” nagpipigil na tawa kong tanong.

“Yep. Bakit? Muka naman syang pancake diba?” inosenteng tanong nya at tinusok tusok nya pa yung pancake daw gamit yung hawak nyang sandok bago nya binaliktad. Napansin ko naman yung iba pang pancakes daw na nakalagay sa plato. Nagkalat din yung pancake mixture at egg shells sa sink.

“Oo, mukha naman silang pancakes…bilog naman silang lahat. Hindi nga lang kulay pancakes.” Hirap na hirap na ako sa pagpigil ng tawa ko lalo pa noong makita ko yung itsura nya. inosenteng ignorante. Sya lang nakakagawa nyan!

Kinuha nya yung empty box ng pancake mixtures

“Sinunod ko naman yung instruction dito eh.” Binasa nya yung instructions sa gilid nung box. How to make pancakes.. blah blah blah

Kinuha ko yung empty box sa kamay nya at pinakita sa kanya yung picture nung pancakes na may butter and maple syrup sa ibabaw na katabi nung kuneho ata na naka-toque at nakangiti. Basta yun na yun, hanapin nyo na lang sa grocery store kung anong itsura nun. Kulay blue yung box. Pinalipat lipat ko yung tingin ko sa picture ng pancake at sa pancake na gawa ni Avy. Saka ako umiling.

“Tsk. Hindi ko malaman kung toasted, overcooked, o roasted pancakes yung ginawa mo eh. Tignan mo naman yung picture sa gawa mo….ang layo!” natatawa kong sagot

“Nako Sis, wag ka ngang naniniwala sa mga pictures na nakikita mo…in-edit lang yan! Thank you Adobe Photoshop yan Avah. Itong gawa ko, *turo sa gawa nya* THIS IS THE REAL THING!” Pagdepensa nya. Saka hinablot sakin yung box at tinapon sa trash can. Kinuha ko naman yung niluto nya at saka itinapon din sa basurahan.

“Anong ginawa mo sa pancakes ko!?!” gulat, galit at inis na tanong nya sakin.

“Di mo nakita? Gusto mo ulitin ko ulit?” balik ko ng tanong sa kanya

“Bakit mo tinapon?” Naka-pout nyang tanong

“Sa tingin mo may kakain nung gawa mo?” tanong ko ulit

“Kaasar ka, panira ka ng maganda kong mood! Umalis ka na nga dito.” Naiinis nya pa ring sagot

“Pinapaalis mo ako sa sarili kong bahay?” pinagtaasan ko sya ng kilay with matching right hand on my bewang at tap ng paa sa floor. My maldita-pose, just like my book cover. (so conyo)

“Well, not anymore. From now on, bahay KO na rin ‘to” sabi nya at ginaya ang maldita pose ko.

Ano daw? Hindi ko masyadong na-gets kung anong ibig nyang sabihin kaya tinignan ko sya at hinihintay yung paliwanag nya. Nagbago ako ng pose, taas kilay pa rin with matching arms fold minus tap ng paa sa floor. My ‘you-better-explain-it’ pose. Ganon talaga, hindi lang yung tingin ko ang may ibig sabihin, pati na din ang pose ko.

AKO lang ang nakakagawa nyan.

“Yup. You heard it right Sis. Bahay KO na rin ‘to, I’m no longer a poorita because Dad and Mom have forgiven me this morning! Meaning, my normal life is back…hello cars, credit cards, gadgets, and house! Plus, a recording contract! Isn’t it amazing?” Nakangiting paliwanag nya.

“Paano? Bakit? So you mean you will stay here for good? Hindi ka na babalik sa China?” sunod-sunod na tanong ko sa kanya. And again, new pose has created kunot noo, medyo open ang mouth then right hand on my chest kasi nga I’m shock! (Lol. Hahaha)

“Because I’ve changed for the better, and I have a direction in life na, hindi na din ako manggugulo sa buhay mo tulad dati but I will keep on pestering you pa rin. Alam na din nila yung plano ko about being a singer kaya naman they helped me to get a recording contract. So hindi na ako babalik sa China, I am staying with you here, whether you like it or not.” Nakangiti nya pa ring sagot at umikot sya with her hands up in the air. Mas weird yung ginawa nya kesa sa mga pose ko.

Ok, nahirapan akong iprocess yung mga sinabi nya sakin ha. Titira sya kasama ko? I mean, literal naman talaga na kasama ko na sya sa bahay pero akala ko kasi babalik pa sya ng China kapag ok na sila nina Mommy at Daddy. Hindi ko ineexpect na titira na sya dito for good. Hindi naman sa ayaw ko, pero masasanay kaya ako na ang makabasag eardrums nyang boses ang magsilbing alarm clock ko araw-araw? Ojusko, give me some peace!

“So that’s what your cooking show is all about?” Confirmation ko.

"Yep, dahil masaya ako, I decided to cook our breakfast sana kaya lang, you little monster throw my pancakes away naman! Meany." Sabay pout pa.

"Ayoko nang maging masaya ka kung palagi kang magluluto ng pancake na sunog. Tsk. Pancake na nga lang iluluto mo sunog pa. Well, since you are a rich kid na ulit, you better treat me for breakfast na lang, but not here. Go get your cards and let me waste it! Hintayin kita sa labas, you have your car key na ba?" tanong ko

"Not yet, the day after tomorrow pa dadating dito, kakapadala lang ni Daddy kanina e." paliwanag nya.

"Kfine. We will use mine, but this time, you'll drive." Sagot ko at lumabas na ng kitchen.

--

*Mall

After naming kumain ng brunch, ang bagal kasing magdrive ni Avy kaya naman inabot kami ng century sa pagpunta sa restaurant. Ako na ang nag-drive papunta dito sa mall since wala naman syang choice kung hindi ang sumama kung saan ko gusto kaya ito, hinila ko sya para mag-shopping.

"Akala ko ba we're going to have a breakfast lang?" Tanong nya habang nakatingin ng masama sa mga damit na napili ko na hawak nung sales lady. Take note, MGA.

"Kung ang ugali mo nga nagbago, isip ko pa kaya?" mapang-asar na sagot ko sa kanya at pumunta sa may counter/cashier.

"You wanted me to get broke no? How could you, kakahawak ko lang ulit ng cards ko, tapos uubusin mo agad? Hindi ka lang mean napaka-bitch mo rin." Naiinis na sabi nya.

Oh I'm so loving this. Haha, mukang nakahanap na ako ng way para hindi nya magamit ang kanyang Avy's famous childish pout.

"I know and I love it" sagot ko sa kanya at pina-punch ko na lahat ng pinamili ko.

"Love what? Me getting pissed?" naiinis nya pa ring sagot. Habang intense na nakatingin sa price na umaappear sa monitor ng cashier.

“No. For calling me bitch. Ang sarap palang marinig yun coming from you—the old bitch. Iba kasi yung feeling. Alam mo yun, parang hindi insult yung dating sakin kapag ikaw yung nagsasabi, compliment eh. Just like the old days. Me insulted by you and you pissed off by me.” Sagot ko sa kanya at tumawa. Naks, ngayon lang ulit ako tumawa ng ganito.

“So, you want me to make your life a living hell again?” nakangiti nyang tanong.

“Kung kaya mo.” dare ko sa kanya.

“We’ll see.” Sabay wink sakin. At sabay kaming natawa.

Hindi ko naimagine na dadating pa kami sa ganitong point ni Avy. Mag-aasaran at magtatawanan at the same time. Wow, ang layo na pala nang narating naming dalawa. Mula sa pagiging mortal na magkaaway, at ngayon hindi man mawawala yung pag-aasaran naming dalawa, I can say that we’re the best sisters ever created.

“Anong balita?” biglang tanong ni Avy

“Balita? May bagyo, tumaas na naman presyo ng gasolina, madami pa ding mahirap, ano pa ba?” sagot ko sa kanya

“Loka loka, I mean, balita sa inyo ni Neo?” tanong nya ulit.

“Wala.” Sagot ko.

Wala naman talaga. As in literal na wala, ilang linggo ko nang hindi nakikita yun, wala ding tawag o text, ewan ko kung ano nang nangyari dun sa Kupal na ‘yun. Baka nag-start na yung project nya at hindi na sya tambay.

“Hindi pa rin nagpaparamdam?” tanong nya. Umiling na lang ako.

“Magpaparamdam din yun, baka busy lang. Ikaw naman kasi palagi mong sinisigawan, ayan tumahimik tuloy ang buhay mo.” pang-aasar pa nya.

“Babalik din yun.” sagot ko na lang

“Namimiss mo no?” pang-aasar pa nya. Ngumiti na lang ako at tumango.

“Sabi na eh, gusto mo din. Maarte ka lang.” pang-aasar pa ulit nya.

Nag-ring naman ang cellphone ni Avy kaya naman lumayo sya para sagutin. Naks, nakakapagcellphone na ulit ang kapatid ko. Actually kanina pa sya

nagtetelebabad magmula noong dumating kami dito sa mall. Pagkatapos nyang makipag-usap lumapit na ulit sya sakin.

“Sino yun?” curious na tanong ko.

“Ahh. Si BIL.” Sagot nya.

“Sinong Bil? New found friend?”

“medyo, let’s go?” pag-aaa ulit nya.

“Good for you at may new found friend ka na, kita ko namang nag-eenjoy ka sa company nya, busing-busy ang cellphone mo eh.” pagpuna ko sa kanya

“Wala lang yun, humihingi lang ng tulong.” Sagot nya habang naglalakad kami.

“tungkol saan?” pag-uusisa ko

“Hay nako, wag mo nang intindihin yun. Let’s enjoy our day.” Sabi nya

Hinayaan ko na lang, dahil hindi din naman ako masyadong interesado sa new found friend nya. Mas interesado ako sa pagshohopping.

---

Busy ako sa pagsusukat ng mga sapatos nang bigla akong hinampas hampas ni Avy sa kamay, braso at balikat basta kung saan tumama yung kamay nya.

Tinignan ko sya ng masama at hinampas hampas ko din sya, kung saan din sya tamaan. Gantihan lang yan.

“ANO BA?” naiinis kong tanong

“Si-si si…” nauutal na sabi nya, habang nakatingin sa labas ng tindahan at may itinuturo.

“Sino ba?” naiinis kong tanong, wala akong pakialam kung sino yung tinutukoy nya, basta ang importante sakin mabili ko tong sapatos na sinusukat ko. Ang ganda kasi, it matches my personality, nagmamaldita din sa ganda.

“Si ano, si si..” ulit pa nya.

“Ewan ko sayo Avy” Tinignan ko yung saleslady na halata naman na naiinip na at napipilitan na lang na ngumiti.

“Miss, may size 6 kayong stock nito?” tanong ko at itinuro ko yung sinusukat kong sapatos. Ayokong kunin yung sinukat ko na, gusto ko bago.

“Size 6 po?” ulit nya.

“Kakasabi ko lang diba?” sagot ko.

“Avah..” hindi pa rin tumitigil si Avy sa pagtawag sakin. Tinignan ko lang sya ng masama at inirapan.

“Ahh. Opo meron po.” Sagot nya at ngumiti ulit. Tinignan ko sya at hinihintay ko syang umalis. Aba at ang bruha tinitigan lang din ako.

“Miss? Ok ka lang?” naiinis kong tanong

“opo.” At ngumiti pa. Grabe, hindi na ba ako tatantanan ng mga tanga? Kahit saan ako magpunta present sila? Oh jusko. Nginitian ko sya.

At alam nyo na ang ibig sabihin ng napakasweet kong ngiti. It’s time para magamit ko na ulit ang maldita lines ko. Matagal tagal na din noong huli akong nagmaldita sa isang tao.

“Miss, may itatanga ka pa ba? Kasi kung meron pa, pakitago muna. Hindi ko kailangan ng katangahan mo ngayon, ang kailangan ko yung sapatos ko na kanina ko pa gustong ihampas sayo para mag-function nang maayos ang utak mo.” kalmado kong sabi sa kanya.

Gulat naman syang nakatingin sakin, nawala na yung pilit nyang ngiti at napalitan ng nanginginig na labi. Natigil din si Avy sa pangungulit sakin at palipat lipat ang tingin sa amin nung saleslady. Tingin na ‘patay, maldita mode is on’.

“So-sorry p—“

“Oh aarte pa?” pinutol ko na yung paghingi nya ng sorry at inirapan sya. Agad naman syang umalis para kunin yung sapatos ko.

“So Avy, ano yung sinasabi mo kanina?” Tanong ko sa kapatid ko.

“Hmmm.. Mamaya na lang, after you get your shoes.” At sa wakas natahimik na din sya.

After kong makuha yung nagmamaldita kong sapatos umalis na kami agad doon. Nababadtrip ako eh, si Avy ito nasa gilid ko tahimik pa din pero hindi mapakali dahil kanina pa patingin tingin sa paligid.

“konti na lang mapuputol na yung leeg mo.” sabi ko sa kanya. Hindi nya ata ako narinig at patuloy pa rin sa ginagawa nya. Nakakairita ha, kaya naman huminto ako para harapin sya.

“Kanina ka pa, ano ba kasing problema mo at humahaba yang leeg mo? Para kang bulateng inasinan, hindi ka mapakali dyan. Avy please lang, badtrip ako ngayon, wag mo nang dagdagan pa.” babala ko sa kanya.

“Si ano kasi ehh… nakita ko dito sa mall… may kasama…kanina ko pa sinasabi sayo hindi ka naman nakikinig sakin. Baka umalis na sila.” Paliwanag nya habang patingin tingin pa din sa paligid.

“Sino ba kasi yung nakita mo? Puro ka si ano, wala naman akong kilalang ano ang pangalan. Papangalanan mo ba o maghuhulaan tayo dito?” naiinis na talaga ako sa kagagahan nya.

“Si Neo may kasamang girl. There, nasabi ko na. Ano makakapagreact ka pa? ha?” Sabi nya.

Sino daw? Sino daw yung nakita nya na may kasama? Teka nga, parang mali yung dinig ko eh.  O ayaw lang tanggapin ng isip ko? Bakit parang biglang nag-init ang ulo ko at bumilis ang tibok ng puso ko sa galit?

“Si-sinong nakita mo?” ulit ko ng tanong sa kanya.

“Si Neo Aguilar. N-E-O. Yung boyfriend mo, na kapatid ni Hannah Aguilar at one of the highest paid landscape architect in the Philippines. Gusto mo ulitin ko ulit? Si NEO Mo may kasamang babae at magkaholding hands sila.” Sagot ni Avy

Hindi nga ako mali ng dinig. Sya nga. How dare he? KUPAL talaga. Teka nga, eh ano namang pakiaalam ko kung may kasama syang babae at magkaholding hands sila? Edi magholdinng hands sila hanggang sa gusto nila, bilhan ko pa sila ng posas eh.

“So?” sagot ko kay Avy at nagpatuloy na lang ulit sa paglalakad.

“Yun lang? So? Wala ka man lang gagawin? Hindi mo man lang hahanapin o tatawagan para maconfirm mo at makita kung sino yung girl na kasama nya? Ang isang Avah Chen, tatahimik lang at walang gagawin kahit alam nyang niloloko sya ng boyfriend nya? Hindi ikaw yan.” Pangangaral ni Avy.

“Wow, mas apektado ka pa kesa sakin ha. At ano namang gusto mong gawin ko? Ikutin ko itong buong mall at hanapin sila? Tapos? Susugurin ko sila at mag-

eeskandalo ako? Tapos anong mapapala ko? Pwede ba Avy, hindi ko ugaling makipag-agawan.” cool na sabi ko.

“Avah, hindi ka makikipag-agawan, babawiin mo lang ang pagmamay-ari mo. At yes! Syempre apektado ako, kapatid kita noh, at ayokong nakikita na sinasaktan ka lang ng ibang tao. Ako lang ang may karapatang gumawa noon sayo. Kaya kung wala kang gagawin, ako ang makakalaban ni Neo pati noong babaeng kasama nya. How dare he.” Naiinis na sabi ni Avy.

“Nasaktan? Ako?” tinuro ko pa yung sarili ko, hindi ako makapaniwala sa sinasabi nya.

“Oo, look..kung hindi ka nasaktan sa ibinalita ko sayo, bakit sobrang higpit na ng hawak mo dyan sa dala mo? At natahimik ka bigla noong nalaman mo? You can pretend to everyone na ok ka, at matapang ka. But you know that I know you more than everyone else, lahat halos nang galaw mo kaya kong basahin, at ganon ka din sakin. So come on, and let’s find your unfaithful boyfriend and get rid of that sl*t.” pag-aaya ni Avy at bago pa ako makapalag, hinila na nya ako sa kung saan.

Habang kinakaladkad ako ni Avy, blanko ang utak ko. What’s happening to me? bakit parang tumigil ang mundo ko? Bakit parang bumalik ako sa dating Avah kawawa? Parang naulit lang yung nangyari noon, but this time, hindi si Avy ang kaaway ko. This time, kakampi ko si Avy at suportado nya ako.

Huminto kami sa isang restaurant.

“look at them” naiinis na sabi ni Avy. Sinundan ko naman ng tingin kung saan nakatingin si Avy. Si Kupal nga, may kasamang babae at ang sweet lang nila ha. Kaasar. Automatic naman na tumaas ang kilay ko, biglang nag-on ang maldita radar ko, at nakafull-charge pa! Kalma lang Avah, wag kang magpatalo sa emosyon.

“See? Ano susugurin ko na ba? o hahayaan mo na lang at aalis na tayo?” tanong ni Avy. Napangiti naman ako, napakasupportive ng kapatid ko. Mas lalong tumaas ang confidence level ko.

“Susugurin? Wag, pang mahirap lang yun. Now, let me take back what is mine. ” nakangiti kong sagot kay Avy. Napangiti naman sya sakin at tinap ang balikat ko.

“Yan ang Avah na kilala ko, palaban. The floor is yours Avah Maldita.” At nag-wink pa sya sakin.

Taas noo akong naglakad papunta sa pwesto nilang dalawa, sa kanila lang ako nakatingin. Alam kong nasa likod ko lang si Avy. Ito ang kauna unahang pagkakataon na may kokomprontahin akong babae na umeepal sa kung anong meron ako.

At ito din ang unang pagkakataon na inamin at tinanggap ko na ang katotohanang AKIN LANG SI NEO AGUILAR. Hindi ko akalain na pati sa pagpapaamin sa sarili ko na gusto ko sya, eh kakaiba. Sa ganitong pagkakataon pa talaga, hindi ko pala gustong makita na may iba syang kasama at sweet sya sa iba.

Well, ayoko nang mag-explain sa nararamdaman ko dahil may importante pa akong dapat gawin. And that is to get rid of that girl.

“Hi Kups” Nakangiting bati ko sa kanya. Natigilan naman sya at halata ang gulat sa muka nya. Napatingin din yung babaeng kasama nya, na nakakunot ang noo at tinignan ako ng ‘who-the-hell-are-you-look’ kaya naman tinignan ko din sya nang ‘im-his-girlfriend-b*tch-look’

“Ms. C-chen.” sagot ni Kupal

Ms. Chen pala ha. Anong nangyari sa MALDS? Gago ka!

“Tsk. Are you talking to me or her?” mapang-asar na tanong ni Avy sa likod ko. Nag-smirk naman si Avy sakin. Napatingin din naman sa kanya si Kupal at pati na rin yung babae.

“Avy.” Tinignan ulit ako ni Kupal “Avah.” Sabi nya.

“Ok? Kelan pa naging man of few words ang isang Neo Aguilar?” hindi ko mapigilan maging sarcastic sa kanya at nag-appear kami ni Avy.

“hmm. Excuse me, sino ba kayo?” tanong nung babae. Hindi ko sya pinansin at nakatingin lang ako kay Kupal

“Kaming tatlo magkakakilala, ikaw ang sino?” naasar na tanong ni Avy.

“I’m Neo’s girlfriend.” Sagot noong girl. Napatingin naman agad ako sa kanya at pati na rin kay Kupal. Huminga ako nang malalim, kinokontrol ko yung galit ko. Hinawakan naman ni Avy yung kanina pang nakaform into fist na kamay ko na handa nang manapak.

Girlfriend sya? Eh ano pala ako?

Kaya ba hindi sya nagpaparamdam sakin kasi may girlfriend na sya? Eh punyeta lang.

“Oh. Kelan pa?” kalmado kong tanong pero hindi ko inaalis ang tingin ko kay Kupal na hindi na alam ang gagawin.

“Yesterday. Bee, sino ba sila?” sagot ulit noong babae. Parang gusto kong matawa sa tawagan nila. BEE? Bubuyog lang, ok sige. Sa kulay ng suot nya, muka nga syang bubuyog, black and yellow.

“Kahapon lang pala eh.” balewala kong sagot.

“What are you trying to say, Miss?” maarteng tanong nya

“What I’m trying to say is that he volunteered to be my BOYFRIEND since a month ago. So, para mas malinaw sayo, boyfriend ko na sya, bago maging kayo. Nag-process na ba sa utak mo o nag-loloading pa din?” pag-eexplain ko.

“Avah, not here. Let’s talk about this later.” Sabi ni Kupal

“Later? Bakit mamaya pa, kung pwede namang ngayon mag-usap? Para may maisip ka nang magandang dahilan mamaya? Wag mo akong mautos-utusan Kupal ka. Umayos ka kung ayaw mong magka-instant blush on tong malanding bubuyog na ‘to at magkablack-eye ka.” Banta ko sa kanya.

“Bubuyog? Ako? Sa ganda kong ‘to?” sabat noong bee.

“Oh, wag ka nang umarte, buti nga may naisip pa akong ikukumpara sayo. *tingin mula ulo mukang  paa* In fairness nahirapan akong mag-isip ah, itsura mo kasi pang ibang planeta.”

“Ms, whatever-your-name-is. Wag mo akong ikukumpara sa kahit anong insekto.” Naiinis na sagot nya

“Avah Chen is the name, hindi ka good listener. Well honey bee, I just did.” At nag-smile ako sa kanya.

“Avah, stop. Wag kang gumawa ng eksena dito.” Naiinis na sabi ni Kupal. At ngayon lang nag-sink in sa akin yung sinabi ni Avy kanina, totoo nga, kanina pa pala ako nasasaktan dahil sa kanya.

“Kung ayaw mo akong gumawa ng eksena, wag kang gumawa nang bagay na hindi ko magugustuhan.” Naiinis kong sagot sa kanya

Ngayon, parang gusto ko syang literal na sapakin. Anong nangyari doon sa Kupal na napaka persistent sa panliligaw sakin, at pagpapaalala na gusto nya ako? Anong nangyari sa lalaking kulang na lang ipagsigawan sa lahat na mahal nya ako? Ilang linggo lang kaming hindi nagkita ganito na?

At bago pa ulit ako makapag-salita, bigla ko na lang naramdaman yung paghila nya sa braso ko at pagdala sakin sa labas ng restaurant. Naiwan si Avy sa loob pati yung bee.

“ANO BA BITIWAN MO NGA AKO” ayan, hindi ko na napigilan na sumigaw. Binitiwan naman nya ako.

“Bakit ka ba nagagalit dyan?” Tanong nya

“Anong gusto mong maging reaksyon ko? Magtatalon ako sa tuwa, sumigaw sa sobrang saya habang yung boyfriend ko may kasamang iba, at nakikipaglandian? O gusto mo makipag-beso beso ako sa bubuyog na ‘yun at umarte na wala lang sakin? Sa tingin mo, nagpapaka-OA ako? Hindi ba tama lang naman yung naging reaction ko na mairita?” Nanggagalaiti kong sagot sa kanya.

Parang tanga, mali ba yung inasal ko? Syempre yun naman talaga ang magiging reaction ng kahit na sinong girlfriend kapag nakita nila ang boyfriend nilang may kasamang iba.

“So ngayon, sinasabi mo na sa lahat na boyfriend mo ako? Samantalang dati kung itanggi mo para akong may sakit.” Sabi pa nya.

“Hoy, wag mo ngang binabago ang usapan. Ang issue dito, niloloko mo ako. Kupal ka na nga, g*go ka pa.”

“Hoy ka din. Hindi kita niloloko, wag kang masyadong judgemental!” sabi pa nya

“Anong hindi? Gagawin mo pang sinungaling yung mata ko sa nakita ko,at yung tenga ko sa nadinig kong pagpapakilala noong bubuyog nay un.” Wala na, galit na talaga ako. Wala na akong pakialam kung nasa mall kami, o kung pinagtitinginan kami ng tao.

“Ang cute mo talaga kapag nagagalit. Wala akong sinasabing sinungaling yung singkit mong mata at tenga mo ang sinasabi ko lang judgemental ka.” sagot pa nya

“Judgemental your face. Ikaw, ang kapal nang mukha mo. May nalalaman ka pang ‘hindi ako magsasawang ligawan ka’ tapos ito, makikita kita sa mall na may

kasamang bubuyog? Dati parrot ngayon naman bubuyog, bakit ang hilig mo sa may pakpak? May pa-Miss Chen,Miss Chen ka pa. Anong nangyari sa Malds mo? Kaya ba ilang linggo kang hindi nagparamdam dahil may girlfriend ka nang bago? Hindi mo man lang sinabi sakin na break na pala tayo, para at least naman na-inform ako na wala na akong karapatan sayo? Ipagpapalit mo lang ako sa di pa kagandahan, nakakainsulto lang ha. Kung gusto mo akong palitan dapat yung mas angat naman sakin, ihahanap pa kita. Akala mo ang gwapo mo para magkaroon ng dalawang girlfriend. Bwisit ka, peste ka, wala ka nang magandang ginawa sakin puro ka sakit ng ulo" naiinis na ko sa kanya.

"Eh bakit ka umiiyak dyan na akala mo inagawan ka ng candy?" at ang kupal na to nagawa pa akong asarin.

"At talagang nagawa mo pang mang-asar? Ibang klase ka talaga. Wala nang mas titindi pa sa kapal ng mukha mo. Bwisit ka. Paano akong hindi maiiyak eh ngayon lang naman ako nagkaganito. Sayo pa talaga, ang dami daming lalaki na mas gwapo at mayaman sayo, ikaw pa yung napili ko.Napaka ungentleman, mayabang, palaging nakasigaw, sira-ulo at baliw." at pinaghahampas ko sya. At pinigilan naman nya yung kamay ko.

"So inaamin mo na ngayon na may gusto ka sakin at payag ka nang maging girlfriend ko?" tanong nya pa

"Eh sira ulo ka palang gago ka eh, Hindi pa ba obvious? Mag-aaksaya ba ako ng panahon para makipag-away sa bubuyog na yun at makipag-away sayo kung hindi kita gusto? At dahil Gago ka, break na tayo." Sigaw ko sa kanya

"HOY TEKA LANG. KAKAAMIN MO LANG BREAK NA AGAD?" at biglang syang sumigaw.

"Wow, nahiya naman ako sayo, samantalang ikaw 'tong nakipagbreak sakin ng hindi ko alam, at ngayon may bago ka ng girlfriend."

"Oy hindi ako nakipagbreak sayo ha. Saka ikaw lang yung girlfriend ko." sagot nya.

"E sino yung bubuyog na kasama mo? BEE pa talaga ang tawagan nyong dalawa. Walang originality, napakacommon. Akala ko ba ayaw mo noong mga ganong tawagan, kaya pala ayaw mong tawagin akong ganon kasi may katawagan ka na ng korning endearment." hindi pa rin nawawala yung inis ko sa kanya

“Sisihin mo yung kapatid mo at yung mga kaibigan mo. Wag ako. Sila lahat ang nagplano noon, nakiki-go-with-the-flow lang ako. Effective naman eh, napaamin kita, at sa harap pa ng maraming tao” nakangiting sabi nya at tumingin sa paligid.

ANO DAW? Para akong na-istatwa at napako ang mga paa ko sa kinatatayuan ko. Literal na hindi ako makagalaw at nawala ang inis at galit na naramdaman ko kanina. Bumilis ang tibok ng puso ko, pero hindi sa inis. Gulat akong nakatingin sa kanya na malapad na nakangiti.

*“Sisihin mo yung kapatid mo at yung mga kaibigan mo. Wag ako. Sila lahat ang nagplano noon, nakiki-go-with-the-flow lang ako. Effective naman eh, napaamin kita, at sa harap pa ng maraming tao”*

Tama ba talaga yung rinig ko? Ang dami kong gustong itanong kaya lang walang lumalabas sa bibig ko. Gusto ko syang sigawan ulit pero wala talaga. Tumingin ako sa paligid naming dalawa

And there, ang dami nang nanonood samin, napatingin din ako sa may restaurant at nakita ko si Avy na nakapeace sign katabi nina Aira, Frances, Dhonna, Hannah at Mikee ---pati yung babaeng bubuyog. At silang lahat may hawak na purple heart shape balloon na may nakasulat. Nagpaikot ikot pa ang tingin ko sa paligid at napapalibutan kami ng tao, may mini stage din akong nakita sa di aklayuan at may tumutugtog na banda. Hindi ako familiar sa kanta dahil hindi naman ako mahilig sa banda na yan.

*[Walang Iba by Ezra]*

*Ilang beses ng nag-away*
*Hanggang sa magkasakitan*
*Na di alam ang pinagmulan*

“Ibang klase palang magselos ang isang Avah Maldita. Ayan Neo, alam mo na? Siguro naman hindi ka magtatangka.” comment ni Aira noong makalapit sa amin at iniabot yung unang ballon na may nakasulat na **‘I’**

*Pati maliliit na bagay*
*Na napag-uusapan*
*Bigla na lang pinag-aawayan*

“Seriously girl, its nakakatawa and nakakakilig at the same time. Kahit na you look stupid the whole time, pretty ka pa din.” The ever conyo Frances na iniabot ang pangalawang ballon na may nakasulat na **‘LOVE’**

Gusto ko sana syang samapalin sa sinabi nya, pero wala. SPEECHLESS ako.

*Ngunit kahit na ganito*
*Madalas na di tayo magkasundo*
*Ikaw lang ang gusto kong makapiling*
*Sa buhay ko*

“Hahaha, the best confession ever. Grabe, sobrang unique nang sagutan nyong dalawa. Kayo lang ang gumawa nyan.” Comment naman ni Dhonna at iniabot din ang pangatlong balloon na may nakasulat na **‘YOU’**

“of all places, sa mall pa talaga, at may scheme pa kayong ginawa. In fairness, hanggang sa pagseselos maldita pa din.” Sabi ni Mikee at iniabot ang pangapat na ballon na may nakasulat na **‘MALDS’**

*Kahit na binabato mo ako ng kung ano-ano*
*Ikaw pa rin ang gusto ko*
*Kahit na sinasampal mo ako’t sinisipa’t*
*Sinusugatan mo*
*Ikaw pa rin*
*Walang iba ang gusto kong makasama*
*Walang iba*

“Sorry po Ms. Avah, napag-utusan lang” sabi noong bubuyog at iniabot ang panglimang ballon na may nakasulat na **‘OH’.** Tumango na lang ako sa kanya dahil hindi ko alam ang sasabihin ko.

“Welcome to the family, Ate Avah. Congrats Kuya.” Sabi ni Hannah at iniabot ang panganim na ballon na may nakasulat na **‘AARTE’** at bigla akong niyakap ng mahigpit kaya naman kahit naiilang ako, niyakap ko na din sya.

*Nagsimula sa mga asaran*
*Hanggang sa magkainitan*
*Isang eksenang bangayan na naman*

“Sorry Sis, kung hindi kasi ako mangingialam hindi ka magkakaroon ng boyfriend eh. Gusto lang kitang maging masaya kay BIL.” Sabi nya at iniabot ang

pangpitong balloon na may nakasulat na **'PA?'** at tulad ni Hannah, niyakap nya din ako.

*Bakit ba kasi pinagpipilitan*
*Ang hindi maintindihan*
*Di naman kinakailangan*

"Bil?" tanong ko, at naalala ko yung kausap nya sa cellphone nya kanina. FINALLY nagkaroon din ako ng boses.

*Ngunit kahit na ganito*
*Madalas na di tayo magkasundo*
*Ikaw lang ang gusto kong makapiling*
*Sa buhay ko*

"Brother-In-Law." Natatawa nyang sagot. At doon nag-sink in sa akin ang lahat. Kaya pala kanina pa sya busing-busy sya sa cellphone nya. At yung BIL na kausap nya ay stands for Brother-In-Law. Talagang hindi ko maiisip na si Kupal ang tinutukoy nya. Bakit ang galing nyang maglihim?Tinignan ko ng masama si kupal na ngumiti lang at nahihiyang nagkamot ng ulo nya.

"So, planado lahat to?" tanong ko at tumango lang sya.

"I love you Malds, Oh aarte pa?" nakangiti nyang sabi noong binasa nya yung mga nakasulat sa lobo.

*Kahit na binabato mo ako ng kung ano-ano*
*Ikaw pa rin ang gusto ko*
*Kahit na sinasampal mo ako't sinisipa't*
*Sinusugatan mo*
*Ikaw pa rin*
*Walang iba ang gusto kong makasama*
*Walang iba*

*Wag ka nang mawawala*
*Hmm…walang iba*

Tumingin ulit ako sa paligid namin at ngumiti sa lahat. Hinintay kong matapos yung kanta bago ako tumingin kay Kupal na ang lapad ng ngiti. Kaya namin ibinigay ko din ang napakatamis kong ngiti. Ngiti na alam nyo na ang ibig sabihin.

***bboogg**

Nagulat naman silang lahat sa ginawa kong pagsapak kay Kupal gamit ang kanan kong kamay dahil yung kaliwa puno ng stick ng lobo.

“Aww. Problema mo? Ibang klase kang mag-I love you too ha. DAMANG DAMA KO.” sagot nya habang hawak ang kanang mata na sinapak ko.

“Problema ko? ikaw. Ginawa mo akong tanga. Bwisit ka, hindi mo na lang ako tinanong ng maayos. May nalalaman ka pang ganito….”

“tinanong naman kita noon ng maayos ha, hindi ka pumayag. Ito yung tinatawag na ‘kung hindi madaan sa santong dasalan, daanin sa santong paspasan’ Ayan edi umamin ka din. Ang hirap mo naman kasing ligawan.” Sabi nya pa

“Ewan ko sayo..hmm..masakit ba? Sorry na. Ikaw naman kasi e, dami mong alam.” sabi ko at sinilip ko pa yung mata nya na sinapak ko.

Pinabayaan naman nya akong icheck yung mata nya at narinig ko na lang yung sigawan ng mga tao at palakpakan nila. Habang pinipilit kong itulak si Kupal na bigla na lang akong hinalikan. In the end pinabayaan ko na lang din…

And I’ve got my first PUBLIC STOLEN kiss.

AARTE PA BA AKO?

*****End of Avah Maldita (AARTE PA?) BOOK 1*****

**AVAH MALDITA (AARTE PA?) THANK YOU NOTE**

**HOORAY! FINALLY** natapos ko na din ‘to. Hindi ko akalain na makakatapos ako ng isang online novel out of boredom. Noong una kong sinulat ‘to, wala talaga syang plot. Tipong gusto ko lang isulat lahat nang naiisip kong MALDITA LINES sa isang SITWASYON. Saka para may mapaglagyan ako ng INIS at BADTRIP ko sa MIRANDA ng buhay ko. **STRESS RELIVER** ko kasi ang Avah Maldita. (Kadalasan, nag-uupdate ako kasi badtrip ako kaya ayun, parang normal na yung mga lines.)

Hindi ko din akalain na mapapansin dahil nga KAKAIBA sya; alam nyo na, yung bida kasi MALDITA not the usual na MABAIT.

**MARAMING MARAMING SALAMAT SA PAGBABASA NG KAMALDITAHAN NI AVAH CHEN.** Dati 5 votes lang ang saya ko na! Pero nagugulat ako minsan

umaabot ng 50 votes, ang laking bagay na sakin noon kasi hindi ako FAN ng note na **‘Vote, Comment and Be a Fan’** kaya ang saya ko kasi alam kong kusang loob nyong ginawa yun. <3

Gusto kong pasalamatan si ***clichéstories*** ang aking FIRST Fan, Comment, Vote at Watty Friend. Kahit di ko na sya gaanong nakakausap ngayon, busy ata e. Pero hindi ko pa rin sya nakakalimutan.

Salamat sa napakasupportive kong bestfriend **my labs Aira Erika**. (oo, totoong tao po si Aira Erika) Na nagbigay ng idea sakin sa mga ilang scenes at sa pagsuporta sakin sa aking kamalditahan. THANK YOU LABS <3

*(Totoo din po si Frances Mercado at Dhonna Fabian.* May pinagbasehan din ako sa kanila. xD)

Salamat din sa mga palagi kong nakakachikahan sa FB lalo na sa aking **TRIPLETS** (Quennie, Dexiel at April). At sa mga In-add ako sa FB, at nag-add kay Avah at Avy. Sa **OP** ni Avah at Avy, SALAMAT.

Sa lahat ng **MALDITA READERS** mapa-active at mapa-silent reader. THANK YOU SO MUCH sa patuloy na pagbabasa sa kabila ng sobrang bagal na update. <3

--

WALANG EPILOGUE kasi nga di pa tapos. :))

Kahit di kayo magrequest, may **BOOK 2** talaga. <3

Avah Maldita will be back **SOON** on **‘AVAH *FOREVER* MALDITA’**

**THANK YOU FOR READING…..UNTIL NEXT TIME MALDITAS!**

**xoxo Ate Chums <3**